

ANG MALAKING TUNGGALIAN

SA PAGITAN
NI CRISTO AT NG KANYANG MGA ANGHEL,

AT KAY
SATANAS AT NG KANYANG MGA ANGHEL.

SINULAT NI

ELLEN G. WHITE

BATTLE CREEK, MICH.
PUBLISHED BY JAMES WHITE
1858

Nilalaman

Pahina

Tungkol sa Sumulat

Paunang Salita

Talasalitaan

- Kabanata 1 Ang Pagkahulog ni Satanas
- Kabanata 2 Ang Pagkahulog ng Tao
- Kabanata 3 Ang Panukala ng Pagligtas
- Kabanata 4 Ang Unang Pagdating ni Cristo
- Kabanata 5 Ang Ministeryo ni Cristo
- Kabanata 6 Ang Pagbabago ng Anyo
- Kabanata 7 Ang Pagkanulo kay Cristo
- Kabanata 8 Ang Paglilitis kay Cristo
- Kabanata 9 Ang Pagpako kay Cristo sa Krus
- Kabanata 10 Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo
- Kabanata 11 Ang Pag-akyat ni Cristo
- Kabanata 12 Ang mga Alagad ni Cristo
- Kabanata 13 Ang Pagkamatay ni Esteban
- Kabanata 14 Ang Pagkahikayat ni Saulo
- Kabanata 15 Ipinagpasya ng mga Hudyo na Patayin si Pablo
- Kabanata 16 Dinalaw ni Pablo ang Jerusalem
- Kabanata 17 Ang Dakilang Pagtalikod
- Kabanata 18 Ang Hiwaga ng Kasamaan
- Kabanata 19 Kamatayan, Hindi Walang Hanggang Buhay sa Kahirapan
- Kabanata 20 Ang Repormasyon
- Kabanata 21 Ang Pagsasanib ng Iglesya at Daigdig
- Kabanata 22 Si William Miller
- Kabanata 23 Ang Pabalita ng Unang Anghel
- Kabanata 24 Ang Pabalita ng Ikalawang Anghel
- Kabanata 25 Ang Ilustrasyon ng Kilusang Adventista
- Kabanata 26 Isa pang Paglalarawan
- Kabanata 27 Ang Santuwaryo
- Kabanata 28 Ang Pabalita ng Ikatlong Anghel
- Kabanata 29 Isang Matibay na Plataporma
- Kabanata 30 Espiritwalismo
- Kabanata 31 Ang Pag-iimbot
- Kabanata 32 Ang Pagliliglig
- Kabanata 33 Ang mga Kasalanan ng Babilonia

- Kabanata 34 Ang Malakas ng Sigaw
- Kabanata 35 Isinara ang Pabalita ng Ikatlong Anghel
- Kabanata 36 Ang Panahon ng Kabagabagan ni Jacob
- Kabanata 37 Ang Pagligtas sa mga Banal
- Kabanata 38 Ang Gantimpala ng mga Banal
- Kabanata 39 Ang Lupa ay Nawasak
- Kabanata 40 Ang Ikalawang Pagbuhay Muli
- Kabanata 41 Ang Ikalawang Kamatayan

Tungkol sa Sumulat

Ellen Gould White, 1827 - 1915

Isang natatalagang alagad ni Jesu-Cristo, si Ellen ay naging isang Methodist hanggang sa edad na 17. Siya ay inalis sa pagiging kaanib dahil sa pagpapahayag at paniniwala sa nalalapit na pagdating ni Cristo noong 1843. Binigyan siya ng Diyos ng mga pangitain at isang pabalita upang ihatid sa mundo, matapos lamang na ang pasaning iyon ay tanggihan ng dalawang tao mula sa Diyos. Sumulat siya ng maraming artikulo at mga aklat na nagbibigay ng mga pagsaway at pangaral. Nang makatanggap ng liwanag tungkol sa mensahe ng kalusugan, siya ay naging isang malakas na tagapagpasulong ng kalusugan, nanawagan para sa isang paraan ng pagkain na katulad ng orihinal na paraan ng pagkain sa halamanan ng Eden, pag-iwas sa mga nakasisirang mga bagay, at pagtitimpi sa lahat ng bagay.

Kailan man ay hindi tinawag ni Mrs. White ang kanyang sarili na isang 'propeta', bagaman hindi rin niya naging suliranin yaong mga tumatawag sa kanya ng ganoon, ngunit kung siya'y tinatanong, tinutukoy niya ang kanyang sarili bilang isang 'tagapaghatid ng pabalita'. Sa ganoong sagot, kanyang ipinakikita na ang kanyang gawain tungkol sa reporma sa kalusugan, panawagan sa pagsisisi ng kasalanan, at pagtaguyod sa isang kilusan upang "mag-ayos ng nagiba", ay higit pa sa karaniwang nababatid na ginagawa ng isang propeta--na nagpapahayag ng tungkol sa mga darating sa hinaharap ayon sa pananaw ng Diyos. Marami siyang nagawa na mga naging laganap na mga babasahing pandebosyunal (tungkol sa pakikipag-ugnay sa Diyos) kabilang ang "Paglapit Kay Cristo" (Steps to Christ), isa sa mga pinakatanyag sa kanya. Subalit kanyang itinuturing ang aklat na ito, "*Ang Malaking Tunggalian sa Pagitan ni Cristo at ng Kanyang mga Anghel, at kay Satanas*

at ng Kanyang mga Anghel” ang pinakamahalaga sa kanya.

Paunang Salita

Sa kautusan at sa patotoo: kung hindi sila magsalita na ayon sa salitang ito, tunay na walang liwanag sa kanila. Isaias 8:20

Dito sa simula ng ika-21 siglo, tila ang lahat ay naging propeta. Mayroon pang mga web-rings ng mga propeta sa Internet. Subalit ang iba sa kanila ay nagpapahayag ng mga bagay na tila kakaiba. Paano natin matitiyak na sila nga ang sinasabi nilang sila--mga tumatanggap ng salita ng Diyos?--sa pamamagitan ng pagkukumpara ng kanilang sinasabi sa kautusan at patotoo. Tiyak na ang Diyos na nagbigay ng Kanyang salita noong nakalipas na mga panahon sa mga tao at ipinasulat iyon sa kanila (na naging mga aklat sa Biblia), ay hindi lalaban sa kanyang sarili!

Si Jesus ay tuwirang nag-propesiya tungkol dito, batid ang usapin tungkol sa propesiya na magiging isang malaking pagsubok sa mga huling araw: "At magsisibangon ang maraming bulaang propeta, at kanilang ililigaw ang marami." Mateo 24:11. Para sa karagdagang pagdidin, ibinigay ng Diyos ang mga salitang ito kay Juan: "Mga minamahal, huwag ninyong paniwalaan ang bawat espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Diyos, sapagkat maraming lumitaw na mga bulaang propeta sa sanlibutan." 1 Juan 4:1. Siyempre si Ellen White ay saklaw din nito. Kuhanin ang aklat na ito at ikumpara sa Banal na Kasulatan; pumapasa ba ito sa pagsubok o hindi? Manalangin sa ating mahabaging Ama sa langit, at kanyang isusugo ang kanyang Espiritu upang tayo ay patnubayan sa lahat ng katotohanan.

Tila halos hindi na kapani-paniwala ito ngayon, subalit hanggang sa mga huling taon ng ika-20 siglo, halos lahat ng mga tumatawag sa kanilang sarili na mga 'kristiyano' ay gayak na upang hindi sumang-ayon sa sinumang mag-aangkin na mayroong mga pahayag mula sa Diyos. Malimit sinisipi nila ang Apocalipsis 22:18-19 upang patunayan ang kanilang punto: "Aking binabalaan ang bawat taong nakikinig sa mga salita ng propesiya ng aklat na ito: kung ang sinuman ay magdagdag sa mga ito, idaragdag sa kanya ng Diyos ang mga salot na nakasulat sa aklat na ito, at kung ang sinuman ay mag-alis sa mga salita ng aklat ng propesiyang ito, aalisin ng Diyos ang kanyang bahagi sa punong kahoy ng buhay at sa banal na lunsod, na nakasulat sa aklat na ito."

Subalit ito ba ay nagsasabi na pagkatapos na mamatay si Juan ay hindi na magkakaroon ng mga propeta mula sa Diyos? Kung magkagayon bakit kinakailangan pang magbabala si Jesus sa atin tungkol sa mga bulaang propeta? Bakit sinabi ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ni Juan na subukin ang mga espiritu? Hindi ba higit na magiging mas madali ang lahat ng ito kung alam natin na kinakailangan lamang baliwalain ang lahat pagkatapos ni Juan na mag-aangkin na may salita mula sa Diyos? Subalit hindi iyon ang

panukala ng Diyos. Siya ay nagbibigay ng mga bagong katotohanan kapag kinakailangan, at ipinapahayag ang Kaniyang kalooban, at titingnan ng mga tapat sa puso kung iyon ay totoo, at magalak na tatanggapin at susundin iyon. Siyempre si Satanas ay bibigyan din ng pahintulot na makagawa. Kung hindi siya bibigyan ng pahintulot, maaari niyang akusahan ang Diyos na hindi patas.

Sa pamamagitan ni Pablo, ang Banal na Espiritu ay nagtatanong ng ilang mahahalaga, at malimit nalalampasang mga tanong sa 1 Corinto 12. Ang lahat ba ay mga apostol? Ang lahat ba ay mga propeta? Ang lahat ba ay mga manggagawa ng mga kababalaghan? Ang lahat ba ay may kaloob ng pagpapagaling? Ang lahat ba ay nagsasalita ng iba't ibang wika? At siya ay nagpahayag na magpapakita siya ng daan "na walang kahambing", sa pagsasabi na ang mga kaloob ay walang halaga para sa atin kung wala tayong pag-ibig. Sa kapitulo 14, sumulong pa siya ng isa pang hakbang sa pagsasabi na "Pakamithiin ninyo ang pag-ibig, at pagsikapan ninyong mithiin ang mga kaloob na espirituwal (handog), lalung-lalo na ng kayo'y makapag-propesiya" "Kaya, mga kapatid ko, masikap ninyong naisin na makapagsalita ng propesiya at huwag ninyong ipagbawal ang pagsasalita ng mga wika." "Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu. Huwag ninyong hamakin ang mga pagpapahayag ng propesiya, kundi subukin ninyo ang lahat ng mga bagay; panghawakan ninyo ang mabuti." 1 Tesaloneca 5:19-21.

Ang pangitain tungkol sa "Malaking Tunggalian" ay ipinagkaloob kay Ellen White noong tagsibol ng 1858 sa Lovett's Grove, Ohio, U.S.A. Karamihan noon ay nakita na niya sa pangitain 11 taon na ang nakalipas, subalit sa pagkakataong ito ay ipinag-utos sa kanya na isulat iyon kahit na gumawa si Satanas ng malalakas na pagsisikap upang iyon ay hadlangan. Ang ilang mga bahagi, lalo na ang kapitulo 30, ay nailimbag noong 1847 na "Little Flock" 1851 "Christian Experiences and Views", at 1854 na mga "Supplement" na mga aklat. Lahat ng iyon ay kinasiyahan ng Banal na Espiritu, isinulat ng isang mahina, subali't maka-Diyos na babae at unang nailimbag noong 1858. Si Satanas, na nagsikap alisin sa sanlibutan ang Biblia at pagkatapos ay nagpabaha ng ibang mga bersyon, ay nagsikap ding sirain at ibahin ang aklat na ito dahil ito ang ikalawa sa pinakamahalagang aklat sa buong mundo para sa anak ng Diyos. Subalit iningatan ng Diyos ang kanyang salita.

Mayroong mga nagtatanong kung bakit maraming mga suliranin sa ating daigdig na mga digmaan, krimen, di banal na pagtatalik, at oo, ganon din sa mga paniniwala sa relihiyon. Ang basihan ng mga sagot sa mga tanong na ito ay masusumpungan sa pag-unawa sa malaking tunggalian sa pagitan ni Cristo at ni Satanas na nagpapatuloy mula pa noong wala pang sinuman sa atin na mga tao ang nabubuhay.

Nawa ay ipagkaloob ng Panginoon sa iyo, Bumabasa, ang Kanyang pinakamahasag na mga kaloob, habang iyong sinusubok "ang lahat ng mga bagay" na nakasulat sa aklat na ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos--Ang Biblia.

Para sa iyong libreng kopya ng aklat na ito, puwedeng mag download sa; <http://www.earlysda.com> . Para sa mga tanong o komentaryo mag-email; Daniel Winters, earlysda@hotmail.com

***PANSININ---** Ang Tungkol sa Sumulat, Paunang Salita, Talasalitaan, at mga Reperensiya sa huling bahagi ng bawa't kabanata ay hindi kabilang sa isinulat ni Ellen White at wala rin sa orihinal na aklat.

TALASALITAAN

<u>Salita</u>	<u>Kahulugan</u>	<u>Unang Pagkabanggit</u>
---------------	------------------	---------------------------

Jesu-Cristo	Isa sa tatlong persona na Diyos.	Pamagat
--------------------	----------------------------------	---------

Nilikha niya ang lahat ng bagay sa sanlibutan at sa buong sansinukob. Isinilang siya bilang isang tao 2000 taon na ang nakalipas, pinatay noong siya ay 34 taon ang edad, nabuhay muli, at ngayon gumagawa sa langit para sa ating kaligtasan. Siya ay malapit nang bumalik dito sa lupa, at ibibigay sa kanya ang pamumuno sa buong sansinukob magpakailanman.

Satanas	Ang Demonyo. Siya ang ama ng lahat ng masama. Siya ay nilalang bilang pinakamaganda, sakdal na kailan man ay nilalalang, subalit siya ay nagpasyang maghimagsik. Patuloy siyang gumagawa ng masama ngayon, subalit pagdating ng panahon, siya ay pupuksain ng Diyos.	Pamagat
----------------	--	---------

Panginoon	Jesus-Cristo, Diyos Ama.	Kabanata 1
------------------	--------------------------	------------

Nakita ko, Ipinakita sa akin - Noong makita ng sumulat, na si Ellen White ang pangitaing

ito, may anghel sa tabi niya na nagsasabi at nagpapakita sa kanya ng mga bagay. Isinulat niya kung ano talaga yaong kanyang nakita sa pamamagitan ng sarili niyang mga mata. Kabanata 1

Diyos - Ang Ama, Anak (Si Jesu-Cristo), at ang Banal na Espiritu. Ang tatlo ay Diyos. Kabanata 1

Ang Anak ng Diyos - Si Jesu-Cristo Kabanata 1

Salita ng Diyos - 1. Ang sinabi ng Diyos Kabanata 2
2. Ang Biblia Kabanata 18

Tubusin - Ang mga tao ay dating pag-aari ng Diyos, subalit dahil ang ating mga ninuno ay nagkasala, tayong lahat ngayon ay pag-aari na ni Satanas. Pangalan ng gawain ni Jesus upang iligtas tayo mula kay Satanas. Kabanata 3

Ang Anghel - Ang anghel na sinugo upang samahan si Ellen White noong makita niya ang pangitaing ito. Kabanata 3

Pagdating (Advent) - Opisyal na pagdating ni Jesus sa lupa. Ang una ay noong nasa 2000 taon na ang nakalipas, ang ikalawa ay malapit na (^-^). Kabanata 4

Cordero ng Diyos - Si Jesu-Cristo Kabanata 4

Juan Bautista - Isang propeta na pinsan ni Jesus. Nanawagan siya para sa pagsisisi at pagpapabautismo. Kabanata 4

Bautismo - Paglulubog ng buong katawan sa tubig upang maging kristiyano Kabanata 4

Eliseo - Isang propeta na dinala sa langit na hindi namatay. Kabanata 4

Sakripisyo - Handog na hayop na ibinibigay sa Diyos, gayon din si Cristo. Kabanata 5

Ang Kanyang bayan, Ang bayan ng Diyos - 1. Noong unang mga panahon, ang mga Israelita at Huda. 2. Sa kasalukuyan, lahat ng naniniwala kay Jesus at tumutupad sa Kanyang kalooban. Kabanata 17

Aklat ng Diyos - 1. Ang aklat ng Buhay sa langit. Ang mga pangalan ng lahat ng mabubuhay sa walang-hanggan ay nakasulat doon. 2. Ang Biblia Kabanata 6

Michael - Ang pinuno ng lahat ng mga anghel sa langit. Kabanata 6

Rue - Isang punong kahoy na tumutubo sa Gitnang Silangan. Ang dahon ay nagagamit na panggamot. Kabanata 7

Brother, Sister - Lahat ng sumasampalataya kay Jesus at tumutupad sa Kanyang kalooban. Kabanata 7

Hosanna - Purihin ang Diyos! Kabanata 9

Sabbath - Araw ng kapahingahan na nagsisimula sa paglubog ng araw ng Biyernes at natatapos sa paglubog ng araw ng Sabado. Tingnan ang Genesis 2:2-3. Kabanata 10

Pabalita - Mga salita na nanggaling sa Diyos. Ganon din ang kilusan upang ikalat ang mga salita. Kabanata 10

Pag-akyat - Pagpanhik sa langit. Hindi nangangahulugan ng kamatayan. Kabanata 11

Apostol - Mga tao na nagpapalaganap ng ebanghelyo sa buong panahon nila bilang kanilang propesyon. Natatangi ang pagtukoy sa mga alagad ni Jesus at kay Pablo. Kabanata 12

Ang Anak ng Tao - Si Jesu-Cristo Kabanata 13

Mga Hentil - Yong mga hindi Hudyo Kabanata 14

Pablo - Bago siya nahikayat, siya ay kilala bilang si 'Saulo'. Tingnan ang Gawa 13:9 Kabanata 15

1843-1844 - Nagkaroon ng paniwala na ang ikalawang pagdating ni Jesus at ang wakas ng daigdig ay mangyayari sa taong ito. Ang totoo, ang propesiya tungkol sa panahon sa Daniel 8:14 ay NATAPOS sa taong ito. Kabanata 23

Pastor - 1. Mga namumuno sa mga iglesya. Mga pastor at mga pari. 2. Si Jesu-Cristo Kabanata 23

Mga Banal - Lahat ng mga tunay na umiibig sa Diyos mula sa kanilang puso at sumusunod sa anumang kanyang ipinapagawa. Kabanata 24

Santuwaryo - Ang lugar sa langit kung saan si Jesus ay naglilingkod ngayon para sa ating kaligtasan. Iyon ay may, bakuran, banal na dako (unang silid), at Kabanal-banalang Dako (ikalawang silid). Ang ginawa ni Moses ay itinulad sa nasa langit. Iyon ay tinawag na 'Tabernakulo' o 'Templo'. Kabanata 25

Pagtubos - Isinasagawa ni Jesus ang gawaing ito ng pagtutuwid ng mga tao sa Diyos sa pamamagitan ng kabutihan ng Kanyang sariling dugo.
Kabanata 25

Siyon - 1. Isang pangalan ng siyudad na ngayon ay nasa langit 2. Pangalan ng grupo na mga tao na sumusunod sa Diyos. Kabanata 26

Bagong Jerusalem - Ang pangalan ng siyudad na ngayon ay nasa langit, tahanan ng Diyos at ng mga anghel. Ang siyudad na ito ay bababa sa lupa at mamamalagi dito sa walang-hanggan. Kabanata 27

Kerubin - Mga anghel na mataas ang ranggo. Kabanata 27

Pamamagitan - Si Jesus ay tumitindig sa pagitan ng mga makasalanan at ng Diyos Ama na makapangyarihan sa lahat. Ginagampanan ni Jesus ang gawaing ito bilang ating tagapamagitan. Kabanata 27

Hayop - Pangalan ng isang malaking grupo ng mga tao na laban sa Diyos. Tingnan ang Apocalipsis 13. Kabanata 28

Jehovah - Isa sa mga pangalan ng Diyos Ama. Kabanata 28

Canaan - Pangalan ng lupain na ipinangako sa Israel. Kumakatawan sa langit. Tingnan ang Genesis 12:5. Kabanata 28

Araw ng Pentecostes - Isa sa mga kapistahan na ibinigay ng Diyos sa Israel. Tingnan ang Levitico 23:15-16 at Gawa Kapitulo 2 Kabanata 28

Adventist - Pangalan ng mga tao na naniniwala na si Jesus ay muling babalik sa lupa, Ito rin ang pangalan ng grupo ng mga taong iyon.
Kabanata 29

Laodecia - Ang huling iglesya sa talaan ng pito sa Apocalipsis 2 at 3. Iniisip ng grupong ito na sila ay mayaman at hindi nangangailangan ng anomang tungkol sa espiritwal, subalit sa katunayan sila ay mahirap at kahabag-habag. Kabanata 32

Ang Huling Ulan - Ang masaganang pagbubuhos ng Banal na Espiritu upang ihanda ang mga tao para kay Jesus bago siya bumalik dito sa lupa. Tingnan ang Joel 2:23 at Gawa 3:19, Kabanata 32

Jubilee - Ang taon ng kalayaan. Tuwing ika-limampung taon ibinabalik ng mga Israelita ang lahat sa orihinal na nagmamay-ari. Wala ring isinasagawang pagtatanim sa taong ito.

ANG MALAKING TUNGGALIAN

Sa Pagitan
Ni Cristo at ng Kanyang mga Anghel,

At kay
Satanas at ng Kanyang mga Anghel.

KABANATA 1

Ang Pagkahulog ni Satan

Ipinakita sa akin ng Panginoon na dati si Satan ay marangal na anghel sa langit, sunod kay Jesu-Cristo. Ang kanyang hitsura ay banayad, nagpapahayag ng kagalakan tulad ng ibang mga anghel. Ang kanyang noo ay mataas, at nagpapahayag ng malaking katalinuhan. Ang kanyang anyo ay sakdal. Siya ay mayroong marangal at makaharing tindig. At nakita ko nang sabihin ng Diyos sa Kanyang Anak, Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis, si Satan ay nainggit kay Jesus. Ninais niya na siya ay sinangguni tungkol sa paglikha sa tao. Siya ay napuno ng inggit, panibugho at galit. Ninais niya na siya ang pinakamataas sa langit, sunod sa Diyos, at makatanggap ng pinaka mataas na mga parangal. Hanggang sa panahong iyon ang buong langit ay maayos, may pagkakatugma at sakdal na pagpapasakop sa pamamahala ng Diyos.

Pinakamataas na kasalanan ang maghimsik laban sa kaayusan at kalooban ng Diyos. Ang buong langit ay tila nagkagulo. Ang mga anghel ay nagmartsa ng pulo-pulutong na pinamumunuan ng isang anghel sa kanilang harapan. Ang lahat ng mga anghel ay nagkagulo. Si Satan ay nanira laban sa pamamahala ng Diyos, nag-aambisyon na

maitaas ang kanyang sarili, at ayaw magpasakop sa kapamahalaan ni Jesus. Ang ibang mga anghel ay pumanig kay Satanas sa kanyang paghihimagsik, at ang iba ay malakas na ipinaglaban ang karangalan at karunungan ng Diyos sa pagbibigay ng kapamahalaan sa Kanyang Anak. At nagkaroon ng pagtatalo ang mga anghel. Si Satanas at ang mga naniwala sa kanya, na nagpipilit baguhin ang pamamahala ng Diyos, ay nagnais na siyasatin ang di malirip na karunungan ng Diyos upang alamin ang layunin ng pagtataas kay Jesus, at pagbibigay sa kanya ng ganong walang sukat na kapangyarihan at kapamahalaan. Sila ay naghimagsik laban sa kapamahalaan ng Anak ng Diyos, at ang lahat ng mga anghel ay tinawagan upang humarap sa Ama, upang ang kanilang ipinaglalaman ay mapagpasyahan. At ipinagpasya na si Satanas ay kinakailangang paalisin sa langit, at ang lahat ng mga anghel, na sumanib kay Satanas sa panghihimagsik, ay kinakailangang ilabas na kasama niya. At nagkaroon ng digmaan sa langit. Ang mga anghel ay nakipagdigmaan; ninais ni Satanas na lupigin ang Anak ng Diyos, at yaong nagpapasakop sa kanyang kalooban. Subalit ang mabuti at tapat na mga anghel ay nanaig, at si Satanas, kasama ang kanyang mga tagasunod, ay pinalayas mula sa langit.

Nang si Satanas ay mailabas sa langit, kasama ang mga nangahulog na kasama niya, kanyang nabatid na nawala na sa kanya ang lahat ng kadalisan at kaluwalhatian ng langit magpakailan pa man. At siya ay nagsisi at ninais niya na maibalik muli sa langit. Ibig niyang makuha ang angkop na lugar para sa kanya, o anumang lugar na maaaring ibigay sa kanya. Subalit hindi, hindi na dapat mapahamak pang muli ang langit. Ang buong langit ay maaaring masira kung siya ay ibabalik; sapagkat ang kasalanan ay nagpasimula sa kanya, at ang mga binhi ng paghihimagsik ay nasa kanyang kalooban. Si Satanas ay nagkaroon ng mga tagasunod, yaong mga nakiisa sa kanyang paghihimagsik. Siya at ang kanyang mga tagasunod ay nagsisi, umiyak at nakiusap na maibalik sa kaluguran ng Diyos. Subalit hindi, ang kanilang kasalanan, ang kanilang galit, ang kanilang inggit at paninibugho, ay naging napalaki na hindi iyon maaaring pawiin ng Diyos. Iyon ay kinakailangang manatili upang tumanggap ng huling parusa.

Nang ganap na mabatid ni Satanas na wala ng paraan upang siya ay muling makasundo ng Diyos, ang kanyang katusuhan at galit ay nagsimula muling mahayag. Siya ay sumangguni sa kanyang mga anghel, at isang panukala ang binuo upang patuloy na labanan ang pamamahala ng Diyos. Noong si Adan at si Eva ay inilagay sa magandang halamanan, si Satanas ay gumawa ng panukala upang sila ay puksain. Nagkaroon ng pagsangguni sa kanyang mga masasamang mga anghel. Hindi ni Satanas magagamit ang kapangyarihan sa kanila malibang sila muna ay sumuway sa Diyos, at mawala sa kanila ang pagkalugod ng Diyos. Kinakailangang gumawa sila ng panukala upang maakay sila sa pagsuway upang mapasa kanila ang pagsimangot ng Diyos at sila ay mapasa ilalim ng impluwensiya ni Satanas at ng kanyang mga anghel. Ipinagpasya na si Satanas ay mag-iiba ng anyo, at magpahayag ng interes sa tao. Kinakailangang makapagmungkahi siya laban sa katapatan ng Diyos, lumikha ng pag-aalinlangan sa katapatan ng Diyos sa kanyang sinabi, at, pagkatapos ay kikilusin ang kanilang pag-usisa, at aakayin sila upang usisain ang di malirip na mga panukala ng Diyos, na naging kasalanan ni Satanas, at makipagtalo tungkol

sa pagbabawal kaugnay ng punong kahoy ng kaalaman.

Tingnan ang Isaias 14:12-20; Ezekiel 28:1-19; Apocalipsis 12:7-9.

KABANATA 2

Ang Pagkahulog ng Tao

Nakita ko na ang halamanan ay malimit dinadalaw ng mga banal na anghel, at nagtuturo kay Adan at Eva tungkol sa kanilang gawain, at itinuturo rin sa kanila ang tungkol sa paghihimagsik ni Satanas at ang kanyang pagkahulog. Sila ay binalaan ng mga anghel tungkol kay Satanas, at binilinan sila na huwag lalayo sa isa't isa sa kanilang paggawa, sapagkat sila ay maaaring lapitan ng nahulog na kalaban. Ipinag-utos ng mga anghel sa kanila na matamang sundin ang mga tagubilin na ibinigay sa kanila ng Diyos, sapagkat sa ganap lamang na pagiging masunurin sila ay ligtas. At kung sila ay masunurin, ang kalabang ito na nahulog ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa kanila.

Sinimulan ni Satanas ang kanyang gawain kay Eva, upang siya ay pasuwayin. Una siyang nagkamali sa paglayo sa kanyang asawa, sunod, nagpaali-aligid siya sa malapit sa ipinagbabawal na puno, at sunod ay pakikinig sa tinig ng manunukso, at maging sa pangangahas na pagdudahan ang sinabi ng Diyos--Sa araw na ikaw ay kumain ikaw ay tiyak na mamamatay. Sa isip niya, marahil hindi talaga ganon ang kahulugan na tulad ng sinabi ng Panginoon. Nangahas siyang sumuway. Iniabot niya ang kanyang kamay, kumuha ng bunga, at kumain. Iyon ay nakalulugod sa mata, at masarap ang lasa. Nanibugho siya na ipinagkait ng Diyos sa kanila ang makakabuti naman sa kanila. Inialok niya ang bunga sa kanyang asawa, sa ganong paraan ay tinukso siya. Sinabi niya kay Adan ang lahat ng sinabi ng ahas at sinabi ang kanyang pagkamangha na iyon ay nakakapagsalita.

Nakita ko ang kalungkutan sa hitsura ni Adan. Nagmukha siyang takot at nagulat. Tila may pakikipagpunyagi na nagaganap sa kanyang isip. Nakatitiyak siya na iyon ang kaaway na sinabi sa babala sa kanila, at ang kaniyang asawa ay kinakailangang mamatay. Sila ay kinakailangang paghiwalayin. Ang kanyang pag-ibig ay malakas. At sa lubos na kawalan ng pag-asa ay ipinasya niyang makibahagi sa kanyang kapalaran. Kinuha niya ang prutas at mabilis na kinain iyon. At si Satanas ay nagalak. Siya ay naghimagsik laban sa langit, at mayroong mga taga sunod na umiibig sa kanya, at sumunod sa kaniyang paghihimagsik. Siya ay nahulog. At gumagawa siya upang ang iba ay mahulog rin na kasama niya. At kanya na ngayong natukso ang babae upang hindi magtiwala sa Diyos, upang mag-usisa tungkol sa Kanyang karunungan, at sikaping makapanghimasok sa lahat ng Kanyang

mahuhusay na mga panukala. Alam ni Satanas na ang babae ay hindi mahuhulog na mag-isa. Si Adan, dahil sa kanyang pag-ibig kay Eva, ay sumuway sa utos ng Diyos at nahulog nakasama niya.

Ang balita tungkol sa pagkahulog ng tao ay kumalat sa buong langit. Ang bawat alpa ay natahimik. Ibinaba ng mga anghel ang kanilang mga korona mula sa kanilang ulo dahil sa lungkot. Ang buong langit ay tumangis. Nagkaroon ng pagpupulong upang ipagpasya kung ano ang dapat gawin ng mag-asawang nagkasala. Nangangamba ang mga anghel na baka sila ay pumitas at kumain mula sa puno ng buhay, at maging makasalanan hanggang sa walang hanggan. Subalit sinabi ng Diyos na Kanyang paaalisin ang mga nagkasala mula sa halamanan. Kaagad nagsugo ng mga anghel upang bantayan ang daan tungo sa puno ng buhay. Pinag-aralang mabuti ni Satanas ang panukalang ito na kinakailangang sumuway si Adan at si Eva sa Diyos, tanggapin ang kanyang kalungkutan, at maakay sa pagkain ng puno ng buhay, upang sila ay mabuhay ng walang hanggan sa kasalanan at pagsuway, sa ganong paraan ang kasalanan ay magiging pang-walang hanggan. Subalit may sinugong mga anghel upang sila ay paalisin mula sa halamanan, samantalang isang grupo naman ang inutusang magbantay sa daan tungo sa puno ng buhay. Ang bawat isa sa mga anghel na ito ay tila may hinahawakan sa kanilang kanang kamay, na parang kumikislap na tabak.

At si Satanas ay nagalak. Nagawa niyang magdusa ang iba dahil sa kanyang pagkahulog. Siya ay inilabas mula sa langit, sila naman mula sa paraiso.

Tingnan ang Genesis kapitulo 3

KABANATA 3

Ang Panukala ng Pagligtas

Ang langit ay napuno ng kalungkutan, nang mabatid na ang tao ay nawaglit, at ang daigdig na nilikha ng Diyos ay mapupuno ng mga tao na nakalaan upang mapahamak sa kahirapan, pagkakasakit at kamatayan, at walang daan upang ang nagkasala ay makatakas. Ang buong sambahayan ni Adan ay kinakailangang mamatay. Nakita ko ang kaibig-ibig na si Jesus, at nakita ko ang pagpapahayag ng kanyang habag at lungkot sa kanyang hitsura. At nakita ko siyang lumapit sa matinding liwanag na nakabalot sa Ama. Wika ng kasama kong anghel, Siya ay may malapit na pakikiugnay sa Ama. Tila matindi ang pagkabalisa ng mga anghel samantalang si Jesus ay nakikipag-ugnay sa Ama. Tatlong beses Siya ay ikinubli ng maluwalhating liwanag na nakapalibot sa Ama, at noong pangatlong beses na siya ay lumabas mula sa Ama, ang kanyang hitsura ay nahayag. Ang kanyang anyo ay

banayad, malaya sa lahat ng kabalisahan at kaguluhan at ipinapakita na mapagbigay at kaibig-ibig, tulad ng hindi mabigkas na mga salita. At kanyang ipinaalam sa hukbo ng mga anghel na mayroong inihandang daan para sa taong nawaglit. Sinabi Niya sa kanila na Siya ay nakiusap sa Ama, at ipinagkaloob ang Kanyang buhay na pantubos, at kinuha ang parusa ng kamatayan sa Kanyang sarili, upang sa pamamagitan Niya ang tao ay maaaring makasumpong ng kapatawaran. Upang sa pamamagitan ng kabutihan ng Kanyang dugo, at pagsunod sa utos ng Diyos, sila ay maaaring kalugdan ng Diyos, at madala sa magandang halamanan, at makakain ng bunga ng punong kahoy ng buhay.

Sa simula ay hindi makapagpahayag ng kagalakan ang mga anghel, sapagkat ang kanilang pinuno ay walang ikinubling anuman sa kanila, kundi inihayag sa kanila ang panukala ng pagligtas. Sinabi ni Jesus sa kanila na Siya ay tatayo sa pagitan ng galit ng Kanyang Ama at ng nagkasalang tao, na Kanyang dadalhin ang kasalanan at pag-alipusta, at kaunti lamang ang tatanggap sa Kanya bilang Anak ng Diyos. Halos lahat ay mapopoot at tatanggi sa kanya. Ang lahat ng Kanyang kaluwalhatian ay Kanyang iiwan sa langit, makikita Siya sa lupa bilang tao, ibaba ang Kanyang sarili bilang tao, malalaman Niya sa sarili Niyang mga karanasan ang iba't ibang tukso na makakaharap ng tao, upang kanyang malaman kung paano ililigtas ang mga matutukso; at sa wakas matapos gampanan ang Kanyang misyon bilang tagapagturo Siya ay ipapailalim sa kapangyarihan ng mga tao, at Kanyang titiisin ang halos lahat ng kalupitan at pagpapahirap na maaaring maipagawa ni Satanas at ng kanyang mga anghel sa masasamang mga tao; na Siya ay mamamatay sa pinakamalupit na kamatayan, Siya ay ibibitin sa pagitan ng langit at ng lupa bilang isang makasalanan; na kinakailangang maghirap Siya ng maraming kakila-kilabot na mga oras, na kahit mga anghel ay hindi makatingin. Hindi lang paghihirap ng pangangatawan ang Kanyang mararanasan; kundi pati paghihirap ng pag-iisip, yaong hindi maikukumpara sa paghihirap ng pangangatawan. Ang bigat ng kasalanan ng buong mundo ay sasakanya. Sinabi Niya sa kanila na Siya ay mamatay at muling babangon sa ikatlong araw, at papanhik sa Ama upang mamagitan para sa mga waglit at makasalanang mga tao.

Ang mga anghel ay nagsiyukod sa harap niya. Inialok nila ang kanilang buhay. Sinabi ni Jesus sa kanila na sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay marami ang maliligtas; na ang buhay ng anghel ay hindi makapagbabayad sa pagkakautang. Tanging ang buhay lamang niya ang maaaring tanggapin ng Ama bilang pantubos para sa tao.

Sinabi rin ni Jesus sa kanila na mayroon silang bahagi na gagampanan, upang Siya ay samahan, at sa iba't ibang pagkakataon ay makapagpalakas sa Kanya. Na Siya lamang ang kukuha ng waglit na anyo ng tao, at ang kanyang lakas ay hindi magiging katulad sa kanila. At sila'y magiging mga saksi sa Kanyang pagpapakumbaba at mga paghihirap, at sa poot ng mga tao sa Kanya, sila'y makikilos ng pinakamatinding emosyon, at dahil sa kanilang pag-ibig sa Kanya ay kanilang nanaising tumulong, at iligtas Siya mula sa mga papatay sa Kanya; subalit hindi sila dapat humadlang sa anumang kanilang kinakailangang makita; at sila ay magkakaroon ng bahaging gagampanan sa Kanyang pagkabuhay muli; na ang panukala ng pagligtas ay naihanda, at ang panukala ay tinanggap

ng Ama.

May banal na lungkot, at ang mga anghel ay inaliw at pinasaya ni Jesus, at ipinaalam sa kanila na mula ngayon ang mga kinakailangang matubos Niya ay makakasama Niya at patuloy na mananahang kasama Niya, at sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay ay kinakailangang matubos Niya ang marami, at ang may kapangyarihan sa kamatayan ay pupuksain. At ang kaharian ay ipagkakaloob sa Kanya ng Ama, at ang kadakilaan ng kaharian sa silong ng buong langit, at iyon ay magiging Kanya hanggang sa walang-hanggan. Si Satanas at ang mga makasalanan ay pupuksain, hindi na kailan man manggugulo sa langit, ni sa dinalisay na bagong lupa. Ipinag-utos ni Jesus sa hukbo ng langit na makiisa sa panukala na tinanggap ng Ama, at magalak na ang mga nahulog na mga tao ay muling maitataas sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay upang kaluguran ng Diyos at magalak sa langit.

At ang langit ay napuno ng kagalakan, di mabigkas na kagalakan. At ang hukbo ng langit ay umawit ng isang awit ng papuri at pagsamba. Isang nota na mas mataas sa dati nilang tinutupa ang kanilang tinupa, dahilan sa dakilang habag at pagpapakababa ng Diyos sa pagkakaloob ng Kaniyang pinakamamahal upang mamatay para sa isang lahi ng mga taksil. Papuri at pagsamba ay ibinuhos para sa pagtangga sa sarili at pagsasakripisyo ni Jesus; na Siya ay pumayag na lisanin ang sinapupunan ng Kaniyang Ama, at pinili ang isang buhay na paghihirap at dusa, at mamatay ng isang kahiya-hiyang kamatayan upang ibigay ang Kanyang buhay para sa iba.

Wika ng anghel, Iniisip mo ba na ibinigay ng Ama ang Kaniyang minamahal na Anak ng walang pagpupunyagi? Huwag, huwag. Isa rin iyong pakikipagpunyagi ng Diyos ng langit, kung hahayaang ang nagkasalang tao ay mamatay, o ibigay ang Kaniyang minamahal na Anak upang mamatay para sa kanila. Gustong-gusto ng mga anghel ang kaligtasan ng tao kaya mayroong masusumpungan sa kanila na handang iwan ang kanilang kaluwalhatian at ibigay ang kanilang buhay para sa mapapahamak na tao. Subalit sabi ng anghel na kasama ko, iyon ay walang magagawa. Ang kasalanan ay napakalaki kaya ang buhay ng anghel ay hindi sapat upang mabayaran ang pagkakautang. Wala kundi ang pagkamatay at sa pamamagitan ng Kanyang Anak ang makakabayad sa utang, at makapagligtas a tao mula sa walang pag-asang kalungkutan at paghihirap.

Subalit ang gawain ng mga anghel ay ibinigay sa kanila, ang magpanhik-panaog dala ang nakapagpapalakas na pampahid mula sa kaluwalhatian upang bigyang lunas ang Anak ng Diyos sa kanyang mga paghihirap, at paglingkuran siya. Ganon din, gawain nila ang bantayan at ingatan ang ang mga kaanib ng biyaya mula sa masasamang mga anghel, at sa kadilimang patuloy na inihahagis ni Satanas sa palibot nila. Nakita ko na imposible para sa Dios na baguhin o palitan ang kanyang kautusan, upang iligtas ang nawaglit at napapahamak na mga tao; kaya tiniis niya na ang kanyang minamahal na anak ay mamatay para sa pagsuway ng tao.

Si Satanas ay muling nagalak kasama ng kanyang mga anghel sapagkat magagawa niya, sa pamamagitan ng pagkahulog ng tao, ang hilahin pababa ang Anak ng Diyos mula sa kanyang mataas ng kinalalagyan. Sinabi niya sa kanyang mga anghel na kapag kinuha ni Jesus ang likas ng nahulog na tao, ay matatalo Niya siya, at mahahadlangan

niya ang panukala ng pagligtas.

At ipinakita sa akin ang datihang si Satanas, masaya, at mataas na anghel. At ipinakita sa akin ang kalagayan niya ngayon. Taglay pa rin niya ang kanyang makaharing anyo. Marangal pa rin ang mga nakikita sa kanya, sapagkat siya ay isang nahulog na anghel. Subalit ang anyo niya ay puno ng problema, kaabalahan, kalungkutan, katusuhan, galit, kasamaan, panlilinlang, at lahat ng kasamaan. Yaong kilay na dati'y marangal ay bukod tangi kong napansin. Ang kanyang noo na magmula sa kanyang kilay ay parang umatras. Nakita ko na matagal na niyang ipinahiya ang kanyang sarili, kaya't ang bawat magagandang katangian ay nasira, bawat kasamaan ay nalinang. Ang kanyang mga mata ay tuso, pilyo, at nagpapahayag ng malalim na pagtagos. Ang kanyang katawan ay malaki, subalit ang laman sa kanyang kamay at mukha ay parang nakalaylay. Samantalang siya ay aking minamasdan, siya ay nakakalumbaba. Parang malalim ang kanyang iniisip. Mayroong ngiti sa kanyang anyo na nakapagpanginig sa akin, iyon ay puno ng kasamaan, at katusuhan ni Satanas. Ito ang ngiti na kanyang taglay kapag siya ay nakatitiyak sa kanyang biktima, at samantalang inililigpit niya ang kanyang biktima sa kanyang patibong, ang ngiting ito ay nagiging katakot-takot.

Tingnan ang Isaias Kapitulo 53

KABANATA 4

Ang Unang Pagdating ni Cristo

At ako ay inihatid sa ibaba ng panahon noong si Jesus ay nag-anyong tao, ibinaba ang Kanyang sarili bilang isang tao, at nagtiis sa mga tukso ni Satanas.

Ang Kanyang pagsilang ay walang makalupang karilagan. Siya ay isinilang sa isang silungan ng hayop, inaruga sa isang sabsaban; ganon pa man ang Kanyang pagsilang ay higit na pinarangalan kaysa sinuman sa mga anak ng tao. Mga anghel mula sa langit ang nagpahayag sa mga pastor ng tungkol sa pagdating ni Jesus, samantalang ang liwanag at kaluwalhatian mula sa Diyos ay sumaliw sa kanilang patotoo. Tinugtog ng hukbo ng langit ang kanilang mga alpa at niluwalhati ang Diyos. May pagtatagumpay na inihayag nila ang pagdating ng Anak ng Diyos sa isang nahulog na daigdig upang ganapin ang gawain ng pagligtas, at sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay maghatid ng kapayapaan, kagalakan, at walang hanggang buhay sa tao. Pinarangalan ng Diyos ang pagdating ng Kanyang Anak. Ang mga angel ay sumamba sa kanya.

Ang mga anghel ng Diyos ay nagliparan sa tapat ng pagbabautismo sa Kanya, at ang Banal na Espiritu ay bumaba sa anyo ng isang kalapati, at dumapo sa Kanya, at samantalang ang mga tao ay lubhang namamangha, ang kanilang mga mata ay nakatitig sa Kanya, ang tinig ng Diyos ay narinig mula sa langit na nagsasabi, Ikaw ay sinisinta kong Anak, sa iyo Ako ay lubos na nalulugod.

Si Juan ay hindi nakatitiyak na ang Tagapagligtas ang dumating upang magpabautismo sa kanya sa Jordan. Subalit ang Diyos ay nangako sa kanya ng isang tanda

na sa pamamagitan noon ay makikilala niya ang Cordero ng Diyos. Ang palatandaang iyon ay ipinagkaloob bilang isang makalangit na kalapati na dumapo kay Jesus, at ang kaluwalhatian ng Diyos na nangingning sa palibot niya. Iniunat ni Juan ang kanyang kamay, na nakaturo kay Jesus, at may malakas na tinig na sumisigaw, Narito ang cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

Ipinaalam ni Juan sa kanyang mga tagasunod na si Jesus ang ipinangakong Mesias, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Samantalang nagtatapos ang kanyang gawain, itinuro niya sa kanyang mga tagasunod na tumingin kay Jesus, at sundan siya bilang dakilang guro. Ang buhay ni Juan ay walang kaligayahan. Iyon ay puno ng kalungkutan at pagtangga sa sarili. Ibinalita niya ang unang pagdating ni Cristo, pagkatapos ay hindi pinahintulutang masaksihan ang kanyang mga himala, at masiyahan sa kapangyarihang ipinahayag niya. Alam niya na kung kinakailangang itatag ni Jesus ang Kanyang sarili bilang guro, siya ay kinakailangang mamatay. Bihirang marinig ang Kanyang tinig maliban sa ilang. Malungkot ang Kanyang buhay. Hindi Siya nanatili sa pamilya ng Kanyang ama upang masiyahang nakakasama sila, sa halip ay iniwan sila upang gampanan ang Kanyang misyon. Iniiwan ng maraming mga tao ang mga ciudad at mga nayon, natitipon sa ilang upang makinig sa salita ng kahanga-hangang, nag-iisang propeta. Itinaga ni Juan ang palakol sa ugat ng punong kahoy. Sinumbatan niya ang kasalanan na hindi kinatatakutan ang ibubunga noon, at inihanda ang daan para sa cordero ng Diyos.

Si Herodes ay tinamaan samantalang siya ay nakikinig sa makapangyarihan, at matalas na patotoo ni Juan. May malalim na pananabik ay itinanong niya kung ano dapat niyang gawin upang siya ay maging alagad niya. Alam ni Juan na malapit na niyang pakasalan ang asawa ng kanyang kapatid, samantalang ang kanyang kapatid ay buhay pa, at tuwirang sinabi sa kanya na iyon a hindi naaayon sa kautusan. Si Herodes ay hindi handa upang gumawa ng anumang sakripisyo. Pinakasalan niya ang asawa ng kanyang kapatid, at, sa kanyang impluwensiya, hinuli si Juan at ipinalagay sa bilangguan. Subalit panukala ni Herodes na pakawalan siyang muli. Samantalang nakakulong doon, nabalitaan ni Juan sa kanyang mga alagad ang dakilang mga gawa ni Jesus. Hindi siya maaaring makinig sa mabiyayang mga salita ni Jesus. Subalit siya ay pinahayagan ng kanyang mga alagad, at siya ay inaliw sa pamamagitan ng kanilang narinig. Di nagtagal si Juan ay pinugutan ng ulo dahil sa impluwensiya ng asawa ni Herodes. Nakita ko na ang pinakamababang alagad na sumunod kay Jesus, nakasaksi sa kanyang mga himala, at nakarinig sa mga nakaaaliw na mga salita mula sa kanyang mga labi, ay nakahihigit kay Juan Bautista. Iyon ay, higit silang nakatataas at pinarangalan, at higit ang kanilang kaligayahan sa kanilang buhay.

Si Juan ay dumating sa espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang ipahayag ang unang pagdating ni Jesus. Ako ay itinuro sa mga huling araw, at nakita ko na si Juan ay kakatawan doon sa mga kinakailangang humayo sa espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang ibalita ang araw ng galit, at ang ikalawang pagdating ni Jesus.

Matapos ang pagkabautismo kay Jesus sa Jordan, siya ay inakay ng Espiritu sa ilang upang matukso ng demonyo. Siya ay inihanda ng Banal na Espiritu para sa natatanging tagpo ng matinding mga tukso. Apatnapung araw siyang tinukso ng demonyo, at sa mga araw na iyon ay wala siyang kinaing anuman. Ang lahat sa paligid ni Jesus ay

hindi kanais-nais, mula doon ang likas ng tao ay maakay sa pag-urong. Kasama niya ang mababangis na mga hayop, at ang demonyo, sa isang liblib at malungkot na lugar. Nakita ko na ang Anak ng Diyos ay putla at payat dahil sa pag-aayuno ay paghihirap. Subalit ang kanyang gawain ay naitakda na, at kinakailangang gampanan niya ang gawaing dahilan ng kanyang pagkakarito.

Sinamantala ni Satanas ang mga paghihirap ng Anak ng Diyos, at naghandang upang lituhin siya sa pamamagitan ng maraming tukso, umaasa na siya ay kanyang madadaig sapagkat ibinaba niya ang kanyang sarili bilang isang tao. Si Satanas ay dumating dala ang panuksong ito, Kung ikaw ang Anak ng Diyos, ipag-utos mo na ang batong ito ay maging tinapay. Tinukso niya si Jesus na sumang-ayon sa kanya, at magbigay sa kanya ng katibayan ng kanyang pagiging Mesiyas, sa pamamagitan ng paggamit sa kanyang kapangyarihan bilang Diyos. Siya ay malumanay na sinagot ni Jesus, Nasusulat, Di lamang sa pamamagitan ng tinapay mabubuhay ang tao, kundi sa pamamagitan ng bawat salita ng Diyos.

Ibig ni Satanas na makipagtalo kay Jesus tungkol sa Kanyang pagiging Anak ng Diyos. Pinuna niya ang Kanyang mahina, at nahihirapang kalagayan, at may pagmamalaking sinabi na higit na malakas siya kaysa kay Jesus. Subalit ang mga salitang binigkas mula sa langit, Ikaw ay sinisinta kong Anak, sa iyo ako ay lubos na nalulugod, ay sapat upang malampasan ni Jesus ang lahat ng Kanyang mga paghihirap. Nakita ko na sa lahat ng Kanyang misyon, hindi Niya tungkulin ang kumbinsihin si Satanas tungkol sa Kanyang kapangyarihan, at sa Kanyang pagiging tagapagligtas ng sanlibutan, marami nang ebidensiya si Satanas tungkol sa Kanyang mataas na katatayuan at kapamahalaan. Ang hindi niya pagpapasakop sa kapamahalaan ni Jesus ang dahilan ng pagsara ng langit para sa kanya.

Upang ipakita ang kanyang lakas, dinala ni Satanas si Jesus sa Jerusalem, at inilagay Siya sa tuktok ng templo, at muli Siyang tinukso, na kung Siya ang anak ng Diyos, patunayan Niya iyon sa pamamagitan ng pagtalon mula sa nakalululang taas na pinagdalan sa Kanya. Si Satanas ay may dala pang mga salita ng inspirasyon. Sapagkat nasusulat, Siya'y magbibilin sa kanyang mga anghel tungkol sa iyo, upang sa lahat ng iyong mga lakad ay ingatan ka. Sa kanilang mga kamay ay dadalhin ka nila, baka sa isang bato'y matisod ang iyong paa. Bilang tugon ay sinabi sa kanya ni Jesus, Nasusulat, Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos. Ibig ni Satanas na itaya ni Jesus ang kahabagan ng kanyang Ama, at ilagay sa panganib ang Kanyang buhay bago matupad ang Kanyang misyon. Siya ay umaasa na ang panukala ng pagligtas ay mabigo; subalit nakita ko na ang panukala ng pagligtas ay may napaka lalim na pundasyon para maitumba lamang sa gayong paraan, o kaya ay masira ni Satanas.

Nakita ko na si Cristo ang halimbawa ng lahat ng Kristiyano kapag tinutukso, o kapag ang kanyang mga karapatan ay inuusisa. Kinakailangan nilang dalhin iyon ng may pagtitiis. Hindi nila dapat madama na kinakailangang tumawag sila sa Diyos upang magpakita ng kanyang kapangyarihan, upang ang kanilang mga kaaway ay kanilang mapagtagumpayan, maliban na lamang kung may natatanging natatanaw na layunin, na ang Diyos ay tuwirang mapararangalan at maluluwalhati sa pamamagitan noon. Nakita ko na kung si Jesus ay tumalon mula sa mataas

na dakong iyon, hindi noon maluluwalhati ang kanyang Ama; sapagka't walang ibang makakakita ng gagawing iyon maliban kay Satanas, at ang mga anghel ng Diyos. At iyon ay magiging isang panunukso sa Panginoon upang ipahayag ang kanyang kapangyarihan sa kanyang pinakamatinding kaaway. Iyon ay magiging pagsang-ayon sa isa na si Jesus ay dapat niyang talunin sa kanyang pagkakarito.

"Pagkatapos ay dinala Siya ng Diyablo, sa isang mataas na bundok, at ipinakita sa Kanya sa isang saglit ang lahat ng mga kaharian sa sanlibutan. At sinabi sa Kanya ng Diyablo, Ibibigay ko sa Iyo ang Lahat ng kapangyarihang ito, at ang kaluwalhatian nila, sapagkat ito'y naibigay na sa akin, at ibinibigay ko kung kanino ko ibig. Kaya kung sasamba ka sa akin, ang lahat ng ito ay magiging iyo. At sumagot si Jesus sa kanya, Lumayo ka sa akin, Satanas; ito'y nasusulat na, Sambahin mo ang Panginoon mong Diyos, at Siya lamang ang iyong paglingkuran.

Dito ay ipinakita ni Satanas ang mga kaharian ng sanlibutan. Ang mga iyon ay inihayag sa pinakakaakit-akit na liwanag. Iniaalok niya iyon kay Jesus kung siya ay sasamba sa kanya. Sinabi niya kay Jesus na bibitiwan na niya ang lahat ng kanyang pagmamay-ari sa sanlibutan. Alam ni Satanas na kinakailangang ang kanyang kapangyarihan ay magkaroon ng hangganan, at pagkatapos ay tuluyang makuha sa kanya, kung ang panukala ng pagligtas ay kinakailangang maganap. Alam niya na kung si Jesus ay mamatay upang tubusin ang tao, ang kanyang kapangyarihan ay mawawakasan pagkalipas ng panahon, at siya ay pupuksain. Kaya pinag-aralan niyang mabuti ang panukala na hadlangan, kung maaari, ang pagsasakatuparan ng dakilang gawain na sinimulan ng Anak ng Diyos. Kung ang panukala ng pagtubos sa tao ay di magtagumpay, mapapanatili niya sa kanyang sarili ang kaharian na kanyang inaangkin noon. At kung siya ay magtagumpay, itinaas niya ang kanyang sarili na siya ay maghahari sa paglaban sa Diyos sa langit.

Si Satanas ay lubhang nagalak nang lisanin ni Jesus ang langit, at iniwan ang kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian doon. Iniisip niya na ang Anak ng Diyos ay inilagay sa kanyang kapangyarihan. Madaling nagawa ang panunukso sa banal na pares sa Eden, kaya umaasa siya na kanyang matatalo maging ang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang maka-satanas at tusong kapangyarihan. sa ganong paraan ay maililigtas niya ang kanyang buhay at kaharian. Kung matutukso niya si Jesus na lumihis sa panukala ng kanyang Ama, kung magkagayon ay makakamtan niya ang kanyang minimithi. Pinaalis ni Jesus si Satanas sa kanyang harapan. Siya ay yuyukod lamang sa kanyang Ama, upang maging matuwid na tagapagmana sa mga kaharian ng lupa, at iyon ay maibigay sa kanyang mga kamay bilang isang walang hanggang pag-aari. Si Satanas rin ay maibibigay sa kanyang mga kamay upang puksain ng kamatayan, di na kalian man manggugulo pa kay Jesus o maging sa mga banal.

Tingnan ang Deuteronomio 6:16; 8:3; 2 Hari 17:35-36; Awit 91:11-12; Lucas Kapitulo 2-4.

Ang Ministeryo ni Cristo

Nang si Satanas ay makatapos sa kanyang panunukso, lumayo muna siya kay Jesus, at Siya ay pinaghandaan ng mga anghel ng pagkain sa ilang, at pinalakas Siya, at ang basbas ng Ama ay napasa Kanya. Si Satanas ay nabigo sa kanyang pinaka-matinding panunukso, ngunit tumitingin siya sa hinaharap na panahon ng paglilingkod ni Jesus, kung kailan sa iba't ibang pagkakataon ay masusubukan niya ang kanyang galing laban sa kanya. Umaasa pa rin siya na makapanaig laban sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapakilos doon sa mga hindi magsisitanggap kay Jesus, upang kamuhian at sikaping puksain siya. Si Satanas ay nagdaos ng isang natatanging pagpupulong ng kanyang mga anghel. Sila ay bigo at galit na galit dahil hindi sila nanaig laban sa Anak ng Diyos. Ipinagpasya nila na kinakailangang maging mas mahusay, at gamitin ang kanilang kapangyarihan sa sukdulan upang lumikha ng di-paniniwala sa isip ng sarili niyang bayan tungkol sa Kanyang pagiging Tagapagligtas ng sanlibutan, at sa ganitong paraan ay siraan ng loob si Jesus sa Kanyang misyon. Gaano man kaganap ang mga Hudyo sa kanilang mga seremonya at mga sakripisyo, kung mapananatili nila silang bulag tungkol sa mga propesiya, at mapaniwala sila na isang makapangyarihan at makamundong hari ang gaganap ng mga propesiyang ito, maiingatan nila ang kanilang mga isip sa malayo pang pagtanaw sa Mesias na darating.

At ipinakita sa akin na si Satanas at ang kanyang mga anghel ay abalang-abala sa panahon ng paglilingkod ni Cristo, lumilikha sa mga tao ng di-paniniwala, poot at pangungutya. Malimit kapag si Jesus ay may sinasabing matalim na mga katotohanan na sumusumbat sa kanilang mga kasalanan, sila ay galit na galit. Ipinipilit sa kanila ni Satanas at ng kanyang mga anghel na kitilin ang buhay ng Anak ng Diyos. Minsan ay kumuha sila ng mga bato upang ibato sa Kanya, subalit Siya ay iningatan ng mga anghel, at binuhat Siya palayo sa galit na mga tao tungo sa isang lugar na ligtas. Muli samantalang ang malinaw na katotohanan ay namumutawi sa Kanyang mga banal na labi, siya ay hinawakan ng mga tao at dinala Siya sa tabing bangin sa isang gulod upang Siya ay ihulog doon. Sila ay nagkaroon ng mga pagtatalo kung ano ang kanilang gagawin sa Kanya, nang muli Siyang itinago ng mga anghel mula sa paningin ng mga tao, at Siya, sa pagdaan sa kalagitnaan nila, ay nagtungo sa Kanyang landas.

Si Satanas ay umaasa pa rin na ang panukala ng pagligtas ay mabigo. Ginamit niya ang lahat niyang kapangyarihan upang patigas ang puso ng mga tao, at ang kanilang pakiramdam ay naging mapait laban kay Jesus. Umaasa siya na ang tatanggap sa kanya bilang Anak ng Diyos ay kaunti lamang, upang isipin ni Jesus na masyadong malaki para sa napakaliit na grupo. Subalit nakita ko na kung mayroon lamang dalawang tumanggap kay Jesus bilang Anak ng Diyos ay , upang maniwala sa Kanya na makapagliligtas ng kanilang kaluluwa, ay ipagpapatuloy pa rin Niya ang panukala.

Sinimulan ni Jesus ang kanyang gawain sa pamamagitan ng pagsira sa kapangyarihan na ginagamit ni Satanas doon sa mga naghihirap. Pinagaling niya ang mga nagdurusa dahil sa kapangyarihan ng kanyang kasamaan. Pinanauli Niya ang kalusugan ng may sakit, pinagaling ang lumpo, at sila'y pinatalon dahil sa kagalakan sa kanilang puso, ay niluwalhati ang Diyos. Binigyan ng paningin ang bulag, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ay pinanauli ang kalusugan yaong mga nagkasakit at binihag ni Satanas sa kanyang kapangyarihan sa loob ng maraming mga taon. Ang mahina, nanginginig, tinatamad, ay inaliw Niya ng Kanyang mabiyayang mga pananalita. Ibinangon Niya ang patay tungo sa buhay, at kanilang niluwalhati ang Diyos sa malakas na pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan. Makapangyarihan ang ginawa niya para sa lahat ng naniwala sa Kanya. At ang mga nagdurusang mahihina na may-pagtatagumpay na hinawakan ni Satanas, inagaw ni Jesus mula sa kanya , at dinalhan sila ng kagalingan sa pangangatawan, at dakilang kagalakan at kasiyahan sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

Ang buhay ni Cristo ay puno ng pagka-mapagbigay, kahabagan, at pag-ibig. Palagi Siyang handa upang makinig at tumugon sa mga problema ng mga lumalapit sa Kanya. Maraming mga tao ang nagdala ng mga katibayan sa sarili nilang pagkatao ng tungkol sa Kanyang banal na kapangyarihan. Ganon pa man marami sa kanila matapos mapaglingkuran ay kaagad ikinahiya ang aba, ngunit makapangyarihang guro. Sapagkat ang mga pinuno ay hindi naniniwala sa Kanya, hindi sila handa upang maghirap kasama si Jesus. Siya ay tao ng kapanglawan at bihasa sa karamdaman. Kaunti lamang ang makapagtitiis na mapangunahan ng kanyang maingat at mapagtanggi sa sariling buhay. Gusto nilang magalak sa parangal na ipinagkakaloob ng sanlibutan. Maraming sumunod sa Anak ng Diyos, at nakinig sa kanyang mga aral, pinagsaluhan ang mga salita na namutawi sa Kanyang mabiyayang mga labi. Ang Kanyang mga salita ay puno ng kahulugan, ganon pa man ay napakalinaw anupa't pati ang pinakamahina ay makakaunawa.

Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay abala. Binulag nila ang mga mata at diniliman ang pang-unawa ng mga Hudyo. Kinilos ni Satanas ang pinuno ng mga tao at ang mga panginoon upang kitilin ang kanyang buhay. Nagsugo sila ng mga opisyal upang dalhin si Jesus sa kanila, at sa kanilang paglapit sa kanyang kinaroroonan, sila ay lubhang namangha. Nakita nila si Jesus ay tunay na nakikilos ng pakikiramay at habag, samantalang kanyang sinasaksihan ang paghihirap ng tao. Nakita nila Siya na nangungusap sa pag-ibig at kaamuan sa nga mahihina at may sakit. Narinig din nila Siya, na may tinig ng kapangyarihan, sinusumbatan ang lakas ni Satanas, at pinalalaya ang kanyang mga bihag. Narinig nila ang kanyang mga salita ng karunungan na lumabas galing sa kanyang mga labi ,at sila ay naakit. Hindi sila makahawak sa kanya. Bumalik sila sa mga pari at sa mga pinuno na hindi dala si Jesus. Tinanong sila ng mga opisyal, Bakit hindi n'yo siya dinala? Isinalaysay nila ang kanilang nasaksihang mga milagro, Ang mga banal na salita ng karunungan, pag-ibig at kaalaman na kanilang narinig, at nahantong sa pagsasabing, Walang sinumang tao ang nagsalita ng tulad sa taong ito. Inakusahan sila ng mga punong saserdote na sila man ay nalinlang din. Ang iba ay nahiya na siya ay hindi nila nadala. Tinanong ng mga punong saserdote sa pakutyang paraan kung may mga pinuno na naniwala sa kanya. Nakita ko na marami sa mga nasa mataas na tungkulin ang naniwala kay Jesus. Subalit

iningatan ni Satanas na huwag nilang ipagtapat iyon. Kinatakutan nila ang panunumbat ng mga tao higit sa pagkatakot sa Diyos.

Ganoon pa man ang katusuhan at galit ni Satanas ay hindi nakasira sa panukala ng pagligtas. Ang panahon ng pagtupad sa layunin ng pagkaparito ni Jesus sa daigdig ay nalalapit na. Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagsanggunian sa isa't isa, at nagpasyang himukin ang sariling bayan ni Cristo na sumigaw para sa kanyang dugo, at maimbento ng kalupitan at kahihyan na maipapataw sa kanya. Umaasa siya na uurungan ni Jesus ang ganong pakikitungo, at hindi mapapanatili ang kanyang kaamuan at pagpapakumbaba.

Samantalang inihahanda ni Satanas ang kanyang mga panukala, maingat na binubuksan ni Jesus sa Kanyang mga alagad ang mga paghihirap na dapat niyang daanan. Na kinakailangang Siya ay maipako sa krus, at Siya ay babangon mula sa ikatlong araw. Subalit ang kanilang pang-unawa ay tila mapurol. Hindi nila maunawaan ang sinabi Niya sa kanila.

Tingnan ang Lucas 4:29; Juan 7:45-48; 8:59

KABANATA 6

Ang Pagbabago ng Anyo

Nakita ko na malaki ang inilakas ng pananampalataya ng mga alagad sa pagbabago ng anyo (ni Jesus). Pinili ng Diyos na bigyan ang mga alagad ni Jesus ng malakas na katibayan na siya ang ipinangakong Mesias, na sa kanilang mapait na kalungkutan at pagkabigo ay hindi marapat na alisin ang kanilang pagtitiwala. Sa pagbabagong anyo sinugo ng Panginoon si Moses at si Elias na makipag-usap kay Jesus tungkol sa kanyang paghihirap at kamatayan. Sa halip na pumili ng mga anghel upang makipag-usap sa Kanyang Anak, pinili ng Diyos yaong mga nagkaroon ng karanasan sa mga pagsubok sa lupa. Ilan sa Kanyang mga tagasunod ay pinahintulutang makasama Niya at makita ang Kanyang mukha na nagliliwanag ng banal na kaluwalhatian, at makita ang Kaniyang damit na maputi at nagniningning, at marinig ang tinig ng Diyos, sa kilabot na kariralagan, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, sa Kanya kayo makinig.

Si Elias ay nakalakad na kasama ng Diyos. Ang kanyang gawain ay hindi naging kaaya-aya. Sa pamamagitan niya ay sinaway ng Diyos ang kasalanan. Siya ay isang propeta ng Diyos, at kinakailangang tumakas siya mula sa ibat ibang lugar upang ilitas ang kanyang buhay. Siya ay hinahabol na parang mabangis na hayop upang siya ay kanilang mapatay. Inilipat ng Diyos si Elias. Siya ay binuhat ng mga anghel sa kaluwalhatian at pagtatagumpay tungo sa langit.

Si Moses ay isang lalaking lubos na pinarangalan ng Diyos. Siya ay naging dakila

kaysa sinumang nabuhay bago siya. Nagkaroon siya ng karapatang makausap ang Diyos ng mukhaan tulad ng isang lalaki na nakikipag-usap sa kanyang kaibigan. Pinahintulutan siyang makita ang maningning na liwanag at sakdal na kaluwalhatian na nakabalot sa Ama. Sa pamamagitan ni Moses ay iniligtas ng Panginoon ang mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Si Moses ay naging tagapamagitan para sa mga anak ni Israel. Malimit siyang tumatayo sa pagitan nila at ng galit ng Diyos. Nang ang Diyos ay galit na galit sa Israel sa hindi nila paniniwala, sa kanilang pagmamaktol, at malulubhang mga kasalanan, ang pag-ibig ni Moses para sa kanila ay lubhang nasubok. Ipinangako sa kanya ng Diyos na kung paaalisin na ang Israel, at hayaan silang mapuksa, siya ay gagawin ng Diyos na isang malaking bansa. Ipinakita ni Moses ang kanyang pag-ibig sa Israel sa pamamagitan ng kanyang mga pakiusap. Sa kanyang kawalan ng ibang pag-asa ay dumalangin siya sa Diyos na tumalikod sa kanyang matinding galit, at patawarin ang Israel, kung hindi ay alisin ang kanyang pangalan mula sa kanyang aklat.

Noong ang Israel ay nagreklamo laban sa Diyos at laban kay Moses, sapagkat sila ay walang makuhang tubig, inakusahan nila siya ng pangunguna sa kanila upang patayin sila at ang kanilang mga anak. Narinig ng Diyos ang kanilang mga reklamo, at iniutos kay Moses na hampasin ang bato upang ang mga anak ni Israel ay magkaroon ng tubig. Hinampas ni Moses ang bato sa galit, at ang kaluwalhatian ay kanyang inangkin sa kanyang sarili. Ang patuloy na kasamaan at pagreklamo ng mga anak ni Israel ay naging sanhi ng kanyang pinakamatinding kalungkutan, at waring nakalimutan niya kung paanong sila ay pinagtiisan ng Diyos at ang kanilang pagreklamo ay hindi laban kay Moses kundi laban sa Diyos. Ang kanyang inisip lamang ay ang kanyang sarili, kung gaano kasakit ang kanilang ginawa sa kanya, kung gaano kaliit ang pasalamat na kanilang ibinalik sa kanya, para sa malalim na pag-ibig niya sa kanila.

Sa paghampas ni Moses sa bato, hindi niya pinarangalan ang Diyos, at hindi niya naluwalhati sa harap ng mga anak ni Israel, upang kanilang maluwalhati ang Diyos. At ang Panginoon ay hindi nalugod kay Moses, at sinabing hindi siya makakapasok sa lupang pangako. Panukala ng Diyos na malimit subukin ang Israel sa pamamagitan ng paghahatid sa kanila sa mahihirap na mga lugar, at sa panahon ng kanilang malaking pangangailangan ay maipahayag ang kaniyang kapangyarihan, upang siya ay manatili sa kanilang ala-ala, at kanilang luwalhatiin Siya.

Noong si Moses ay bumaba mula sa bundok dala ang dalawaang tapyas ng bato, at nakitang sumasamba ang Israel sa gintong guya, ang kanyang galit ay lubhang nag-alab, at kanyang inihagis ang mga tapyas ng bato, at yaon ay binasag. Nakita ko na si Moses ay hindi nagkasala dito. Siya ay nagalit para sa Diyos, naninibugho para sa kanyang kaluwalhatian. Subalit nang siya ay nagbigay laya sa likas na nadarama ng puso, at naluwalhati ang kanyang sarili, na dapat ay sa Diyos, siya ay nagkasala, at dahil sa kasalanang iyon, hindi ipinahintulot ng Diyos na siya ay makapasok sa lupang pangako.

Si Satanas ay nagsisikap makasumpong ng bagay na maiiakusa kay Moses sa harap ng mga anghel. Si Satanas ay nagalak nang magawa niyang hindi siya makapagbigay lugod sa Diyos, at siya ay natuwa ng lubos, at sinabi niya sa mga anghel na kapag dumating ang Tagapagligtas upang tubusin ang tao, kanya siyang matatalo. dahil sa kasalanang ito si

Moses ay napasa-ilalim ng kapangyarihan ni Satanas--ang saklaw ng kamatayan. Kung siya ay nanatiling matibay, at hindi nagkasala ng pagpaparangal sa kanyang sarili, sana ay dinala siya ng Panginoon sa lupang pangako at inilipat siya sa langit na hindi nakaranas ng kamatayan. Nakita ko na si Moses ay dumaan sa kamatayan, subalit si Michael ay bumaba at binigyan siya ng buhay bago siya nabulok. Inangkin ni Satanas ang kanyang katawan subalit binuhay ni Michael si Moses, at dinala siya sa langit. sinikap ni Satanas na pigilin ang kanyang katawan, sumigaw ng malakas laban sa Diyos, at sinabing siya ay hindi patas, sa pagkuha mula sa kanya sa kanyang bihag. Subalit hindi sinumbatan ni Michael and demonyo, bagaman sa pamamagitan ng kanyang panunukso at kapangyarihan nahulog ang lingkod ng Diyos. May kababaang siya ay itinuro ni Cristo sa Ama, sa pagsabing, Ang Panginoon ay sumusumbat sa iyo.

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na mayroong ilan na nakatayong kasama Niya ang hindi makakasumpong ng kamatayan hanggang hindi nila nakikita ang kaharian ng Diyos na dumating sa kapangyarihan. Sa pagbabago ng anyo. Ang anyo ni Jesus ay nabago, at nagingning na tulad ng araw. Ang kanyang damit ay puti at nakasisilaw. Si Moses ay naroon at kumakatawan sa mga bubuhayin sa ikalawang pagpapakita ni Jesus. At si Elias, na dinala sa langit na hindi namatay ay kumakatawan doon sa mga babaguhin tungo sa walang pagkasira sa ikalawang pagdating ni Cristo, at ang hindi makakaranas ng kamatayan ay dadalhin sa langit. Minasdan ng mga alagad na may takot at pagkamangha ang sakdal na karilagan ni Jesus, at ang ulap na nakasaklob sa kanila, at narinig ang tinig ng Diyos sa kilabot na karilagan na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, makinig kayo sa Kanya.

Tingnan ang Exodo kapitulo 32, Mga Bilang 20:7-12; deuteronomio 34:5; 2 Mga Hari 2:11; Marcos Kapitulo 9; Judas 9

KABANATA 7

Ang Pagkanulo kay Cristo

At dinala ako pabalik sa panahon nang si Jesus ay kumain sa hapunan ng Pascua kasama ng Kanyang mga alagad. Si Judas ay nalinlang na ni Satanas at inakay upang isipin na siya ay isa sa mga tunay na alagad ni Cristo; subalit ang kanyang puso ay palaging ayon sa laman. Nasaksihan niya ang makapangyarihang mga gawa ni Jesus, nakita niya Siya sa kanyang mga paglilingkod, at sumang-ayon sa makapangyarihang mga katibayan na Siya ang Mesias; subalit siya ay sarado at makasarili. Umibig siya sa salapi. Siya ay galit na nagreklamo sa mamahaling pabango na ibinuhos kay Jesus. Mahal ni Maria ang kanyang

Panginoon. Siya ay pinatawad Niya sa marami niyang mga kasalanan, at binuhay ang mahal na mahal niyang kapatid na lalake, at kanyang nadama na walang magiging napakahalaga upang di niya ibigay kay Jesus. Kung mas mahal at mas mahalaga ang pabango, mas maipahahayag ni Maria ang pasalamat niya sa kanyang Tagapagligtas, sa pamamagitan ng pagtatalaga noon sa kanya. Si Judas, upang pagtakpan ang kanyang pag-iimbot ay nagsabi na ang pabango ay maaari sanang ipagbili at ibigay sa mahirap. Subalit iyon ay hindi sapagkat mayroon siyang pangangalaga sa mga mahirap; sapagkat siya ay makasarili at malimit sa sarili lamang niya ginagamit ang mga ipinagkatiwala sa kanya upang ibigay sa mahirap. Hindi ni Judas tinitingnan ang ikagiginhawa at mga pangangailangan ni Jesus, at upang pagtakpan ang kanyang pag-iimbot, malimit niyang tinutukoy ang mahihirap. At ang ginawang ito ni Maria sa pagiging sagana sa pagbigay ay isang masakit na sumbat sa kanyang pagkahilig sa pagkamakasarili.

Ang daan ay nahanda sa pagtanggap sa mga tukso ni Satanas upang matanggap sa puso ni Judas. Galit ang mga Hudyo kay Jesus; subalit marami ang nagsisipunta sa kanya upang makinig sa kaniyang mga salita ng karunungan, at upang saksihan ang dakila niyang mga gawa. Inaalís nito ang atensiyon ng mga tao mula sa mga punong saserdote at matatanda, sapagkat ang mga tao ay nagkakaroon ng malalim na iteres, at sabik na sumusunod kay Jesus, at nakikinig sa mga aral ng kahanga-hangang guro. Marami sa mga punong tagapangulo ay naniniwala kay Jesus, subalit natatakot na iyon ay ipahayag, sa pangamba na sila ay ilabas mula sa sinagoga. Ang mga saserdote at mga matatanda ay nagpasya na kinakailangang kumilos upang alisin ang atensiyon ng mga tao mula kay Jesus. Sila ay nangamngamba na ang lahat ng tao ay maniwala sa kanya. Hindi sila mapalagay sa kanilang sarili. Sila'y mawala sa tungkulin o si Jesus ay patayin. At kung Siya ay kanilang patayin, mayroon pa ring magiging buhay na mga patotoo sa Kanyang kapangyarihan. Si Lazarus ay binuhay ni Jesus. At kanilang ipinangamba na kung kanilang papatayin si Jesus, si Lazarus ay magpapatotoo tungkol sa kanyang kapangyarihan. Ang mga tao ay natitipon upang makita siya na binuhay ni Jesus, at ipinagpasya ng mga pinuno na patayin din si Lazarus upang ibaba ang pag-aalsa. At kanilang ituturo sa mga tao ang mga tradisyon at mga aral ng mga tao, upang mag-ikapo at sa mga herbabuena (mint and rue), at muling magkaroon ng impluwensiya sa kanila. Kanilang ipinagpasya na kuhanin si Jesus samantalang siya ay nag-iisa; sapagkat kung tatangkain nilang kuhanin si Jesus mula sa kalagitnaan ng maraming mga tao, samantalang ang lahat ng isipan ng mga tao ay interesado sa kanya, sila ay pagbababatuhan.

Alam ni Judas kung gaano sila kasabik na makuha si Jesus, at nag-alok na ipagkakanulo niya siya sa mga punong saserdote at sa mga matatanda para sa ilang piraso ng pilak. Ang kanyang pag-ibig sa salapi ay nag-akay sa kanya upang sumang-ayon na ipagkanulo niya ang kanyang Panginoon sa kamay ng pinakamapait niyang mga kaaway. Si Satanas ay tuwirang gumawa kay Judas, at sa kala-gitnaan ng magandang tanawin ng huling hapunan, siya ay nakikipag-buo ng mga panukala upang ipagkanulo si Jesus. Malungkot na sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad na silang lahat ay tatalikod sa kanya, sa gabing iyon. Subalit madiing pinagtibay ni Pedro na bagaman ang lahat ay magsitalikod sa kanya, siya ay hindi. Si Pedro ay sinabihan ni Jesus, hinihingi ka ni Satanas upang ikaw ay kanyang

maliglig na parang trigo; subalit Ako ay nanalangin para sa iyo, upang huwag mawala ang iyong pananampalataya; at kung makabalik ka nang muli, ay palakasin mo ang iyong mga kapatid.

At nakita ko si Jesus sa halamanan kasama ang Kanyang mga alagad. Sa malalim na kapanglawan ay ipinag-utos Niya sa kanila na magmasid at manalangin baka sila mapasok sa tukso. Alam ni Jesus na ang kanilang pananampalataya ay kinakailangang masubok, ang kanilang pag-asa ay mabibigo, at silang lahat ay mangangailangan ng lakas na maaari nilang matamo sa pamamagitan ng matamang pagmamasid at taimtim na panalangin. May malakas na sigaw at pag-iyak, si Jesus ay nanalangin, Ama, kung ipahihintulot mo, alisin ang sarong ito mula sa akin, ganon pa man, hindi ang kalooban ko, kundi ang iyo ang maganap. Ang Anak ng Diyos ay nanalangin sa kahirapan. Ang mga anghel ay lumilipad sa tapat ng lugar na iyon, nasasaksihan ang tanawin, samantalang isa lamang ang sinugo upang humayo at palakasin ang Anak ng Diyos sa kanyang paghihirap. Ibinaba ng mga anghel sa langit ang kanilang mga korona at ang kanilang mga alpa, na may kasamang malalim na pananabik ay tahimik na pinagmasdan si Jesus. Walang pagsasaya sa langit. Ibig nilang palibutan ang Anak ng Diyos, subalit hindi sila pinahintulutan ng anghel na namamahala, baka kung makikita nila ang pagkanulo sa kanya, ay iligtas nila siya; sapagkat ang panukala ay naihanda na, at iyon ay kinakailangang maganap.

Nang makapanalangin si Jesus, siya ay lumapit upang tingnan ang kanyang mga alagad. Sila ay natutulog. Hindi siya nagkaroon ng aliw at dalangin maging ng Kanyang mga alagad sa kahindik-hindik na oras na iyon. Si Pedro na masigasig ilang sandali palang ang nakalipas, ay antok na antok. Ipinaalala ni Jesus sa kanya ang maganda niyang mga pahayag, at sinabi sa kanya, Ano! hindi ka ba makapagbantay na kasama ko sa loob ng isang oras? Tatlong beses ang Anak ng Diyos ay nanalangin sa kahirapan, nang si Judas, kasama ang grupo ng mga lalaki ay paparating. Hinarap niya si Jesus tulad ng dati upang bumati sa Kanya. Si Jesus ay pinalibutan ng grupo; subalit doon ay ipinakita niya ang kapangyarihan ng kanyang pagka-Diyos, sa kayang pagsasabi, Sinong hinahanap ninyo? Ako iyon. Sila ay nabuwal paatras sa lupa. Nagtanong si Jesus ng ganon upang kanilang masaksihan ang Kanyang kapangyarihan, at magkaroon ng katibayan na maaari Niyang iligtas ang Kanyang sarili mula sa kanilang mga kamay kung ibig niya.

Ang mga alagad ay muling nagkaroon ng pag-asa nang kanilang makita na ang grupo ng mga tao na may mga pamalo at tabak ay mabilis na nangabuwal. Nang sila'y bumangon at muling pinalibutan ang Anak ng Diyos, si Pedro ay bumunot ng tabak at nanagpas ng tainga. Sinabihan siya ni Jesus na itaas ang tabak, at sinabi sa kanya, iniisip mo ba na hindi ako ngayon makakadalangin sa Ama, at ngayon ay mabibigyan niya ako ng mahigit sa labindalawang hukbo ng mga anghel? Nakita na samantalang binabanggit ang mga salitang ito ang hitsura ng mga anghel ay nakilos. Gusto nila na sa pagkakataon ding iyon ay palibutan niya ang kanilang pinuno at pangalatin ang galit ng mga tao. Subalit muli silang nalungkot nang idinagdag ni Jesus, Subalit paano matutupad ang kasulatan, kung paano iyon nararapat? Ang puso ng mga alagad ay muling nalubog sa kawalang ng pag-asa at mapait na pagkabigo, samantalang ipinahintulot ni Jesus na Siya ay akayin palayo.

Nangamba ang mga alagad tungkol sa sarili nilang buhay, at nagkanya-kanya sila ng

pag-alis at si Jesus ay naiwang nag-iisa. Ganon nalamang ang galak ni Satanas! At anong lungkot naman at kapanglawan ang napasa mga anghel ng Diyos. Maraming grupo ng mga banal na anghel, bawat isa ay may namumuno bilang kanilang pinuno, ang sinugo upang saksihan ang tanawin. Ang bawat pangyayari ay kanilang itatala, bawat pang-iinsulto at kalupitan sa Anak ng Diyos, at upang itala ang bawat kirot na mararanasan ni Jesus; kinakailangang makita ng mga tao ding iyon sa buhay na paglalarawan.

Tingnan ang Mateo 26:1-56; Marcos 14:1-52; Lucas 22:1-46; Juan 11; 12:1-11, 18:1-12.

KABANATA 8

Ang Paglilitis kay Cristo

Samantalang ang mga anghel ay papaalis mula sa langit, kanilang ibinaba ang kanilang kumikinang na mga korona. Hindi nila iyon maiisuot habang ang kanilang pinuno ay naghihirap, at malapit nang magsuot ng koronang tinik. Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay abala sa bulwagang iyon ng paghatol upang puksain ang sangkatauhan at ang pakikiramay. Ang kapaligiran mismo ay mabigat at narurumihan ng kanilang impluwensiya. Ang mga punong saserdote at mga matatanda ay kanilang kinikilos upang abusuhin at insultuhin si Jesus, sa isang paraan na pinakamahirap madala ng isang tao. Si Satanas ay umaasa na ang ganong pang-insulto at paghihirap ay magiging dahilan upang ang Anak ng Diyos ay magreklamo o magmaktol; o kaya ay magpahayag ng Kanyang banal na kapangyarihan, at alisin ang kanyang sarili mula sa malaking grupong iyon ng mga tao, at nang sa ganon ang panukala ng pagtubos ay mabigo.

Sinundan ni Pedro ang kanyang Panginoon matapos na Siya ay maipagkanulo. Gusto niyang makita kung ano ang gagawin kay Jesus. At nang siya ay akusahan bilang isa sa kanyang mga alagad, kanya iyong itinanggi. Nangamba siya dahil sa kanyang buhay, at nang sabihin na siya ay isa sa kanila, kanyang sinabi na hindi niya kilala ang lalaki. Ang mga alagad ay kilala sa kadalisayan ng kanilang mga salita, at si Pedro, upang manlinlang, at sila ay kumbinsihin na siya ay hindi kabilang sa mga alagad ni Cristo, ay tumanggi maikatlo na may pagmumura at panunumpa. Si Jesus, nasa di kalayuan kay Pedro, ay tumingin na nalulungkot na paningin sa kanya. At naalala niya ang mga salita na sinabi ni Jesus sa kanya doon sa itaas na silid, at ganon din ang masigasig niyang ipinahayag. Kung ang lahat man ay tumalikod dahil sa iyo, ako kailanma'y hindi tatalikod. Kanyang itinanggi ang kanyang Panginoon, na mayroon pang pagmumura at panunumpa; subalit ang tingin na iyon ni Jesus ay kaagad tumunaw sa puso ni Pedro, at iniligtas siya. Siya ay lubhang tumangis at pinagsisihan ang malaki niyang kasalanan, at nahikayat, at nahanda upang

mapalakas ang kanyang mga kapatid.

Ang mga tao ay sabik sa dugo ni Jesus. Malupit na pinalo Siya, at nilagyan Siya ng lumang balabal ng hari na kulay pula, at binigkis ang Kanyang banal na ulo ng koronang tinik. Nilagyan nila Siya ng tambo sa Kanyang kamay, at pakutyang yumukod sa Kanya, at nagpugay sa Kanya ng, Mabuhay ang hari ng mga Hudyo! At kanilang kinuha ang tambo sa Kanyang kamay, at hinampas siya nito sa Kanyang ulo, dahilan upang ang mga tinik ay lumubog sa Kanyang ulo, at pagtulo ng dugo pababa sa Kanyang mukha at balbas.

Mahirap para sa mga anghel ang matiis ang tanawing iyon. Iniligtas na sana nila si Jesus mula sa kanilang mga kamay; subalit sila ay binawalan ng anghel na namumuno sa kanila, at sinabi na iyon ay isang dakilang pantubos na kinakailangang ibayad para sa tao; subalit iyon ay magiging ganap, at magiging dahilan ng kamatayan ng may kapangyarihan sa kamatayan. Alam ni Jesus na minamasdan ng mga anghel ang tanawin ng kanyang pagpapakababa. Nakita ko na kahit yaong pinakamahinang anghel ay makakayanang patumbahin ang maraming mga taong iyon at iligtas si Jesus. Alam niya na kung hihilingin niya iyon mula sa Ama, kaagad siyang pakakawalan ng mga anghel. Subalit kinakailangang si Jesus ay magdusa ng maraming mga bagay ng mga masasamang mga tao, upang maisakatuparan ang panukala ng pagliligtas.

Naroong nakatayo si Jesus, maamo at mapagpakumbaba sa harap ng galit na galit na mga tao, samantalang kanilang iginagawad sa kanya ay pinakamalulupit na pang-aabuso. Dinuraan nila Siya sa Kanyang mukha--ang mukha na iyon na balang araw ay nanaising pagkublihan, magbibigay ng liwanag sa bayan ng Diyos, at magniningning ng mas maliwanag pa sa araw--subalit ni isang galit na tingin ay hindi niya iniharap sa mga maysala. Maamo niyang itinaas ang kanyang kamay at iyon ay pinunasan. Tinakluban nila ang kanyang ulo ng lumang damit; piniringan siya, at hinampas siya sa mukha, at sinigawan, Manghula ka sa amin kung sino ang humampas sa iyo. Nagkagulo ang mga anghel. Kanila na sanang iniligtas siya kaagad; subalit sila ay binawalan ng anghel na namumuno sa kanila.

Ang mga alagad ay nagkaroon ng pagtitiwala na makapasok sa kinaroroonan ni Jesus, at saksihan ang paglilitis kay Jesus. Sila'y umaasa na kanyang ihahayag ang Kanyang kapangyarihang banal, at ililigtas ang Kanyang sarili mula sa kamay ng kanyang mga kaaway, at parusahan sila sa kanilang kalupitan sa Kanya. Ang kanilang pag-asa ay tumataas at bumababa samantalang ang iba't ibang tanawin ay nagaganap. Minsan sila'y nag-aalinlangan at nangangambang sila ay nalinlang. Subalit ang tinig na kanilang narinig sa bundok ng pagbabago ng anyo, at ang kaluwalhatian na kanilang nasaksihan, ang nagpatibay sa kanila na siya ang Anak ng Diyos. Inalala nila sa kanilang isip ang nakakapanabik na mga tanawing kanilang nasaksihan, ang mga himala na nakita nilang ginawa ni Jesus sa pagpapagaling sa may sakit, pagbubukas ng mata ng bulag, pag-ayos sa tainga ng bingi, pagsumbat at pagpapalayas sa mga demonyo, pagbuhay sa patay, at maging ang pagsaway sa hangin, at iyon ay sumunod sa kaniya. Hindi sila makapaniwalang Siya ay mamamatay. Sila'y umaasa na Siya ay titindig pa rin sa kapangyarihan, at sa pamamagitan ng tinig niyang pang-utos ay paalisin ang mga taong hayok sa dugo, tulad nang siya'y pumasok sa templo at pinaalis ang mga nangangalakal sa bahay ng Diyos; nang sila ay nagsitakbo, na tila isang hukbo ng mga sundalo na humahabol sa kanila. Ang mga alagad

ay umaasa na si Jesus ay magpapahayag ng Kanyang kapangyarihan, at kukumbinsihin ang lahat na siya ang Hari ng Israel.

Si Judas ay puno ng mapait na pagsisisi at kahihiyang dahil sa panlilinlang na kanyang ginawa sa pagkanulo kay Jesus. At nang kanyang masaksihan ang pang-aabuso na kanyang dinanas, siya ay nadaig. Inibig niya si Jesus, subalit inibig niya ng higit ang salapi. Hindi niya naisip na ipapahintulot ni Jesus na siya ay madala ng magulong mga tao na kanyang inakay. Inakala niyang si Jesus ay gagawa ng himala, at ililigtas ang Kanyang sarili mula sa kanila. Subalit nang kanyang makita ang galit na galit na mga tao sa bulwagan ng paglilitis, na nasasabik para sa kanyang dugo, nagkaroon siya ng malalim na pagkadama sa kanyang pagkakamali, at samantalang ang marami ay galit na inaakusahan si Jesus, si Judas ay mabilis na nagtungo sa gitna ng karamihan, inihahayag na siya ay nagkasala sa pagkanulo sa inosenteng dugo. Inialok niya sa kanila ang salapi, at nakiusap sa kanila na pakawalan si Jesus, inihahayag na siya ay walang kasalanan. Dahil sa kayamutan at pagkalito ang mga pari ay sumandaling nanahimik. Hindi nila ibig na malaman ng mga tao na kanilang inupahan ang isa sa nag-aangking tagasunod ni Jesus upang ipagkanulo siya sa kanilang mga kamay. Ibig nilang ikubli ang paghuli nila kay Jesus tulad sa isang magnanakaw at lihim na pagkuha sa Kanya. Subalit ang pagpapahayag ni Judas, ang tuliro at nagkasalang hitsura niya, ay nagbunyag sa mga pari sa maraming mga tao, inihahayag na ang dahilan ng kanilang pagkuha kay Jesus ay galit. Samantalang malakas na inihahayag ni Judas na si Jesus ay walang sala, ang mga pari ay sumagot, ano iyon para sa amin? Tingnan mo nga. Nasa ilalim si Jesus sa kanilang kapangyarihan, at sila ay determinadong masigurado na makuha si Jesus. Dala ng kalungkutan, inihagis ni Judas ang salapi na kanya na ngayong kinamumuhian sa paanan noong mga nagsi-upa sa kanya, at sa matinding kalungkutan at takot dahil sa kanyang krimen, siya ay humayo at nagbigte.

Sa grupong iyon ay maraming karamay si Jesus, at ang kanyang di pagsagot sa maraming tanong sa Kanya ay nagpamangha sa mga naroon. Sa lahat ng mga pag-insulto at pagtatawa walang ni bahagyang pagsimangot o kagulumihanan man ang makikita sa Kanyang kaanyuan. Siya ay marangal ang tindig at tahimik. Marangal at sakdal ang kanyang anyo. Ang mga nagmamasid ay tumingin sa Kanya na may paghanga. Ikinukumpara nila ang kanyang sakdal na anyo, kanyang matatag, at marangal na tindig doon sa mga nangakaupo sa paghatol laban sa kanya, at nagsabi sa isa't isa na higit pa siyang hitsurang hari na mapagkakatiwalaan ng kaharian kaysa sino man sa mga pinuno. Wala siyang anumang marka ng pagiging isang kriminal. Ang Kanyang mga mata ay banayad, malinaw, at hindi matalas, ang kanyang noo ay malapad ay mataas. Ang bawat bahagi ay malakas na naghahayag ng pagiging mapagbigay at may marangal na prinsipyo. Ang kanyang pagpapasensiya at pagtitiis ay di tulad ng tao at marami ang nangingig. Maging si Herod at si Pilato ay lubhang nagulat sa Kanyang tindig na marangal at tulad sa Diyos.

Mula pa sa simula si Pilato ay naniniwala na Siya ay hindi isang ordinaryong tao, subalit isang sakdal na likas. Pinaniniwalaan niya Siya na lubos na walang sala. Napansin ng mga anghel na nagmamasid sa buong pangyayari ang paniniwala ni Pilato, at minarkahan ang kanyang simpatiya at habag kay Jesus; at upang iligtas siya mula sa pakikisangkot sa masamang hakbang ng paghahatid kay Jesus upang maipako sa krus, isang anghel ang

isinugo sa asawa ni Pilato, at binigyan siya ng impormasyon sa pamamagitan ng isang panaginip na Anak ng Diyos ang nililitis ni Pilato, at Siya ay isang nagdurusa na walang sala. Kaagad siyang nagpadala ng mensahe kay Pilato na marami siyang dinanas na kahirapan sa panaginip dahil kay Jesus, at binalaan siya na huwag pakialaman ang banal na taong iyon. Ang tagapaghatid ng mensahe ay mabilis na gumigit sa maraming mga tao, at iyon ay iniabot kay Pilato. Samantalang iyon ay kanyang binabasa siya ay nanginig at namutla. Kaagad niyang inisip na hindi siya makikialam sa bagay na iyon; na kung ang dugo ni Jesus ay mapapasa kanila, hindi siya magbibigay ng impluwensiya niya sa bagay na iyon; sa halip ay gagawa siya upang iligtas Siya.

Nang marinig ni Pilato na si Herod ay nasa Jerusalem siya ay natuwa, at umasa na makakalaya na siya ng lubos sa bagay na iyon, na walang kinalaman sa pagpapatay kay Jesus. Ipinadala niya Siya at ang mga nag-aakusa sa kanyaa, kay Herod. Matigas na si Herod. Ang pagkapatay niya kay Juan ay nag-iwan ng mantsa sa kanyang konsensiya na hindi niya matakasan, at nang marinig niya ang tungkol kay Jesus, at ang mga dakilang mga gawa niya, inakala niya na iyon ay si Juan na bumangon mula sa patay. Siya ay natakot at nanginig, sapagkat siya ay may taglay na nagkasalang konsensiya. Inilagay ni Pilato si Jesus sa kamay ni Herod. Tinanaw ni Herod ang gawang ito ng pagkilala ni Pilato sa kanyang kapangyarihan, kapamahalaan, at paghatol. Sila ay dating magkaaway, subalilt dahil dito sila ay naging magkaibigan. Si Herod ay natuwa na makita si Jesus, sapagkat umaasa siya na siya ay gagawa ng makapangyarihang mga himala na ikasisiya niya. Subalit hindi gawain ni Jesus na tugunan ang kanyang pagkama-usisa. Ang Kanyang banal at mapaghimalang kapangyarihan ay dapat magamit sa pagligtas sa iba ngunit hindi para sa Kanyang sarili.

Si Jesus ay walang isinagot sa maraming mga tanong sa Kanya ni Herod; ni tinugon Niya ang Kanyang mga kaaway na galit na inaakusahan Siya. Si Herod ay nagalit dahil si Jesus ay mukhang hindi natatakot sa kanyang kapangyarihan, at sa pamamagitan ng kanyang mga kawal, kanyang minaliit, at pinagtawanan at inabuso ang Anak ng Diyos. Si Herod ay namangha sa marangal, maka- Diyos na anyo ni Jesus, nang ipahiya sa pamamagitan ng pang-aabuso, at natakot na siya ay ipapatay, kaya't pinapunta Siyang muli kay Pilato.

Si Pilato ay tinutukso ni Satanas at ng kanyang mga anghel, at sinisikap na akayin siya tungo sa sarili niyang kapahamakan. Iminungkahi nila sa kanya na kung hindi niya ipapapatay si Jesus, iyon ay gagawin ng iba; hayok ang mga tao sa kanyang dugo; at kung hindi niya ipapapako si Jesus sa krus, mawawala sa kanya ang kanyang kapangyarihan at makamundong karangalan, at hahamakin bilang isang mananampalataya sa impostor, gaya ng itinatawag nila sa kanya. Dahil sa takot na baka mawala ang kanyang kapangyarihan at kapamahalaan, si Pilato ay sumang-ayon sa pagpatay kay Jesus. Ganon pa man, ipinataw niya ang dugo ni Jesus sa mga nag-aakusa sa kanya, at iyon ay tinanggap ng mga tao na sumisigaw, ang Kanyang dugo ay mapasa amin at sa aming mga anak, gayon man si Pilato ay kasangkot pa rin; siya ay nagkasala sa dugo ni Cristo. Dahil sa makasarili niyang interes, at pag-ibig sa karangalan mula sa mga dakilang mga tao ng daigdig, kanyang ipinapatay ang isang inosenteng tao. Kung sinunod ni Pilato ang kanyang paniniwala, hindi sana niya ipinapatay si Jesus.

Ang paglilitis at pagpapatay kay Jesus ay gumagawa sa isip ng marami; at lumilikha ng mga impresyon na mahahayag matapos na siya ay mabuhay muli; at marami ang maidadagdag sa iglesya na ang karanasan at paniniwala ay nagsimula sa panahon ng paglilitis kay Jesus.

Ang galit ni Satanas ay malaki nang makita niya na ang lahat ng kalupitan na ipinagawa niya sa mga punong pari kay Jesus ay hindi man lamang naging dahilan kahit ng pinakamaliit na pagsuway mula sa kanya. Nakita ko na bagaman kinuha ni Jesus ang anyo ng tao, isang kapangyarihan at katatagan na tulad ng sa Diyos ang nagpanatili sa kanya, at hindi Siya lumihis mula sa kalooban ng Ama kahit kaunti.

Tingnan ang Mateo 26:57-75, 27:1-31; Marcos 14:53-72, 15:1-20; Lucas 22:47-71, 23:1-25; Juan 18, 19:1-16.

KABANATA 9

Ang Pagpako kay Cristo sa Krus

Ang Anak ng Diyos ay ibinigay sa mga tao upang ipako sa krus. Inakay nila ang mahal na Tagapagligtas palayo. Siya ay mahina at nanlalata dahil sa sakit at paghihirap, bunga ng pamamalo at mga suntok na kanyang natanggap, gayon pa man ay inilagay nila sa kanya ang mabigat na krus na sa di natatagalan ay kanilang pagpapakuan sa kaniya. Subalit si Jesus ay nabuwal dahil sa bigat. Tatlong beses inilagay nila sa kanya ang mabigat na krus, at tatlong beses siyang nabuwal. At kanilang kinuha ang isa sa kanyang mga tagasunod, isang lalaki na hindi hayagang nagpahayag ng pananampalataya kay Jesus, gayon pa man ay naniniwala sa kanya. Inilagay nila sa kanya ang krus, at kanyang binuhat iyon hanggang sa lugar ng pagpapakuan. Bala-balangay ng mga anghel ay natipon sa hangin sa tapat ng lugar na iyon. Ilan sa Kanyang mga alagad ay sumunod sa Kanya sa Kalbaryo na nalulumbay, at may mapait na pag-iyak. Inalala nila na nakasakay si Jesus sa asno papasok sa Jerusalem na matagumpay, at sila'y sumunod sa Kanya, sumisigaw ng, Hosanna sa kaitaan! At inilalatag ang kanilang mga kasuotan sa daan, at ang magagandang mga dahon ng palma. Kanilang inakala na kanya nang kukuhanin ang kaharian at maghahari bilang isang makalupang prinsipal sa Israel. Ang laking pagbabago ng tanawin! Anong laking kasiraan ang kanilang inaasahan! Sinundan nila si Jesus; walang pagsasaya; walang nagagalak na mga puso at masayang mga inaasahan; kundi mga puso na batbat ng takot at kawalan ng pag-asa marahan sila, at malungkot na sumunod sa Kanya na nilapastangan at ipinahiya, at malapit nang mamatay.

Ang ina ni Jesus ay naroon. Ang kanyang puso ay tinusok ng kalungkutan, na

walang ibang makadarama kundi ang ina lamang na tunay na nagmamahal. Ang kanyang nasaktang puso ay umaasa pa rin, kasama ng kanyang mga alagad, na ang kanyang Anak ay gagawa ng makapangyarihang himala, at ililigtas ang Kanyang sarili mula sa mga magsisipatay sa Kanya. Hindi niya matiis ang kaisipan na papayag Siyang maipako ang Kanyang sarili sa krus. Subalit ang mga paghahanda ay naisagawa, at inilagay nila si Jesus sa krus. Ang martilyo at mga pako ay inihatid. Ang puso ng mga alagad ay nanlupaypay sa loob nila. Ang ina ni Jesus ay labis na naghihirap, na higit pa sa makakayanan, at samantalang kanilang inihihiga si Jesus sa krus, at nang malapit nang ipako ang Kanyang mga kamay sa mga bisig na kahoy, binuhat ng mga alagad ang ina ni Jesus mula sa tanawin, upang hindi niya marinig ang paagdurog ng mga pako, samantalang ang mga iyon ay pinatatagos sa buto at kalamnan ng malalambot na mga kamay at paa. Si Jesus ay hindi nagreklamo; subalit siya ay humaguhol sa matinding sakit. Ang Kanyang mukha ay maputla, at malalaking patak ng pawis ang nasa Kanyang mga kilay. Si Satanas ay tuwang-tuwa sa paghihirap na dinaranas ng Anak ng Diyos, ganon pa man ay nangangamba na ang kanyang kaharian ay wala na, at siya ay kinakailangang mamatay.

Itinaas nila ang krus matapos na Siya ay kanilang maipako doon, na may malakas na puwersa itinusok nila iyon sa lupa sa lugar na inihanda para doon, pinupunit ang laman, at lumikha ng pinaka matinding paghihirap. Ginawa nilang kahiya-hiya ang kanyang kamatayan hanggang sa pinakasukdulan. Kasama Niya ay nagpako sila ng dalawang magnanakaw, sa magkabilang panig ni Jesus. Ang mga magnanakaw ay sapilitang kinuha, at matapos ang matindi nilang pakikipagpunyagi, ang kanilang mga bisig ay iniurong at ang kanilang kamay ay ipinako sa kani-kanilang krus. Subalit si Jesus ay maamong sumuko. Hindi niya kailangan ang sinuman upang iurong ang Kanyang kamay sa krus. Samantalang minumura ng mga magnanakaw ang mga nagpaparusa sa kanila, si Jesus sa matinding paghihirap ay dumalangin para sa kanyang mga kaaway, Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. Hindi lang matinding paghihirap ng katawan ang tiniis ni Jesus, kundi ang kasalanan ng buong mundo na dala-dala Niya.

Samantalang si Jesus ay nakabayubay doon sa krus, Siya ay inaalipusta ng ibang dumaraan, iniiling ang kanilang ulo, na waring yumuyukod sa isang hari, at sinasabi sa Kanya, ikaw na nakakapagwasak ng templo at nakakapagtayo noon sa loob ng tatlong araw, iligtas mo ang iyong sarili. Kung ikaw ang Anak ng Diyos, bumaba ka mula sa krus. Ginamit ng demonyo ang mga pananalita ring iyon sa ilang, Kung ikaw ang Anak ng Diyos. Ang mga punong pari at matatanda at mga escriba ay paalipusta na nagsabi, Iniligtas niya ang iba, ang kanyang sarili hindi niya mailigtas. Kung Siya ang hari ng Israel, hayaan ngayong bumaba Siya mula sa krus at kami ay maniniwala sa Kanya. Ang mga anghel na pumapailanlang sa tapat ng lugar na pinagpakuan kay Cristo ay nakilos sa galit samantalang siya ay inaalipusta ng mga pinuno, at nagsabing, Kung siya ang Anak ng Diyos hayaang iligtas Niya ang Kanyang sarili. Ibig nilang lumapit upang tumulong kay Jesus, at iligtas Siya; subalit hindi sila pinahintulutang gawin iyon. Halos ganap na ang obheto ng Kanyang misyon. Samantalang si Jesus ay nakabayubay doon sa krus noong mga kakila-kilabot na mga oras na iyon ng paghihirap, hindi Niya nakalimutan ang Kanyang ina. Hindi siya makapanatiling malayo mula sa lugar ng paghihirap. Ang huling aral ni Jesus ay isang

tungkol sa kahabagan at pagkatao. Tumingin siya sa kanyang ina, na ang puso ay nag-uumapaw sa kalungkutan, at pagkatapos ay sa kanyang minamahal na alagad na si Juan. Sinabi niya sa kanyang ina, Babae, narito ang iyong anak. Pagkatapos ay sinabi kay Juan, Narito ang iyong ina. At mula sa oras na iyon ay isinama siya ni Juan sa sarili niyang bahay.

Si Jesus ay nauhaw sa Kanyang paghihirap; subalit kanilang ipinataw sa kanyan ang karagdagan pang insulto, sa pagbibigay sa Kanya ng suka at apdo upang inumin. Nakita ng mga anghel ang kakila-kilabot na tanawin ng pagkapako sa krus ng kanilang minamahal na pinuno, hanggang sa hindi na nila matiis ang tumingin; at kanilang tinakpan ang kanilang mukha mula sa tanawin. Ang araw ay tumangging tumingin sa kilabot na tanawin. Si Jesus ay sumigaw ng may malakas na tinig, na naghampas ng lagim sa puso ng mga nagsipatay sa Kanya, *Natapos na*. At ang kurtina ng templo ay napunit mula sa itaas hanggang sa ibaba, ang lupa ay nayanig, at ang malalaking mga bato ay nabitak. Lumaganap ang kadiliman sa mukha ng daigdig. Ang huling pag-asa ng mga alagad ay napawi nang si Jesus ay namatay. Marami sa kanyang mga tagasunod ang nakasaksi sa tanawing iyon ng Kanyang paghihirap at kamatayan, at ang kanilang kalungkutan ay nag-uumapaw.

Si Satanas ay hindi nagalak tulad ng ginagawa niya dati. Siya ay umasa na kanyang masisira ang panukala ng pagligtas, subalit iyon ay nailagay ng napakalalim. At ngayon sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus, alam niya na di maglalaon at siya ay mamatay, at ang kanyang kaharian ay kinakailangang kuhanin at ibigay kay Jesus. Nagsaganap siya ng isang pagpupulong kasama ang kanyang mga anghel. Hindi siya nakapanaig laban sa Anak ng Diyos, at ngayon kinakailangang dagdagan nila ang kanilang mga pagsisikap, at taglay ang kanilang katusuhan at kapangyarihang harapin ang mga tagasunod ni Jesus. Kinakailangan nilang hadlangan ang lahat sa pagtanggap sa kaligtasang binayaran ni Jesus para sa kanila. Sa pamamagitan ng pagsasagawa noon si Satanas ay makagagawa pa rin laban sa pamahalaan ng Diyos. Makakatulong din sa sarili niyang kagustuhan ang mailayo mula kay Jesus ang lahat ng kanyang mailalayo. Sapagkat ang mga makasalanang tinubos ng dugo ni Cristo, at nagtagumpay, sa huli ay ibabalik sa nagpasimula ng kasalanan, sa Demonyo, at kinakailangang niyang pasanin ang lahat nilang mga kasalanan, samantalang yaong hindi tumanggap ng kaligtasan sa pamamagitan ni Jesus ay papasan sa sarili nilang mga kasalanan.

Ang buhay ni Jesus ay walang makamundong karilagan, o pagpapakita ng luho. Ang Kanyang buhay na aba at mapagtanggi sa sarili ay malaki ang kakaibahan sa buhay ng mga pari at ng mga matanda, na umiibig sa kaginhawahan at parangal ng mundo, at ang mahigpit at banal na buhay ni Jesus ay isang pagpapatuloy na sumbat sa kanila, dahil sa kanilang mga kasalanan. Tinanggihan nila siya dahil sa kanyang kaabahan, at kadalisayan. Subalit yaong nagsitanggi sa Kanya dito, isang araw ay makikita Siya sa Kanyang karilagaan ng langit, at sa di malalampasang kaluwalhatian ng Kanyang Ama. Siya ay napalilibutan ng mga kaaway sa bulwagan ng paghuhukom, na uhaw para sa Kanyang dugo; subalit yaong matitigas na nagsisigaw, ang Kanyang dugo ay mapasa amin, at sa aming mga anak, ay makikita Siya na isang pinarangalang Hari. Ang buong hukbo ng langit ay sasama

sa Kanya sa Kanyang daan na may mga awit ng pagtatagumpay, kamaharlikaan at kapangyarihan, para sa kanya na pinatay, gayon pa man ay nabuhay muli na isang makapangyarihang mananagumpay. Mahirap, mahina, at kahabag-habag na tao ay dumura sa mukha ng Hari ng kaluwalhatian, habang isang sigaw ng tagumpay ng kalupitan ang bumangon mula sa ng nagkakagulong mga tao sa nakakapagpababang pang-iinsulto. Sinira nila ang mukhang iyon na pumuno sa buong langit ng paghanga sa pamamagitan ng mga suntok at kalupitan. Makikita nilang muli ang mukhang iyon, maliwanag tulad ng araw sa katanghaliang tapat, at sisikaping makatakas mula doon. Kapalit ng sigaw na iyon ng pagtatagumpay ng kalupitan, sa malaking takot sila ay magsisihagulhol dahil sa kanya. Ipakikita ni Jesus ang kanyang mga kamay taglay ang mga marka ng pagkapako sa krus. Ang mga markang ito ng kalupitan ay kanyang tataglayin hanggang sa walang hanggan. Ang bawat bakas ng mga pako ay magsasaysay ng kasaysayan ng kahanga-hangang pagtubos sa tao, at ang malaking halaga na itinubos doon. Yaon mismong mga tao na nagtusok ng sibat sa tagiliran ng Panginoon ng buhay, ay makikita ang bakas ng sibat na iyon, at iiyak ng may malalim na kalungkutan dahil sa bahagi na kanilang ginampanan sa pagsira sa kanyang katawan. Kapopootan ng mga pumatay kay Jesus ang karatula na, ang Hari ng mga Hudyo, na inilagay sa krus sa itaas ng kanyang ulo. Subalit pagsapit ng panahon sila ay sapilitang makikita Siya sa Kanyang kaluwalhatian at makaharing kapangyarihan. Makikita nila sa Kanyang kasuotan at Kanyang baywang, na nakasulat sa pamamagitan ng buhay na mga titik, Hari ng mga Hari, at Panginoon ng mga Panginoon. Sila ay pakutyang sumigaw sa kanya samantalang Siya ay nakabayubay sa krus, Hayaang ang Cristo na Hari ng Israel ay bumaba mula sa krus, upang aming makita at paniwalaan. Sa pagkakataong yaon ay makikita nila Siya na may makaharing kapangyarihan at kapamahalaan. At hindi na sila hihingi pa ng ebidensiya ng kanyang pagiging Hari ng Israel; sa halip ay madadaig ng pagkadama ng Kanyang karilagan at labis na kaluwalhatian, sila ay mapipilitang kumilala, Mapalad siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon.

Ang pagyanig ng lupa, ang pagkabitak ng malalaking mga bato, ang kadilimang kumalat sa lupain, at ang malakas, makapangyarihang sigaw ni Jesus, *Natapos na*, samantalang isinusuko niya ang kanyang buhay, ay sumindak sa kanyang mga kaaway, at nagpanginig sa mga pumatay sa kanya. Ang mga alagad ay nagtaka sa mga pambihirang mga pagpapahayag na ito, subalit ang kanilang mga pag-asa ay nangaguho. Sila'y natatakot na sisikapin ng mga Hudyo na sila ay patayin rin. Ang ganong galit na ipinahayag laban sa Anak ng Diyos ay inisip nila na hindi matatapos doon. Ang malulungkot na mga oras ay ginamit ng mga alagad sa malungkot na pag-iyak dahil sa kanilang kabiguan. Sila'y umasa na siya ay maghahari bilang isang makalupang prinsipal; subalit ang kanilang mga pag-asa ay namatay na kasama ni Jesus. Sila ay nagduda sa kanilang kalungkutan at pagkabigo kung hindi sila niloko ni Jesus. Ang kanyang ina ay mapagpakumbaba, at maging ang kanyang pananampalataya ay sa kanyang pagiging Mesias ay nanlupaypay.

Subalit sa kabila ng pagkabigo ng mga alagad sa kanilang mga pag-asa tungkol kay Jesus, ganon pa man ay iniibig nila siya, at inirespeto at pinarangalan ang kanyang bangkay, subalit hindi nila alam kung paano iyon makukuha. Si Jose na taga Arimatheo, isang marangal na tagapayo, mayroong impluwensiya, ay isa sa mga tunay na alagad ni

Jesus. Lihim, subalit may tapang, na nagtungo siya kay Pilato at hiniling ang kanyang bangkay. Hindi siya pumunta ng hayagan sapagkat malaki ang galit ng mga Hudyo kaya't maaaring sikapin nilang hadlangan ang bangkay ni Jesus na magkaroon ng marangal na pagpapahingalayan. Subalit ipinagkaloob ni Pilato ang kanyang kahilingan, at samantalang kanilang kinukuha ang bangkay ni Jesus pababa mula sa krus ang kanilang kalungkutan ay nabago muli, at kanilang pinagluksaan ang napawi nilang mga pag-asa na may malalim na kalungkutan. Binalot nila si Jesus sa pinong lino, at inilagay Siya ni Jose sa sarili niyang puntod. Ang mga babae na naging mga abang tagasunod Niya noong Siya'y nabubuhay pa ay nanatili pa ring malapit sa Kanya matapos na Siya'y mamatay, at hindi Siya iniwan hanggang hindi nakikitang nailagay ang Kanyang bangkay sa puntod, at ang mabigat na malaking bato ay naigulong sa pinto, baka kuhanin ng mga kaaway ang Kanyang bangkay. Subalit hindi nila kinakailangang katakutan iyon; sapagkat nakita ko hukbo ng mga anghel na nagbabantay ng mataman sa himlayan ni Jesus. Kanilang binantayan ang puntod, matamang naghihintay sa pag-utos na gampanan ang kanilang bahagi sa pagpapalaya sa Hari ng kaluwalhatian mula sa kanyang kulungan.

Ang mga pumatay kay Jesus ay nangangamba na baka Siya mabuhay at makatakas sa kanila. Nakiusap sila kay Pilato na magbabantay sa puntod, tinatakan ang bato sa pinto, baka nakawin Siya ng Kanyang mga alagad, at sabihin na Siya ay nabuhay mula sa patay.

Tingnan ang Mateo 21:1-11, 27:32-66; Marcos 15:21-47; Lucas 23:26-56; Juan 19:17-42; Apocalipsis 19:11- 16.

KABANATA 10

Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Kristo

Ang mga alagad ay nagpahinga sa araw ng pamamahinga, nagluluksa dahil sa pagkamatay ng kanilang Panginoon, samantalang si Jesus, ang hari ng mga kaluwalhatian, ay nagpapahinga sa puntod. Ang gabi ay dahan-dahang lumipas, at samantalang madilim pa, alam ng mga anghel na lumilipad sa tapat ng puntod na ang oras ng pagpapalaya sa mahal na Anak ng Diyos, na kanilang minamahal na pinuno, ay halos sumapit na. At samantalang kanilang hinihintay na may pinakamalalim na pananabik ang oras ng kanyang pagtatagumpay, isang malakas na anghel ang dumating na lumilipad mula sa langit. Katulad siya sa isang kidlat, at ang kanyang mga kasuotan ay maputi na tulad sa niebe. Pinawi ng kanyang liwanag ang kadiliman mula sa kanyang dinaanan, dahilan upang magsitakas ang masasamang mga anghel na tagumpay na nag-aangkin sa bangkay ni Jesus dahil sa takot sa kanyang liwanag at kaluwalhatian. Isa mula sa hukbo ng mga anghel na sumaksi sa tagpo ng pag-alipusta kay Jesus, at nagbabantay sa kanyang pinaghimlayan, ay sumama sa anghel na nagmula sa langit, at magkasama silang bumaba sa puntod. Ang lupa ay nauga at yumanig samantalang silay dumarating, at nagkaroon ng malakas na lindol. Hinawakan ng

malakas at makapangyarihang anghel ang bato at mabilis na iginulong iyon mula sa pinto ng puntod at naupo doon.

Malaking takot ang nanaig sa bantay. Nasaan na ngayon ang kanilang kapangyarihan upang maingatan ang bangkay ni Jesus? Hindi nila naisip ang kanilang tungkulin, na siya ay ninanakaw ng kanyang mga alagad. Sila ay namangha at natakot, samantalang ang labis na maningning na liwanag ng mga anghel ay nagliwanag sa buong paligid na mas maliwanag kaysa araw. Nakita ng bantay na mga Romano ang mga anghel, at nabuwal sa lupa na parang mga patay. Isang anghel ang nagpagulong sa bato sa pagtatagumpay, at may malakas at malinaw na tinig, ay sumigaw, Ikaw Anak ng Diyos! Tinatawag ka ng iyong Ama! Lumabas Ka! Ang kamatayan ay hindi na magkakaroon pa ng kapamahalaan sa kanya. Si Jesus ay bumangon mula sa patay. Yaong isang anghel ay pumasok sa puntod, at samantalang si Jesus ay bumabangon sa pagtatagumpay, kinalas niya ang nakabalot sa kanyang ulo, at si Jesus ay lumakad na isang matagumpay namanlulupig. Sa solemneng pagkamangha minasdan ng hukbo ng mga anghel ang tanawin. At samantalang si Jesus ay lumalakad palabas mula sa puntod sa karilagan, yaong mga nagniningning na mga anghel na iyon ay nagpatirapa sa lupa at sumamba sa kanya; at pinapurihan siya ng mga awit ng tagumpay at pagwawagi, na hindi na mapipigilan pa ng kamatayan ang kanyang banal na bihag. Si Satanas ay hindi na ngayon makapagwagi. Ang kanyang mga anghel ay nagsitakas mula sa nagniningning at nananagos na liwanag ng makalangit na mga anghel. Mapait na inireklamo nila sa kanilang hari, na ang kanilang bihag ay inagaw mula sa kanila, at yaong pinakamumuhian nila ay bumangon mula sa patay.

Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagsaya ng ilang sandali ng pagtatagumpay na ang kanilang kapangyarihan sa mga nahulog na mga tao ay naging dahilan upang ang Panginoon ng buhay, ay malagay sa libingan; subalit madali lamang ang kanilang mala-impierong pagwawagi. Dahil sa paglakad ni Jesus papalabas mula sa kanyang bahay bilangguan na isang makaharing manlulupig, alam ni Satanas na paglipas ng panahon siya ay kinakailangang mamatay, at ang kanyang kaharian ay isasalin sa talagang may-ari noon. Pinagsisihan niya at ikinagalit na sa kabila ng kanyang mga pagsisikap at kapangyarihan, si Jesus ay hindi nadaig, sa halip ay nagbukas ng daan para sa pagliligtas sa tao, at sinumang magnanais, ay maaaring makapasok doon at maligtas.

Pansumandaling si Satanas ay waring nalungkot at nagpahayag ng pagkabalisa. Siya ay nakipagsangguni sa kanyang mga anghel upang bigyang pansin ang kanilang susunod na gagawin laban sa pamahalaan ng Diyos. Wika ni Satanas, Kinakailangang magmadali kayo sa mga punong pari at sa mga matatanda. Nagtagumpay tayo sa paglinlang sa kanila at pagbulag sa kanilang mga mata, at pagpapatigas sa kanilang mga puso laban kay Jesus. Napapaniwala natin sila na siya ay isang impostor. Ikakalat ng mga Romanong bantay na iyon ang nakakagalit na balita na si Jesus ay nabuhay. Naakay natin ang mga pari at ang mga matatanda upang kamuhian si Jesus at upang patayin Siya. Ngayon ay ihayag sa kanila sa liwanag, na sapagkat sila ng mga pumatay sa Kanya, kapag nalaman na si Jesus ay nabuhay, sila ay babatuhin ng mga tao upang mamatay, sapagkat silay pumatay ng isang inosenteng tao.

Nakita ko ang bantay na Romano, samantalang ang hukbo ng langit ay dumaraan

pabalik sa langit, at ang liwanag at kaluwalhatian ay napawi, bumangon sila upang tingnan kung ligtas na para sa kanila ang magmasid sa palibot. Nasindak sila nang kanilang makita na ang malaking bato ay naalis mula sa pinto ng puntod, at si Jesus ay nabuhay. Nagmadali silang nagtungo sa mga punong pari at mga matatanda dala ang kahanga-hangang balita tungkol sa kanilang nakita; at nang marinig ng mga mamamatay-tao ang kahanga-hangang balita, ang bawat isa'y nangamutla. Malaking takot ang napasa kanila dahil sa kanilang ginawa. Kanilang nabatid na kung ang ulat ay totoo, sila'y mabibihag. Kaagad silang natigilan, at nagtinginan sa isat-isa sa katahimikan, hindi alam kung anong gagawin o sasabihin. Nalagay sila sa hindi kapani-paniwala liban na lamang kung ito ay para sa sarili nilang kapahamakan. Nagpunta sila sa isang tabi upang pag-usapan kung ano ang dapat gawin. Kanilang ipinasya na kung maipapalaganap na si Jesus ay nabuhay, at ang ulat na ganong kagila-gilalas na kaluwalhatian, na naging dahilan ng pagkabuwal ng mga bantay na animo'y mga patay, ay makarating sa mga tao, tiyak na sila ay lubhang magagalit, at sila ay papatayin. Kanilang ipinagpasya na upahan ang mga sundalo upang gawing lihim ang bagay na iyon. Inalok nila sila ng malaking halaga ng pera, na sinasabi, sabihin ninyo, Ang Kanyang mga alagad ay dumating ng gabi, at ninakaw Siya samantalang sila'y natutulog sa kanilang pagbabantay. At nang magtanong kung ano ang gagawin sa kanila dahil sa pagtulog sa kanilang pagbabantay, sinabi ng mga pari at ng mga matatanda na kanilang hihikayatin ang gobernador na iligtas sila. Alang-alang sa pera ay ipinagbili ng mga bantay na Romano ang kanilang karangalan, at sumang-ayon na sundin ang payo ng mga pari at ng mga matanda.

Nang si Jesus samantalang siya ay nakabayubay doon sa krus ay sumigaw, *Natapos na*, ang mga malalaking bato ay natapyas, ang lupa ay nayanig, at ang ilang mga libingan ay nabuksan; sapagkat noong si Jesus ay bumangon mula sa patay, at nilupig ang kamatayan at ang libingan; noong siya ay lumakad palabas mula sa Kanyang bahay kulungan na isang matagumpay namanlulupig; samantalang ang lupa ay nayayanig at nililiglig, at ang sakdal na kaluwalhatian ng langit ay natipon sa palibot ng banal na dako, masunurin sa Kanyang pagtawag, marami sa mga matuwid na patay ay bumangon bilang tagapagpatotoo na siya ay nabuhay. Yaong mga kinalugdan, nabuhay na mga banal ay bumangong maluwalhati. Sila'y kaunti lamang sa mga napili at mga banal mula sa mga nabuhay mula sa bawat kapanahunan mula sa paglalang, hanggang sa mga araw ni Cristo. At samantalang ang mga punong pari at mga Pariseo ay nagsisikap pagtakpan ang pagkabuhay ni Cristo, pinili ng Diyos na magbangon ng isang balangay mula sa kanilang libingan upang magpatotoo na si Jesus ay nabuhay, at upang ipahayag ang kanyang kaluwalhatian.

Yaong mga binuhay na nagmula sa iba't ibang tindig at anyo. Ipinahayag sa akin na ang mga naninirahan sa lupa ay bumaba ng bumaba, nawawala ang kanilang lakas at kahinahunan. Si Satanas ay mayroong kapangyarihan ng pagpapasakit at ng kamatayan, at sa bawat kapanahunan ang sumpa ay lalo pang nagiging hayag, at ang kapangyarihan ni Satanas ay lalong nahahayag. Ang ilan sa mga binuhay ay higit pa ang kaanyuan kaysa iba. Sinabihan ako na yaong mga namuhay noong mga panahon ni Noe at ni Abraham ay mas katulad ng mga anghel sa anyo, gilas at lakas. Subalit ang bawat henerasyon ay naging

pahina nang pahina, at higit na nagkakaroon ng karamdaman, at ang kanilang buhay ay naging mas maiksi. Si Satanas ay nag-aaral kung paano pahihirapan ang tao, at pahihinain ang lahi.

Yaong mga banal na nabuhay pagkatapos ng pagkabuhay muli ni Jesus ay nagpakita sa marami, sinabi sa kanila na ang sakripisyo para sa tao ay naganap na, na si Jesus, na ipinako ng mga Hudyo, ay nabuhay mula sa patay, at idinadagdag na sila ay nabuhay na kasama niya. Sila ay nagpatotoo na sa pamagitan ng dakila Niyang kapangyarihan sila ay natawagan mula sa kanilang libingan, Sa kabila ng mga kasinungalingan na ipinakalat, ang bagay na iyon ay hindi maikukubli ni Satanas, sa kanyang mga anghel, ni sa mga punong pari; sapagkat ang banal na grupong iyon na bumangon mula sa kanilang libingan, ay nagkalat ng kahanga-hanga at masayang balita; si Jesus din ay nagpakita sa mga nalulungkot, bigong puso ng mga alagad, pinawi ang kanilang mga takot, at silay binigyan ng galak at kasiyahan.

Samantalang ang balita ay kumakalat sa mga ciudad at mga bayan, ang mga Hudyo ay nangamba para sa kanilang buhay, at ikinubli ang kanilang galit sa mga alagad. Ang tangi nilang pag-asa ay ang pagpapalaganap ng di-totoong ulat. At yaong mga nagnanais na ang kasinungalingang iyon ay totoo ay maniwala roon. Si Pilato ay nanginig. Pinaniwalaan niya ang dakilang patotoo na inilahad, na si Jesus ay bumangon mula sa patay, na marami pang iba Siyang binuhay kasama Niya, at siya ay nilisan ng kanyang kapayapaan ng tuluyan. Dahilan sa makamundong karangalan; dahilan sa takot na baka mawala sa kanya ang kapangyarihan, at ang kanyang buhay, kanyang ipinapatay si Jesus. Siya ngayon ay kumbinsido nang lubos na iyon ay hindi lamang pangkaraniwan na inosenteng tao ang kanyang pinagkasalahan kundi ang dugo ng Anak ng Diyos. Ang buhay ni Pilato ay naging malungkot hanggang sa iyon ay magwakas. Matinding lungkot at kawalan ng pag-asa ang dumurog sa bawat may masayang pakiramdam ng pag-asa.

Ang puso ni Herod ay nagpatuloy sa pagiging matigas, at nang kanyang marinig na si Jesus ay nabuhay, siya ay hindi lubhang naligalig. Kinitil niya ang buhay ni Santiago; at nang makita niya na ito ay nakapagpalugod sa mga Hudyo, kinuha din niya si Pedro sa layuning siya ay ipapatay. Subalit ang Diyos ay may gawaing dapat niyang ganapin, at sinugo ang Kaniyang anghel at siya ay iniligtas. Si Herod ay dinalaw ng paghatol. Siya ay pinatay ng Diyos sa harap ng maraming mga tao samantalang pinupuri niya ang kanyang sarili sa harap nila, at siya ay namatay sa kilabot na kamatayan.

Noong madaling araw, bago pa man magliwanag, ang banal na mga babae ay dumating sa puntod, may dalang mga pabango upang pahiran si Jesus, nang sa gulat nila! Nasumpungan nilang naigulong ang mabigat na bato mula sa pinto ng puntod at ang bangkay ni Jesus ay wala doon. Ang kanilang mga puso ay nanlumo at kanilang ipinangamba na ang bangkay ay kinuha ng kanilang mga kaaway. At, naroon, dalawang anghel na nakasuot ng kulay puti ang tumayo sa tabi nila; ang kanilang mukha ay maliwanag. Kanilang naunawaan ang pakay ng banal na mga babae, at kaagad sinabi sa kanila na ang kanilang hinahanap na si Jesus, siya ay wala na doon, siya ay nabuhay, at maaari nilang makita ang lugar na kanyang hinigaan. Ipinag-utos nila sa kanyang mga alagad na siya ay mauuna sa kanila sa pagpunta sa Galilea. Subalit ang mga babae ay

nangatakot at namangha. Nagmadali silang tumakbo sa mga alagad na naglulukxa, at hindi mapatahimik sapagkat ang kanilang Panginoon na ipinako sa krus; nagmamadali nilang sinabi sa kanila ang mga bagay na kanilang nakita at narinig. Ang mga alagad ay hindi makapaniwala na siya ay nabuhay, subalit kasama ang mga babae na naghatid ng ulat, ay nagmadali silang tumakbo tungo sa puntod, at nasumpungan na tunay nga na wala doon si Jesus. Naroon ang mga damit niyang lino, subalit hindi nila mapaniwalaan ang ulat na Siya ay nabuhay mula sa patay. Sila ay umuwi na namamangha sa mga bagay na kanilang nakita, ganon din sa ulat na inihatid sa kanila ng mga babae. Subalilt pinili ni Maria ang manatili sa tabi ng puntod, iniisip ang kanyang nakita, at nabagabag sa kaisipang na maaaring siya ay nalinlang. Nadama niya na mga bagong pagsubok ang naghihintay sa kanya. Muling nanariwa ang kanyang panlulupaypay, at siya ay tuluyang nanangis. Siya ay tumungo upang tumingin muli sa puntod, at nakakita ng dalawang nakadamit ng kulay puti. Ang kanilang hitsura ay maliwanag at nagniningning. Ang isa ay nakaupo sa ulunan, at ang isa ay sa paanan ng hinigaan ni Jesus. Nagsalita sila ng malumanay sa kanya, at tinanong siya kung bakit siya umiiyak. Siya ay sumagot, Kanilang kinuha ang aking Panginoon, at hindi ko alam kung saan nila Siya inilagay.

At nang siya ay lumingon mula sa puntod, nakita niya si Jesus na nakatayo sa tabi niya; subalit hindi niya nakilala. Si Jesus ay malumanay na nagsalita kay Maria, at tinanong ang dahilan ng kanyang kalungkutan, at tinanong kung sino ang kanyang hinahanap. Sa akala niya ay hardinero iyon, at nagtanong sa kanya, kung kanyang kinuha ang kanyang Panginoon, na sabihin sa kanya kung saan niya inilagay, at kanya siyang kukunin. Si Jesus ay nakipag-usap sa kanya taglay ang makalangit Niyang tinig, at sinabi, Maria. Kilala niya ang magiliw na tinig na iyon, at mabilis na sumagot, Panginoon! na may galak at kasiyahan at akmang yayakapin niya; subalit si Jesus ay umurong at sinabi, Huwag mo Akong hawakan, sapagkat hindi pa Ako nakakapanhik sa Aking Ama; subalit puntahan mo ang aking mga kapatiran at sabihin mo sa kanila, Ako ay papanhik sa Aking Ama, at inyong Ama, at sa Aking Diyos at inyong Diyos. Magalak siyang nagmadali na pumunta sa mga alagad dala ang mabuting balita. Si Jesus ay mabilis na pumanhik sa kanyang Ama upang marinig mula sa kanyang tinig na kanyang tinanggap ang sakripisyo, at nagawa niyang mabuti ang lahat, at upang tanggapin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa, mula sa Kanyang Ama.

Ang mga anghel ay pumalibot sa Anak ng Diyos na parang isang ulap, at ipinagutos na ang mga walang hanggang pintuan ay itaas, upang ang hari ng kaluwalhatian ay makapasok. Nakita ko na samantalang si Jesus ay kasama ng maliwanag na hukbong iyon ng langit, at nasa harap ng kanyang Ama, at ang kaluwalhatian ng Diyos ay nakapalibot sa kanya, hindi niya kinalimutan ang mga kawawa niyang mga alagad na nasa lupa; subalit tumanggap ng kapangyarihan mula sa Ama, upang siya ay makabalik sa kanila, at samantalang kasama nila ay makapagbahagi ng kapangyarihan sa kanila. Noong araw ding iyon ay bumalik Siya, at nagpakita sa Kanyang mga alagad. Pinayagan Niya silang hawakan Siya, sapagkat nakapanhik na Siya sa Ama, at nakatanggap ng kapangyarihan.

Subalit sa pagkakataong ito si Tomas ay wala. Hindi niya matanggap ng may pagpapakumbaba ang ulat ng mga alagad; sa halip ay matatag at may pagtitiwala sa sarili na

pinagtibay na hindi siya maniniwala, malibang mahipo ng kanyang mga daliri ang mga marka ng pako sa kanyang kamay at mailagay ang kanyang kamay sa kanyang tagiliran na binutas ng malupit na sibat. Dito ay nagpakita siya ng kakulangan ng pagtitiwala sa kanyang mga kapatid. At kung ang lahat ay maghahanap ng ganon ding ebidensiya, kaunti lang ang tatanggap kay Jesus, at maniniwala sa kanyang pagkabuhay. Subalit panukala ng Diyos na ang ulat ng mga alagad ay maparating mula sa isa tungo sa iba, at marami ang tatanggap noon mula sa mga labi noong mga nakakita at nakarinig. Ang Diyos ay hindi nalulugod sa ganoong di paniniwala. At nang makatagpo muli ni Jesus ang mga alagad, si Tomas ay kasama nila. Noong sandali na kanyang makita si Jesus siya ay naniwala. Subalit siya ay nagpahayag na hindi siya masisiyahan malibang ang katibayan ng pandama ay maidagdag sa paningin, at ipinagkaloob ni Jesus sa kanya ang ibidensiya na kanyang ninais. Si Tomas ay sumigaw, Panginoon ko at Diyos ko. Subalit sinumbatan ni Jesus si Tomas dahil sa hindi niya paniniwala. Wika niya sa kanya, Tomas, naniwala ka dahil nakita mo ako; mapalad yung hindi nakakita gayon pa man ay naniwala.

Kaya nakita ko, na yaong mga walang karanasan sa pabalita ng una at ikalawang anghel ay kinakailangang matanggap iyon mula sa mayroong karanasan, at sundin ang mga pabalita. Kung paanong si Jesus ay ipinako sa krus, gayon din naman nakita ko na ang mga pabalita ay naipako sa krus. At kung paanong ipinahayag ng mga alagad na walang kaligtasan sa ano pa mang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa tao; gayon din naman kinakailangang matapat at walang takot na ipahayag na yaong mga tumanggap sa bahagi lamang ng mga katotohanan na kaugnay ng pabalita ng ikatlong anghel ay kinakailangang magalak na tumanggap sa mga pabalita ng una, ikalawa, at ikatlong anghel na ibinigay sa kanila ng Diyos, o di kaya ay mawalan ng bahagi o lugar sa bagay na iyon.

Nakita ko na samantalang dala ng mga banal na mga babae ang ulat na si Jesus ay bumangon, ang mga bantay na Romano ay nagpapakalat ng kasinungalingan na inilagay ng mga pari at ng mga matanda sa kanilang bibig, na ang mga alagad ay dumating noong gabi, samantalang sila ay natutulog, at ninakaw ang bangkay ni Jesus. Inilagay ni Satanas ang mga kasinungalingang ito sa bibig ng mga punong pari, at ang mga tao ay tumindig na handa upang tanggapin ang kanilang salita. Subalit ang bagay na ito ay tiniyak ng Diyos, at inilagay ang mahalagang pangyayaring ito, na kung saan nakasalalay ang kaligtasan, sa ibayo ng lahat ng pagdududa, at kung saan imposible upang mapagtakpan ng mga pari at ng mga matanda. Mga tagapagpatotoo ay ibinangon mula sa patay upang magpatotoo sa pagkabuhay ni Cristo.

Si Jesus ay nanatiling kasama ng kanyang mga alagad sa loob ng apatnapung araw, binibigyan sila ng galak at kasiyahan ng puso, at binubuksan sa kanila ng lubos ang mga kahalagahan ng kaharian ng Diyos. Inatasan niya sila upang maghatid ng patotoo tungkol sa mga bagay na kanilang nakita at narinig, tungkol sa kanyang mga paghihirap, kamatayan, at pagkabuhay muli; na siya ay nakagawa ng sakripisyo para sa kasalanan, na lahat ng magnanais na makalapit sa kanya ay makakasumpong ng buhay. Sinabi niya sa kanila na may tapat na kahinahunan na sila ay uusigin at babagabagin; subalit sila ay makakasumpong ng kaginhawahan sa pag-alala sa kanilang karanasan, at pag-alala sa mga salita na kanyang sinabi sa kanila. Sinabi niya sa kanila na kanyang napagtagumpayan ang

mga tukso ng demonyo, at napanatili ang tagumpay sa mga pagsubok at paghihirap, na si Satanas ay hindi na magkakaroon ng kapangyarihan upang talunin siya, subalit higit na itutuon ang kanyang mga panunukso at kapangyarihan upang ipasan sa kanila, at sa lahat ng maniniwala sa kanyang pangalan. Sinabi niya sa kanila na sila ay maaaring magtagumpay, kung paanong siya ay nagtagumpay. Binigyan ni Jesus ang kanyang mga alagad ng kapangyarihan upang makagawa ng mga himala, at sinabi sa kanila na bagaman ang mga masasamang mga tao ay magkakaroon ng kapangyarihan laban sa kanilang katawan, sa ilang mga pagkakataon ay magsusugo siya ng kanyang mga anghel upang iligtas sila; upang ang kanilang buhay ay hindi maalis mula sa kanila hanggang hindi nagaganap ang kanilang misyon. At kapag ang kanilang katibayan ay naganap, ang kanilang buhay ay maaaring kailanganin upang tatakan ang katibayan na kanilang dinala. Ang sabik na mga alagad niya ay galak na nakinig sa kanyang mga aral. Sabik nilang pinagpistahan ang bawat salita na namutawi mula sa banal niyang mga labi. At sila ay nagkaroon ng katiyakan na Siya ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang bawat salita ay nabaong malalim na bigat sa kanilang puso, at kanilang ikinalungkot na sila ay kinakailangang mawalay mula sa kanilang mapalad at makalangit na guro; na pagkaraan ng ilang sandali ay hindi na nila maririnig ng umaaliw at mabiyayang mga salita mula sa kanyang mga labi. Subalit sa muli ang kanilang puso ay napainit ng pag-ibig at labis nakagalakan, samantalang sinasabi sa kanila ni Jesus na siya ay aalis upang maghanda ng mga mansiyon para sa kanila, at pariritong muli at tatanggapin sila, upang sila ay makasama niyang palagi. Sinabi niya sa kanila na ipadala niya sa kanila ang Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu, upang pumatnubay, magpala at mag-akay sa kanila sa lahat ng katotohanan; at kanyang itinaas ang kanyang mga kamay at sila ay binasbasan.

1. Tingnan ang Apocalipsis 14:6-8. Ipinaliwanag sa kabanatang 23 at 24 ng aklat na ito.
 2. Tingnan ang Apocalipsis 14:9-12. Ipinaliwanag sa kabanatang 23 at 24 ng aklat na ito. Ipinaliwanag sa kabanatang 28 ng aklat ito.
- Tingnan ang Mateo 27:52-53; kapitulo 28; Marcos 16:1-18; Lucas 24:1-50; Juan kapitulo 20; Mga Gawa kapitulo 12.

KABANATA 11

Ang Pag-akyat ni Kristo

Ang buong langit ay naghihintay sa oras ng pagtatagumpay noong si Jesus ay kinakailangang pumanhik sa Kanyang Ama. Ang mga anghel ay dumating upang salubungin ang Hari ng kaluwalhatian at upang matagumpay na sabayan Siya sa langit. Matapos na basbasan ni Jesus ang mga alagad, Siya ay napahiwalay mula sa kanila, at kinuha paitaas. At samantalang nangunguna Siya sa daan paitaas, ang maraming mga bihag na ibinangon sa panahon ng Kanyang pagkabuhay na muli ay sumunod. Marami sa hukbo

ng langit ay naroon; samantalang sa langit di mabilang na mga anghel ay naghihintay sa Kanyang pagdating. Samantalang sila'y pumapanhik sa banal na ciudad, ang mga anghel na sumabay kay Jesus ay sumigaw, Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh kayong mga pintuan, at kayo'y mangataas, kayong mga walang-hanggang pintuan: At ang hari ng kaluwalhatian ay papasok. May hayag na pagkagiliw ang mga anghel sa ciudad na naghihintay sa Kanyang pagdating, ay sumigaw, sino ang Hari ng kaluwalhatian? Ang mga anghel na sumabay kay Jesus ay may pagtatagumpay na sumagot, ang Panginoong malakas at makapangyarihan, ang Panginoong makapangyarihan sa pakikibaka! Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh kayong mga pintuang-bayan; Oo, magsitaas kayo, kayong mga walang hanggang pintuan: at ang Hari ng kaluwalhatian ay papasok. At muli ang hukbo ng langit ay sumigaw, Sino ang Hari ng kaluwalhatian? Ang mga anghel na sumabay ay sumagot na may magandang himig, Ang Panginoon ng mga hukbo! Siya ang Hari ng kaluwalhatian. At ang makalangit na himig ay pumasok sa ciudad. At ang ang buong hukbo ng langit ay pumalibot sa Anak ng Diyos, ang kanilang makaharing pinuno, at may pinakamalalim na paghanga ay nagyukod, ibinaba ang kanilang kumikinang na mga korona sa Kanyang paanan. At kanilang hinawakan ang kanilang gintong mga alpa, at may matamis, at magandang himig, ay pinuno ang langit ng kanilang mayamang musika at mga awit sa Kordero na pinatay, gayon pa man ay nabuhay muli sa kagitingan at kaluwalhatian.

Sunod ay ipinakita sa akin ang mga alagad samantalang sila ay malungkot na nakatingala sa langit upang magkaroon ng huling sulyap sa Panginoon nilang pumapanhik. Dalawang anghel na nakadamit ng kulay puti ay tuminding sa tabi nila, at sinabi sa kanila, Kayong mga lalaking taga-Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? Ang Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay pariritong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon Niya sa langit. Ang mga alagad, kasama ang ina ni Jesus, ay nakasaksi sa pagakyat ng Anak ng Diyos, at kanilang ginugol ang gabing iyon sa pag-uusap tungkol sa Kanyang kahanga-hangang mga gawa, at ang mga kataka-taka at maluwalhating mga bagay na naganap sa loob ng maikling panahon.

Si Satanas ay nakipag-sangguni sa kanyang mga anghel, at may mapait na galit laban sa pamahalaan ng Diyos, sinabi sa kanila na samantalang nasa Kanya ang kapangyarihan at kapamahalaan sa lupa, ang kanilang mga pagsisikap ay kinakailangang sampung ulit na mas malakas laban sa mga tagasunod ni Jesus. Wala silang naipanalo laban kay Jesus; subalit ang Kanyang mga alagad ay kinakailangang maibagsak nila hanggat maaari, at ipagpatuloy ang kanyang gawain sa bawat henerasyon upang mabitag ang mga naniniwala kay Jesus, sa Kanyang pagkabuhay at pag-akyat. Sinabi ni Satanas sa kanyang mga anghel na binigyan ni Jesus ang Kanyang mga alagad ng kapangyarihan upang sila ay palayasin, sawayin sila, at pagalingin yaong kanilang sinaktan. At ang mga anghel ni Satanas ay humayo na parang mga umuungal na mga leon, humahanap upang mapuksa ang mga tagasunod ni Jesus.

Tingnan ang mga Salmo 24:7-10, Mga Gawa 1:1-11

Ang mga Alagad ni Cristo

May malakas na kapangyarihan ang mga alagad na nangaral tungkol sa ipinako at nabuhay muli na Tagapagligtas. Ang may sakit ay kanilang pinagaling, maging ang isang lumpo ay naisauli sa sakdal na kagalingan, at pumasok na kasama nila sa templo, lumalakad at lumulukso at nagpupuri sa Diyos sa paningin ng lahat ng mga tao. Ang balita ay kumalat, at ang mga tao ay nagsimulang magsiksikan sa palibot ng mga alagad. Marami ang magkakasamang tumakbo, lubhang nagtaka at namangha sa pagpapagaling na naganap.

Noong si Jesus ay namatay inakala ng mga punong pari na hindi na magkakaroon ng mga himala sa kanila, ang kaguluhan ay mamamatay, at ang mga tao ay muling babalik sa tradisyon ng tao. Subalit, narito! Mismong sa kanilang kalagitnaan, ang mga alagad ay gumagawa ng mga himala, at ang mga tao ay napuno ng pagkamangha, at tumingin na may paghanga sa kanila. Si Jesus ay naipako na sa krus, at sila ay nagtaka kung saan nakuha ng mga alagad ang kapangyarihang ito. Noong Siya ay buhay pa inisip nila na binibigyan Niya ng kapangyarihan ang Kanyang mga alagad; noong si Jesus ay mamatay, inaasahan nila na ang mga himalang iyon ay titigil na. Naunawaan ni Pedro ang kanilang kaguluhan, at sinabi sa kanila, Kayong mga taga Israel, bakit kayo namamangha? At bakit masyado kayong nakatingin sa amin? Bagaman sa aming mga sariling kapangyarihan o sa aming pagkabanal ay aming napalakad ang taong ito? Ang Diyos ni Abraham, ni Isaac, at ni Jacob, ang Diyos ng ating mga ama ay pinuri ang Kanyang Anak na si Jesus, na inyong ipinagkakaloob, at inyong itinanggi Siya sa harapan ni Pilato, nang kanyang ipinagpasya na pakawalan Siya. Subalit inyong itinanggi ang isang Banal, at ang makatarungan, at inyong ninais na ibigay sa inyo ang mamamatay-tao, at pinatay ang Prinsipe ng buhay, na binuhay ng Diyos na galing sa mga patay, na kung saan kami ay naging mga saksi. Sinabi sa kanila ni Pedro na ang pagsampalataya kay Jesus ang dahilan ng sakdal na kagalingan ng lalaking ito na dati ay lumpo.

Ang mga salitang iyon ay hindi kaya ng mga punong pari at mga matanda. Hinuli nila ang mga alagad at ipinakulong. Subalit libo-libo ang nahikayat at naniwala sa pagkabuhay muli at pagpanhik ni Cristo, sa pakikinig sa isang pahayag mula sa mga alagad. Ang mga punong pari at mga matanda ay nagulumihanan. Kanilang pinatay si Jesus upang ang isip ng mga tao ay maibaling sa kanila; subalit iyon ay naging mas malala pa kaysa dati. Hayagang inaakusahan sila ng mga alagad bilang mga pumatay sa Anak ng Diyos, at hindi nila malaman kung hanggang saan lalago ang mga bagay na ito, o kung paanong sila mismo ay pakikitunguhan ng mga tao. Masaya sanang ipinapatay nila ang mag alagad subalit hindi sila nangahas na gawin iyon dahil takot sila na baka sila batuhin ng mga tao. Ipinatawag nila ang mga alagad, na dinala sa harap ng konsilyo. Yaon mismong mga lalaki na sumigaw para sa dugo ng Isang Walang Sala ay naroon. Kanilang narinig ang duwag na di pagkilala

ni Pedro kay Jesus, may pagmumura at panunumpa, nang ay inakusahan bilang isa sa mga alagad. Inisip nilang takutin si Pedro; subalit siya ngayon ay nahikayat na. Isang pagkakataon na dito ay ipinagkaloob kay Pedro upang itaas si Jesus. Minsan ay itinanggi niya ang pagkilala sa kanya; subalit maaari na niyang alisin ngayon ang mantsa ng madaliang duwag na di pagkilala, at maparangalan ang pangalan na kanyang itinanggi. Walang duwag na mga pangamba sa dibdib ni Pedro noon; sa halip ay banal ang katapangan, at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, walang takot niyang inihayag sa kanila na sa ngalan ni Jesu-Cristo na taga Nazareth, na inyong ipinako sa krus, na binangon ng Diyos mula sa patay, sa pamamagitan Niya ang lalaking ito ay nakatayo ngayon sa harap ninyo na pinagaling. Ito ang bato na inilagay na wala sa mga tagapagtayo, na naging saligang bato saan mang dako. Maging kaligtasan sa anumang paraan, sapagkat walang anumang pangalan sa silong ng langit na ibinigay sa tao, kung saan tayo ay maliligtas.

Ang mga tao ay nagulat sa katapangan ni Pedro at ni Juan. Nalaman nila ang tungkol sa kanila na sila ay nakasama ni Jesus; sapagkat ang kanilang marangal, walang takot na kilos ay nakakatulad ng hitsura ni Jesus noong Siya ay inuusig ng mga pumatay sa Kanya. Sa pamamagitan ng isang tingin ay sinumbatan ni Jesus si Pedro matapos na kanyang itanggi Siya, at ngayon samantalang hayagang kinikilala niya ang kanyang Panginoon, si Pedro ay sinang-ayunan at pinagpala. Bilang patunay sa kaluguran ni Jesus, siya ay pinuspos ng Banal na Espiritu.

Ang mga punong pari ay hindi nakapangahas ipahayag ang kanilang galit na kanilang nadama sa mga alagad. Ipinag-utos nila sa kanila na lumabas mula sa konsilyo at sila ay nagsanggunian sa isa't-isa, na sinasabi, ano ang gagawin natin sa mga lalaking ito? Sapagkat tunay nga na isang kababalaghan ang kanilang ginawa ang hayag sa buong Jerusalem at hindi natin iyon maipagkakaila. Sila ay natatakot na baka lumaganap ang mabuting gawaing ito. Kung iyon ay lalaganap, ang kanilang kapangyarihan ay mawawala, at sila ay kikilalanin na mga pumatay kay Jesus. Ang nagawa lamang nila ay takutin sila, at ipinag-utos sa kanila na huwag na silang magsasalita tungkol sa Pangalan ni Jesus dahil kung hindi sila ay mamatay. Subalit matapang na ipinahayag ni Pedro na ang magagawa lamang nila ay ipahayag ang mga bagay na kanilang nakita at narinig.

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesus ang mga alagad ay nagpatuloy sa pagpapagaling sa bawat isang may karamdaman na dinadala sa kanila. Ang mga punong pari at mga matatanda, at yong mga kabilang nila, ay naalarma. Daan-daan ang nakikianib araw-araw sa ilalim ng bandera ng ipinako sa krus, nabuhay at pumanhik na tagapagligtas. Kanilang ikinulong ang mga alagad sa bilangguan, at umasa na ang kaguluhan ay manghihina. Si Satanas ay nanaig, at ang masamang mga anghel ay nagalak; subalit ang mga anghel ng Diyos ay sinugo at binuksan ang mga pintuan ng bilangguan, at labag sa ipinag-utos ng punong pari at ng mga matanda, ipinag-utos sa kanila na pumunta sa templo, at sabihin ang lahat ng mga salita tungkol sa buhay na ito. Ang konsilyo ay nagtipon at ipinasundo ang kanilang mga bilanggo. Binuksan ng mga opisyaes ang mga pintuan ng bilangguan; subalit ang mga bilanggo na kanilang hinahanap ay wala doon. Nagbalik sila sa mga pari at sa mga matanda at sinabi sa kanila, ang bilangguan ay tunay na nakita naming ligtas ang pagkakasara, at ang mga bantay ay nakatayo sa labas ng mga pintuan. Subalit nang aming

buksan ay wala kaming nakitang tao sa loob. At dumating ang isa at sinabi sa kanila, na sinasabi, Tingnan ninyo ang mga lalaki na inyong ibinilanggo ay nakatayo sa templo at nagtuturo sa mga tao. At pumunta roon ang kapitan kasama ang mga opisyaes, at kinuha sila na walang pananakit; sapagkat natakot sila sa mga tao baka sila batuhin. At nang kanilang madala sila, iniharap nila sila sa konsilyo; at ang punong pari ay nagtanong sa kanila, Hindi ba namin malinaw na ipinag-utos sa inyo na huwag kayong magtuturo sa pangalang ito? At, tingnan ninyo, pinuno ninyo ang Jerusalem ng inyong doktrina, at balak ninyong ipataw ang dugo ng lalaking ito sa amin.

Sila ay nagkukunwari, at iniibig ang papuri ng mga tao higit sa pag-ibig sa Diyos. Ang kanilang puso ay pinatigas, at ang pinaka-makapangyarihang mga gawa ng mga alagad ay nagpapagalit lamang sa kanila. Alam nila na kung ipangangaral ng mga alagad si Jesus, and kanyang pagkapako sa krus, pagkabuhay muli at pag-akyat, mapapatuon ang kasalanan sa kanila, at maihahayag sila na mga pumatay sa Kanya. Hindi na sila kasinghanda sa pag-ako sa dugo ni Jesus kaysa noong isigaw nila ng malakas, Ang Kanyang dugo ay mapasa amin, at sa aming mga anak.

Matapang na inihayag ng mga alagad na kinakailangan nilang sumunod sa Diyos kaysa tao. Wika ni Pedro, Ang Diyos ng ating mga ama ang nagbangon kay Jesus, na Syang namatay at nabayubay sa krus. Siya na dinakila sa pamamagitan ng Kanyang kanang kamay na naging Prinsipe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at patawarin ang kanilang mga kasalanan. Tayo ang Kanyang mga saksi sa lahat ng bagay na ito, gayundin ang Banal na Espiritu kung saan ipinagkaloob ng Diyos sa mga sumusunod sa Kanya. At ang mga mamamatay na iyon ay napuno ng galit. Gusto nilang mabahiran muli ng dugo ang kanilang mga kamay sa pamamagitan ng pagpatay sa mga alagad. Pinapanukala nila kung paano ito gagawin, nang may anghel na mula sa Diyos ang sinugo kay Gamaliel upang kumilos sa kanyang puso upang payuhan ang punong pari at ang mga matanda. Wika ni Gamaliel, iwasan ninyo ang mga lalaking ito, at pabayaan ninyo sila; sapagkat kung ang payo o gawaing ito ay mula sa tao, ito ay mawawalan ng halaga; subalit kung ito ay mula sa Diyos; hindi ninyo ito maibabagsak; kung hindi ay maaaring masumpungan kayo na lumalaban kahit na sa Diyos. Ang mga masasamang mga anghel ay kumikilos sa mga pari at mga matatanda upang ang mga alagad ay patayin; subalit sinugo ng Diyos ang Kanyang anghel upang iyon ay pigilin, sa pamamagitan ng pagbabangon ng tinig mula sa kanilang mga kasamaan na pabor sa mga alagad.

Ang gawain ng mga alagad ay hindi pa tapos. Sila ay kinakailangang dalhin sa harap ng mga hari, upang sumaksi sa pangalan ni Jesus, at magpatutuo sa mga bagay na kanilang nakita at narinig. Subalit bago sila pinaalis ng mga pari at mga matandang ito, kanila silang pinagpapalo, at ipinag-utos sa kanila na huwag nang magsasalita sa pangalan ni Jesus. Mula sa konsilyong iyon sila ay umalis na nagpupuri sa Diyos sapagkat ibinilang silang karapat-dapat upang magdusa alang-alang sa Kanyang mahal na pangalan. Ipinagpatuloy nila ang kanilang misyon, nangangaral sa templo at sa bawat tahanan na nag-aanyaya sa kanila. Ang Salita ng Diyos ay lumago at dumami. Si Satanas ay kumilos sa mga punong pari at mga matanda upang bayaran ang mga guwardiyang mga Romano upang magsabi ng kasinungalingan na ninakaw ng mga alagad si Jesus samantalang sila ay

natutulog. Sa pamamagitan ng kasinungalingang ito sila ay umaasang maikukubli ang katotohanan; subalit, narito, sumusulpot sa kanilang paligid ang matitibay na mga ebidensiya ng pagkabuhay muli ni Jesus. Iyon ay matapang na inihahayag ng mga alagad, at pinatotohanan ang mga bagay na kanilang nakita at narinig, at sa pangalan ni Jesus sila ay nagsasagawa ng makapangyarihang mga himala. Matapang na ipinapataw nila ang dugo ni Jesus doon sa mga handa upang tanggapin iyon noong sila ay magkaroon ng kapangyarihan laban sa Anak ng Diyos.

Nakita ko na ang mga anghel ng Diyos ay inatasan upang magkaroon ng espisyal na pangangalaga, at bantayan ang banal at mahahalagang mga katotohanan upang mabigkis ang mga alagad sa bawat henerasyon.

Ang Banal na Espiritu bukod tangi ay bumaba sa mga apostol, na mga saksi sa pagkapako kay Cristo sa krus, pagkabuhay at pag-akyat--mahahalagang mga katotohanan na magiging pag-asa ng Israel. Ang lahat ay kinakailanagng tumingin sa Tagapagligtas ng sanlibutan bilang kanilang natatanging pag-asa, at lumakad sa daan na binuksan ni Jesus sa pamamagitan ng pagsakripisyo ng sarili Niyang buhay, at ingatan ang utos ng Diyos at mabuhay. Nakita ko ang karunungan at kabutihan ni Jesus sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga alagad upang madala ang gawain mismo na naging dahilan ng galit at pagpatay sa Kanya ng mga Hudyo. Sila ay may kapangyarihan na ibinigay sa kanila kaugnay ng mga gawa ni Satanas. Sila ay gumawa ng mga tanda at himala sa pangalan ni Jesus, na itinakwil, at pinatay ng masasamang mga kamay. Isang banal na liwanag at kaluwalhatian ang natipon sa panahon ng pagkamatay at pagkabuhay muli ni Jesus, ginagawang pangwalang-hanggan ang banal na mga katibayan na Siya ang Tagapagligtas ng sanlibutan.

Tingnan ang Gawa kapitulo 3 - 5.

KABANATA 13

Ang Pagkamatay ni Esteban

Ang mga alagad ay mabilis na dumami sa Jerusalem. Ang salita ng Diyos ay lumaganap, at marami sa mga pari ay naging masunurin sa pananampalataya. Si Esteban, puspos ng pananampalataya, ay gumawa ng mga gawang kahanga-hanga at mga himala sa

mga tao. Marami ang galit; sapagkat ang mga pari ay humiwalay na mula sa kanilang mga tradisyon, at mula sa mga pagsakripisyo at mga paghahandog, at tinanggap si Jesus bilang dakilang sakripisyo. Si Esteban na taglay ang kapangyarihan mula sa itaas ay sinumbatan ang mga pari at mga matanda, at itinaas si Jesus sa kanilang harapan. Hindi nila matiis ang karunungan at kapangyarihan sa Kanyang pagsasalita, at samantalang kanilang nababatid na wala silang sukat maiharap laban sa Kanya, sila ay umupa ng mga tao na manunumpa sa kasinungalingan na kanila siyang narinig na nagsasalita ng mga kapusungan laban kay Moises at laban sa Diyos. Kinilos nila ang mga tao, at kinuha si Esteban, at, sa pamamagitan ng mga sinungaling na mga saksi, inakusahan nila si Esteban ng pagsasalita laban sa templo at sa kautusan. Sila ay nagpatotoo na narinig nilang nagsasabi siya na sisirain ni Jesus na taga-Nazareth ang mga kaugalian na ibinigay sa kanila ni Moses.

Ang lahat ng umupo sa paghatol kay Esteban ay nakakita ng liwanag ng Diyos sa kanyang mukha. Ang kanyang mukha ay nagliliwanag tulad ng mukha ng isang anghel. Tumindig siyang puspos ng pananampalataya at ng Banal na Espiritu, at, simula sa mga propeta, inihatid niya sila hanggang sa pagdating ni Jesus, sa Kanyang pagkapako sa krus, Kanyang pagkabuhay muli at pag-akyat, at ipinakita sa kanila na ang Panginoon ay hindi naninirahan sa mga templo na ginawa ng kamay. Kanilang sinasamba ang templo anumang sabihin tungkol sa templo ay nagpapapuno sa kanila ng higit na galit kaysa kung sinalita laban sa Diyos. Ang espiritu ni Esteban ay kinilos ng makalangit na galit samantalang siya ay nagsasalita laban sa kanila sa kanilang kasamaan, at pagkakaroon ng puso na hindi tuli. Lagi ninyong tinatanggihan ang Banal na Espiritu. Sinusunod nila ang mga panlabas na mga palatuntunan, samantalang ang kanilang mga puso ay marumi, at puno ng nakamamatay na mga kasamaan. Binanggit ni Esteban sa kanila ang kasamaan ng kanilang mga ama sa pag-usig sa mga propeta na sinasabi, Inyong pinatay sila na mga nagpahayag bago dumating ang Isang Matuwid, na kayo naman ngayon ang mga nagpahamak at pumatay.

Ang mga punong pari ay napuno ng galit samantalang ang malinaw, at matalas na mga katotohanan ay binabanggit; at kanilang sinunggaban si Esteban. Ang liwanag ng langit ay nagniningning sa kanya, at samantalang siya ay matatag na nakatingin sa langit, isang pangitain tungkol sa kaluwalhatian ng Diyos ang ibinigay sa kanya, at mga anghel ay lumipad sa palibot niya. Siya ay sumigaw ng malakas, Tingnan ninyo, nakikita ko ang mga langit na nabuksan, at ang Anak ng Tao ay nakatayo sa kanang kamay ng Diyos. Siya ay hindi pinakinggan ng mga tao. Sila ay sumigaw ng may malakas na tinig, at tinakpan ang kanilang mga tainga, at nagkaisa sa pagtakbo papalapit sa kanya, at tinapon siya sa labas ng ciudad, at binato siya. At si Esteban ay lumuhod, at sumigaw ng may malakas na tinig, Panginoon, huwag ipataw ang kasalanang ito sa kanila.

Nakita ko na si Esteban ay isang makapayarihang alagad ng Diyos, bukod tanging ibinangon upang pumuno sa isang mahalagang lugar sa iglesya. Si Satanas ay natuwa samantalang siya ay binabato hanggang mamatay; sapagkat alam niya na lubhang madadama ng mga alagad ang kanyang pagkawala. Subalit sandali lamang ang pagsasaya ni Satanas; sapagkat mayroong isa na nakatayo sa grupong iyon, nakasaksi sa pagkamatay ni Esteban, na pagpapakitaan ni Jesus ng Kanyang sarili. Bagaman hindi siya nakibahagi sa pagbato kay Esteban, siya ay sumang-ayon sa pagpatay sa Kanya. Si Saulo ay masigasig sa

pag-usig sa iglesya, hinuhuli sila, kinukuha sila mula sa kanilang mga tahanan, at ipinagkakaloob sila sa mga papatay sa kanila. Si Saulo ay mabisang ginamit ni Satanas. Subalit kaya ng Diyos wasakin ang kapangyarihan ng demonyo, at palayain ang mga binihag niya. Si Saulo ay isang tao na nakapag-aral, at matagumpay na ginamit ni Satanas ang kanyang mga talento sa pagsasagawa ng kanyang paghihimagsik laban sa Diyos, at doon sa mga naniniwala sa Kanya. Subalit si Saulo ay pinili ni Jesus bilang isang hinirang na sisidlan upang ipangaral ang Kanyang pangalan, upang palakasin ang mga alagad sa kanilang paggawa, at higit pang mapalitan ang lugar ni Esteban. Si Saulo ay lubhang iginagalang ng mga Hudyo. Ang kanyang kasigasigan ang kanyang karunungan ay nakapagpalugod sa kanila, at kinatakutan ng maraming mga alagad.

Tingnan ang Mga Gawa kapitulo 6 at 7.

KABANATA 14

Ang Pagkahikayat ni Saulo

Samantalang si Saulo ay naglalakbay papunta sa Damascus dala ang mga liham na nagtataglay ng kapangyarihan upang hulihin ang mga lalaki o babae na ipinapangaral si Jesus, at sila ay dalhin na natatanikalaan patungo sa Jerusalem, ang mga anghel na masasama ay masayang nakapalibot sa kanya. Subalit samantalang siya ay naglalakbay, biglang may liwanag mula sa langit ang pumalibot sa kanya, na nagpalayas sa mga anghel na masasama, at naging dahilan upang si Saulo ay mabilis na mabuwal sa lupa. Narinig niya ang tinig na nagsasabi, Saulo, Saulo, bakit mo Ako inuusig? Si Saulo ay nagtanong, Sino kayo, Panginoon? At ang Panginoon ay nagsabi, Ako si Jesus na iyong inuusig. Mahirap para sa iyo ang sumipa sa mga tinik. At si Saulo ay nanginginig at namanghang nagsabi, Panginoon, ano po ang ipagagawa Ninyo sa akin? At sinabi ng Panginoon, Magtindig ka at pumunta ka sa loob ng ciudad, at sasabihin sa iyo kung ano ang dapat mong gawin.

Ang mga lalaking kasama niya na nakatayo ay hindi makapagsalita, may naririnig na tinig, subalit walang nakikitang tao. Nang ang liwanag ay mawala, si Saulo ay nagtindig mula sa lupa, at ibinukas ang kanyang mga mata at walang sinumang makita. Siya ay binulag ng kaluwalhatian ng liwanag ng langit. Inakay nila siya sa kamay, at dinala siya sa Damascus, at tatlong araw siya doon na nawalan ng paningin, ni hindi rin siya kumakain, ni umiinom. At sinugo ng Panginoon ang Kanyang anghel sa isa sa mga lalaking inaasahan ni Saulo na gawing bihag, at ipinakita sa kanya sa pangitain na dapat siyang pumunta sa isang kalye na ang tawag ay tuwid, at ipagtanong sa bahay ni Judas ang tinatawag na Saulo

ng Tarsus; sapagkat, tingnan mo, siya ay nananalangin, at nakita niya sa pangitain ang isang lalaki na nagngangalang Ananias ang dumating, at inilagay ang kanyang mga kamay sa kanya, upang siya ay makakita.

Nangamba si Ananias na baka may mali sa bagay na ito, at sinabi sa Panginoon ang narinig niya tungkol kay Saulo. Subalit sinabi ng Panginoon kay Ananias, Pumunta ka; sapagkat siya ay piniling sisidlan para sa akin, upang dalhin ang aking pangalan sa mga Hentil, at mga hari, at sa mga anak ni Israel. Sapagkat ipapakita ko sa kanya ang dakilang mga bagay na kanyang pagdudusahan alang-alang sa aking pangalan. Sinunod ni Ananias ang ipinag-utos ng Panginoon, at pumasok sa bahay, at samantalang ipinapatong ang kanyang kamay sa kanya, ay nagsabi, Kapatid na Saulo, ang Panginoon, maging si Jesus, na nagpakita sa iyo sa daan nang ikaw ay paparito, ay nagsugo sa akin, upang ikaw ay makatanggap ng paningin, at mapuspos ng Banal na Espiritu.

At biglang nakakita si Saulo, at tumindig, at bininyagan. At kanyang ipinangaral si Cristo sa mga sinagoga, na Siya ang Anak ng Diyos. Ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha, at nagtanong, Hindi ba ito yong pumapatay sa pangalang ito sa Jerusalem? At naparito sa layuning iyon, upang madala niya sila sa mga punong pari. Subalit si Saulo ay lalo pang lumakas, at sinagot ang mga Hudyo. Sila ay muling nalagay sa gulo. Isinaysay ni Saulo ang kanyang naranasan sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Batid ng lahat ang paglaban ni Saulo kay Jesus, at ang kanyang kasigasigan sa paghuli at pagpapapatay sa lahat ng naniniwala sa kanyang pangalan. Ang mahiwagang pagkahikayat niya ay nakakumbinsi sa marami na si Jesus ang Anak ng Diyos. Isinaysay ni Saulo ang kanyang karanasan, na kanyang inuusig hanggang mapatay, maitanikala at maipakulong, kapwa lalaki at babae, samantalang siya ay naglalakbay patungo sa Damascus, biglang nagkaroon ng liwanag mula sa langit na pumalibot sa kanya, at si Jesus ay nagpakita sa kanya, at itinuro sa kanya na siya ang Anak ng Diyos. Samantalang matapang na ipinapangaral ni Saulo si Jesus, nagkaroon siya ng makapangyarihang impluwensiya. Mayroon siyang kaalaman tungkol sa kasulatan, at nang siya'y mahikayat isang banal na liwanag ang nagliwanag sa mga hula tungkol kay Jesus, na nakatulong sa kanya upang malinaw at may katapangang maihayag ang katotohanan, at upang maituwid ang anomang maling pagkaunawa sa mga kasulatan. Taglay ang Espiritu ng Diyos na nasa kanya, kanyang inihatid ang mga nakikinig sa kanya sa malinaw at makapangyarihang paraan sa mga propesiya tungo sa panahon ng unang pagdating ni Cristo, at ipinakita sa kanila na ang mga kasulatan ay natupad, na tumutukoy sa paghihirap, pagkamatay, at pagkabuhay muli ni Cristo.

Tingnan ang Mga Gawa kapitulo 9.

Ipinagpasya ng mga Hudyo na Patayin si Pablo

Ang mga punong pari at mga pinuno ay kinilos ng galit laban kay Pablo, nang kanilang masaksihan ang epekto ng pagsalaysay ng kanyang karanasan. Nakita nila na matapang niyang ipinangaral si Jesus, at gumawa ng mga himala sa Kanyang pangalan, at marami ang nakinig sa kanya, at nilisan ang kanilang mga tradisyon, at tumingin sa kanila bilang mga pumatay sa Anak ng Diyos. Ang kanilang galit ay sumiklab, at sila ay nagtipon upang mangag-usapan kung ano ang pinakamabuting gawin upang mapahina ang kaguluhan. Sila ay nagkaisa na ang pinakaligtas na maaari nilang gawin ay ang si Pablo ay patayin. Subalit alam ng Diyos ang kanilang binabalak, at mayroong mga anghel na itinalaga upang siya ay bantayan, upang siya ay manatiling buhay at gampanan ang kanyang misyon, at upang magdusa para sa pangalan ni Jesus.

Ipinabatid kay Pablo na ibig siyang patayain ng mga Hudyo. Inakay ni Satanas ang mga Hudyo na hindi sumasampalataya upang bantayan ang mga pintuang daan ng Damascus kung araw at kung gabi, upang sa pagdaan ni Pablo papalabas sa pintuang daan; kaagad nilang mapapatay siya. Subalit siya ay ibinaba ng mga alagad noong gabi sa pader sakay sa basket. Dito ay napahiya ang mga Hudyo sa kanilang pagkabigo, at ang layunin ni Satanas ay nadaig. At si Pablo ay pumunta sa Jerusalem upang sumama sa mga alagad; subalit sila ay takot sa kanya. Hindi sila makapaniwala na siya ay isang alagad. Ang kanyang buhay ay hinahabol ng mga Hudyo na nasa Damascus, at hindi siya matanggap ng sarili niyang kapatiran; subalit siya ay kinuha ni Barnabas, at dinala siya sa mga alagad, at ipinahayag sa kanila kung paanong kanyang nakita ang Panginoon sa daan, at matapang siyang nangaral sa ngalan ni Jesus sa Damascus.

Subalit inudyukan ni Satanas ang mga Hudyo upang patayin si Pablo, at sinabi sa kanya ni Jesus na lisanin ang Jerusalem. At sa kanyang pagpunta sa ibang mga ciudad ipinangangaral si Jesus, at gumagawa ng mga himala, marami ang nahikayat, at may isang lalaki na lumpo ang pinagaling, ang mga tao na sumasamba sa mga dios-diosan ay ibig mag-alay sa mga alagad. Si Pablo ay nalungkot, at sinabi sa kanila na sila ay pawang mga tao lamang, at kinakailangang ang Diyos na lumikha ng langit at ng lupa, at ng dagat, at ng lahat ng bagay ang dapat nilang sambahin; subalit halos hindi niya mapigilan ang mga tao. Ang unang kaalaman ng pagsampalataya sa tunay na Diyos, at ang pagsamba at parangal na ukol sa kanya ay nabubuo sa kanilang isip; at samantalang sila ay nakikinig kay Pablo, hinimok ni Satanas ang mga hindi sumasampalatayang mga Hudyo sa ibang mga ciudad na sundan si Pablo upang sirain ang mabuting gawa na nagagawa sa pamamagitan niya. Kinilos ng mga

Hudyo at pinapag-alab ang isip ng mga mapagsamba sa dios-diosan sa pamamagitan ng mga maling ulat laban kay Pablo. Ang pagkamangha at paghanga ng mga tao ngayon ay napalitan ng galit, at ang mga nais sumamba sa mga alagad pagkaraan ng ilang sandali ay binato si Pablo, at hinila siya palabas ng ciudad sa pag-aakalang siya ay patay na. Subalit habang ang mga alagad ay nangakatayo at nangakapalibot kay Pablo, at tumatangis dahil sa kanya, sa kanilang kagalakan, siya ay bumangon, at sumama sa kanila sa ciudad.

Samantalang ipinangangaral ni Pablo si Jesus, isang babae na inaalihan ng espiritu ng panggagaway, ang sumunod sa kanila na sumisigaw, Ang mga lalaking ito ay mga lingkod ng kataas-taasang Diyos, na itinuturo sa ating ang daan ng kaligtasan. Sa gayon ay sumunod siya sa mga alagad sa loob ng maraming mga araw. Subalit si Pablo ay nalungkot; sapagkat ang sumisigaw na sumusunod sa kanila ay nag-aalis ng isip ng mga tao mula sa katotohanan. Ang layunin ni Satanas sa pag-akay sa kanya dito ay upang biguin ang mga tao, at sirain ang impluwensiya ng mga alagad. Subalit ang espiritu ni Pablo ay nakilos, at kanyang hinarap ang babae, at sinabi sa espiritu, Ipinag-uutos ko sa iyo sa ngalan ni Jesu-Cristo, lumabas ka mula sa kanya, at ang masamang espiritu ay nasumbatan, at iniwan siya.

Ang kanyang mga panginoon ay nalugod sapagkat siya ay sumisigaw na sumusunod sa mga alagad; subalit nang siya ay iniwan ng masamang espiritu, at nakita nila siya na isang maamong alagad ni Cristo, sila ay napuno ng galit. Malaking halaga ang kanilang nakukuha mula sa kanyang panggagaway, at ngayon ang pag-asang ito ay naglaho. Nadaig ang layunin ni Satanas; subalit si Pablo at Silas ay hinuli ng kanilang mga lingkod, at dinala sila sa pamilihan, sa mga pinuno, at sa mga mahistrado, na sinasabi; Ang mga lalaking ito na mga Hudyo ay gumagawa ng napakalaking gulo sa ating ciudad. At ang malaking bilang ng mga tao ay sama-samang nagsitindig laban sa kanila, at pinunit ng mga mahistrado ang kanilang mga damit at ipinag-uutos na pagpapaluin sila. At nang kanilang malagyan sila ng maraming mga latay, inilagay nila sila sa bilangguan, na ibinilin sa nagbantay sa bilangguan na ingatan silang mabuti, na sa pagkatanggap ng ganong bilin, ay inilagay sila sa kaloob-loobang selda at ang kanilang mga paa ay ipiniit sa mga pangawan. Subalit sila ay sinamahan ng mga anghel ng Diyos sa loob ng bilangguan. Ang kanilang pagkabilanggo ay nagpahayag ng kaluwalhatian ng Diyos, at nagpakita sa mga tao na ang Diyos ay nasa gawain, kasama ng kanyang piniling mga lingkod, na ang mga pader ng bilangguan ay ma-aaring mayanig, at ang mga bakal na mga rehas ay madali niyang mabubuksan.

Nang maghating-gabi si Pablo at Silas ay nanalangin, at umawit ng mga papuri sa Diyos, at biglang nagkaroon ng malakas na lindol, kung kaya ang mga pundasyon ng bilangguan ay nayanig; at nakita ko na kaagad kinalag ng anghel ng Diyos ang mga nakakapiit sa bawat isa. Ang nagbantay sa bilangguan ay nagising at kinabahan ng kanyang makita na ang mga pinto ng bilangguan ay nakabukas. Inakala niya na ang mga bilanggo ay nakatakas na, at siya ay kinakailangang maparusahan ng kamatayan. Nang halos papatayin na niya ang kanyang sarili, si Pablo ay sumigaw ng may malakas na tinig na sinasabi, Huwag mong saktan ang iyong sarili, kaming lahat ay narito. Ang kapangyarihan ng Diyos ay kumilos sa tagabantay. Nagpatawag siya ng ilaw, at biglang pumasok, at

lumapit na nanginginig, at nagpatirapa sa harap ni Pablo at Silas, at inilabas sila at nagsabi, mga ginoo, Ano ang dapat kong gawin upang maligtas? At kanilang sinabi, Sumampalataya ka sa Panginoong Jesu-Cristo, at maliligtas ka at ang iyong sambahayan. At tinipon ng bantay ang kanyang sambahayan, at ipinangaral ni Pablo sa kanila si Jesus. Ang puso ng bantay ay sumanib sa mga kapatid na iyon, at kanyang hinugasan ang kanilang mga latay, at siya, at ang kanyang sambahayan ay nabautismuhan ng gabing yon. At kanya silang hinainan ng pagkain, at nagalak, na sumampalataya sa Diyos, kasama ang kanyang buong sambahayan.

Ang kahanga-hangang balita tungkol sa maluwalhating kapangyarihan ng Diyos na nahayag sa pagbubukas ng mga pintuan ng bilangguan, at sa pagkahikayat at pagkabinyag sa bantay at sa kanyang sambahayan. Narinig ng mga pinuno ang mga bagay na ito, at sila'y natakot, at nagpasugo sa bantay na pinakiki-usapan siyang palayain si Pablo at Silas. Subalit ayaw ni Pablo na umalis sa bilangguan sa lihim na paraan. Sinabi niya sa kanila, hayagang pinalo nila kami na hindi nahatulan, bagaman mga lalaking Romano, at inilagay kami sa bilangguan; at ngayon lihim nila kaming palalabasin? Hindi maaari, kailangan sila ang pumarito at kami ay sunduin sa aming paglabas. Hindi gusto ni Pablo at Silas na ang pagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos ay maikubli. Sinabi ng mga sarhento ang mga salitang ito sa mga mahistrado; at sila'y natakot nang kanilang malaman na sila ay mga Romano. At sila ay dumating at humingi ng paumanhin sa kanila, at inilabas sila, at ninais na sila'y lumabas mula sa ciudad.

Tingnan ang Mga Gawa kapitulo 14 at 16.

KABANATA 16

Dinalaw ni Pablo ang Jerusalem

Sa maikling panahon matapos ang pagkahikayat kay Pablo siya ay dumalaw sa Jerusalem, at ipinangaral si Jesus, at ang kagandahan ng Kanyang biyaya. Isinaysay niya ang kanyang mahiwagang pagkahikayat, na nagpagalit sa mga pari, at mga pinuno, at tinangka nilang kitilin ang kanyang buhay. Subalit upang ang kanyang buhay ay maligtas, si Jesus ay muling nagpakita sa kanya sa pangitain samantalang siya ay nananalangin, na sinaabi sa kanya, Lumabas kang madali sa Jerusalem; sapagkat hindi nila tinatanggap ang iyong patotoo tungkol sa akin. Si Pablo ay taimtim na nakiusap kay Jesus, Panginoon, alam nila na aking ibinibilanggo at hinahampas ang sumasampalataya sa iyo sa bawat sinagoga. At nang ang dugo ng martir na Esteban ay nabuhos, ako ay nakatayo sa tabi noon na sumasang-ayon sa kanyang kamatayan, at iningatan ang damit noong mga nagsipatay sa kanila. Inakala ni Pablo na hindi matatanggihan ng mga Hudyo sa Jerusalem ang kanyang patotoo; na kanilang kikilalanin na ang malaking pagbabago na naganap sa kanya ay naganap lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Subalit sinabi sa kanya ni Jesus, Umalis ka, sapagkat susuguin kita sa malayo sa mga Hentil.

Samantalang si Pablo ay wala sa Jerusalem, siya'y sumulat ng maraming liham

tungo sa maraming mga lugar, isinasaysay ang kanyang karanasan, at naghatid ng makapangyarihang patotoo. Subalit ang ilan ay nagsikap na sirain ang impluwensiya ng mga liham na iyon. Kinakailangan nilang tanggapin na ang kanyang mga liham ay may timbang at makapangyarihan; subalit ipinahayag ang kanyang pisikal na presensiya ay mahina, at ang kanyang pananalita ay kasinungalingan.

Nakita ko na si Pablo ay isang lalaki na mataas ang pinag-aralan, at ang kanyang karunungan at mga paraan ay kinagigiliwan ng kanyang mga tagapakinig. Ang mga may pinag-aralang tao ay nalugod sa kanyang katalinuhan, at marami sa kanila ang sumampalataya kay Jesus. Kapag nasa harap ng mga hari at malalaking kapulungan, siya ay nagbibigay ng mahusay na pananalita na ang lahat ay mapapayukod sa harap niya. Ito ay lubhang nagpagalit sa mga pari at mga matanda. Si Pablo ay kaagad na nakapapangatwiran, at nakapagpapailanlang, at naisasama ang mga tao sa kanya sa pinakamatayog na kaantasan ng pag-iisip, at naiharap upang makita ang malalim na mga kayamanan ng biyaya ng Diyos, at inihahayag sa kanila ang kahangahangang pag-ibig ni Cristo. At sa pinakasimpleng paraan siya ay bumababa sa pang-unawa ng pangkaraniwang tao, at sa pinakamakapangyarihang paraan isinasaysay ang kanyang karanasan, na nananawagan sa kanila upang magkaroon ng malalim na pagnanasa upang maging mga alagad ni Cristo.

Inihayag ng Panginoon kay Pablo na kinakailangan muling bumalik siya sa Jerusalem; upang doon siya ay maigapos at maghirap para sa kanyang pangalan. At bagaman siya ay isang bilanggo sa loob ng mahabang panahon, gayon pa man ay isinasakatuparan ng Panginoon ang kanyang natatanging gawain sa pamamagitan niya. Ang mga tali ni Pablo ang magsisilbing paraan upang maikalat ang pagkakilala kay Cristo, at sa gayon ay maluluwalhati ang Diyos. Samantalang siya ay dinala sa mga ciudad na pinaglilitisan sa kanya, ang patotoo tungkol kay Jesus, at ang mga kahanga-hangang pangyayari sa pagkahikayat sa kanya ay naisasaysay sa mga hari at mga gobernador, upang sila ay hindi mawaglit na walang patotoo tungkol kay Jesus. Libo-libo ang naniwala sa kanya at nagalak sa kanyang pangalan. Nakita ko na ang natatanging layunin ng Diyos ay naganap sa paglalakbay ni Pablo sa dagat, upang masaksihan ng mga tripolante ng barko ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Pablo, at upang maging ang mga hindi nakakakilala sa Diyos ay makarinig sa pangalan ni Jesus, at marami ang mahikayat sa kanyang pangangaral, at sa pamamagitan ng pagsaksi sa mga himala na kanyang ginawa. Ang mga hari at mga gobernador ay naakit sa kanyang pangangatwiran, at samantalang taglay ang kasigasigan at kapangyarihan ng Banal na Espiritu, kanyang ipinangangaral si Jesus, at isinasaysay ang kapana-panabik na mga pangyayari sa kanyang karanasan, sila ay nagkaroon ng pagkabatid na si Jesus ang Anak ng Diyos; at samantalang ang iba ay namamangha sa pakikinig kay Pablo, may isang sumigaw, Halos nakumbinse mo na ako'y maging Kristiyano. Ganon pa man kanilang inisip sa panahong darating ay kanilang pag-uukulan ng pansin ang kanilang narinig. Sinamantala ni Satanas ang pagka-antala, at sa kanilang pagpapalampas sa pagkakataong iyon na ang kanilang puso ay malambot, iyon ay naging pangwalang hangan na. Ang kanilang puso ay naging matigas.

Ipinakita sa akin ang gawain ni Satanas sa una ay ang pagbulag sa mata ng mga Hudyo upang huwag nilang tanggapin si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas; sunod ay ang

pag-akay sa kanila, sa inggit dahil sa makapangyarihan niyang mga gawa, upang naising makitil ang kanyang buhay. Si Satanas ay pumasok sa isa sa mga tagasunod ni Jesus, at inakay siya hanggang sa kanyang ipagkanulo niya si Jesus sa kanilang mga kamay, at kanilang ipinako sa krus ang panginoon ng buhay at kaluwalhatian. Nang si Jesus ay makabangon mula sa patay, ang mga Hudyo ay nagdagdag ng kasalanan sa kasalanan samantalang kanilang sinisikap na ikubli ang katotohanan ng pagkabuhay, sa pamamagitan ng pagbabayad sa mga Romanong bantay upang magsabi ng kasinungalingan. Subalit ang pagkabuhay ni Jesus ay lubos na malakas at tiniyak sa pamamagitan ng pagbuhay ng maraming mga tagapagpatotoo na nabuhay na kasama Niya. Si Jesus ay nagpakita sa kanyang mga alagad, at sa mahigit limang-daan sa isang kapanahunan, samantalang yaong mga binuhay Niya na kasama Niya ay nagpakita sa marami at ipinahayag na si Jesus ay nabuhay.

Sinikap ni Satanas na ang mga Hudyo ay magrebelde laban sa Diyos, sa pamamagitan ng pagtanggì sa Kanyang Anak, at sa pamamagitan ng pagdungis sa kanilang mga kamay sa pinakamahalagang dugo sa pagkakapako sa Kanya sa krus. Gaano mang kapangyarihan ang ibinigay na katibayan na si Jesus ang Anak ng Diyos, ang Tagapagtubos ng Sanlibutan; Siya ay kanilang pinatay, at hindi sila makatanggap ng anumang katibayan mula sa pumapanig sa Kanya. Ang kanila lamang natatanging pag-asa at pampalubag-loob, tulad ni Satanas makalipas ang pagkahulog, ay ang pagsisikap na makapanaig laban sa Anak ng Diyos. Kanilang ipinagpatuloy ang kanilang paghihimagsik sa pamamagitan ng pag-usig sa mga alagad ni Cristo, at pagpatay sa kanila. Wala nang mas nakakarindi pa sa kanilang pandinig kaysa pangalan ni Jesus na kanilang ipinako sa krus; at sila ay determinado na hindi makikinig sa anumang katibayan na papanig sa Kanya. Tulad sa karanasan ni Esteban, samantalang ipinapahayag ng Banal na Espiritu sa pamamagitan niya ang makapangyarihang katibayan ng Kanyang pagiging Anak ng Diyos, kanilang tinakpan ang kanilang tainga baka sila makumbinse. At samantalang si Esteban ay nababalot ng kaluwalhatian ng Diyos, siya ay kanilang binato hanggang mamatay. Mahigpit na ang pagkakahawak ni Satanas sa mga pumatay kay Jesus. Sa pamamagitan ng masasamang mga gawa kanilang isinuko ang kanilang mga sarili bilang kanyang mga kampon, at sa pamamagitan nila siya ay gumagawa upang guluhin at inisin ang mga sumasampalataya kay Cristo. Siya ay gumawa sa pamamagitan ng mga Hudyo upang paalsahin ang mga Hentil laban sa pangalan ni Jesus, at laban sa mga sumusunod sa Kanya, at naniniwala sa Kanyang pangalan. Subalit sinugo ng Diyos ang Kanyang mga anghel upang palakasin ang mga alagad sa kanilang gawain, upang sila ay makapagpatotoo sa mga bagay na kanilang nakita at narinig, at huli sa lahat sa kanilang katatagan, ay matatakan ang kanilang patotoo kasama ang kanilang dugo.

Si Satanas ay nagalak nang ang mga Hudyo ay nailigpit na niya sa kanyang bitag. Kanila pa ring ipinagpatuloy ang mga walang kabuluhang mga anyo, mga pagsasakripisyo at mga ordinansa. Samantalang si Jesus ay nakabitin sa krus at sumigaw, *Natapos na*, ang kurtina ng templo ay nahati sa dalawa, mula sa itaas hanggang sa ibaba, upang ipahayag na ang Diyos ay hindi na makikipagtagpo sa mga pari sa templo, upang tanggapin ang kanilang mga sakripisyo at mga ordinansa; at upang ipakita na ang tabing sa

pagitan ng mga Hentil at ng mga Hudyo ay naalis na. Si Jesus ay nakapagbigay na ng handog ng Kanyang sarili para sa mga Hudyo at mga Hentil, at kung maliligtas ngang talaga, kinakailangang kapwa sila maniwala kay Jesus bilang natatanging alay para sa kasalanan, at Tagapagligtas ng sanlibutan.

Samantalang si Jesus ay nakabayubay sa krus, nang Siya ay tinusok ng sibat ng sundalo sa Kanyang tagiliran, mayroong lubas na dugo at tubig, sa dalawang hayag na pagdaloy, isa ay dugo, ang isa ay malinaw na tubig. Ang dugo ay upang mahugasan ang mga kasalanan nang mga sumasampalataya sa Kanyang pangalan. Ang tubig ay kumakatawan sa tubig ng buhay na makakamtan lamang mula kay Jesus upang magbigay ng buhay sa mananampalataya.

Tingnan ang Mateo 27:51; Juan 19:34; Mga Gawa kap. 24 at 26.

KABANATA 17

Ang Malakihang Pagtalikod

Ako ay dinala sa panahon na ang mga hindi kumikilala sa Diyos ay malupit na inuusig ang mga Kristiyano, at pinapatay sila. Ang dugo ay dumaloy sa malakas na pag-agos. Ang mga marangal, ang mga may pinag-aralan, ang mga pangkaraniwang tao ay pareparehong pinapapatay na walang habag. Mayayamang mga sambahayan ay namulubi dahil hindi nila isinuko ang kanilang relihiyon. Sa kabila ng mga pag-usig at paghihirap na tiniis ng mga kristiyano, hindi nila ibinaba ang pamantayan. Iningatan nilang dalisay ang kanilang relihiyon. Nakita ko na si Satanas ay nagalak at nagdiwang sa pagtatagumpay dahil sa paghihirap ng bayan ng Diyos. Subalit ang Diyos ay tumingin na may malaking paghanga sa Kanyang mga tapat na martir, at ang mga kristiyano na namuhay noong mga kilabot na mga panahong iyon ay mahal na mahal Niya; sapagkat sila ay handa upang magdusa alang-alang sa Kanya. Ang bawat paghihirap na tiniis nila ay nagpadagdag sa kanilang gantimpala sa langit. Subalit bagaman si Satanas ay nagalak sapagkat ang mga banal ay nagdusa, si Satanas gayon pa man ay hindi nasiyahan. Gusto niyang magkaroon ng kontrol sa pag-iisip gayon din sa katawan. Ang mga paghihirap na tiniis ng mga kristiyanong iyon ay nagtulak sa kanila upang lalo pang maging malapit sa Panginoon, at inakay sila upang ibigin ang isa't-isa, at ginawaran sila ng takot ng higit sa lahat na Siya ay hindi mabigyan ng kaluguran. Ibig ni Satanas na sila ay maakay upang hindi sila kaluguran ng Diyos; at kung magkagayon ay mawawalan sila ng pagiging malakas, matuwid, at matibay. Bagaman libo-libo na ang napatay, gayon pa man ay bumangon ang iba upang pumalit sa kanilang lugar. Nakita ni Satanas na nawawala sa kanya ang kanyang mga kampon, at bagaman kanilang pinagdudusahan ang pag-uusig at pagkamatay, gayon pa man sila ay naging ligtas kay

Cristo, upang maging mga kaanib ng kanyang kaharian, at kanyang inihanda ang kanyang mga panukala upang lalo pang maging matagumpay sa paglaban sa kaharian ng Diyos, at maibagsak ang iglesya. Inakay niya ang mga mapagsambang ito sa mga diyos-diyosan upang yakapin ang isang bahagi ng pananampalataya ng mga kristiyano. Sila ay nagpanggap na naniniwala sa pagkapako sa krus at sa pagkabuhay muli ni Jesus, na hindi nababago ang puso, at nag-alok na makikiisa sa mga tagasunod ni Jesus. Oh ang nakakatakot na panganib ng iglesya! Iyon ay panahon ng paghihirap ng isip. Ang iba ay nag-aakala na kung sila ay bababa upang makiisa sa mga mapagsambang iyon sa mga diyos-diyosan na yumakap sa ilang bahagi ng pananampalataya ng kristiyano, iyon ay magsisilbing daan upang sila ay mahikayat. Sinisikap ni Satanas na sirain ang mga doktrina sa Kasulatan. Sa huli ay nakita kong ang pamantayan ay bumaba, at ang mga hindi kumikilala sa Diyos ay nakiisa sa mga kristiyano. Sila ay dating sumasamba sa mga diyos-diyosan, at bagaman sila ay nag-aangkin na mga kristiyano, isinama nila sa kanila ang kanilang pagsamba sa mga diyos-diyosan. Pinalitan lang nila ang mga obheto ng kanilang pagsamba, ng mga larawan ng mga santo, at maging ng larawan ni Cristo, at ni Maria na ina ni Jesus. Ang mga kristiyano ay unti-unting nakiisa sa kanila, ang relihiyong kristiyano ay nadungisan, at nawala sa iglesya ang kadalisan at kapangyarihan. Ang iba ay tumanggap makiisa sa kanila at kanilang naingatan ang kanilang kadalisan, at ang Diyos lamang ang kanilang sinamba. Hindi sila yuyukod sa anomang larawan ng anumang bagay na nasa mga langit sa itaas o sa ilalim ng lupa.

Si Satanas ay nagalak sa pagkahulog ng marami; at kanyang inudyukan ang nahulog na iglesya upang pilitin yaong mga nag-iingat sa kadalisan ng kanilang relihiyon, na makiisa sa kanilang mga seremonya at pagsamba sa mga rebulto at kung hindi ay ipapapatay sila. Ang apoy ng pag-uusig ay muling sumiklab laban sa tunay na iglesya ni Jesu-Cristo, at milyon-milyon ang napatay na walang awa.

Iyon ay inihayag sa akin sa ganitong paraan: Isang malaking grupo ng mga hindi kumikilala sa Diyos ang may dalang itim na bandera na naroon ang anyo ng araw, buwan at mga bituin. Ang grupo ay mukhang matapang at galit na galit. At ipinakita sa akin ang isa pang grupo na may dalang dalisay na puting bandera, at doon ay nakasulat Kadalisan, at Kabanalan sa Panginoon. Ang kanilang hitsura ay may bakas ng katatagan at makalangit na pagpapasakop. Nakita ko na sila ay nilapitan ng mga mapagsamba sa diyos-diyosan, at nagkaroon ng maramihang pagpatay. Ang mga kristiyano ay nangamatay sa harap nila; gayon pa man ang mga kristiyano ay lalo pang nagkalakip, at mas matatag na itinaas ang bandera. Samantalang marami ang nabubuwal, ang iba naman ay sumasanib sa palibot ng bandera at sinakop ang kanilang mga lugar.

Nakita ko ang grupo ng mga pagano na nagsanggunian sa isa't-isa. Nabigo sila sa pagpapasuko sa mga kristiyano, at sila ay nagkaisa sa ibang panukala. Nakita ko ng ibinaba nila ang kanilang bandera, at kanilang nilapitan ang matatag na grupo ng mga kristiyano, at nagbigay ng mga mungkahi sa kanila. Sa simula ay lubusang tinanggihan ang kanilang mga iniaalok. At nakita ko na ang grupo ng mga kristiyano ay sama-samang nagsanggunian. Ang iba ay nagsabing ibaba ang bandera, at tanggapin ang kanilang mga iniaalok, at iligtas ang kanilang buhay, at sa wakas sila ay magkakaroon ng lakas upang

itaas ang bandera sa mga hindi kumikilala sa Diyos. Subalit ang iba ay hindi sumasangayon sa panukalang ito, sa halip ay matatag na pinili ang mamatay na itinataas ang kanilang bandera, at marami ang napatay; gayon pa man ang puting bandera ay naitaas, at marami ang bumangon upang sumama sa palibot noon.

Ang mga Hudyo na unang nagsimula sa pagpapagalit sa mga pagano laban kay Jesus, ay hindi maaaring makatakas. Doon sa bulwagan ng paghuhukom ang galit na galit na mga Hudyo ay sumigaw, samantalang si Pilato ay nag-aatubili na ipapatay si Jesus, Ang Kanyang dugo ay mapasa amin at sa aming mga anak. Naranasan ng lahi ng mga Hudyo ang katuparan ng kilabot na sumpang ito na kanilang hiniling na mapasa kanilang mga ulo. Ang mga pagano at yaong mga tinatawag na mga kristiyano ay kapwa mga kaaway nila. Yaong mga nag-aangking mga kristiyano, sa kanilang kasigasigan para sa krus ni Cristo, sapagkat ang mga Hudyo ang nagpapakoy kay Jesus, inisip nila na kapag mas maraming pahirap ang kanilang maipataw sa kanila, ay mas makakapagbigay-lugod sila sa Diyos; at marami sa mga hindi sumasampalatayang mga Hudyo ay napatay, samantalang ang iba naman ay itinaboy mula sa iba't ibang dako, at pinarusahan sa bawat kaparaanan.

Ang dugo ni Cristo, at ng mga alagad, na kanilang ipinapatay, ay sumakanila, at sila ay dinalaw ng kilabot na mga hatol. Ang sumpa ng Diyos ay sumunod sa kanila, at sila'y naging sambitin at kahihyan sa mga pagano at mga kristiyano. Sila'y itinakwil, minaliit, at kinamuhian, na tila ang sumpa kay Cain ay napasa kanila. Gayon pa man ay nakita ko na sa kahangahangang paraan ay iningatan ng Diyos ang bayang ito, at sila ay pinangalat sa buong mundo, upang sila'y tingnan bilang bukod tangi ay dinalaw ng sumpa mula sa Diyos. Nakita ko na sila ay itinakwil ng Diyos bilang isang bansa; gayon pa man ay mayroon sa kanila na may kakayahang sirain ang tabing mula sa kanilang puso. Ang iba ay magkakaroon pa rin ng pagkakataong makita na ang propesiya tungkol sa kanila ay natupad, at kanilang tatanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas ng sanlibutan, at makikita ang malaking kasalanan ng kanilang bansa sa pagtakwil kay Jesus, at pagpako sa kanya sa krus. Marami sa mga Hudyo ay mahihikayat; subalit bilang isang bansa ay habang panahon nang itinakwil ng Diyos.

KABANATA 18

Ang Hiwaga ng Kasamaan

Matagal nang panukala ni Satanas ang pag-akit sa isip ng mga tao mula kay Jesus tungo sa tao, at upang sirain ang indibidwal na kapanagutan. Si Satanas ay nabigo sa kanyang panukala nang kanyang tuksuhin and Anak ng Diyos. Higit siyang nagtagumpay sa kanyang paglapit sa nahulog na tao. Ang doktrina ng kristiyanismo ay dinungisan. Mga

papa at mga pari ay nag-angkin ng mataas na posisyon, at tinuruan ang mga tao upang tumingin sa kanila upang patawarin ang kanilang mga kasalanan, upang itago ang katotohanan na hahatol sa kanila.

Ang mga tao ay lubusang nalinlang. Itinuro sa kanila na ang mga papa at mga pari ay mga kinatawan ni Cristo, samantalang ang totoo sila ay mga kinatawan ni Satanas; at samantalang sila'y yumuyukod sa kanila, sinasamba nila si Satanas. Hinihiling ng mga tao ang Biblia; subalit iniisip ng mga pari na mapanganib na payagan sila na magkaroon ng Salita ng Diyos upang mabasa para sa kanilang sarili, baka sila maliwanagan, at ang kanilang mga kasalanan ay mahayag. Ang mga tao ay tinuruan upang tumingin sa mga manlolokong ito, at tanggapin ang bawa't salita mula sa kanila, na waring galing sa bibig ng Diyos. Hawak nila ang kapangyarihang iyon sa isip, na dapat ay ang Diyos lamang ang humahawak. At kung sinoman ay magtatangkang sumunod sa sarili niyang paniniwala, ang gayon ding galit ni Satanas at ng mga Hudio kay Jesus ay mag-aalab laban sa kanila, at sila ay papatayin ng mga may kapangyarihan. Pinakitahan ako ng panahon kung kailan si Satanas ay lubhang nagtumpay. Maraming mga kristiyano ang napatay sa kakila-kilabot na paraan dahil sa kanilang iningatan ang kadalisayan ng kanilang relihiyon.

And Biblia ay kinamuhian, at nagkaroon ng mga pagsisikap upang alisin sa daigdig ang mahalagang Salita ng Diyos. Ipinagbawal ang pagbasa sa Biblia at ang parusa ay kamatayan, at lahat ng masumpungang kopya ng Banal na Aklat ay sinusunog. Subalit nakita ko na ang Panginoon ay may natatanging pangangalaga para sa Kanyang Salita. Iningatan Niya iyon. Sa magkakaibang mga pagkakataon ay may natitira na lamang na kaunting kopya ng Biblia, subalit hindi ipinahintulot ng Diyos na ang Kanyang Salita ay mawala. At sa mga huling araw, ang mga kopya ng Biblia ay pararamihin ng gayon na lamang upang ang bawat pamilya ay maaaring magkaroon. Nakita ko na noong kakaunti pa lamang ang kopya ng Biblia, iyon ay naging mutya at nakakaaliw sa inuusig na mga tagasunod ni Jesus. Iyon ay binabasa sa pinakalihim na paraan, at yaong mayroon ng ganitong matayog na karapatan ay nakadama na sila ay nagkaroon ng pakikipagusap sa Diyos, sa Kanyang Anak na si Jesus, at sa Kanyang mga alagad. Subalit ang mapalad na karapatang ito ay naging dahilan ng pagkamatay ng marami sa kanila. Kung sila ay mahuli, sila ay kinukuha mula sa pagbasa ng Biblia at dinadala sa pugutan, sa bitayan, o kaya ay sa yungib upang doon ay mamatay sa gutom.

Hindi ni Satanas mahadlangan ang panukala ng kaligtasan. Si Jesus ay ipinako sa krus, at bumangon muli nang ikatlong araw. Sinabi niya sa kanyang mga anghel na gagamitin niya maging ang pagkapako sa krus at ang pagkabuhay muli upang makapagsaysay para sa kanilang panig. Payag siya na yaong mag-aangkin ng pananampalataya kay Jesus ay maniwala na ang mga kautusan tungkol sa mga pagsasakripisyo ng mga Hudio at mga handog ay natigil na sa pagkamatay ni Jesus, kung maitutulak pa niya sila palayo, at mapaniwala sila na ang kautusan ng sampung utos ay namatay din na kasama ni Cristo.

Nakita ko na kaagad marami ang nagpadala sa pakanang ito ni Satanas. Ang buong langit ay nakilos sa galit, samantalang nakikita nila na ang banal na kautusan ng Diyos ay niyuyurakan. Si Jesus at ang hukbo ng langit ay nakabatid sa likas ng kautusan ng

Diyos; Alam nila na hindi Niya iyon babaguhin o aalisin. Ang kawalang pag-asa ng kalagayan ng tao ay naging dahilan ng pinakamalalim na pagkalungkot sa langit, at kumilos upang magkaloob si Jesus ng pagkamatay para sa mga sumasalansang sa banal na kautusan ng Diyos. Kung ang kautusan ay maaaring mapawi, sana ay maaaring mailigtas ang tao kahit na wala ang kamatayan ni Jesus. Hindi sinira ng pagkamatay ni Jesus ang kautusan ng Kanyang Ama; sa halip ay dinakila at pinarangalan iyon, at pinagtibay ang pagsunod sa lahat ng banal na ipinaguutos doon. Kung ang iglesya lamang ay nanatiling dalisay at matatag, hindi sana sila naloko ni Satanas upang akayin sa pagyurak sa kautusan ng Diyos. Sa lantarang panukalang ito, si Satanas ay tuwirang humampas laban sa pundasyon ng pamamahala ng Diyos sa langit at sa lupa. Ang kanyang paghihimagsik ay dahilan ng kanyang pagkapatalsik mula sa langit. Nang siya'y makapaghimagsik, upang mailigtas ang kanyang sarili, na nais niyang baguhin ng Diyos ang Kanyang kautusan; subalit sinabi ng Diyos kay Satanas, sa harap ng buong hukbo ng langit, na ang Kanyang kautusan ay hindi maaaring baguhin. Alam ni Satanas na kung mapasusunod niya ang iba sa paglabag sa kautusan ng Diyos siya ay nakatitiyak na sa kanila; sapagkat ang bawat sumasalansang sa Kanyang kautusan ay kinakailangang mamatay.

Si Satanas ay humayong papalayo. Sinabi niya sa kanyang mga anghel na ang iba ay magiging matapat sa kautusan ng Diyos kung kaya hindi nila sila mahuhuli sa kanilang bitag; ang sampung utos ay malinaw at marami ang maniniwala na iyon ay dapat pa ring sundin; kaya kinakailangang sikapin nila na sirain ang ikaapat na utos na nagpapahayag sa buhay na Diyos. Inakay niya ang kanyang mga kinatawan upang magtangka na baguhin ang Sabbath, at baguhin ang kaisa-isang utos sa sampu na nagpapahayag sa tunay na Diyos, na lumikha ng mga langit at ng lupa. Ipinakita sa kanila ni Satanas ang maluwalhating pagkabuhay ni Jesus, at sinabi sa kanila na sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay sa unang araw ng sanlinggo, binago Niya ang Sabbath mula sa ikapito tungo sa unang araw ng sanlinggo. Sa gayong paraan ay ginamit ni Satanas ang pagkabuhay upang paglingkuran ang kanyang layunin. Siya at ang kanyang mga anghel ay nagalak sapagkat ang mga kamalian na kanilang inihanda ay naging mabisa sa mga nag-aangking mga kaibigan ni Cristo. Ang makikita ng iba na ikamumuhi ng relihiyon, ay tatanggapin naman ng iba. Ang iba't ibang mga kamalian ay tatanggapin at ipagtatanggol na may kasigasigan. Ang kalooban ng Diyos na malinaw na inihahayag sa kanyang salita ay napagtakpan ng kamalian at ng tradisyon, na itinuro bilang kautusan ng Diyos. Subalit bagaman ang mapangahas laban sa langit na panlilinlang na ito ay pahihintulutang maipagpatuloy hanggang sa ikalawang pagdating ni Jesus, gayon pa man sa lahat ng mga panahong ito ng kamalian at panlilinlang, ang Diyos ay hindi naiwan na walang tagapagpatotoo. Mayroon palaging tunay at tapat na mga tagapagpatotoo na nag-iingat ng lahat ng kautusan sa kabila ng kadiliman at pag-uusig sa iglesya.

Nakita ko na ang mga anghel ay napuno ng pagkamangha samantalang kanilang nakikita ang mga paghihirap at pagkamatay ng Hari ng kaluwalhatian. Subalit nakita ko na hindi ipinagtaka ng mga anghel na ang Panginoon ng buhay at kaluwalhatian, na pumuno sa buong langit ng kagalakan at karilagan, ay makalaya sa mga pambigkis ng kamatayan, at lumakad palabas mula sa kanyang kulungan na isang matagumpay na manlulupig. At kung

alin man sa mga pangyayaring ito ay kinakailangang gunitain sa pamamagitan ng isang araw ng kapahingahan, iyon ay ang pagpako sa krus. Subalit nakita ko na alin man sa mga pangyayaring iyon ay hindi inihanda upang baguhin o alisin ang kautusan ng Diyos; sa halip ay nagbibigay ang mga iyon ng pinakamatibay na katibayan ng pagiging matatag ng kautusan.

Kapwa ang dalawang mahalagang mga pangyayaring ito ay mayroong mga pang-alala. Sa pamamagitan ng pakikibahagi sa hapunan ng Panginoon, sa pinipirasong mga tinapay at sa ubas, ay ipinahahayag natin ang pagkamatay ni Jesus hanggang sa Siya ay dumating. Sa pamamagitan ng pagsasagawa sa alalang ito, ang mga tagpo sa Kanyang paghihirap at pagkamatay ay sinasariwa sa ating mga isip. Ang pagkabuhay ni Jesus ay inaalala sa pamamagitan ng ating pagkalibing na kasama Niya sa bautismo, at pagbangon mula sa libingang tubig tulad ng Kanyang pagkabuhay, upang mamuhay ng bagong buhay.

Ipinakita sa akin na ang kautusan ng Diyos ay mananatiling matatag hanggang sa walang hanggan, at mananatili sa bagong lupa sa walang hanggan. Sa paglalang, noong ang mga pundasyon ng lupa ay inilatag, ang mga anak ng Diyos ay tumingin na may paghanga sa gawa ng Manlalang, at ang buong hukbo ng langit ay sumigaw sa kagalakan. Noon din ang pundasyon ng Sabbath ay inilatag. Pagkatapos ng anim na araw ng paglalang, sa ika-pitong araw ay nagpahinga ang Diyos mula sa lahat ng mga gawa na kanyang ginawa; at Kanyang binasbasan ang ika-pitong araw at ginawa iyong banal; at nakita ko na ang Sabbath ay hindi kailan man aalisin; sa halip iyon ay ipangingilin ng mga tinubos na mga banal, at ng buong hukbo ng mga anghel bilang parangal sa dakilang Manlalang hanggang sa walang hanggan.

Tingnan ang Daniel kapitulo 7; 2 Tesalonica kapitulo 2.

KABANATA 19

Kamatayan, Hindi Walang Hanggang Buhay sa

Kahirapan

Sinimulan ni Satanas ang kanyang panlilinlang sa Eden. Sinabi niya kay Eva, Tiyak na hindi kayo mamatay. Ito ang unang aral ni Satanas tungkol sa pagiging immortal ng kaluluwa; at kanyang ipinagpatuloy ang panlilinlang na ito mula pa noon hanggang sa kasalukuyan, at iyon ay ipagpapatuloy hanggang sa mapihit ang pagkabihag sa mga anak ng

Diyos. Itinuro sa akin si Adan at si Eva sa halamanan ng Eden. Sila ay kumain sa ipinagbabawal na punong-kahoy, at nag-aapoy na tabak ay inilagay sa palibot ng punong-kahoy ng buhay, at sila ay pinaalis mula sa Halamanan, baka sila makakain sa punong kahoy ng buhay, at sila ay maging mga makasalanan sa walang hanggang kamatayan. Ang punong-kahoy ng buhay ang magpapasulong ng imortalidad. Mayroon akong narinig na isang anghel na nagtanong, sino sa sambahayan ni Adan ang nakalampas sa nag-aapoy na tabak, at nakakain mula sa punong-kahoy ng buhay? Narinig ko na may isa pang anghel na sumagot, Walang sinuman sa sambahayan ni Adan ang nakalampas sa nag-aapoy na tabak at nakakain mula sa punong-kahoy ng buhay; kayat wala pang makasalanan na hindi mamatay. Ang kaluluwang nagkasala ay mamamatay ng isang pang walang hanggang kamatayan; isang kamatayan na pangwalang hanggan, at walang pag-asa na pagkabuhay muli, at kung magkagayon ay mapapawi ang galit ng Diyos.

Aking ipinagtataka na si Satanas ay nagtagumpay ng husto sa pagpapaniwala sa mga tao na ang sinalita ng Diyos na Ang kaluluwang nagkasala ay mamatay, ay nangangahulugang, ang kaluluwa na nagkasala ay hindi mamamatay, sa halip ay mabubuhay sa walang hanggang paghihirap. Sabi ng anghel, ang Buhay ay buhay, iyon man ay maging masakit o masaya. Ang patay ay walang kasakit, walang kasiyahan, walang galit.

Sinabihan ni Satanas ang kanyang mga anghel na magkaroon ng natatanging pagsisikap upang maikalat ang panlilinlang at kasinungalingan na unang binanggit kay Eva sa Eden, Tunay na hindi ka mamamatay.

At samantalang ang kamalian ay tinatanggap ng mga tao, at sila ay maniwala na ang tao ay walang kamatayan, sila ay inakay pa ni Satanas na palayo upang maniwala na ang makasalanan ay mamumuhay sa walang hanggang paghihirap. At ang daan ay naihanda para kay Satanas upang siya ay makagawa sa pamamagitan ng kanyang mga kinatawan, at ihayag ang Diyos bilang isang malupit na pinuno sa kanyang bayan; na yong mga hindi nagbibigay lugod sa Kanya, ay ihahagis sa impiyerno, at lalo pang ipadadama sa kanila ang Kanyang galit at sila'y magdudusa ng di mabigkas na kahirapan, samantalang silay pinapanood Niya ng may kasiyahan, samantalang sila'y namimilipit sa matinding paghihirap sa walang hanggang mga apoy. Alam ni Satanas na kung ang kamaliang ito ay tatanggapin, ang Diyos ay kamumuhian at aayawan ng napakarami, sa halip na Siya ay ibigin at sambahin; at marami ang maaakay upang maniwala na ang mga babala ng Diyos ay hindi tunay na matutupad; sapagkat magiging labag sa kanyang karakter ng kabaitan at pag-ibig, ang itapon ang mga tao na kanyang nilikha sa walang hanggang paghihirap. Sila ay inakay ni Satanas sa kabilang panig ng pagkakamali, ang pagbaliwala sa paghuhukom ng Diyos, at sa mga babala sa Kanyang Salita, at ihayag Siya na pawang puro kahabagan, at walang sinumang mamamatay, sa halip ang lahat, kapwa matuwid at makasalanan, sa huli ay maliligtas sa kanyang kaharian. Bunga ng paglaganap ng kamalian tungkol sa pagkakaroon ng imortalidad ng kaluluwa, at di nagwawakas na paghihirap, sinasamantala ni Satanas ang isa pang grupo, at inakay sila upang isipin na ang Biblia ay isang aklat na hindi kinasihan. Iniisip nila na iyon ay nagtuturo ng maraming mabubuting mga bagay; subalit hindi nila iyon maaaring ibigin at pagtiwalaan; sapagkat itinuro sa kanila na iyon ay nagtuturo ng doktrina na walang hanggang paghihirap.

Isang uri pa ang sinamantala ni Satanas, at inakay palayo upang isipin na walang Diyos. Hindi sila makakita ng katiyakan sa karakter ng Diyos ng Bibliya, kung kanyang pahihirapan ang isang bahagi ng sangkatauhan sa walang hanggang kilabot na pagpaparusa; at kanilang tinatanggihan ang Biblia at ang may akda nito, at itinuturing ang kamatayan bilang isang walang hanggang pagtulog.

At inaakay ni Satanas ang isa pang uri na natatakot at nahihiya na gumawa ng kasalanan; at pagkatapos na sila ay magkasala, kaniyang itinataas sa kanila na ang kabayaran ng kasalanan ay hindi kamatayan, kundi walang hanggang buhay sa kilabot na pagpaparusa, na dapat tiisin hanggang sa walang hanggang mga kapanahunan. Sinasamantala ni Satanas ang pagkakataon, at pinalalaki sa kanilang mahihinang mga pag-iisip ang kakilabutan ng walang hanggang impiyerno, at pinangungunahan ang kanilang mga isip, at sila ay nawawalan ng bait. At si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagalak, at ang mga sumasalungat at di naniniwala sa Diyos ay nakikiisa sa pagkutya sa kristiyanismo. Itinuturing nila ang masasamang bunga ng kasinungalingang ito, na natural na bunga ng paniniwala sa Biblia at sa may Akda nito.

Nakita ko na ang hukbo ng langit ay napuno ng galit sa lantarang gawaing ito ni Satanas. Itinanong ko kung bakit ang ganitong pagkalinlang ay pinahintulutang makaapekto sa isip ng mga tao, samantalang ang mga anghel naman ng Diyos ay makapangyarihan, at kung susuriin ay madaling mawawasak ang kapangyarihan ng kaaway. At nakita ko na alam ng Diyos na sisikapin ni Satanas ang bawat kahusayan upang mapuksa ang tao; kaya pinapangyari Niya na maisulat ang Kanyang Salita, at ginawang malinaw ang Kanyang mga panukala upang ang pinakamahina ay hindi kinakailangang magkamali. At matapos na Kanyang maibigay ang Kanyang Salita sa tao, Kanya itong iningatan ng husto, upang si Satanas at ang kanyang mga anghel, sa pamamagitan ng anumang ahensiya o kinatawan, ay hindi iyon masira. Samantalang ang ibang mga aklat ay maaaring masira, ang Banal na aklat na ito ay magiging immortal. At hanggang sa pagtatapos ng panahon, kapag ang mga panlilinlang ni Satanas ay lumago, ang mga kopya ng aklat na ito ay pararamihin, upang ang sinumang magnanais ay maaaring magkaroon ng kopya ng inihayag na kalooban ng Diyos sa tao, at, kung kanilang nanaisin, maaari silang magkaroon ng sandata laban sa mga kahanga-hangang panlilinlang at mga kasinungalingan ni Satanas.

Nakita ko na bukod tanging iningatan ng Diyos ang Biblia, gayun pa man mayroong nakapag-aral na mga tao, noong ang mga kopya ay kakaunti, ang nagpalit sa mga salita sa ilang pagkakataon, iniisip na ginagawa nila iyong mas malinaw, upang iyon ay sumang-ayon sa mga naitatag na mga pananaw, na pinangungunahan ng tradisyon. Subalit nakita ko na ang salita ng Diyos sa kabuoan ay isang sakdal na tanikala, ang isang bahagi ng kasulatan ay nagpapaliwanag sa ibang bahagi. Ang tunay na mga nagsasaliksik ng katotohanan ay hindi dapat magkamali; sapagkat hindi lamang malinaw at simple ang pagpapahayag ng daan ng buhay, ang Banal na Espiritu ay ipinagkakaloob pa upang gumabay sa pag-unawa sa daan ng buhay na inihahayag sa Kanyang Salita.

Nakita ko na hindi kailan man pangungunahan ng mga anghel ng Diyos ang kalooban. Inilalagay ng Diyos sa harapan ng tao ang buhay at kamatayan. Maari siyang pumili. Marami ang nagnanais sa buhay subalit nagpapatuloy sa paglakad sa maluwang na

daan, sapagkat hindi pa nila pinipili ang buhay.

Nakita ko ang awa at kahabagan ng Diyos sa pagbibigay ng Kanyang Anak upang mamatay para sa nagkasalang tao. Yaong mga hindi pipiliin ang pagtanggap sa kaligtasan na mahal ang pagkatubos para sa kanila ay parurusahan. Mga kinapal na nilalang ng Diyos ay nagpasyang maghimagsik laban sa Kanyang pamahalaan; subalit nakita ko na hindi sila ikinulong ng Diyos sa impiyerno upang pagtiisan ang walang hanggang paghihirap. Hindi Niya sila madadala sa langit sapagkat kung dadalhin sila upang makasama ng mga dalisay at banal ay magiging dahilan upang sila ay maging ganap na miserable. Hindi sila dadalhin ng Diyos sa langit ni hindi rin sila papaghihirapin sa walang hanggan. Kanya silang lubos na pupuksain, at papapangyarihin na tila hindi sila nangyari, at ang kanyang katarungan ay masisiyahan. Inanyuan Niya ang tao mula sa alabok ng lupa, at ang masuwayin at hindi banal ay tutupukin ng apoy, at muling babalik sa alabok. Nakita ko na ang kabutihan at habag ng Diyos dito, ay kinakailangang umakay sa lahat upang humanga sa Kanyang karakter, at upang Siya ay sambahin; at kapag ang mga masama ay napuksa na mula sa lupa, ang buong hukbo ng langit ay magsasabing, Amen!

Si Satanas ay tumingin na may malaking kasiyahan doon sa mga nag-aangkin ng pangalan ni Cristo, at matamang kumakapit sa mga kasinungalingan na kanyang ginawa. Gawain niya ang magpatuloy sa paggawa ng mga bagong kasinungalingan. Ang kanyang kapangyarihan ay lumalago at lalo pang nagiging mahusay ang kanyang paggawa. Inakay niya ang kanyang mga kinatawan, ang mga papa, at mga pari, upang itaas ang kanilang sarili, at upang kilusin ang mga tao sa mahigpit na pag-uusig doon sa mga umiibig sa Diyos, at ayaw makiisa sa kanyang mga kasinungalingan, na inihayag sa pamamagitan nila. Si Satanas ay kumilos sa kanyang mga kinatawan upang puksain ang mga tapat na tagusunod ni Cristo. Oh ang paghihirap at dalamhati na tiniis ng mga minamahal ng Diyos! Ang mga anghel ay nag-iingat ng matapat na tala ng lahat ng iyon. Subalit si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagalak, at sinabi sa mga anghel na nangangalaga at nagpapalakas sa mga banal, na kanila silang papatayin, at wala nang matirang matapat na mga kristiyano sa lupa. Nakita ko na ang iglesya ng Diyos noon ay dalisay. Wala pang panganib na may mga taong marumi ang budhi na papasok sa iglesya ng Diyos noon; sapagkat ang tunay na kristiyano, na mangangahas magpahayag ng kanyang pananampalataya, ay nasa panganib na mapiit, masunog, at lahat ng pahirap na maaaring maimbento ni Satanas at ng kanyang mga anghel, at maipaisip sa mga tao.

Tingnan and Genesis kapitulo 3; Ecclesiastes 9:5, 12:7; Lucas 21:33; Juan 3:16; 2 Timoteo 3:16; Apocalipsis 20:14-15, 21:1, 22:12-19.

Ang Repormasyon

Sa kabila ng lahat ng pag-uusig at pagpatay sa mga banal, mayroon pa ring ibinabangon ng mga buhay na mga tagapatotoo sa bawat panig. Ginagawa ng mga anghel ng Diyos ang gawain na ipinagkatiwala sa kanila. Sila'y naghahanap sa pinakamadilim na mga lugar, at pumipili mula sa kadiliman, ng mga lalaki na tapat ang puso. Silang lahat ay nakalubog sa kamalian, gayon pa man ay pinili sila ng Diyos tulad ng pagkapili kay Saulo, bilang mga piniling mga sisidlan upang magdala ng Kanyang katotohanan, at magtaas ng kanilang tinig laban sa mga kasalanan ng Kanyang nag-aangking bayan. Ang mga anghel ng Diyos ay kumilos kay Martin Luther, kay Melancton, at sa iba pa sa iba't ibang mga lugar, upang kauhawan ang buhay na patotoo ng salita ng Diyos. Ang kaaway ay nakapasok tulad sa isang baha, at ang pamantayan ay kinakailangang maitaas laban sa kanya. Si Luther ay pinili upang harapin ang bagyo, at tumindig laban sa mga karumihan ng isang bagsak na iglesya, at palakasin ang kaunti na nagtatapat sa kanilang banal na inaangkin. Patuloy niyang kinatatakutan ang makagawa ng masama laban sa Diyos. Sinikap niyang makamtan ang kaluguran ng Diyos sa pamamagitan ng mga gawa; subalit siya ay hindi nasiyahan hanggang sa isang sinag ng liwanag mula sa langit ang nag-alis ng kadiliman mula sa kanyang pag-iisip, at umakay sa kanya upang magtiwala, hindi sa mga gawa, kundi sa kabutihan ng dugo ni Cristo; at lumapit sa Diyos para sa kanyang sarili, hindi sa pamamagitan ng kapapahan o mga mangungumpisal, kundi sa pamamagitan lamang ni Cristo. Ang kaalamang ito ay naging napakahalaga kay Luther! Minahal niya ang bago at mahalagang liwanag na ito na sumikat sa kaniyang madilim na pang-unawa, at pinalayas ang kanyang maling paniniwala, na mas mahalaga pa kaysa pinakamahalagang yaman ng mundo. Ang Salita ng Diyos ay naging bago. Ang lahat ay nabago. Ang aklat na kinamumuhian niya dahil wala siyang makitang kagandahan doon, ay naging buhay, BUHAY para sa kanya. Iyon ay naging kanyang kagalakan, kanyang aliw, kanyang mapalad na tagapagturo. Walang maaaring makahalina sa kanya upang iwanan ang pag-aaral noon. Kanyang kinatakutan dati ang kamatayan; subalit samantalang kanyang binabasa ang Salita ng Diyos, ang lahat ng kanyang takot ay nawala, at kanyang hinangaan ang karakter ng Diyos, at inibig Siya. Sinaliksik niya ang Banal na kasulatan para sa kanyang sarili. Dumulog siya sa mga kayamanang nilalaman noon, at pagkatapos ay sinaliksik niya iyon para sa iglesya. Nagulat siya sa mga kasalananang pinagtiwalaan niya para sa kaligtasan. Nakita niya na napakarami ang nababalot ng ganon ding kadiliman na bumalot sa kanya. Sinikap niyang magkaroon ng pagkakataon upang maituro sa kanila ang kordero ng Diyos, na bukod tanging nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Itinaas niya ang kanyang tinig laban sa mga kamalian at mga kasalanan ng simbahan ng kapapahan, at pinagsikapang mataman na maputol ang tanikala ng kadiliman na bumibihag sa libo-libo, at nagiging dahilan upang sila ay magtiwala sa mga gawa para sa kaligtasan. Inasam niya ang magkaroon ng

kakayanan upang mabuksan sa kanilang isip ang tunay na mga kayamanan ng biyaya ng Diyos, at ang pagiging sakdal ng kaligtasan na nakakamtan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Taimtim niyang itinaas ang kanyang tinig, at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ay sumigaw laban sa nagaganap na mga kasalanan ng mga namumuno sa simbahan; at samantalang kanyang nakakasagupa ang bagyo ng pagsalungat mula sa mga pari, ang kanyang tapang ay hindi nanlupaypay; sapagkat matatag siyang umasa sa malakas na bisig ng Diyos, at lubos na nagtiwala sa Kanya para sa pagtatagumpay. At samantalang kanyang isinusulong ang labanan ng palapit ng palapit, ang galit ng mga pari ay nag-alab laban sa kanya. Hindi nila gustong sila ay mabago. Pinili nilang manatili sa kaginhawahan, sa di matuwid na kasiyahan, sa kasamaan. Gusto nilang ang simbahan ay manatili sa kadiliman.

Nakita ko na si Luther ay masigasig at natatalaga, walang takot at lantaran sa pagsumbat sa kasalanan, at pagpapasulong sa katotohanan. Binaliwala niya ang mga masasamang mga tao at mga demonyo. Alam niya na mayroon siyang kasamang Isa na mas makapangyarihan sa kanilang lahat. Taglay ni Luther ang apoy, kasigasigan, tapang, at pagiging lantad, at sa maraming pagkakataon ay nagiging labis; subalit ibinangon ng Diyos si Melancthon, na ang karakter ay kabaliktaran, upang tulungan si Luther, at dalhin ang gawain ng repormasyon. Si Melancthon ay mahiyain, takot, maingat, at mapagpasensiya. Siya ay mahal na mahal ng Diyos. Malaki ang kanyang kaalaman sa kasulatan, at ang kanyang kapasyahan at karunungan ay mahusay. Ang kanyang pagmamahal sa gawain ng Diyos ay katumbas ng kay Luther. Ang mga pusong ito, pinag-isa ng Diyos; sila'y magkaibigan na hindi kailan man mapaghihiwlay. Si Luther ay naging malaking tulong kay Melancthon kapag siya ay nasa panganib ng pagiging matatakutin at mabagal, at si Melancthon ay naging malaking tulong kay Luther upang iiwas siya mula sa sobrang mabilis na pagkilos. Ang malayo na natatanaw sa pagiging maingat ni Melancthon malimit ay nakakapagpaiwas sa kaguluhan na sana ay sumapit sa gawain, kung ang gawain ay iniwan lamang kay Luther mag-isa; at ang gawain ay malimit dapat ay nabigo sa pagsulong kung inawan lamang kay Melancthon. Nakita ko ang karunungan ng Diyos sa pagpili sa dalawang lalaking ito, na magkaiba ang ugali upang itaguyod ang gawain ng repormasyon.

At ako ay dinala pabalik sa mga araw ng mga alagad, at nakita ko na ang Diyos ay pumipili bilang magkasama ng masigasig at natatalagang Pedro, at isang mahinahon, mapagpasensiya, at madaling turuan na si Juan. Minsan si Pedro ay padalos-dalos. At ang iniibig na si Juan ang malimit na nagtutuwid kay Pedro kapag ang kanyang kasigasigan at kapusukan ay nagpapalayo sa kanya ng husto; subalit iyon ay hindi nakapagbago sa kanya. Subalit matapos na itanggi ni Pedro ang kanyang Panginoon, at makapagsisi, ang kailangan lamang niya ay isang malumanay na paalala mula kay Juan upang ituwid ang kanyang kapusukan at kasigasigan. Ang gawain ni Cristo ay malimit sanang nagdusa kung ito ay naiwan lamang kay Juan. Kailangan ang kasigasigan ni Pedro. Ang kanyang katapangan at lakas ang malimit na nagligtas sa kanila mula sa kahirapan, at nagpatahimik sa kanilang mga kaaway. Si Juan ay nagtatagumpay. Marami siyang nahihikayat sa gawain ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang pagkamapagpasensiya, at malalim na pagtatalaga.

Ang Diyos ay nagbangon ng mga lalaki upang sumigaw laban sa lumalaganap na mga kasalanan ng simbahan ng kapapahan, at pasulungin ang repormasyon. Sinikap ni

Satanas na puksain ang mga buhay na mga tagapagpatotoong ito; subalit ang Diyos ay gumawa ng bakod sa palibot nila. Ang iba sa ikaluluwalhati ng Kanyang pangalan, ay pinahintulutan upang tatakan sa pamamagitan ng kanilang dugo ang patotoo na kanilang taglay; subalit mayroong ibang makapangyarihang mga lalaki, tulad ni Luther at ni Melancthon, na mas makapagbigay luwalhati sa Diyos sa pamamagitan ng pamumuhay at pagsigaw ng malakas laban sa mga kasalanan ng kapapahan, mga pari, at mga hari. Sila ay nanginig sa harap ng tinig ni Luther. Sa pamamagitan ng mga lalaking iyon, ang mga sinag ng liwanag ay nagsimulang pangalatin ang kadiliman, at napakarami ang masayang tumanggap sa liwanag at lumakad doon. At sa pagkamatay ng isang tagapagpatotoo, dalawa o higit pa ang ibinabangon upang kuhanin ang kanyang lugar.

Subalit si Satanas ay hindi nasisiyahan. Mayroon lang siyang kapangyarihan sa katawan. Hindi niya magawang isuko ng mga mananampalataya ang kanilang pananampalataya at pag-asa. At maging sa kamatayan sila ay nagagalak na may maliwanag na pag-asa ng imortalidad sa pagbuhay muli sa mga matuwid. Taglay nila ang higit pa sa kalakasan lamang ng tao. Hindi nila mapangahasang matulog ng ilang sandali. Pinanatili nilang nakasuot sa kanila ang sandata ng kristiyano, handa upang makipaglaban, hindi lamang laban sa mga espirital na mga kalaban, kundi pati laban kay Satanas na nasa anyong mga tao, na ang nagpapatuloy na sigaw ay, Isuko na ninyo ang inyong pananampalataya at kung hindi ay mamamatay kayo. Ang kaunting mga kristiyanong iyon ay makapangyarihan sa Diyos, at mas mahalaga sa kanyang paningin kaysa kalahati ng buong mundo na nagdadala ng pangalan ni Cristo, gayon pa man ay mga duwag sa kanyang gawain. Samantalang ang iglesya ay inuusig, silay nagkakaisa at nag-iibigan. Silay mga makapangyarihan sa Diyos. Ang mga makasalanan ay hindi pinahintulutang makiisa doon; hindi rin ang mga manlilinlang ni ang mga nalinlang. Yaon lamang handa upang talikuran ang lahat alang-alang kay Cristo ang maaari Niyang maging mga alagad. Ibig nilang maging mahirap, mapagpakumbaba at tulad ni Cristo.

Tingnan ang Lucas 22:61-62; Juan 18:10; Gawa kapitulo 3 at 4. Para sa karagdagang pag-aaral tingnan ang "The Reformation" sa encyclopedia.

KABANATA 21

Ang Iglesya at ang Sanlibutan ay Nagsanib

At si Satanas ay nakipagsanggunian sa kanyang mga anghel, at kanilang pinag-

ukulan ng pansin doon ang kanila nang natamo. Totoo na kanilang nailayo ang ilan sa mga mahihinang mga kaluluwa mula sa pagtanggap sa katotohanan, dahil sa takot sa kamatayan; subalit marami, maging sa mga pinaka matatakutin ang tumanggap sa katotohanan at kaagad sila ay iniwan ng kanilang mga takot at pagkamahiyain, samantalang kanilang nasasaksihan ang pagkamatay ng kanilang mga kapatid, at nakita ang kanilang katatagan at pagpapahinuhod, alam nila na tinulungan sila ng Diyos at ng mga anghel upang matiis ang ganoong mga paghihirap, at silay naging matapang at walang takot. At kapag natawagan upang ibigay ang sarili nilang buhay, pinaninindigan nila ang kanilang pananampalataya na may pagpapahinuhod at katatagan upang maging dahilan ng panginginig maging ng mga pumapatay sa kanila. Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagpasya na mayroon pang mas matagumpay na paraan ng pagpuksa sa mga kaluluwa, at mas tiyak sa wakas. Kanilang nakita na bagaman napapahirapan nila ang mga Kristiyano, ang kanilang katatagan, at ang maliwanag na pag-asang umaaliw sa kanila, ay nagsisilbing daan upang ang mga mahihina ay lumakas, at ang piitan at apoy ay hindi nila katakutan. Kanilang tinutularan ang marangal na tindig ni Cristo sa harap ng mga pumatay sa kanya, at marami ang nahikayat sa katotohanan sa pagsaksi sa kanilang katapatan, at sa kaluwalhatian ng Diyos na umibabaw sa kanila. Ipinagpasya ni Satanas na kinakailangang lumapit siya sa isang mas malumanay na paraan. Kanya nang nadungisan ang ilan sa mga doktrina ng Biblia; at ang mga tradisyon na sisira sa milyon-milyon ay nagkakaroon ng malalim na ugat. Pinigilan niya ang kanyang galit, at nagpasyang huwag ipilit sa kanyang mga kampon ang ganon kahigpit na pag-uusig; sa halip ay pangunahan ang iglesya upang makipaglaban, hindi para sa pananampalataya na minsan ay ipinagkaloob sa mga banal, kundi, para sa mga tradisyon. Samantalang kanyang pinangungunahan ang iglesya upang tumanggap ng pabor at mga parangal ng sanlibutan, sa ilalim ng pagkukunwari na yon ay makabubuti sa kanila, siya ay unti-unting nawawala sa kaluguran ng Diyos. At unti-unting nawawala sa iglesya ang kanyang kapangyarihan, samantalang siya ay tumatanggi sa pagpapahayag ng matuwid na mga katotohanan na hindi nagpapapasok sa mga umiibig sa layaw at mga kaibigan ng sanlibutan.

Ang iglesya ay naging hindi na hiwalay at natatangi tulad ng dati nang ang mga apoy ng pag-uusig ay sinindihan laban sa kanya. Paanong ang ginto ay napalabo? Paano napalitan ang pinakadalisay na ginto? Nakita ko na kung palaging pinanatili ng iglesya ang kanyang banal at natatanging karakter, ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na ibinahagi sa mga alagad ay mapapasa kanya. Ang may sakit ay mapapagaling, ang mga demonyo ay masusumbatan at mapalalabas, at ang iglesya ay magiging makapangyarihan, at katatakutan ng kanyang mga kaaway.

Nakita ko na isang napakalaking grupo ang nag-aangkin sa pangalan ni Cristo, subalit sila ay hindi kinikilala ni Cristo bilang Kanya. Siya ay walang ikinalulugod sa kanila. Si Satanas ay tila nagkaroon ng isang relihiyosong karakter, at sang-ayon na sang-ayon siya na isipin ng mga tao na sila ay mga kristiyano. Sang-ayon na sang-ayon siya na sila ay sumampalataya kay Jesus, sa kanyang pagkapako sa krus, at sa kanyang pagkabuhay muli. Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay ganap na naniniwala rin sa mga ito, at nanginginig. Subalit kung ang paniniwalang ito ay hindi mag-udyok tungo sa mabubuting mga gawa, at umakay sa mga naniniwala doon na tularan ang buhay ni Cristo na mapagtangi

sa sarili, hindi iyon makakabahala sa kanya; sapagkat sila ay naging Kristiyano sa pangalan lang, samantalang ang kanilang puso ay makasalanan pa rin; at mas magagamit niya sila sa kanyang layunin kaysa kung wala sila ng gayong pag-aangkin. Sa ilalim ng pangalang Kristiyano ay itatago nila ang kanilang mga kabulukan. Sila ay nagpapatuloy sa kanilang mga likas na hindi binanal, at ang kanilang mga masasamang mga hilig ay hindi nasusupil. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon upang ihagis ng mga hindi sumasampalataya ang kanilang mga pagkukulang sa harap ni Jesu-Cristo, upang Siya ay libakin, at upang ang mga nagtataglay ng dalisay at hindi narurumihang relihiyon ay maihatid sa kahihayan.

Ang mga ministro ay nangangaral ng mahusay na mga bagay na maganda sa pakinig ng mga mananampalatayang nasa laman. Ito lang mismo ang nais ni Satanas. Hindi nila maipangaral si Jesus at ang mga matatalas na katotohanan ng Biblia; sapagkat kung gagawin nila iyon, ang mga mananampalatayang ito na nangasa laman ay hindi makikinig sa kanila. Ang marami sa kanila ay mayaman at kinakailangang mapanatili sa iglesya, bagaman hindi na sila angkop doon ng higit kay Satanas at sa kanyang mga anghel. Ang relihiyon ni Jesus ay ginawang mukhang tanyag at marangal sa paningin ng sanlibutan. Ang mga tao ay sinasabihan na yong nag-aangkin ng relihiyon ay higit na pararangalan ng sanlibutan. Napakalaki ng pagkakaiba ng mga aral na iyon sa mga aral ni Cristo. Ang kanyang doktrina at ang sanlibutan ay hindi maaaring magkasundo. Kinakailangang ang sanlibutan ay itakwil ng mga sumusunod sa Kanya. Ang mga malalambot na mga bagay na ito ay nanggaling kay Satanas at sa kanyang mga anghel. Binalangkas nila ang panukala, at iyon ay pinapangyari ng mga hindi lubos na hikayat. Ang mga mapagpakunwari at makasalanan ay sumanib sa iglesya. Ang mga kathang nakalulugod sa isip ay itinuro, at kaagad tinanggap. Subalit kung ang katotohanan ay ipangangaral sa kadalisayan nito, kaagad ilalabas ang mga mapagpakunwari at mga makasalanan. Subalit walang pagkakaiba ang mga nag-aangkin na mga tagasunod ni Cristo at ang sanlibutan. Nakita ko na kung ang balabal ng kasinungalingan ay maaalis mula sa mga kaanib ng mga iglesya, ganon na lamang ang kasamaan na mahahayag, karumihan at kabulukan, na ang pinaka simpleng anak ng Diyos ay hindi mangingimi na tawagin iyon sa tamang pangalan, mga anak ng kanilang Ama, ang Demonyo; sapagkat ginagawa nila ang kanyang mga gawa. Si Jesus at ang buong hukbo ng langit ay tumitingin na may pagkadismaya sa tanawin; gayon pa man ang Diyos ay may pabalita sa iglesya na banal at mahalaga. Kung tatanggapin, iyon ay gagawa ng ganap na pagbabago sa iglesya, bibigyang buhay ang buhay na patotoo na mag-aalis sa mga mapagpakunwari at sa mga makasalanan, at muling ibabalik ang iglesya sa pagbibigay lugod sa Diyos.

Tingnan ang Isaias 30:8-21; Santiago 2:19; Apocalipsis kapitulo 3.

William Miller

Nakita ko na sinugo ng Diyos ang Kanyang anghel upang kumilos sa puso ng isang magsasaka na hindi pa naniniwala sa Banal na Kasulatan, at akayin siya upang saliksikin ang mga propesiya. Ang mga anghel ng Diyos ay pabalik-balik na dumalaw sa isang pinili at inakay ang kanyang isip, at binuksan ang kanyang pang-unawa sa mga propesiya na dati ay madilim para sa bayan ng Diyos. Ang pasimula ng hanay ng mga katotohanan ay ibinigay sa kanya, at siya ay naakay upang patuloy na saliksikin ang bawat dugtong, hanggang sa nakita niya na may pagkamangha at paghanga ang Salita ng Diyos. Nakakita siya doon ng sakdal na pagkakasunod-sunod. Ang Salitang iyon na dati ay itinuring niyang hindi kinasihan, ngayon ay nabuksan na may ganda at kaluwalhatian sa kanyang paningin. Nakita niya na ang isang bahagi ng kasulatan ay nagbibigay liwanag sa isang bahagi, at kapag ang isang bahagi ay hindi niya maunawaan, nasusumpungan niya sa ibang bahagi ng kasulatan ang paliwanag noon. Hinarap niya ang Banal na Salita ng Diyos na may kagalakan, at may pinakamalalim na paggalang at pagkamangha.

Samantalang tinutugaygay niya ang mga propesiya, nakita niya na ang mga naninirahan sa lupa ay namumuhay na sa nalalapit na pagsasara ng kasaysayan ng sanlibutang ito, at hindi nila iyon nalalaman. Nakita niya ang mga kabulukan sa mga iglesya, at nakita na ang kanilang pag-ibig ay naalis mula kay Jesus, at naibaling sa sanlibutan, at kanilang hinahanap ang makamundong karangalan sa halip na ang karangalan na nagmumula sa itaas; nag-aambisyon sa makamundong yaman, sa halip na maglagak ng kanilang yaman sa langit. Pagkukunwari, kadiliman at kamatayan ay nakikita niya sa bawat panig. Ang kanyang espiritu ay nakilos sa loob niya. Tinawagan siya ng Diyos upang iwan ang kanyang binubukid na lupa, tulad nang tawagin si Eliseo upang iwan ang kanyang mga baka at ang kanyang gawain upang sumunod kay Elias. May panginginig, sinimulan ni William Miller ang pagbubukas ng mga hiwaga ng kaharian ng Diyos sa mga tao. Sa bawat paggawa ay nadagdagan ang kanyang lakas. Dinala niya ang mga tao sa pagtugaygay sa mga propesiya hanggang sa ikalawang pagdating ni Cristo. Kung paanong ibinalita ni Juan na tagapagbautismo ang unang pagdating ni Jesus, at inihanda ang daan para sa kanyang pagdating, gayon din naman, si William Miller at yong mga umanib sa kanya, ay nagpahayag ng ikalawang pagdating ng Anak ng Diyos.

Ako ay inihatid pabalik sa mga araw ng mga alagad, at ipinakita sa akin ang iniibig na si Juan, na ang Diyos ay may natatanging gawain upang kanyang ganapin. Si Satanas ay determinado sa paghadlang sa gawaing ito, at kanyang inakay ang kanyang mga kampon upang puksain si Juan. Subalit isinugo ng Diyos ang kanyang anghel at iningatan siya sa kahanga-hangang paraan. Ang lahat ng nakasaksi sa kapangyarihan ng Diyos na inihayag sa pagliligtas kay Juan ay namangha, at marami ang nakumbinsi na ang Diyos ay sumasakanya, at ang patotoo niya tungkol kay Jesus ay tama. Yaong mga nagtangkang kitilin ang kanyang buhay ay natakot na pagtangkaan muli ang pagpatay sa kanya, at siya ay

pinahintulutang magpatuloy sa paghihirap para kay Jesus. Siya ay pinaratangan ng hindi totoong mga akusasyon ng kanyang mga kaaway, at kaagad ipinatapon sa isang malungkot na isla, kung saan sinugo ng Panginoon ang kanyang anghel upang ipahayag sa kanya ang mga bagay na mangyayari sa lupa, ang kalagayan ng iglesya hanggang sa wakas; ang kanyang pagtalikod, ang kalagayang dapat tayuan ng iglesya kung kanyang bibigyang kaluguran ang Diyos, at sa wakas ay magtatagumpay. Ang anghel mula sa langit ay dumating kay Juan sa karilagan. Ang kanyang hitsura ay may ningning ng sakdal na kaluwalhatian ng langit. Ipinakita Niya kay Juan ang mga tanawin ng malalim at kapanapanabik na mga bagay tungkol sa iglesya ng Diyos, at inihatid sa kanyang harapan ang mapanganib na labanan na kanilang titiisin. Nakita sila ni Juan na dumaraan sa maapoy na mga pagsubok, at pinaputi at sinubok, at sa wakas, ay naging mga matagumpay, maluwalhating naligtas sa kaharian ng Diyos. Ang hitsura ng anghel ay lumakas ang ningning na may kagalakan, at lubhang maluwalhati, samantalang ipinakikita niya kay Juan ang huling pagtatagumpay ng iglesya ng Diyos. Si Juan ay inihatid sa pangitain samantalang nakikita niya ang pagkaligtas sa wakas ng iglesya, samantalang siya ay dinadala ng kaluwalhatian ng tanawin, ay may malalim na paggalang at pagkamangha siya ay nagpatirapa sa paanan ng anghel upang sumamba sa kanya. Kaagad siya ay itinaas ng anghel, at malumanay na sinumbatan siya, na sinasabi, Huwag mong gawin iyan; Ako ay kapwa mo alipin, at kabilang sa mga kapatid mo na may patotoo ni Jesus; sumamba ka sa Diyos; sapagkat ang patotoo ni Jesus ay ang espiritu ng propesiya. Ipinakita ng anghel kay Juan ang makalangit na ciudad na may karilagan at nagniningning na kaluwalhatian. Si Juan ay nabalot ng pagkamangha sa kaluwalhatian ng ciudad. Hindi niya maalala ang pagsaway ng anghel sa kanya noon, subalit muli siyang yumukod sa paanan ng anghel upang magsamba, na muling nagbigay sa kanya ng magiliw na pagsaway, Huwag mo itong gawin; sapagkat ako'y abang lingkod na kagaya mo rin, at ng iyong mga kapatiran na mga propeta, at ng mga tagasunod sa mga ipinahahayag ng aklat na ito; sambahin ang Diyos.

Ang mga mangangaral at mga tao ay tumingin sa aklat na Apocalipsis bilang mahiwaga, at hindi kasinghalaga ng ibang mga bahagi ng Banal na Kasulatan. Subalit nakita ko na ang aklat na ito ay tunay na isang kapahayagan na ibinigay para sa isang natatanging kapakinabangan ng mga kinakailangang mabuhay sa mga huling araw, upang gabayan sila sa pagtiyak sa kanilang tunay na katatayuan, at sa kanilang tungkulin. Inakay ng Diyos ang pag-iisip ni William Miller sa mga propesiya, at binigyan siya ng dakilang liwanag sa aklat na Apocalipsis.

Kung naunawaan ang mga pangitain ni Daniel, sana ay mas naunawaan ng mga tao ang mga pangitain ni Juan. Subalit sa tamang panahon, ang Diyos ay kumilos sa Kanyang piniling lingkod, na sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay may linaw na binuksan ang mga propesiya, at ipinakita ang pagka-ugnay ng mga pangitain ni Daniel at ni Juan, at ibang mga bahagi ng Biblia, at idiin sa puso ng mga tao ang banal, at kakila-kilabot na mga babala ng Salita, upang mahanda sa pagdating ng Anak ng tao. Malalim at banal na pagkahikayat ang napasa isip ng mga nakinig sa kanya, at ang mga ministro at mga tao, makasalanan at mga hindi naniniwala sa Diyos, ay nanumbalik sa Panginoon, upang magkaroon ng paghahanda upang makatayo sa paghuhukom.

Si William Miller ay sinamahan ng mga anghel ng Diyos sa kanyang misyon. Siya ay matatag at hindi nanlulupaypay. Walang takot niyang ipinahayag ang pabalita na ipinagkatiwala sa kanya. Isang daigdig na nakahiga sa kasamaan, at isang malamig, at makamundong iglesya ay sapat upang makilos ang kanyang lakas, at mag-akay sa kanya upang tiisin ang paggawa, kagipitan at paghihirap. Bagaman hindi inayunan ng nag-aangking mga Kristiyano at ng sanlibutan, at kinalaban ni Satanas at ng kanyang mga anghel, hindi siya tumigil sa pangangaral ng walang hanggang pabalita sa maraming mga tao saan man siya anyayahan, at iparinig ang sigaw, Matakot sa Diyos at magbigay luwalhati sa Kanya sapagkat dumating na ang oras ng Kanyang paghatol.

Tingnan ang 1 Hari 19:16-21; Daniel kapitulo 7-12; Apocalipsis kapitulo 1, 14:7, 19:8-10, 22:6-10.

KABANATA 23

Ang Pabalita ng Unang Anghel

Nakita ko na ang Diyos ay nasa pagpapahayag sa 1843. Iyon ay inihanda upang gisingin ang mga tao, at ihatid sila sa punto ng pagsubok kung saan ay kinakailangang magpasya. Ang mga ministro ay nakabatid at nakumbinsi tungkol sa pagiging tumpak ng mga pananaw tungkol sa mga kapanahunan ng mga propesiya, at kanilang iniwan ang kanilang pagmamataas, ang kanilang mga suweldo, at ang kanilang mga iglesya, upang humayo sa iba't ibang lugar upang ipahayag ang pabalita. Samantalang ang pabalita mula sa langit ay nakakasumpong ng lugar sa puso ng kaunti lamang na mga nag-aangkin na mga ministro ni Cristo, ang gawain ay isinalaysay sa marami na hindi naman mga mangangaral. Ang iba ay iniwan ang kanilang mga sinasaka upang ipahayag ang pabalita, samantalang ang iba naman ay tinawagan mula sa kanilang mga gawaan at tindahan. Maging ang ilan sa mga propesyunadong mga lalaki ay napilitang iwan ang kanilang mga propesyon upang sumanib sa hindi tanyag na gawain ng pagbibigay ng pabalita ng unang anghel. Isinantabi ng mga ministro ang kanilang mga pananaw at damdamin ayon sa kani-kanilang mga sekta, at sumanib sa pagpapahayag ng ikalawang pagdating ni Jesus. Ang mga tao saan mang dako sila maabot ng pabalita ay nakilos. Ang mga makasalanan ay nagsisi, tumangis at nanalangin para sa kapatawaran, at yaong ang buhay ay kilala sa panlilinlang, ay nagsikap na makapagsauli.

Nadama ng mga magulang ang pinakamalalim na pagdalangin para sa kanilang mga anak. Yaong mga tumanggap ng pabalita ay gumawa para sa kanilang mga kaibigan at mga kamag-anak, at ang kanilang mga kaluluwa ay nakayuko dahil sa kahalagahan ng banal

na pabalita, kanila silang binigyan ng babala at pinakiusapan upang maghanda para sa pagdating ng Anak ng Tao. Iyon ang pinakamahirap na kalagayan yaong hindi naniniwala sa ganong bigat ng mga katibayan na inihahatid sa tahanan ng mga babala na nadadama ng puso. Ang gawaing ito na nakakapagdalisa ng puso ay umakay sa pag-ibig palayo sa mga bagay sa sanlibutan, para sa isang pagtatalaga na kailan man ay hindi pa naranasan. Libo-libo ang naakay upang tumanggap sa katotohanan na ipinangaral ni William Miller, bumangon ang mga lingkod ng Diyos sa espiritu at kapangyarihan ni Elias upang ipahayag ang pabalita. Nadama ng mga nangaral ng banal na pabalitang ito, tulad ni Juan na naging tagapagbalita ni Jesus, na kailangan nilang itaga ang palakol sa ugat ng puno, at tawagan ang mga tao upang magdala ng bunga ukol sa pagsisisi. Ang kanilang patotoo ay inihanda upang manggising at magkaroon ng epekto sa mga iglesya, at magpahayag ng kanilang tunay na karakter. At samantalang kanilang itinataas ang kanilang banal na babala upang tumakas mula sa dumarating na galit, marami sa mga nakaanib sa mga iglesya ang tumanggap sa nakapagpapagaling na pabalita; nakita nila ang kanilang mga pagtalikod, at may mapait na mga luha ng pagsisisi, at malalim na pag-iyak para sa mga kaluluwa, sila ay nagpakumbaba sa harapan ng Diyos. At samantalang ang Espiritu ng Diyos ay sumasa kanila, sila ay tumulong upang marinig ang sigaw, Matakot kayo sa Diyos, at magbigay luwalhati sa Kanya, sapagkat ang oras ng Kanyang paghatol ay dumating.

Ang pangangaral sa isang takdang panahon ay nanawagan ng pagsalungat mula sa lahat ng uri ng mga tao mula sa mga ministro sa pulpito, hanggang sa pinaka walang ingat, at nanghahamon sa langit na makasalan. Walang sinumang tao ang nakaaalam ng araw at ng oras, ay narinig mula sa mapanuring ministro at sa matapang na manunuya. Hindi naman nila ibig maturuan at maituwid sa paggamit ng talata noong mga nagtuturo sa taon na kanilang pinaniniwalaan na ang mga propesiya ay mawawala, at sa mga tanda na nagpapakita na malapit na si Cristo, at nasa mga pintuan na. Marami sa mga pastor ng kawan, na nag-aangking umiibig kay Jesus, ay nagsabi na wala silang tutol sa pangangaral tungkol sa pagdating ni Cristo; tutol sila sa itinakdang panahon. Ang kanilang puso ay nababasa ng mata ng Diyos na nakakakita ng lahat. Hindi nila gustong dumating na si Jesus. Alam nila na ang kanilang buhay hindi kristiyano ay hindi makatatayo sa pagsubok; sapagkat hindi sila lumalakad sa landas ng pagpapakumbaba na inilahad Niya. Ang mga huwad na mga pastor na ito ay nakaharang sa daan ng gawain ng Diyos. Ang katotohanan na naipahayag na may kapangyarihan upang humikayat sa mga tao ay nakapagpakilos sa kanila, at tulad sa bantay ng bilangguan, sila ay nagsimulang magtanong, Ano ang dapat kong gawin upang maligtas. Subalit ang mga pastor na ito ay tumatayo sa pagitan ng katotohanan at ng mga taong ito, at nangangaral ng mahusay na mga bagay upang ilayo sila sa katotohanan. Sila ay nakiisa kay Satanas at sa kanyang mga anghel, at sumisigaw, Kapayapaan, kapayapaan, samantalang walang kapayapaan. Nakita ko na ang lahat ng iyon ay tinandaan ng mga anghel ng Diyos, at ang damit ng mga pastor na iyon na hindi natatalaga ay nagkaroon ng mga dugo ng mga kaluluwa. Yaong nagmahal sa kanilang mga kaluwagan, at nakontento sa kanilang agwat mula sa Diyos, ay hindi makikilos mula sa kanilang kasiguruhan na makasalan.

Marami sa mga ministro ang hindi tumanggap sa nakapagliligtas na pabalitang

ito, at yaong mga tumatanggap ay kanilang hinahadlangan. Ang dugo ng mga kaluluwa ay mapapasa kanila. Ang mga mangangaral at mga tao ay nagsanib upang hadlangan ang pabalita mula sa langit. Kanilang inusig si William Miller at yaong mga sumanib sa kanya sa gawain. Nagpakalat ng mga kasinungalingan upang masugatan ang kanyang impluwensiya, at sa iba't ibang mga pagkakataon, matapos na kanyang malinaw na maipahayag ang payo ng Diyos, pinararating ang mga matalas ng mga katotohanan sa puso ng mga nakikinig sa kanya, nagkaroon ng malaking kagulo laban sa kanya, at samantalang sinisikap niyang lisanin ang lugar, mayroong mga humarang sa kanya upang kitilin ang kanyang buhay. Subalit ang mga anghel ng Diyos ay sinugo upang ingatan ang kanyang buhay, ay kanilang inakay siya palayo upang makaligtas sa galit na mga tao. Hindi pa tapos ang kanyang gawain.

Yaong pinaka mga natatalaga ay magalak na tumanggap sa pabalita. Alam nila na iyon ay mula sa Diyos at iyon ay inihayag sa tamang panahon. Ang mga anghel ay may pinakamalalim na pananabik na nagmasid sa bunga ng pabalita ng langit, at nang iyon ay talikuran at tanggihan ng mga iglesya, sila sa kalungkutan ay nagtanong kay Jesus. Inalis Niya ang Kanyang mukha mula sa mga iglesya, at ipinag-utos sa Kanyang mga anghel na matapat na bantayan ang mga mahahalaga na hindi tumanggi sa patotoo, sapagkat mayroon pang ibang liwanag na magniningning sa kanila.

Nakita ko na yaong mga nag-aangking mga Kristiyano ay nagnais sa pagpapakita ng kanilang Tagapagligtas, kung ang kanilang pag-ibig ay nakaukol sa Kanya, kung kanilang nadama na walang anuman sa lupa ang maaaring itumbas sa Kanya, kanila sanang ipinagsigawan na may kagalakan ang unang pagpapahalaga sa Kanyang pagdating. Subalit ang di pagnanais na kanilang ipinakita nang kanilang marinig ang tungkol sa pagdating ng kanilang Panginoon, ay isang tiyak na katibayan na hindi nila Siya iniibig. Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagalak sa tagumpay, at iyon ay iniharap kay Jesu-Cristo at sa Kanyang mga anghel, na ang mga nag-aangkin na Kanyang bayan ay may maliit lamang na pag-ibig kay Jesus sapagkat hindi nila gusto ang Kanyang ikalawang pagpapakita.

Nakita ko ang bayan ng Diyos, nagagalak sa kanilang inaasahan, naghihintay sa kanilang Panginoon. Subalit pinanukala ng Diyos na subukin sila. Tinakpan ng Kanyang kamay ang isang pagkakamali sa pagbatid sa mga panahon ng propesiya. Hindi iyon nakita ng mga naghihintay sa Kanilang Panginoon, at ang pinakamataas na napag-aralan na mga tao na sumasalungat sa panahon ay hindi rin nakita ang pagkakamali. Pinanukala ng Diyos na ang Kanyang bayan ay makaranas ng pagkabigo. Ang panahon ay lumipas, at yaong mga naghintay na may kasabikan sa kanilang Panginoon ay malungkot at bigo, samantalang yaong mga hindi umibig sa pagdating ni Jesus, subalit tumanggap sa pabalita dahil sa takot, at nasiyahan sapagkat ang Panginoon ay hindi dumating ayon sa inaasahang panahon. Ang kanilang pag-aangkin ay hindi nakaapekto sa kanilang puso, hindi nakapagpadalisay sa kanilang buhay. Ang paglipas ng itinakdang panahon ay inihanda upang ihayag ang ganong mga puso. Sila ang mga unang tumalikod upang libakin ang mga nalulungkot, at mga nabigo, na tunay na umiibig sa pagdating ng kanilang Panginoon. Nakita ko ang karunungan ng Diyos sa pagsubok sa Kanyang bayan at pagbibigay sa kanila ng nakakasuring

pagsisiyasat upang malaman kung sino ang uulong at tatalikod sa oras ng pagsubok.

May habag at pag-ibig na tiningnan ni Jesus at ng buong hukbo ng langit yaong mga nagkaroon ng matamis na pananabik na makita Siya na iniibig ng kanilang kaluluwa. Ang mga anghel ay nagliparan sa palibot nila, upang sila ay alalayan sa oras ng kanilang pagsubok. Yaong mga hindi tumanggap sa makalangit na pabalita ay naiwan sa kadiliman, at ang galit ng Diyos ay nag-alab laban sa kanila, sapagkat hindi nila tinanggap ang liwanag na Kanyang ipinadala mula sa langit. Yaong mga nabigo na mga tapat, na hindi makaunawa kung bakit hindi dumating ang kanilang Panginoon, ay hindi iniwan sa kadiliman. Sa muli sila ay inakay tungo sa kanilang mga Biblia upang saliksikin ang mga panahon ng propesiya. Ang kamay ng Panginoon ay inalis mula sa mga numero, at ang pagkakamali ay naipaliwanag. Nakita nila na ang mga panahon ng propesiya ay umaabot hanggang 1844 at ang mga patotoo na kanilang inihayag upang ipakita na ang propesiya ay nagsara noong 1843, ay naging patibay na iyon ay matatapos sa 1844. Ang kanilang pananalig ay nagkaroon ng liwanag mula sa Salita ng Diyos at kanilang natuklasan ang panahon ng pagkaantala.— Kung ito’y parang mabagal ay hintayin mo.--- Sa kanilang kagustuhan sa madaling pagdating ni Jesus, hindi nila nakita ang tungkol sa pagkaantala ng pangitain, na nahanda upang mahayag ang mga tunay na naghihintay. Sa muli sila ay nagkaroon ng nakatakdang panahon. Gayon pa man nakita ko na marami sa kanila ang hindi makaahon mula sa kanilang matinding pagkabigo, upang magkaroon muli ng ganong kasigasigan at lakas na nahayag sa kanilang pananalig sa 1843.

Si Satanas at ang kaniyang mga anghel ay nagalak dahil sa kanila, at yaong mga hindi tumatanggap sa pabalita ay binati ang kanilang sarili dahil sa kanilang mahusay na kapasyahan at katalinuhan sa hindi pagtanggap sa tinatawag nilang kahibangan. Hindi nila nabatid na kanilang tinalikuran ang payo ng Diyos laban sa kanilang sarili, at sila ay kumikilos na kaisa ni Satanas at ng kanyang mga anghel upang pahirapan ang bayan ng Diyos na isinasabuhay ang pabalita na galing sa langit.

Ang mga sumasampalataya sa pabalitang ito ay inusig sa kanilang mga iglesya. Hindi muna nila kaagad naisagawa ang kanilang nadadama sa kanilang puso dahil sa takot, subalit sa paglipas ng panahon ay nagpahayag ng tunay nilang damdamin. Ibig nilang patahimikin ang patotoo ng mga sumasampalataya sa pabalita na nakapasan sa kanila, na ang panahon ng propesiya ay hanggang 1844. Malinaw na ipinaliwanag nila ang kanilang pagkakamali, at ibinigay ang dahilan kung bakit hinihintay nila ang pagdating ng kanilang Panginoon sa 1844. Ang mga tutol ay hindi makapagbigay ng anumang argumento laban sa makapangyarihang mga kadahilanan na inihayag. Ang galit ng mga iglesya ay nag-alab laban sa kanila. Sila ay disidido na hindi na makinig sa anumang katibayan, at hindi na nila papapasukin sa kanilang mga iglesya ang kanilang patotoo upang yon ay huwag nang marinig ng iba. Yaong mga hindi mapigilan sa pagbahagi ng liwanag na ibinigay sa kanila ng Diyos ay hindi na pinapasok sa mga iglesya; subalit ang Diyos ay kasama nila, at sila’y nagalak sa liwanag ng kanyang hitsura. Sila ay nahanda upang tumanggap sa pabalita ng ikalawang anghel.

Tingnan ang Daniel 8:14; Habakuk 2:1-4; Malakias kapitulo 3 at 4; Mateo 24:36;

KABANATA 24

Ang Pabalita ng Ikalawang Anghel

Hindi tinanggap ng mga iglesya ang liwanag ng pabalita ng unang anghel, at samantalang tinatanggihan nila ang liwanag mula sa langit sila ay nahulog mula sa kaluguran ng Diyos. Nagtiwala sila sa sarili nilang lakas, at inilagay ang kanilang sarili sa lugar na hindi nila makikita ang liwanag ng pabalita ng ikalawang anghel dahil sa pagsalungat nila sa unang pabalita. Subalit ang mga iniibig ng Diyos, na inuusig, ay tumugon sa pabalita, naguho ang Babilonia, at iniwan ang mga nahulog na mga iglesya.

Malapit sa pagtatapos ng pabalita ng ikalawang anghel, nakakita ako ng dakilang liwanag mula sa langit na sumisinag sa bayan ng Diyos. Ang sinag ng liwanag na ito ay tila kasing liwanag ng sikat ng araw. At narinig ko ang tinig ng mga anghel na sumisigaw, Narito na ang lalaking ikakasal! Lumabas kayo upang salubungin siya!

Ang sigaw sa hating gabi ay ibinigay upang magbigay kapangyarihan sa pabalita ng ikalawang anghel. Sinugo ang mga anghel mula sa langit upang gisingin ang mga banal na nasiraan ng loob at ihanda sila sa dakilang gawain na nasa harap nila. Ang may mga pinaka maraming talento ay hindi nauna sa pagtanggap ng pabalitang ito. Ang mga anghel ay sinugo sa mga natatalaga na mapagpakumbaba at kinilos sila upang itaas ang sigaw, Narito na ang lalaking ikakasal! Lumabas kayo upang salubungin Siya! Yaong mga pinagkatiwalaan ng liwanag ay mabilis na humayo, at ikinalat ang sigaw sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at ibinangon ang kanilang mga kapatid na nasiraan ng loob. Ang sigaw na ito ay hindi tumindig sa karunungan at pag-aaral ng tao, kundi sa kapangyarihan ng Diyos, at ang Kanyang mga banal na nakarinig sa sigaw ay hindi iyon natanggihan. Unang tumanggap sa pabalita ang pinaka espirituwal, at yaong mga datihan ng nanguna sa gawain ang huling tumanggap at tumulong sa pagpapalakas sa sigaw, Narito na ang lalaking ikakasal! Lumabas kayo upang salubungin siya!

Sa bawat dako ng lupa, ang liwanag ay ibinigay tungkol sa pabalita ng ikalawang anghel, at ang sigaw ay tumunaw sa libo-libo. Iyon ay humayo mula sa ciudad tungo sa ciudad, at mula sa nayon tungo sa nayon, hanggang sa ang naghihintay na bayan ng Diyos ay ganap nang nagising. Marami ang hindi nagpapahintulot na ang pabalitang ito ay makapasok sa mga iglesya, at isang malaking grupo na nagtataglay ng buhay na patotoo ay nagsilisan sa mga nahulog na mga iglesya. Isang makapangyarihang gawain ang nagampanan ng sigaw sa hating gabi. Ang pabalita ay sumisiyasat ng puso, at umakay sa mananampalataya upang maghanap ng isang buhay na karanasan para sa kanilang sarili sapagkat alam nila na hindi sila maaaring umasa sa isa't-isa.

Ang mga banal ay matamang naghintay na may pag-aayuno para sa kanilang Panginoon, nagbabantay at halos palaging nananalangin. Kahit sa mga makasalanang ay mayroon ding ilan na naghintay sa panahon na may pagkatakot, samantalang ang karamihan sa mga tao ay parang nakilos laban sa pabalita, at nagpahayag ng espiritu ni Satanas. Ginawa nila iyong biro at katatawanan, at sa bawat dako ay narinig, Walang sinumang tao ang nakaaalam ng araw at oras. Ang masasamang mga anghel ay nagalak sa palibot nila, hinihimok sila na ipagpatuloy ang pagpapatigas sa kanilang puso, at tanggihan ang bawat sinag ng liwanag mula sa langit, upang kanilang matiyak na sila ay maililigpit nila sa kanilang patibong. Marami ang nag-aangking naghihintay sa kanilang Panginoon, na walang bahagi o kinalaman sa bagay na iyon. Nasaksihan nila ang kaluwalhatian ng Diyos, ang kapakumbabaan at malalim na pagtatalaga noong mga naghihintay, at ang mabibigat na mga katibayan, ay naging dahilan upang kanilang angkinin ang pagtanggap sa katotohanan. Subalit sila ay hindi nahikayat. Sila ay hindi handa. Isang espiritu ng banal at taimtim na pananalangin sa lahat ng dako ay nadama ng mga banal. Isang solemneng kabanalan ay napasa kanila. May malalim na kasabikan na binantayan ng mga anghel ang magiging bunga, at itinataas yaong mga tumatanggap sa pabalita ng langit, at inilalayo sila sa mga bagay na nasa lupa upang magkaroon ng malaking kaloob mula sa bukal ng kaligtasan. At ang bayan ng Diyos ay Kanyang tinanggap na kasama niya. Si Jesus ay tumingin sa kanila na may pagkalugod. Ang Kanyang wangis ay naaaninag sa kanila. Nakagawa sila ng ganap na pagsasakripisyo, isang ganap na pagtatalaga, at umaasa na babaguhin tungo sa buhay na walang hanggan. Subalit sila ay nakatakda upang muling mabigo. Ang panahon na kanilang tinatanaw, umaasa sa pagliligtas, ay lumipas. Sila ay nasa lupa pa rin, at ang epekto ng sumpa ay tila lalo pang nahayag. Kanilang inilagak ang kanilang mga kasiyahan sa langit, at sa matamis na paghinhintay, ay natikman ang walang hanggang pagliligtas; subalit ang kanilang pag-asa ay hindi natupad.

Ang takot na dati ay napasa maraming mga tao ay hindi agad nawala. Hindi sila kaagad nagtawa sa mga nabigo. Subalit samantalang wala silang nararamdamang hayag na galit ng Diyos, sila ay natauhan mula sa nadama nilang takot, at sinimulan muli ang kanilang panlilibak, pagtatawa at pagbibiro. Muling nasubok ang bayan ng Diyos, at nasuri. Sila ay pinagtawanan, tinukso, at nilibak ng sanlibutan; at yaong mga naniniwala ng walang pag-aalinlangan na si Jesus ay darating at bubuhayin ang mga patay, at babaguhin ang buhay na mga banal, at tatanggapin ang kaharian at mamanahin iyon sa walang hanggan, ay nadama ang tulad sa mga alagad ni Cristo. Kanilang kinuha ang aking Panginoon, at hindi ko alam kung saan nila siya dinala.

Tingnan ang Mateo 24:36, 25:6; Juan 20:13; Apocalipsis 14:8

Ang Ilustrasyon ng Kilusang Adventista

Nakita ko ang ilang mga grupo na natatalian ng mga kordon. Marami sa mga nasa grupong ito ang nasa ganap na kadiliman. Ang kanilang mga mata ay nakatingin paibaba sa lupa, at tila walang ugnayan sa pagitan nila at ni Jesus. Nakita ko na may mga nakakalat sa iba't ibang mga grupong ito na ang hitsura ay mukhang maliwanag, at ang kanilang mga mata ay nakatingin paitaas sa langit. Mga sinag ng liwanag mula kay Jesus tulad sa sinag mula sa araw, ay ibinabahagi sa kanila. At sinabihan ako ng anghel na tuminging mataman, at nakita ang isang anghel na nagmamasid sa ibabaw ng bawat isa na mayroong sinag ng liwanag, samantalang pinapalibutan ng mga masasamang anghel yaong mga nasa kadiliman. Narinig ko ang tinig ng isang anghel na sumigaw, Matakot sa Diyos at magbigay luwalhati sa kanya, sapagkat ang oras ng kanyang paghatol ay dumating na.

Isang maluwalhating liwanag ang tumigil at bumaba sa mga grupong ito, upang magbigay ng liwanag sa lahat ng magsisitanggap doon. Ang ilan sa mga nasa kadiliman ay tumanggap sa liwanag at nagalak; samantalang ang iba naman ay tumanggi sa liwanag na mula sa langit, at sinabi na iyon ay isang panlilinlang na magpapahamak sa kanila. Ang liwanag ay lumampas palayo mula sa kanila, at sila ay naiwan sa kadiliman. Yaong mga tumanggap sa liwanag mula kay Jesus, ay masayang pinahalagahan ang paglago ng mahalagang liwanag na isininag sa kanila. Ang kanilang mukha ay nagliwanag at nagsinag ng banal na kagalakan samantalang ang kanilang paningin ay nakatuon paitaas kay Jesus na may matinding pananabik, at ang kanilang mga tinig ay narinig na kaugnay ng tinig ng anghel, Matakot sa Diyos at magbigay luwalhati sa kanya, sapagkat ang oras ng Kanyang paghatol ay dumating na. Samantalang isinisigaw ito, nakita yaong mga nasa kadiliman na sinisiksik nila ng kanilang tagiliran pati ang balikat. At marami sa mga nagpapahalaga sa banal na liwanag ang nawala sa kordon na nakapaikot sa kanila, at napahiwalay sa labas ng mga grupong iyon. At sa pagdami ng mga pumuputol sa kordon na nakapaligid sa kanila, may mga lalaki na nakibilang sa ibang mga grupo na iginagalang ng iba sa grupong iyon, ay pumasok sa mga grupong ito, at ang iba ay may mapang-akit na pananalita, at ang iba ay may galit na pagtingin at nagbantang mga kilos, ang nagbigkis sa mga kordon na nanghihina, at walang tigil na sinasabi, Ang Diyos ay sumasa atin. Nakatindig tayo sa liwanag. Nasa atin ang katotohanan. Nagtanong ako kung sino ang mga lalaking iyon. Sinabi sa akin na iyon ay mga ministro, at mga namumunong mga tao, na sila mismo ay tumanggi sa liwanag, at hindi nila gusto na ang iba ay tumanggap doon. Nakita ko yaong mga nagpapahalaga sa liwanag na nakatingin sa itaas na may taimtim na pananabik, umaasang si Jesus ay darating at sila ay dadalhin na kasama Niya. At pagdaka ay may ulat na dumaan doon sa mga nagagalak sa liwanag, at ang kanilang mukha ay nalungkot. Itinanong ko kung ano ang sanhi ng ulat na iyon. Ipinakita sa akin na iyon ay ang kanilang pagkabigo. Ang panahon na inaasahan nila ang kanilang Tagapagligtas ay lumipas, at si Jesus ay hindi dumating. Kabiguan ang napasa kanila, at yaong mga lalaki na una kong napansin ay nagalak. Yaong mga tumanggi sa liwanag, ay nagkaroon ng malaking

kagalakan, samantalang si Satanas at ang kanyang masasamang mga anghel ay nagagalak din sa palibot nila.

At ako ay nakarinig ng tinig ng ibang anghel, na nagsasabi, Ang Babilonia ay naguho, naguho. Isang liwanag ang suminag doon sa mga nanlulupaypay, at may taimtim na pananabik sa Kanyang pagpapakita, muli nilang itinitig ang kanilang mata kay Jesus. At nakakita ng ilang mga anghel na nakikipag-usap sa ikalawang anghel, na sumigaw ng Ang Babilonia ay naguho, naguho, at itinaas ng mga anghel na ito ang kanilang tinig kasama ng ikalawang anghel, at sumigaw, Narito ang lalaking kakasalin ay dumarating! Lumabas kayo upang siya ay salubungin! Ang tinig ng mga anghel na ito na parang musika at tila nakarating sa bawat dako. Isang malakas at maluwalhating liwanag ang sumikat doon sa mga nagpapahalaga sa liwanag na ibinahagi sa kanila. Ang kanilang mukha ay nagliwanag na may sakdal na kaluwalhatian, at sila'y sumanib sa mga anghel sa pagsigaw, Narito, ang lalaking kakasalin ay dumarating! At samantalang magkakaugma nilang itinataas ang sigaw sa ibat-ibang mga grupo, itinulak sila noong mga nagsitanggi sa liwanag, at may galit na tingin, minura at hinamak sila. Subalit itinakip ng mga anghel ng Diyos ang kanilang mga pakpak sa mga inuusig, samantalang sinisikap ni Satanas at ng kanyang mga anghel na mapalibutan sila ng kadiliman, upang akayin silang tumanggi sa liwanag na nagmumula sa langit.

At nakarinig ako ng tinig mula doon sa mga naitulak at hinamak, magsilabas kayo mula sa kanila, at huwag ninyong hipuin ang hindi malinis. Isang malaking bilang ang pumutol sa mga kordon na nakabigkis sa kanila, at kanilang sinunod ang tinig, at iniwan yong mga nasa kadiliman, at sumanib doon sa mga naunang nakawala sa kordon, at masaya nilang isinanib ang kanilang tinig na kasama nila. Narinig ko ang tinig ng taimtim, at humihibik na dalangin mula sa ilan na nananatili pa rin sa mga grupo na nasa kadiliman. Ang mga ministro at mga namumunong mga lalaki na lumilibot sa mga grupong ito ay pinatibay ang mga kordon; subalit narinig ko pa rin ang tinig ng taimtim na dalanging ito. At nakita ko yong mga nananalangin na iniabot ang kanilang mga kamay palabas para sa saklolo noong mga nakisama sa grupo na nakalaya, na nagagalak sa Diyos. Ang tugon mula sa kanila, samantalang mataman silang nakatingin sa langit, at nakaturo sa itaas, ay, Magsilabas kayo mula sa kanila, at bumukod. Nakita ko ang mga tao na nagsisikap makalaya, at sa wakas ay napatid nila ang kordon na nakatali sa kanila. Nilabanan nila ang pagsisikap na isinasagawa upang paigtingin ang mga kordon, at hindi nila pinakinggan ang paulit-ulit na mga pagpapahayag, Ang Diyos ay sumasa atin, Nasa atin ang liwanag. Nagpatuloy ang paisa-isang umaalis mula sa mga grupo na nasa kadiliman, at sumanib sa grupo ng mga nakalaya, na nakikita na nasa bukas na kapatagan na nakataas mula sa lupa. Sila ay nakatingin sa itaas, at ang kaluwalhatian ng Diyos ay napasa kanila, at kanilang isinisigaw ang mga papuri sa Diyos. Sila'y nagkakaisa at tila nababalutan ng liwanag ng langit. Nakapalibot sa grupong ito ay may ilang napasa ilalim ng impluwensiya ng liwanag, subalit hindi hayag na nakiisa sa grupo. Ang lahat na nagpapahalaga sa liwanag na pinarating sa kanila ay nakatingin sa itaas na may matinding pananabik. Si Jesus ay tumingin sa kanila na may matamis na kaluguran. Inaasahan nila na si Jesus ay darating. Kinasasabikan nila ang Kanyang pagpapakita. Hindi sila nagbigay ng isang nagpapaantalang pagtingin sa

sanlibutan. Sa muli ay nakakita ako ng ulap sa napasa mga naghihintay. Nakita kong sila ay nalumbay at tumingin paibaba. Itinanong ko kung ano ang sanhi ng pagbabagong ito. Wika ng kasama kong anghel, sila ay muling nabigo sa kanilang inaasahan. Si Jesus ay hindi pa makararating sa lupa. Kinakailangan pang sila ay magdusa para kay Jesus at magtiis ng maraming mga pagsubok. Kinakailangang isuko nila ang mga pagkakamali at mga tradisyon na tinanggap mula sa mga tao, at humarap ng lubos sa Diyos at sa kanyang salita. Sila ay kinakailangang madalisay, at magawang puti at nasubok. At yaong mga makakatiis sa mapait na pagsubok ay magkakaroon ng walang hanggang pagtatagumpay.

Si Jesus ay hindi dumating sa lupa gaya ng inaasahan ng masayang grupong naghihintay, upang linisin ang Santuwaryo sa pamamagitan ng pagdalisay sa lupa sa pamamagitan ng apoy. Nakita ko na sila ay tumpak sa paggunita ng mga panahon ng propesiya. Ang mga hula tungkol sa panahon ay nagtapos noong 1844. Ang kanilang pagkakamali ay binubuo ng maling pagkaunawa kung ano ang Santuwaryo at paano ito lilinisin. Si Jesus ay pumasok sa kabanal-banalang dako upang linisin ang Santuwaryo sa pagtatapos ng mga araw na ito. Tiningnan kong muli ang mga naghihintay, at nabigong grupo. Mukha silang malungkot. Maingat nilang siniyasat ang mga katibayan ng kanilang pananampalataya at sinundan ang pagbatid sa mga panahon ng mga propesiya, at wala silang makitang mga pagkakamali. Ang panahon ay naganap subalit nasaan ang kanilang Tagapagligtas? Hindi nila Siya makita.

At ipinakita sa akin ang pagkabigo ng mga alagad noong sila'y pumunta sa libingan at nakitang wala doon ang bangkay ni Jesus. Wika ni Maria, kanilang kinuha ang aking Panginoon, at hindi ko alam kung saan nila Siya inilagay. Sinabi ng mga anghel sa mga nalulungkot na mga alagad na ang kanilang Panginoon ay bumangon, at makikipagtagpo sa kanila sa Galilea.

Nakita ko na samantalang tinitingnan ni Jesus na may pinakamalalim na pagkahabag sa mga nabigo, sinugo Niya ang Kanyang mga anghel upang gabayan ang kanilang isip upang Siya ay kanilang makita, at sundan Siya kung saan Siya naroon; upang kanilang maunawaan na ang Santuwaryo ay hindi ang daigdig; na kailangan Niyang pumasok sa Kabanal-banalang Dako ng makalangit na Santuwaryo upang iyon ay linisin; upang magsagawa ng natatanging pagtubos para sa Israel, at upang tanggapin ang kaharian ng Kanyang Ama, at pagkatapos noon ay bumalik sa lupa at kuhanin sila upang manirahang kasama Niya magpakailanman. Ang pagkabigo ng mga alagad ay ganap na kumakatawan sa pagkabigo ng mga naghihintay sa kanilang Panginoon noong 1844. Ako ay dinala sa panahon ng si Jesus ay matagumpay na sumakay papasok sa Jerusalem. Ang mga masayang mga alagad ay naniniwala na Kanya nang angkinin ang kaharian, at maghahari bilang isang makalupang prinsiphe. Sinundan nila ang kanilang Hari na may matayog na mga pag-asa. Pumutol sila ng magagandang sanga ng palma, hinubad ang kanilang panlabas na kasuotan, at may masiglang kasigasigan na inilatag iyon sa daan; at ang ilan ay nasa harapan ang iba ay sumusunod na sumigaw, Hosana sa anak ni David! Mapalad Siyang dumarating sa ngalan ng Panginoon! Hosana sa kataas-taasan! Ang mga Pariseo ay nabahala sa kaguluhan, at ibig nilang sawayin ni Jesus ang Kanyang mga alagad. Subalit sinabi Niya sa kanila, kung mananahimik ang mga ito, ang mga bato ay magsisihyaw. Ang propesiya sa

Zacarias 9:9 ay kinakailangang maganap, gayon pa man nakita ko na ang mga alagad ay nakatakda upang makaranas ng mapait na pagkabigo. Makalipas ang ilang araw sinusundan nila ang kanilang Panginoon sa kalbaryo, at nakita Siyang nagdurugo at naghihirap sa malupit na krus. Nasaksihan nila ang paghihirap sa kamatayan, at inilagay siya sa libingan. Ang kanilang puso ay nanlumo sa lungkot. Walang natupad ni isa man sa kanilang mga inaasahan. Ang kanilang pag-asa ay namatay na kasama ni Jesus. Subalit nang Siya ay bumangon mula sa patay, at napakita sa Kanyang nalulungkot na mga alagad, ang kanilang pag-asa ay nagkabuhay muli. Nawala ang kanilang Tagapagligtas; subalit muli nilang nasumpungan Siya.

Nakita ko na ang pagkabigo ng mga naniwala sa pagdating ng Panginoon noong 1844, ay hindi katumbas ng pagkabigo ng mga alagad. Ang propesiya ay natupad tungkol sa pabalita ng una at ikalawang anghel. Ang mga iyon ay ibinigay sa tamang panahon, at ginampanan ang gawain na pinanukala ng Diyos na dapat noong gampanan.

Tingnan ang Daniel 8:14; Mateo 21:4-16, 25:6; Marcos 16:6-7; Lucas 19:35-40; Juan 14:1-3, 20:13; 2 Corinto 6:17; Apocalipsis 10:8-11, 14:7-8.

KABANATA 26

Isa pang Paglalarawan

Ipinakita sa akin ang pananabik ng buong langit sa gawain na isinasagawa sa lupa. Inatasan ni Jesus ang isang malakas at makapangyarihang anghel upang bumaba at bigyan ng babala ang mga naninirahan sa lupa upang maghanda sa Kanyang ikalawang pagpapakita. Nakita kong lumisan sa harapan ni Jesus ang makapangyarihang anghel. Sa harap niya ay may humayong napakaliwanag at maluwalhating liwanag. Sinabi sa akin na ang kanyang misyon ay liwanagan ang lupa ng kanyang kaluwalhatian at magbabala sa mga tao tungkol sa darating na galit ng Diyos. Marami ang tumanggap sa liwanag. Ang iba ay tila napaka solemne, samantalang ang iba naman ay masaya at nadadala. Ang liwanag ay pinasinag sa lahat, subalit ang iba ay parang napailalim lamang sa impluwensiya ng liwanag, at hindi iyon tinanggap ng buong puso. Subalit ang lahat ng tumanggap doon ay ibinaling ang kanilang mukha sa langit, at niluwalhati ang Diyos. Marami ang nagkaroon ng malaking galit. Mga ministro at mga tao ay nakiisa sa masama, at malakas na nilabanan ang liwanag na inihatid ng makapangyarihang anghel. Subalit ang lahat ng tumanggap doon ay humiwalay sa sanlibutan, at nagkaroon ng malapit na pagkakaisa.

Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay abala sa pagsisikap na maakit ang isip ng lahat ng maaakit nila mula sa liwanag. Ang grupo ng mga tumanggi doon ay naiwan sa kadiliman. Nakita ko ang anghel na nagmamasid na may lubos na pananabik ang nag-

aangking bayan ng Diyos, upang itala and likas na kanilang hinuhubog, samantalang ang pabalita ng langit ay iniaalok sa kanila. At samantalang marami sa mga nag-aangkin sa pag-ibig kay Jesus ang tumanggi sa pabalita mula sa langit, may panlilibak, kaguluhan, at galit, isang anghel na may sulat sa kanyang kamay ang gumawa ng kahiya-hiyang tala. Ang buong langit ay napuno ng galit sapagkat si Jesus ay nasaktan sa Kanyang mga nag-aangking mga tagasunod.

Nakita ko ang pagkabigo ng mga nagtitiwala. Hindi nila nakita ang kanilang Panginoon sa inaasahan nilang panahon. Layunin ng Diyos na ikubli ang hinaharap, at ihatid ang Kanyang bayan sa punto ng pagpapasya. Kung wala ang puntong ito sa panahon, hindi magaganap ang gawaing pinanukala ng Diyos. Inaakay ni Satanas ang isip ng napakarami sa malayong hinaharap. Isang panahon na inihayag tungkol sa pagpapakita ni Jesus ay kinakailangang maghatid sa isip tungo sa taimtim na pagsisiyasat sa kasalukuyan. Sa paglipas ng panahon, yaong hindi lubos na tumanggap ng liwanag mula sa anghel, ay nakiisa doon sa mga nagsitanggi sa pabalita, at kanilang hinarap ang mga nabigo na may panlilibak. Nakita ko ang mga anghel sa langit na sumangguni kay Jesus. Kanilang minarkahan ang kalagayan ng mga nag-aangking mga tagasunod ni Jesus. Ang paglipas ng itinakdang panahon ang sumubok sa kanila at sumiyasat, at napakarami sa kanila ang tinimbang sa timbangan at nasumpungang kulang. Lahat sila ay malakas na nag-aangkin na mga kristiyano, gayon man ay nabigo sa pagsunod kay Jesus sa halos lahat ng bagay. Si Satanas ay nagalak sa kalagayan ng mga nag-aangking mga tagasunod ni Jesus. Nahuli niya sila sa kaniyang bitag. Naakay niya ang marami upang lisanin ang matuwid na landas, at kanilang sinisikap na pumanhik sa langit sa ibang landas. Nakita ng mga anghel ang mga dalisay, malinis, at banal, lahat ay kahalubilo ng mga makasalanan sa Siyon, at sa mapagkunwaring umiibig sa sanlibutan. Minasdan nila ang mga tunay na umiibig kay Jesus; subalit ang mga masama ay nakakahawa sa mga banal.

Yaong ang puso ay nagliliyab sa pananabik, at matinding pagnanasa na makita si Jesus, ay binawalan ng kanilang kapatiran na magsalita tungkol sa Kanyang pagdating. Nakita ng mga anghel ang buong tanawin, at nahabag sa mga nalabi, na umiibig sa pagpapakita ni Jesus. Isa pang makapangyarihang anghel ang inatasan upang bumaba sa lupa. Isang kasulatan ang inilagay ni Jesus sa kanyang kamay, at sa kanyang pagsapit sa lupa, siya ay sumigaw, Ang Babilonia ay naguho! naguho! At nakita kong ang mga nabigo ay nagmukhang masaya, itiningin ang kanilang mga mata sa langit, tumingin na may pananampalataya at pag-asa sa pagpapakita ng kanilang Panginoon. Subalit marami ang nananatili sa tila tulalang kalagayan, na parang natutulog; gayon pa man ay nakita ko ang bakas ng malalim na kalungkutan sa kanilang hitsura. Nakita ng mga nabigo na mula sa Bibliya na sila ay nasa panahon na parang mabagal, at kinakailangang sila ay may pagtitiis na maghintay sa katuparan ng pangitain. Ang mga ebidensiya na umakay sa kanila upang maghintay sa Panginoon noong 1843 ang siya ring umakay sa kanila upang abangan Siya noong 1844. Nakita ko na karamihan ay hindi taglay ang lakas na nahayag sa kanilang pananampalataya noong 1843. Ang kanilang pagkabigo ay nakaapekto sa kanilang pananampalataya. Subalit samantalang ang mga nabigo ay sumasanib sa sigaw ng ikalawang anghel, ang hukbo ng langit ay nagmasid na may pinakamalalim na pananabik, at itinala ang

epekto ng pabalita. Nakita nila yaong mga nagdadala ng pangalang Kristiyano ay galit at nililibak yaong mga nabigo. Samantalang ang mga salita ay namumutawi sa mga nanlilibak, Hindi pa kayo pumapanhik! Iyon ay itinala ng isang anghel. Wika ng anghel, Kanilang nilibak ang Diyos.

Pabalik na itinuro sa akin ang pag-akyat ni Elias. Ang kanyang balabal ay nahulog kay Eliseo, at ang masasamang mga bata (o kabataan) ay sumunod sa kanya, nagtatawanan, at sumisigaw, Pumanhik ka, kalbo! Pumanhik ka kalbo! Kanilang nilibak ang Diyos at doon ay pinarusahan sila. Natutunan nila iyon mula sa kanilang mga magulang. At yaong mga nagtawa at nanlibak sa kaisipan ng pagpanhik ng mga banal, ay parurusahan ng salot ng Diyos, at kanilang mababatid na hindi isang maliit na bagay ang magbiro sa Kanya.

Inatasan ni Jesus ang ibang mga anghel upang mabilis na lumipad at pasiglahin at palakasin ang nanghihinang pananampalataya ng Kanyang bayan, at ihanda sila upang maunawaan ang pabalita ng ikalawang anghel, at ang mahalagang hakbang na malapit ng maganap sa langit. Nakita ko ang mga anghel na ito na tumanggap ng malaking kapangyarihan at liwanag mula kay Jesus, at mabilis na lumipad tungo sa lupa upang gampanan ang iniatas sa kanila na tulungan ang ikalawang anghel sa kanyang gawain. Isang malaking liwanag ang suminag sa bayan ng Diyos samantalang isinisigaw ng mga anghel, Narito ang lalaking kakasalin ay dumarating, magsilabas kayo upang Siya ay salubungin. At nakita ko yaong mga nabigo na bumangon at kaugma ng ikalawang anghel ay nagpahayag, Narito ang lalaking kakasalin ay dumarating, magsilabas kayo upang Siya ay salubungin ang liwanag mula sa mga anghel ay suminag sa lahat ng dako. Sinikap ni Satanas at ng kanyang mga anghel na pigilan ang pagkalat at pagkakaroon ng epekto ng liwanag na ito. Nakipagtalo sila sa mga anghel ng Diyos, at sinabi sa kanila na nilinlang ng Diyos ang mga tao, at ang kanilang liwanag at kapangyarihan ay hindi makapagpaniwala sa mga tao na si Jesus ay darating. Ipinagpatuloy ng mga anghel ng Diyos ang kanilang gawain, bagaman sinisikap ni Satanas na harangan ang daan, at alisin ang isip ng mga tao mula sa liwanag. Yaong mga tumanggap doon ay naging napakasaya. Itinitig nila ang kanilang mga mata paitaas sa langit, at kinasabikan ang pagpapakita ni Jesus. Ang ilan ay nasa malaking kabalisahan, umiiyak at nananalangin. Ang kanilang mga mata ay tila nakatingin sa kanilang sarili, at ayaw nilang tumingin paitaas.

Isang mahalagang liwanag mula sa langit ang nag-alis ng kadiliman mula sa kanila, at ang kanilang mga mata, na dati ay nakatingin sa kalungkutan sa kanilang sarili, ay napatingin sa itaas, samantalang ang pagpapasalamat at banal na kagalakan ay nahahayag sa bawat nilalaman. Si Jesus at ang buong hukbo ng mga anghel ay tumingin na may kagalakan sa mga tapat na naghihintay.

Yaong mga tumanggi at sumalungat sa liwanag ng pabalita ng unang anghel, ay nawalan ng liwanag ng ikalawang anghel, at hindi makikinabang sa kapangyarihan at kaluwalhatian na dala ng pabalita, Narito ang lalaking kakasalin ay dumarating. Malungkot na tumalikod sa kanila si Jesus. Siya ay kanilang sinaktan at tinanggihan. Yaong mga tumanggap sa pabalita ay nabalot sa ulap ng kaluwalhatian. Sila ay naghintay at nagbantay at nanalangin upang malaman ang kalooban ng Diyos. Lubha nilang kinatakutan na masaktan Siya. Nakita kong sinisikap ni Satanas at ng kanyang mga anghel na maalis ang

liwanag na ito mula sa bayan ng Diyos; subalit samantalang ang liwanag ay pinahahalagahan ng mga naghihintay, at ang kanilang mga paningin ay nakataas mula sa lupa tungo kay Jesus, si Satanas ay hindi nagkaroon ng kakayanan upang maalís sa kanila ang mahalagang liwanag na ito. Ang pabalitang binigay mula sa langit ay nagpagalit kay Satanas at sa kanyang mga anghel, at doon sa mga nag-aangking umiibig kay Jesus subalit namumuhi sa kanyang pagdating, nagtawa at nanlibak sa mga tapat na nagtitiwala. Subalit isang anghel ang nagtala ng bawat pang-iinsulto, bawat panlalait, at bawat pang-aabuso na kanilang natanggap mula sa mga nag-aangking mga kapatid nila. Marami ang nagtaas ng kanilang tinig upang sumigaw ng, Narito ang lalaking kakasalin ay dumarating, at iniwanan ang kanilang mga kapatid na hindi umiibig sa pagpapakita ni Jesus, at hindi nagpapahintulot na kanilang talakayin ang tungkol sa Kanyang ikalawang pagdating. Nakita ko na inalis ni Jesus ang Kanyang mukha mula sa mga nagsitanggi at namuhi sa Kanyang ikalawang pagdating, at nakita ko na ipinag-utos Niya sa Kanyang mga anghel na akayin ang Kanyang bayan sa paglabas mula sa mga marurumi, baka sila marumihan. Yaong mga naging masunurin sa pabalita ay tumindig sa labas na malaya at nagkakaisa. Isang banal at sakdal na liwanag ang suminag sa kanila. Kanilang tinanggihan ang sanlibutan, sinira ang kanilang pag-ibig doon, isinakripisyo ang kanilang makalupang mga interes. Isinuko nila ang kanilang mga yaman sa lupa at ang kanilang nananabik na pagtingin ay kanilang itinuon sa langit, umaasang makikita ang kanilang iniibig na Tagapagligtas. Isang banal na kagalakan ay sumikat sa kanilang anyo, at nagpahayag ng kapayapaan at kagalakan na nasa kanilang loob. Ipinag-utos ni Jesus sa Kanyang mga anghel na humayo at palakasin sila, sapagkat ang oras ng kanilang pagsubok ay nalalapit na. Nakita ko na ang mga naghihintay na ito ay hindi pa nasusubok tulad ng nararapat sa kanila. Hindi pa sila malaya sa mga pagkakamali. At nakita ko ang habag at kabutihan ng Diyos sa pagpapahatid ng isang babala sa mga tao sa lupa, at paulit-ulit na mga pabalita upang dalhin sila sa isang punto ng panahon, upang akayin sila na masikap na magsaliksik para sa kanilang sarili, upang maalís sa kanila ang mga pagkakamali na naipasa sa kanila mula sa mga hindi kumikilala sa Diyos at mula sa mga nasa kapapahan. Sa pamamagitan ng mga pabalitang ito inaakay ng Diyos ang Kanyang bayan kung saan makagagawa Siya sa kanila na may higit na dakilang kapangyarihan, at kung saan maiingatan nila ang lahat ng Kanyang mga utos.

Tingnan ang 2 Hari 2:11-25; Daniel 8:14; Habakuk 2:1-4; Mateo 25:6; Apocalipsis 14:8; 18:1-5.

KABANATA 27

Ang Santuwaryo

At ipinakita sa akin ang matinding pagkabigo ng bayan ng Diyos. Hindi nila nakita si Jesus sa inaasahang panahon. Hindi nila alam kung bakit hindi dumating ang kanilang Tagapagligtas. Hindi sila makakita ng katibayan kung bakit hindi natapos ang kapanahunan ng propesiya. Wika ng isang anghel, Nagkamali ba ang salita ng Diyos?

Nagkulang ba ang Diyos sa pagtupad sa Kanyang mga pangako? Hindi: Ang lahat ng Kanyang ipinangako ay Kanyang tinupad. Si Jesus ay tumindig, at isinara ang pinto ng Banal na Dako ng Santuwaryo sa langit, at binuksan ang pinto ng Kabanal-banalang Dako, at pumasok upang linisin ang Santuwaryo. Wika ng anghel, Ang lahat ng nagtiyaga sa paghihintay ay makakaunawa sa hiwaga. Ang tao ay nagkamali; subalit walang pagkakamali sa bahagi ng Diyos. Ang lahat ng ipinangako ng Diyos ay natupad; subalit mali ang pagtingin ng tao sa lupa sa pag-iisip na iyon ang Santuwaryo na lilinin sa pagtatapos ng panahon ng propesiya. Nabigo ang inaasam ng mga tao; subalit ang mga pangako ng Diyos ay hindi. Sinugo ni Jesus ang Kanyang mga anghel upang gabayan ang mga nabigo, upang akayin ang kanilang isip sa Kabanal-banalang Dako na Kanyang pinuntahan upang linisin ang Santuwaryo, at magsagawa ng natatanging pagtubos sa Israel. Sinabihan ni Jesus ang mga anghel na ang lahat ng makakasumpong sa Kanya ay makakaunawa sa gawain na Kanyang gagampanan. Nakita ko na samantalang si Jesus ay nasa Kabanal-banalang Dako Siya ay ikakasal sa Bagong Jerusalem, at pagkatapos ng Kanyang gawain sa Kabanal-banalang Dako, Siya ay bababa sa lupa upang kuhanin sa Kanyang sarili yaong mga mahahalagang matiyagang naghintay sa Kanyang pagbabalik.

At ipinakita sa akin kung ano ang naganap sa langit sa pagtatapos ng mga panahon ng propesiya noong 1844. Nakita ko na sa pagtatapos ng gawain ni Jesus sa Banal na Dako, ay Kanyang isinara ang pinto ng dakong iyon, isang malaking kadiliman ang bumaba doon sa mga tumanggi sa pabalita tungkol sa ikalawang pagdating ni Cristo, at Siya ay nawala sa kanilang paningin. At si Jesus ay nagsuot ng mahahalagang mga kasuotan. Sa ibaba ng Kanyang balabal ay may isang kampanya at isang Granada. Isang kasuotan sa dibdib ang nakasabit sa Kanyang mga balikat. At samantalang Siya ay kumikilos iyon naman ay kumikislap na parang mga diamante, pinapalaki sa tingin ang mga titik na parang mga nakasulat na tila mga pangalan na nakasulat o nakaukit sa kasuotan sa dibdib. Nang Siya ay gayak na gayak na may nakalagay sa Kanyang ulo na parang korona, ang mga anghel ay pumalibot sa Kanya, at Siya ay pumasok sa tabing sakay sa isang nag-aapoy na karwahe. At ipinapansin sa akin ang dalawang bahagi ng Santuwaryo sa langit. Ang kurtina o pinto ay bukas, at ako ay pinahintulutang pumasok. Sa unang silid ay nakita ko ang kandeleryo na may pitong lampara, na mukhang mamahalin at maluwalhati; gayon din ang lamesa ng tinapay, ang altar ng insenso, at ang suuban. Ang lahat ng mga kagamitan sa silid na ito ay tila pinakadalisay na ginto at maaaninag doon ang larawan ng pumapasok sa dako na iyon. Ang kurtina na naghihiwalay sa dalawang silid na ito ay mukhang maluwalhati. Iyon ay may iba't ibang kulay at sangkap, may magandang dingding at may mga inanyuang ginto na nakakapit doon, na kumakatawan sa mga anghel. Ang tabing ay itinaas, at ako ay tumingin sa ikalawang silid. Nakakita ako doon ng isang kaban na may makikitang napakadalisay na ginto. Bilang panlagay sa tagiliran sa ibabaw ng kaban, may napakaganda likha na kumakatawan sa mga korona. Iyon ay pinong ginto. Sa kaban ay may malapad na mga bato na naglalaman ng sampung utos. Sa bawat dulo ng kaban ay may nagtatakip na kerubin na ang kanilang mga pakpak ay nakabuka sa ibabaw. Ang mga pakpak ay nakataas na nagtatagpo sa itaas ng ulo ni Jesus samantalang Siya ay nakatayo sa tabi ng kaban. Ang kanilang mukha ay magkaharap, at sila ay nakatingin paibaba sa kaban,

kumakatawan sa lahat ng hukbo ng mga anghel na nagmamasid na may pananabik sa kautusan ng Diyos. Sa pagitan ng mga kerubin ay ang gintong suuban. At samantalang ang panalangin ng mga banal sa pananampalataya ay dumarating kay Jesus, at yon ay kanyang ipinagkakaloob sa Kanyang Ama, isang mabangong samyo ang lumalabas mula sa insenso. Iyon ay parang usok na may pinaka magagandang kulay. Sa itaas ng lugar na kinatatayuan ni Jesus, sa harap ng kaban, nakakita ako ng lubhang napakaliwanag na kaluwalhatian na hindi ko matingnan. Parang iyon ang luklukan na kinaroroonan ng Diyos. Samantalang ang insenso ay pumapanhik sa Ama, ang sakdal na kaluwalhatian na nagmumula sa Ama ay pumunta kay Jesus, at mula kay Jesus iyon ay suminag doon sa ang mga dalangin ay pumanhik na parang mabangong insenso. Bumuhos kay Jesus ang mayaman at saganang liwanag at kaluwalhatian, nabalot ang luklukan ng awa, at ang tren ng kaluwalhatian ay pumuno sa templo. Hindi ako makatingin sa kaluwalhatian. Walang wika ang makapaglalarawan noon. Ako ay lubhang namangha, at ako ay tumalikod mula sa karilagan at kaluwalhatian ng tanawin.

Ipinakita sa akin ang isang Santuwaryo sa lupa na naglalaman ng dalawang silid. Kamukha iyon ng isang nasa langit. Sinabi sa akin na iyon ang Santuwaryo sa lupa, isang paglalarawan ng nasa langit. Ang mga kagamitan sa unang silid ay tulad ng nasa unang silid sa langit. Ang tabing ay itinaas, at ako ay tumingin sa Kabanal-banalang Dako, at nakita ko ang mga kagamitan doon ay katulad ng nasa Kabanal-banalang Dako sa makalangit na Santuwaryo. Ang mga pari ay naglilingkod sa dalawang silid na nasa lupa. Sa unang silid siya ay naglilingkod araw-araw sa taon, at pumapasok sa Kabanal-banalang minsan lamang sa loob ng santaon, upang iyon ay linisin mula sa mga kasalanan na nailipat doon. Nakita ko na si Jesus ay naglilingkod sa dalawang silid sa makalangit na Santuwaryo. Siya ay pumasok sa makalangit na Santuwaryo sa pamamagitan ng paghahandog ng Kanyang sariling dugo. Ang mga pari sa lupa ay naalis sa pamamagitan ng kamatayan, kaya hindi sila nakakapagpatuloy ng matagal; subalit nakita ko si Jesus, ay saserdote na pang walang hanggan. Sa pamamagitan ng mga sakripisyo at mga handog na dinadala sa Santuwaryo sa lupa, ang mga anak ni Israel ay kinakailangang manghawak sa kabutihan na isang dumarating na Tagapagligtas. At sa karunungan ng Diyos ang mga detalye ng Kanyang gawain ay ibinigay sa atin upang tayo ay tumingin doon, at maunawaan ang gawain ni Jesus sa makalangit na Santuwaryo.

Sa pagkapako sa krus, samantalang si Jesus ay namatay sa kalbaryo, Siya ay sumigaw, Natapos na, at ang tabing ng templo ay nahati sa dalawa, mula sa itaas hanggang sa ibaba. Ito ay upang ipakita na ang mga paglilingkod sa Santuwaryo sa lupa ay panghabang panahon nang natapos, at ang Diyos ay hindi na makikipagtagpo sa kanila sa kanilang templo sa lupa, upang tanggapin ang kanilang mga sakripisyo. Naibuhos na noon ang dugo ni Jesus, na Kanyang ipaglilingkod sa makalangit na Santuwaryo. Kung paanong nang ang mga saserdote sa lupa ay pumapasok sa Kabanal-banalang Dako minsan sa isang taon upang linisin ang Santuwaryo, si Jesus ay pumasok sa Kabanal-banalang ng makalangit, sa pagtatapos ng 2300 na mga araw sa Daniel 8, noong 1844, upang magsagawa ng pangwakas na pagtubos sa lahat ng makikinabang sa Kanyang pamamagitan, at upang linisin ang Santuwaryo.

Tingnan ang Exodo kapitulo 25-28; Levitico Kapitulo 16; 2 Hari 2:11; Daniel 8:14; Mateo 27:50-51; Hebreo Kapitulo 9; Apocalipsis kapitulo 21.

KABANATA 28

Ang Pabalita ng Ikatlong Anghel

Sa pagtatapos ng paglilingkod ni Jesus sa Banal na Dako, at Siya ay pumunta sa Kabanal-banalan, at tumindig sa tabi ng kaban na naglalaman ng kautusan ng Diyos, nagsugo Siya ng isa pang makapangyarihang anghel tungo sa lupa dala ang ikatlong pabalita. Naglagay Siya ng sulatan sa kamay ng anghel, at siya ay bumaba sa lupa sa karilagan at kapangyarihan, nagpahayag Siya ng isang nakakatakot na babala, ang pinakakakila-kilabot na kailanman ay inihatid sa tao. Ang pabalitang ito ay inihanda upang ang mga anak ng Diyos ay maging mapagmasid, at ipakita sa kanila ang oras ng panunukso at paghihirap na nasa harap nila. Wika ng anghel, sila ay maihahatid sa malapitang paglaban sa hayop at sa kanyang larawan. Ang natatanging pag-asa nila sa buhay na walang hanggan ay ang manatiling matatag. Bagaman ang kanilang buhay ay nasa panganib, gayon pa man sila ay kinakailangang manghawak sa katotohanan. Tinapos ng ikatlong anghel ang kanyang pabalita sa ganitong mga salita, Narito ang panawagan para sa pagtitiis ng mga banal; sa mga tumutupad sa mga utos ng Diyos, at humahawak ng matatag sa pananampalataya ni Jesus. Samantalang inuulit niya ang mga salitang ito ay itinuro niya ang makalangit na Santuwaryo. Ang pag-iisip ng lahat ng yumakap sa pabalitang ito ay itinuro sa Kabanal-banalang Dako kung saan si Jesus ay nakatayo sa harap ng kaban, nagsasagawa ng Kanyang pangwakas na pamamagitan para doon sa mga ang kahabagan ay naghihintay, at para doon sa mga hindi pa nakababatid na kanilang nalalabag ang kautusan ng Diyos. Ang pagtubos na ito ay isinasagawa para sa mga matuwid na nangamatay at mga matuwid na nananatiling buhay. Si Jesus ay nagsagawa ng pagtubos para doon sa mga nangamatay, na hindi nakatanggap ng liwanag sa kautusan ng Diyos, hindi batid na sila'y nagkakasala.

Nang mabuksan ni Jesus ang pinto ng Kabanal-banalan ang liwanag tungkol sa Sabbath ay nakita, at ang bayan ng Diyos ay susubukin at magpapatunay, kung paanong sinubok ng Diyos ang mga anak ng Israel noong una, upang malaman kung kanilang iingatan ang Kanyang kautusan. Nakita ko ang ikatlong anghel na nakaturo sa itaas, itinuturo sa mga nabigo ang daan tungo sa Kabanal-banalang Dako ng makalangit na Santuwaryo. Sa pananampalataya ay kanilang sinundan si Jesus sa Kabanal-banalan. Sa

muli ay kanilang nasumpungan si Jesus, ang kagalakan at pag-asa ay bumukal muli. Nakita ko silang lumingon sa nakalipas, mula sa pagpapahayag ng ikalawang pagdating ni Jesus, hanggang sa kanilang mga paglalakbay hanggang sa paglipas ng 1844. Nakita nila ang paliwanag sa kanilang pagkabigo, at kagalakan at katiyakan ang muling nagpasaya sa kanila. Ang nakalipas, kasalukuyan, at hinaharap ay niliwanagan ng ikatlong anghel, at alam nila na tunay nga na sila ay pinatnubayan ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mahimalang kalooban.

Binigyan ng paglalarawan sa akin na ang mga nalabi ay sumunod kay Jesus sa Kabanal-banalang Dako, at nakita ang kaban, ang luklukan ng awa, at nabighani sa kaluwalhatian noon. Itinaas ni Jesus ang takip ng kaban, at naroon! Ang mga tapyas ng bato, na kung saan nakasulat ang Sampung Utos. Kanilang tinugaygay pababa ang may buhay na mga utos; subalit napaurong sila na may pangininginig ng kanilang makita ang ika-apat na utos na nabubuhay kabilang sa sampung utos samantalang iyon ay nasisinagan ng higit na liwanag kaysa alin man sa siyam, ay isang pabilog na kaluwalhatian ang nakapalibot doon. Wala silang nakita doon na nagsasabi sa kanila na ang Sabbath ay pinawi na o pinalitan ng unang araw ng sanlinggo. Mababasa iyon tulad ng pagkakahayag ng tinig ng Diyos sa solemne at kilabot na karilagan sa bundok, samantalang ang mga kidlat ay nagkikislapan at ang mga kulog ay umuugong, at noong iyon ay isulat ng sarili Niyang banal na daliri sa mga tapyas ng bato. "Anim na araw kang gagawa at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain; ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath sa Panginoong mong Diyos." Sila ay namangha samantalang kanilang minamasdan ang pangangalaga sa sampung utos. Nakita nila iyon na inilagay sa malapit kay Jehovah, nalililuman at naiingatan ng Kanyang kabanalan. Nakita nila na kanilang niyurakan ang ika-apat na utos sa sampung utos, at nagingat sila sa isang araw na ipinasa sa kanila ng kapapahan at ng mga hindi kumikilala sa Diyos sa halip na araw na binanal ni Jehovah. Sila ay nagpakumbaba sa harap ng Diyos, at ikinalungkot ang kanilang pagsalansang sa nakalipas.

Nakita ko ang insenso sa usok ng suuban samantalang idinudulog ni Jesus ang kanilang mga pangungumpisal at mga dalangin sa Ama. At samantalang iyon ay pumapaitaas, isang maningning na liwanag ang napatuon kay Jesus, at luklukan ng awa; at yaong mga taimtim na nananalangin sapagkat sila ay nagugulumihanan dahil nalabag nila ang kautusan ng Diyos, ay pinagpala, at ang kanilang hitsura ay nagliwanag na may pag-asa at kagalakan. Sumanib sila sa gawain ng ikatlong anghel, at itinaas ang kanilang tinig at ipinahayag ang solemneng babala. Subalit kaunti lamang sa simula ang tumanggap sa pabalita, gayon pa man ay nagpatuloy sila na may lakas na pagpapahayag sa babala, at kanilang pinarangalan ang Diyos at dinakila sa pamamagitan ng panginingilin sa Kanyang binanal na araw ng kapahingahan.

Marami sa mga tumanggap sa ikatlong pabalita ay hindi nagkaroon ng karanasan sa dalawang naunang mga pabalita. Ito ay nauunawaan ni Satanas, at ang kanyang masamang paningin ay napasa kanila upang sila ay patumbahin, subalit sila ay itinuturo ng anghel sa makalangit na Santuwaryo. Marami ang nakakita sa sakdal na pagkakaugnay ng mga katotohanan sa mga pabalita ng mga anghel at masayang tinanggap iyon. Kanila iyong niyakap ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod, at sa pamamagitan ng

pananampalataya ay sumunod kay Jesus tungo sa makalangit na Santuwaryo. Ang mga katotohanang ito ay inihayag sa akin na tulad sa sinipiti na humahawak sa katawan. At samantalang iyon ay tinatanggap at nauunawan ng isahan, sila'y nasasandatahan laban sa maraming kasinungalingan ni Satanas.

Makalipas ang malaking pagkabigo noong 1844, si Satanas at ang kanyang mga anghel ay abala sa paglalagay ng mga bitag upang sirain ang pananampalataya ng katawan. Kinikilos niya ang isip ng noong mga nagkaroon ng personal na karanasan sa mga bagay na ito. Sila ay may anyo ng pagpapakumbaba. Pinalitan nila ang una at ikalawang pabalita, at itinuro na ang kaganapan noon ay sa hinaharap pa, samantalang ang iba naman ay itinuturo ang matagal nang nakalipas, at ipinahahayag na iyon ay naganap noon. Hinihila ng mga ito ang isip noong mga walang karanasan upang sila ay maalis sa pananampalataya. Ang iba ay nagsasaliksik sa Bibliya upang magtatag ng sarili nilang pananampalataya hiwalay sa katawan. Si Satanas ay nagalak sa lahat ng ito; sapagkat alam niya na iyong mga kumakalas mula sa sinipiti, ay makikilos niya sa pamamagitan ng iba't-ibang mga kamalian at maitataboy sila sa pamamagitan ng mga paghihip ng hangin ng doktrina. Marami sa mga namuno sa una at ikalawang pabalita, ang tumanggi sa kanila, at nagkaroon ng pagkakabaha-bahagi at panangalat sa buong katawan. At nakita ko si William Miller. Mukha siyang may problema, at siya ay nakayuko at malungkot dahil sa kanyang bayan. Nakita niya ang grupo na nagkakaisa at umibig noong 1844, na nawalan ng pag-ibig sa isa't isa, at naglalaban sa isa't isa. Nakita niya silang nahulog sa nanlalamig na kalagayan ng pagtalikod. Ang kanyang lakas ay inubos ng lungkot. Nakita ko ang mga nangungunang mga lalaki na nagmamasid kay William Miller, ay nangangamba na baka tanggapin niya ang pabalita ng ikatlong anghel at ang mga utos ng Diyos. At kapag siya ay waring pumanig sa liwanag na nagmumula sa langit, ang mga lalaking ito ay gumagawa ng mga panukala upang panatilihin ang kanyang isip sa kadiliman, at panatilihin ang kanyang impluwensiya sa kanila. Sa katagalan ay itinaas ni William Miller ang kanyang tinig laban sa liwanag mula sa langit. Hindi niya natanggap ang pabalita na sana ay nagpaliwanag sa kanyang pagkabigo, at magbibigay ng liwanag at kaluwalhatian sa nakalipas, na sana ay nakapagpanibago ng kanyang naubos na kasiglahan, nakapagpaliwanag sa kanyang pag-asa, at umakay sa kanya upang magbigay luwalhati sa Diyos. Subalit siya ay pumanig sa karunungan ng tao sa halip na sa Diyos, at dahil nasaktan na sa masigasig niyang mga paggawa sa gawain ng kanyang Panginoon, at dahil sa katandaan, hindi siya gaanong mananagot tulad noong mga naglayo sa kanya sa katotohanan. Sila ang mananagot, at ang kasalanan ay nakapasan sa kanila. Kung nakita lamang sana ni William Miller ang liwanag ng ikatlong pabalita, maraming mga bagay na mukhang madilim at mahiwaga sa kanya ay naipaliwanag sana. Ang kanyang mga kapatiran ay nagpahayag ng gayong lubos na pag-ibig at pangangalaga sa kanya, na inisip niya na hindi siya makahihiwalay mula sa kanila. Ang kanyang puso ay ibig pumanig sa katotohanan, gayon pa man siya ay tumingin sa kanyang kapatiran. Hindi sila sang-ayon doon. Maaari ba siyang humiwalay mula sa kanila na tumindig sa piling niya sa pagpapahayag ng ikalawang pagdating ni Jesus? Inakala niya na hindi nila siya ililigaw.

Ipinahintulot ng Diyos na siya ay mapasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas at

ng kamatayan. Itinago niya sa libingan, malayo sa kanila na patuloy na inilalayo siya mula sa Diyos. Si Moises ay nagkulang nang siya ay malapit ng pumasok sa lupang pangako. Ganon din naman, nakita ko si William Miller na nagkulang samantalang malapit na siyang pumasok sa makalangit na Canaan, sa pagpapahintulot na ang kanyang impluwensiya ay lumaban sa katotohanan. Inakay siya ng iba sa bagay na ito. Ang iba ang kinakailangang managot dito. Subalit binantayan ng mga anghel ang mahalagang mga alabok ng lingkod ng Diyos na ito, at siya ay babangon sa huling pagtunog ng trumpeta.

Tingnan ang Exodo 20:1-17; 31:18; 1 Tesalonica 4:16; Apocalipsis 14:9-12.

KABANATA 29

Isang Matibay na Plataporma

Nakakita ako ng isang grupo na matibay na nakatindig at mahusay na nababantayan, at hindi nagbibigay ng pagkakataon doon sa mga manggugulo sa naitatag na pananampalataya ng katawan. Sila ay kinaluluguran ng Diyos. Pinakitahan ako ng tatlong hakbang—isa, dalawa at tatlo—ang una, ikalawa at ikatlong pabalita ng mga anghel. Wika ng anghel, Kahabag-habag siya na gagalaw ng isang bloke, o magkakawkaw ng isang aspila sa mga pabalitang ito. At tunay na pagkaunawa sa mga pabalitang ito ay may malaking kahalagahan. Ang kahahantungan ng mga kaluluwa ay nakasalalay sa paraan ng pagtanggap sa kanila. At ako ay isinamang muli pababa sa mga pabalitang ito, at nakita ko ang laki ng halaga na ipinangbili sa bayan ng Diyos para sa kanilang karanasan. Iyon ay nakamtan sa pamamagitan ng maraming paghihirap at matinding pakikipaglaban. Sa bawat hakbang ay inakay sila ng Panginoon hanggang sa sila ay nailagay Niya sa isang buo at di-matitinag na tapakan (plataporma). At nakakita ako ng mga tao samantalang lumalapit sila sa tapakan, na sinusuri ang pundasyon bago sila tumuntong doon. Ang iba ay kaagad tumuntong doon na may kagalakan. Ang iba ay nagsimulang maghanap ng pagkakamali na maaaring masumpungan sa pundasyon ng tapakan. Ibig nila na may magawang mga pagbabago, at kung magkagayon ay magiging mas sakdal ang tapakan. Ang iba naman ay bumaba sa tapakan at sinuri iyon, at ipinahayag na mali ang pagkakalagay noon. Nakita ko na halos lahat ay nanatiling matibay na nakatindig sa tapakan, at pinakiusapan ang iba na magsibaba at itigil ang kanilang pamumuna, sapagkat ang Diyos ang maestro ng paggawa at Siya ang Kinakalaban nila. Kanilang ipinaalala ang magandang ginawa ng Diyos, na umakay sa kanila sa matibay na tapakan, at may pagkakaisang itinaas nila ang kanilang paningin sa langit, at may malakas na tinig na niluwalhati ang Diyos. Ito ay nakakilos sa ilan sa mga nanunuligsa, na umalis sa tapakan, at muli silang tumuntong doon na may pagpapakumbaba.

Itinuro sa akin sa likuran ang pagpapahayag ng unang pagdating ni Cristo. Si Juan ay sinugo sa espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang ihanda ang daan para sa

pagdating ni Jesus. Yaong mga tumanggi sa patotoo ni Juan ay hindi nakinabang sa mga aral ni Jesus. Ang kanilang pagsalungat sa pabalita tungkol sa unang pagdating ay naglagay sa kung saan hindi sila magiging handa upang tanggapin ang pinakamatibay na patotoo na siya ang Mesias. Inakay sila ni Satanas upang lalo pa silang lumayo, upang tanggihan si Jesus at ipako siya sa krus. Dahil dito inilagay nila ang kanilang sarili kung saan hindi nila matatanggap ang pagpapala sa araw ng Pentecostes na sana ay nakapagturo sa kanila sa daan tungo sa makalangit na Santuwaryo. Ang pagkapunit ng tabing ng templo ay nagpapahayag na ang mga sakripisyo at mga ordinansa ng mga Judyo ay hindi na tatanggapin. Ang Dakilang Sakripisyo ay naihandog na at tinanggap na, at dinala ng Banal na Espiritu na bumaba noong araw ng Pentecostes ang isip ng mga alagad mula sa Santuwaryo sa lupa tungo sa makalangit na Santuwaryo, kung saan si Jesus ay pumasok sa pamamagitan ng sarili Niyang dugo, at ibinuhos sa Kanyang mga alagad ang mga pakinabang ng Kanyang pagtubos. Ang mga Hudyo ay naiwan sa ganap na pagkalinlang at ganap na kadiliman. Nawala sa kanila ang lahat na liwanag na sana ay napasa kanila ayon sa panukala ng pagtubos, at nanatili pa ring nagtitiwala sa kanilang walang kabuluhang mga sakripisyo at mga handog. Hindi sila maaaring makinabang sa pamamagitan ni Kristo sa Banal na Dako. Ang Santuwaryo sa lupa ay pinalitan na ng makalangit na Santuwaryo, gayon pa man ay wala silang kaalaman tungol sa daan tungo sa makalangit.

Marami ang tumingin na may pagkatakot sa ginawa ng mga Hudyo kay Kristo sa pagtanggap at pagpapako sa Kanya. At samantalang kanilang binabasa ang kasaysayan ng kahiya-hiyang pang-aabuso sa Kanya, iniisip nila na mahal nila si Kristo, at hindi sana nila itinanggi si Jesus o ipinako sa krus gaya ng ginawa ng mga Hudyo. Subalit sinubok ng Diyos ang kanilang inaangking pagpanig sa Kanyang Anak, at pinatunayan sila, at dinala sa pagsubok ang pag-ibig na kanilang inaangkin para kay Jesus.

Pinagmasdan ng buong langit na may lubos na pananabik ang pagtanggap sa pabalita. Subalit marami sa mga nag-aangkin na umiibig kay Jesus, at lumuha samantalang kanilang binabasa ang kasaysayan ng krus, ang sa halip na tinanggap ang pabalita na may kagalakan, ay nagalit, at siniraan ang mabuting balita ng pagdating ni Jesus, at ipinahayag na iyon ay isang delusyon. Hindi nila pinakisamahan ang mga umiibig sa Kanyang pagpapakita, sa halip ay kinapootan sila, at hindi sila pinapasok sa mga iglesya. Yaong mga tumanggi sa unang pabalita ay hindi makikinabang sa pangalawa, at hindi sila nakinabang sa sigaw sa hating gabi, na maghahanda sa kanila upang pumasok na kasama ni Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kabanal-banalang Dako sa makalangit na Santuwaryo. At dahil sa pagtanggap sa dalawang naunang pabalita, wala silang makikitang liwanag sa pabalita ng ikatlong anghel, na nagpapakita ng daan tungo sa Kabanal-banalang Dako. Nakita ko na ang mga di-natatalagang mga iglesya, kung paanong ipinako ng mga Hudyo si Jesus, ay kanilang ipinako ang mga pabalitang ito, kung kaya wala silang kaalaman sa paglipat na isinagawa sa langit, ni ang daan tungo sa Kabanal-banalang Dako. Tulad sa mga Hudyo, na nagkakaloob ng kanilang mga walang kabuluhang mga sakripisyo, kanilang ipinagkakaloob ang kanilang walang kabuluhang mga dalangin sa silid na nilisan na ni Jesus, at si Satanas, na nalulugod sa pagkalinlang sa mga nag-aangking tagasunod ni Jesus, ay ibinibigkis sila sa kanyang bitag, at nagpapanggap ng pagka-relihiyoso, at inaakay ang

isip ng mga nag-aangking mga Kristiyano sa kanyang sarili, at gumagawang may kapangyarihan, mga tanda at mga kahanga-hangang mga kasinungalingan. Ang iba ay nililinlang niya sa isang paraan at ang iba ay sa ibang paraan. May iba't iba siyang nakahandang mga panlito para sa iba't ibang mga pag-iisip. Ang iba ay tumitingin na may takot sa isang panglilinlang, samantalang handang-handa naman silang tanggapin ang iba. Ang iba ay nililinlang ni Satanas sa pamamagitan ng Espirituwalismo. Siya ay dumarating rin bilang isang anghel ng liwanag, at ikinakalat ang kanyang impluwensiya sa ibabaw ng lupa. Nakakita ako ng huwad na kilusan ng pagbabago sa lahat ng dako. Ang mga iglesya ay masayang-masaya, at iniisip na ang Diyos ay kamangha-manghang gumagawa para sa kanila, samantalang ibang espiritu naman iyon. Iyon ay mamamatay din at iiwan noon ang sanlibutan sa mas malalang kalagayan kaysa dati.

Nakita ko na ang Diyos ay mayroong tapat na mga anak sa mga di tapat na mga naghihintay sa Kanyang ikalawang pagdating, at sa mga nahulog na mga iglesya, bago ibuhos ang mga salot, at magalak nilang yayakapin ang katotohanan. Alam ito ni Satanas, at bago dumating ang malakas na sigaw ng pangatlong anghel, siya ay magbabangon ng kasiglahan sa mga relihiyong ito, upang yaong mga tumanggi sa katotohanan ay mag-isip na ang Diyos ay gumagawa pa rin sa mga iglesya. Subalit ang liwanag ay magniningning, at ang bawat isa sa mga tapat ay aalis sa mga nahulog na iglesya, at titindig na kasama ng mga nalabi.

Tingnan ang Mateo kapitulo 3; Mga Gawa kapitulo 2; 2Korinto 11:14; 2Tesalonica 2:9-12; Apocalipsis 14:6-12.

KABANATA 30

Espirituwalismo

Nakita ko ang pagkaloko sa pagsangguni sa mga espiritu. Si Satanas ay may kapangyarihan upang makapagharap ng mga anyo sa ating harapan na magpapanggap na mga kamag-anak at mga kaibigan na ngayon ay natutulog na kay Jesus. Ipapahayag na tila sila ay kaharap, ang mga salita na kanilang ginagamit noong sila ay narito pa, na alam natin, ay sasalitain, at ang tono ng kanilang tinig noong sila ay buhay pa ay maririning ng tainga. Ang lahat ng ito ay upang linlangin ang daigdig, at bihagin sila sa paniniwala sa panlolokong ito.

Nakita ko na ang mga banal ay kinakailangang magkaroon ng masusing

pagkaunawa sa pangkasalukuyang katotohan na, na kinakailangang mapanatili nila na mula sa kasulatan. Kinakailangang maunawaan nila ang kalagayan ng patay; sapagkat ang espiritu ng mga demonyo ay magpapakita sa kanila, na magpapanggap na kanilang mga minamahal na kaibigan at kamag-anak, na magpapahayag sa kanila ng mga aral na wala sa kasulatan. Gagawin nila ang lahat nilang makakayanan upang sila ay panigan, at gagawa ng kababalaghan sa harap nila, upang patunayan ang kanilang ipinapahayag. Ang bayan ng Diyos ay kinakailangang mahanda upang mapanagumpayan ang mga espiritong ito sa pamamagitan ng katotohanan sa Biblia na ang mga patay ay walang anumang nalalaman, at ang mga iyon ay mga espiritu ng mga demonyo.

Nakita ko na kinakailangan nating masikap na masuri ang pundasyon ng ating pag-asa, sapagkat kinakailangang iyon ay mabigyan natin ng dahilan mula sa kasulatan; sapagkat makikita nating kumakalat ang panlilinlang na ito, at kinakailangang labanan natin iyon ng harapan. At malibang tayo ay handa para doon, tayo ay mahuhulog sa bitag at madadaig. Subalit kung gagawin natin ang ating magagawa sa ating bahagi upang maging handa sa labanan na nasa ating harapan, gagawin ng Diyos ang Kanyang bahagi, at ang bisig Niyang makapangyarihan sa lahat ang mag-iingat sa atin. Kaagad Niyang isusugo ang lahat ng anghel upang lumabas mula sa kaluwalhatian upang gumawa ng bakod sa palibot ng mga tapat na mga kaluluwa, kaysa sila ay malinlang at maakay palayo sa pamamagitan ng mga kahanga-hangang mga kasinungalingan ni Satanas.

Ang mabilis na pagkalat ng panlilinlang na ito ay aking nakita. Isang tren ng mga sasakyan ay ipinakita sa akin, ang tulin ay kasingbilis ng kidlat. Ipinag-utos sa akin ng anghel na tuminging mabuti. Itinitig ko ang aking mata sa tren. Parang ang buong mundo ay nakasakay doon. At ipinakita niya sa akin ang konduktor, na ang hitsura ay parang isang maringal na tao, na tinitingala ng lahat ng pasahero at iginagalang. Ako ay nagtaka, at tinanong ko ang kasama kong anghel kung sino iyon. Sabi niya, iyon ay si Satanas. Siya ang konduktor na nasa anyo ng isang anghel ng liwanag. Nabihag niya ang daigdig. Sila ay naibigay sa malalakas na panloloko, upang paniwalaan ang kasinungalingan upang sila ay mapahamak. Ang kanyang ahente, ang pinakamataas ang katungkulan sunod sa kanya ang siyang enhinyero, at ang iba sa kanyang mga ahente ay nasa ibat ibang tungkulin na kanyang kakailanganin, at silang lahat ay kasing tulin ng kidlat sa pagpunta sa kapahamakan. Tinanong ko kung wala ng naiwan. Pinatingin niya ako sa kabilang direksiyon, at nakakita ako ng isang maliit na grupo na naglalakbay sa isang makipot na daan. Ang lahat ay tila matibay na nagkakaisa, at nabibigkis ng katotohanan.

Ang maliit na grupong ito ay mukhang pagod, na parang sila ay dumaan sa matitinding mga pagsubok at pakikipaglaban. At tila ang araw ay kasisikat pa lamang mula sa likod ng ulap, at sumisikat sa kanilang mga hitsura, upang sila ay magmukhang mga matagumpay, na tila ang kanilang mga pagtatagumpay ay kanila nang nakamtan.

Nakita ko na ang daigdig ay binigyan ng Panginoon ng pagkakataon upang matuklasan ang patibong. Ang isang bagay na ito ay kapansin-pansin sa mga kristiyano kung wala nang iba pa. Walang pagkakaibang ginawa sa pagitan ng mahahalaga at ng masasama.

Si Thomas Paine, na ang bangkay ay naging abo na, at tatawagin pagkatapos ng

isang libong taon, sa ikalawang pagkabuahy na muli, upang tanggapin ang kanyang gantimpala, at magdusa sa ikalawang kamatayan, ay inihayag ni Satanas na nasa langit, at nasa mataas na kalagayan doon. Ginamit siya ni Satanas sa lupa hanggang magagamit niya, at ngayon ay ipinagpapatuloy niya ang ganong gawain sa pagkukunwaring si Thomas Paine ay lubhang pinararangalan; at kung paano siya nagturo sa lupa, pinapalabas ni Satanas na siya ay nagtuturo sa langit. At ang ilan sa mga nasa lupa na may pagkatakot sa kanyang buhay at pagkamatay, at sa kanyang maling mga aral noong siya ay nabubuhay pa, ngayon ay pumapayag na maturuan niya na isa sa pinakamarumi at masama sa mga tao; isa na tumanggi sa Diyos at sa Kanyang kautusan.

Siya na ama ng mga kasinungalingan, binubulag at nililalang ang sanlibutan sa pamamagitan ng pagsusugo ng kanyang mga anghel upang magsalita para sa mga alagad, at pinalalabas na kanilang kinakalaban ang kanilang mga sinulat noong sila ay nasa lupa, na ipinasulat ng Banal na Espiritu. Inilalabas ng mga anghel na ito na nagsisinungaling na sinisira ng mga alagad ang kanilang mga aral at ipinapahayag na iyon ay napalitan. Dahil dito ay naihahagis niya ang mga nag-aangking mga kristiyano at mga pangalang dapat isabuhay, at ang buong daigdig sa kawalan ng katiyakan sa salita ng Diyos; sapagkat iyon ay umuukit ng pag-aalinlangan sa banal na pinagmulan ng kasulatan, at itinatayo ang di kumikilala sa Diyos na si Thomas Paine, na parang siya ay inihatid sa langit noong siya ay namatay, at kasama ng mga banal na mga apostol na kanyang kinamuhian sa lupa, ay nagkaisa, at tila tinuturuan ang daigdig.

Binigyan ni Satanas ng bahagi ang bawat isa sa kanyang mga anghel. Ipinag-utos niya sa kanila na maging tuso, mapaglikha, at mahusay. Sinabihan niya ang iba sa kanila na magpanggap na mga apostol, at magsalita para sa kanila, samantalang ang iba naman ay kakatawan sa mga hindi kumilala sa Diyos at masasamang mga tao na namatay na sinusumpa ang Diyos, subalit ngayon ay parang napaka relihiyoso. Walang ginawang pagkakaiba sa pagitan ng mga banal na mga alagad at ng mga pinaka masamang hindi kumikilala sa Diyos. Sila ay parehong ginawa upang magturo ng iisang bagay. Hindi mahalaga para kay Satanas kung sino ang pinapalabas niyang nagsasalita, maganap lamang ang kanyang layunin. Siya ay naging malapit na malapit kay Paine noon sa lupa, at ngayon siya ay kanyang tinulungan, kaya isang madaling bagay para sa kanya ang malaman ang mga salita mismo na kanyang ginamit, at ang paraan ng pagsulat ng isa sa kanyang natatalagang anak na naglingkod ng matapat sa kanya, at nagampanan ng lubos ang kanyang mga layunin. Idinikta ni Satanas ang karamihan sa kanyang mga isinulat, at isang madaling bagay na sa kanya ngayon ang pagdikta sa kanyang mga anghel ang mga sentimiyento, at palabasin na iyon ay sumapit sa pamamagitan ni Thomas Paine, na kanyang natatalagang lingkod noong siya ay nabubuhay pa. Subalit ito ay obra maestra ni Satanas. Ang lahat ng mga aral na ito na kunwari ay galing sa mga alagad, at sa mga banal, at sa mga masasamang tao na namatay na ay galing mismo sa karilagan ng kanyang pagiging maka-Satanas na kamahalan.

Ito ay kinakailangang maging sapat na upang maalis ang lahat ng nakatabing sa bawat isip at maihayag sa lahat ang madilim at misteryosong mga gawa ni Satanas;--na nakuha niya ang isang mahal sa kanya, at napoot sa Diyos ng lubos, kasama ng banal na

apostol at ng mga anghel sa kaluwalhatian: ang pawang sinasabi sa daigdig at sa mga hindi kumikilala sa Diyos, maging sino ka man; na makasalan; ikaw may naniniwala sa Diyos o sa Biblia o hindi; mamuhay ka ayon sa kagustuhan mo, ang langit ay iyong tahanan;-- sapagkat kung alam ng lahat na si Thomas Paine ay nasa langit, at lubhang itinaas, tiyak makakapunta rin sila doon. Ito ay maganda sa paningin upang makita ng lahat kung gugustuhin nila. Ginagawa ni Satanas ngayon ang kanyang gawain mula pa ng pagkahulog, sa pamamagitan ng mga tao tulad ni Thomas Paine. Sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan at kahanga-hangang mga kasinungalingan, kanyang winawasak ang pundasyon ng pag-asa ng mga kristiyano, at inaalis ang araw na magbibigay sa kanila ng liwanag sa makipot na daan tungo sa langit. Pinaniniwala niya ang daigdig na ang Biblia ay katulad lamang ng aklat ng mga kuwento, hindi kinasihan, samantalang mayroon siyang itinataas na pampalit sa lugar noon, walang iba kundi ang, *Pagpapakita ng mga Espiritu!*

Narito ang isang paraan na lubos na nakatalaga lamang sa kanyang sarili, sa ilalim ng kanyang pangangasiwa, at mapapaniwala niya ang daigdig sa anumang kanyang naisin. Ang aklat na hahatol sa kanya at sa kanyang mga tagasunod, kanyang ikinukubli sa dilim, ayon sa kagustuhan niya. Ang Tagapagligtas ng sanlibutan itinulad lamang niya sa ordinaryong tao; at kung paanong ang mga Romano na nagbantay sa libingan ni Jesus ay nagkalat ng mali at sinungaling na ulat na inilagay ng mga punong mga pari at mga matatanda sa kanilang bibig, gayon din naman ang mga kawawa, at nalokong mga tagasunod sa mga nagpapanggap na mga nagpapakita ng mga espiritu, inuulit, at sinisikap palabasin, na walang himala sa pagsilang ng ating Tagapagligtas, kanyang pagkamatay, at pagkabuhay muli; at si Jesus kasama ng Biblia ay inilalagay sa nakukublihan, tulad ng ibig nila, at kung magkagayon ay makuha ang sanlibutan upang sa kanila tumingin at sa kanilang mga kahanga-hangang mga kasinungalingan at mga himala, na kanilang ipinapahayag na higit pang mga gawa ni Kristo. Sa ganong paraan ay nakuha ng bitag ang sanlibutan, at naiindayon sa kasiguruhan; upang huwag matuklasan ang malaki nilang pagkalinlang, hanggang sa ang huling pitong salot ay maibuhos. Si Satanas ay nagtatawa samantalang nakikita niya na ang kanyang panukala ay mahusay na nagtatagumpay, at ang buong daigdig na nasa bitag.

Tingnan ang Ecclesiastes 9:5; Juan 11:1-45; 2 Tesalonica 2:9-12; Apocalipsis 13:3-14.

KABANATA 31

Pagiging Mapag-imbol

Nakita ko si Satanas at ang kanyang mga anghel na nagsanggunian sa isa't-isa. Pinahayo niya ang kanyang mga anghel at pinapaglagay ng kanilang mga bitag lalo na para sa mga naghihintay sa ikalawang pagpapakita ni Jesus, at nag-iingat sa lahat ng mga utos ng Diyos. Sinabi ni Satanas sa kanyang mga anghel na ang mga iglesya ay nangatutulong na lahat. Dadagdagan niya ang kanyang kapangyarihan at mga kahanga-hangang kasinungalingan, at kanyang mapipigilan sila. Subalit galit tayo sa mga nangingilin ng Sabbath. Patuloy silang gumagawa laban sa atin, at kinukuha mula sa atin ang ating mga kampon upang ingatan ang kinamumuhang kautusan ng Diyos.

Magsihayo, lasingin ninyo sa mga kaabalahan ang mga may lupain at salapi. Kung magagawa ninyong ibigin nila ang mga bagay na yon, nasa atin pa rin sila. Sumampalataya na sila saan man nila gusto, basta't gawin ninyong mas abala sila sa pera kaysa sa pagtatagumpay ng kaharian ni Cristo, o sa pagpapalaganap ng katotohanan na ating kinamumuhian. Ialok ninyo sa kanila ang mundo sa pinakakaakit-akit na liwanag, upang kanila itong ibigin at sambahin. Kinakailangang kontrolin natin lahat ng mga kaparaanan na ating makokontrol sa ating panig. Mas marami silang mga kaparaanan, mas masasaktan nila ang ating kaharian sa pamamagitan ng pagkuha sa ating mga kampon. At sa kanilang pagtatalaga ng mga pagpupulong sa iba't-ibang mga lugar, tayo ay nasa panganib. Kaya maging mapagbantay. Gawin ang lahat ng pang-abala na magagawa ninyo. Sirain ninyo ang pag-iibigan ng isa't isa. Biguin ninyo at sirain ang loob ang kanilang mga ministro, sapagkat kinamumuhian natin sila. Magtaas kayo ng anumang maaaring pagdadahilan para doon sa mga may pera, baka nila iyon ibigay. Pigilan ninyo ang lahat ng tungkol sa pananalapi hanggang mapipigilan ninyo, at itulak ninyo sa pangangailangan at malaking problema ang kanilang mga ministro. Ito ay magpapahina sa kanilang tapang at kasigasigan. Makipaglaban kayo sa bawat pinakamaliit na yugto. Gawin ninyong pangunahin sa kanilang karakter ang pagiging mapag-imbót at pag-ibig sa mga kayamanan sa lupa. Hanggang nangingibabaw ang karakter na ito, ang biyaya at kaligtasan ay malalagay sa likuran. Itambak ninyo sa kanila lahat na maitatambak ninyo upang maakit sila, at tiyak na sila ay magiging atin. Di lamang tayo nakatitiyak sa kanila, ang kanila pang kamuhi-muhing impluwensiya ay hindi magagamit sa iba upang umakay patungo sa langit. At yaong mga magtatangkang magbigay, maglagay kayo sa kanila ng kabigatan ng loob sa pagbibigay, upang iyon ay maging kaunti lamang.

Nakita ko na mahusay na isinagawa ni Satanas ang kanyang mga panukala. At samantalang ang mga lingkod ng Diyos ay nagtatalaga ng mga pagpupulong, naunawaan ni Satanas at ng kanyang mga anghel ang kanilang gawain, at sila'y nakagayak na upang hadlangan ang gawain ng Diyos, at patuloy siyang nagbibigay ng mga mungkahi sa isip ng bayan ng Diyos. Ang iba ay inaakay sa isang patutunguhan, at ang iba ay sa iba naman, laging sinasamantala ang kanilang masamang mga ugali ng kapatid na mga babae at mga lalake, pinupukaw at pinakikilos ang kanilang natural na kinahihiligan. Kung sila'y maaaring maging makasarili at mapag-imbót, si Satanas ay nalulugod na tumayo sa kanilang piling, at buong lakas niyang aakayin sila at ihahayag ang kinahihiligan nilang kasalanan. Kung ang pag-iimbót at pakiramdam ng pagiging makasarili ay sumandaling matunaw ng biyaya ng Diyos at ng liwanag ng katotohanan, at hindi nila makamtan ng lubos ang

pagtatagumpay sa mga iyon, sa panahong sila ay wala sa ilalim ng nakapagliligtas na impluwensiya, si Satanas ay pumapasok at tinutuyo ang bawat marangal, mapagbigay na prinsipyo, at hindi sila nagkakaroon ng ganap na pagtatagumpay at kanilang iniisip na sobra na ang kanilang ginagawa. Napapagod sila sa paggawa ng mabuti at nakakalimutan ang lahat ng mga sakripisyo na ginawa ni Jesus para sa kanila, upang sila ay matubos mula sa kapangyarihan ni Satanas, at mahirap na kawalan ng pag-asa.

Sinamantala ni Satanas ang hilig ni Judas sa pag-iimbot at pagkamakasarili, at inakay siya upang magreklamo laban sa pabango na itinalaga ni Maria kay Jesus. Itinuring ni Judas iyon na isang malaking pag-aaksaya; sana ay naipagbili iyon at naibigay sa mahirap. Hindi ang mahirap ang kanyang inaalala, kundi iniisip niyang kalabisan ang saganang handog kay Jesus. Ang pagpapahalaga ni Judas sa kaniyang Panginoon ay sapat na upang ipagbili niya Siya sa halaga ng ilang pirasong pilak. At nakita na mayroong iba na katulad ni Judas sa mga nag-aangkin na naghihintay sa kanilang Panginoon. Si Satanas ang may kontrol sa kanila subalit hindi nila iyon nalalaman. Hindi ng Diyos maaaring sangayunan ang kahit na pinakamaliit na bahagi ng pag-iimbot at pagkamakasarili. Kinamumuhian Niya iyon, at kinamumuhian Niya ang mga dalangin at pangangaral noong mga nagtataglay noon. Samantalang nakikita ni Satanas na ang kanyang panahon ay maikli na, inaakay niya sila upang lalo pang maging makasarili, at lalo pang mapag-imbot, at pagkatapos ay nagagalak na makita sila na nababalot sa kanilang sarili, nakasara, kuripot at makasarili. Kung ang mata ng mga iyon ay mabubuksan, makikita nila si Satanas sa mala-impierong kagalakan, nagdidiwang dahil sa kanila, at tinatawanan ang kahangalan noong mga nagsitanggap sa kanyang mga mungkahi at pumasok sa kanyang mga bitag. At kinukuha niya at ng kanyang mga anghel ang masasama at makasariling mga gawa ng mga taong ito at inihahayag iyon kay Jesus at sa kanyang mga anghel, at may panlilibak na sinasabi, Ito ang mga taga-sunod ni Cristo! Naghahanda sila upang mailipat sa langit! Minarkahan ni Satanas ang naligaw nilang landasin, at iyon ay inihambing sa kasulatan, sa mga talata na sumusumbat sa ganong mga bagay, at pagkatapos ay inihahayag iyon upang ipang-inis sa makalangit na mga anghel, na sinasabi, Ito ang mga sumusunod kay Cristo at sa Kanyang salita! Ito ang mga bunga ng sakripisyo ni Cristo at ng kanyang pagliligtas! Ang mga anghel ay napayuko sa pagkahiya sa tanawin. Ipinag-uutos ng Diyos ang nagpapatuloy na pagsasagawa ng bahagi ng kanyang bayan, at kapag sila ay nagsawa sa paggawa ng mabuti at pagiging mapagbigay, Siya ay magsasawa rin sa kanila. Nakita ko na lubhang ikinalulungkot ng Diyos ang pinakamaliit na pagpapahayag ng pagkamakasarili sa bahagi ng kanyang nag-aangking bayan, na para sa kanila ay hindi ni Jesus ipinagkait ang mahalaga Niyang buhay. Ang bawat makasarili at mapag-imbot na tao ay malalaglag sa daan. Tulad ni Hudas, na kanyang ipinagbili ang kanyang Panginoon, kanilang ipinagbili ang mabuting prinsipyo, ang pagiging marangal, at mapagbigay kapalit ng maliit na pakinabang sa lupang ito. Ang lahat ng ganon ay maliliglig mula sa bayan ng Diyos. Yaong nagnanais ng langit ay kinakailangang, sa pamamagitan ng bawat lakas na nasa kanila, ay magpasigla sa mga prinsipyo ng langit. At sa halip na ang kanilang kaluluwa ay natutuyong kasama ng pagkamakasarili, sila ay kinakailangang lumaganap sa pagiging mapagbigay, at ang bawat pagkakataon upang makagawa ng mabuti sa isat isa ay kinakailangang mapalago at lalo

pang pinaparami at pinapalago sa prinsipyo ng langit. Si Jesus ay itinaas sa harap ko bilang sakdal na huwaran. Ang kanyang buhay ay walang pagkamakasari at may tatak ng pagiging mapagbigay na walang pakinabang sa sarili.

Tingnan ang Marcos 14:3-11; Lucas 12:15-40; Colosas 3:5-16; 1 Juan 2:15-17.

KABANATA 32

Ang Pagliliglig

Nakita ko ang ilan na mayroong malakas na pananampalataya at matinding paghibik, na nakikiusap sa Diyos. Ang kanilang hitsura ay maputla, may bakas ng malalim na kalungkutan, na naghahayag ng kanilang pangloob na pakikipagpunyagi. Mayroong katatagan at dakilang kataimtiman na nahahayag sa kanilang hitsura, samantalang malalaking patak ng pawis ang namumuo sa kanilang noo, at tumutulo. Maya't-maya ang kanilang mukha ay nagliliwanag na may bakas ng pagkalugod ng Diyos, at gayon muling solemne, taimtim at nananabik na hitsura ang napapasa kanila.

Ang masasamang mga anghel ay nagsisiksikan sa palibot nila, pilit na idinidiin ang kanilang kadiliman sa kanila, upang si Jesus ay maalís mula as kanilang paningin, upang ang kanilang mga mata ay maakit sa kadiliman na nakapalibot sa kanila, at huwag nilang pagtiwalaan ang Diyos, at sunod ay magreklamo laban sa Kanya. Ang kanilang natatanging kaligtasan ay nasa pagpapanatili ng kanilang paningin paitaas. Ang mga anghel ay sinugo upang magbantay sa bayan ng Diyos, at samantalang ang nakalalasang kapaligiran mula sa masasamang anghel na ito ay idinidiin sa mga nananabik na ito, patuloy na ipinapaypay ng mga anghel na nagbantay sa kanila ang kanilang mga pakpak upang maikalat ang makapal na kadiliman na nakapalibot sa kanila.

Nakita ko na ang iba ay hindi nakikibahagi sa gawaing ito ng paghibik at pakikiusap. Parang wala silang pakialam at walang bahala. Hindi nila nilalabanan ang kadiliman na nakapalibot sa kanila, at kinulong sila noon na parang makapal na ulap. Sila ay iniwan ng mga anghel ng Diyos, at ang pinuntahan ay yaong mga taimtim na nananalangin. Nakita ko na ang mga anghel ng Diyos ay nagmamadali sa pagtulong sa mga nakikipagpunyagi ng buo nilang lakas upang malabanan ang masasamang mga anghel, at nagsisikap na tulungan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagtawag sa Diyos na may buong sikap. Subalit iniwan ng mga anghel yaong hindi nagsisikap na tulungan ang kanilang sarili, at hindi ko na sila nakita.

Samantalang ang mga nananalangin ito ay nagpapatuloy sa kanilang paghibik,

paminsan-minsan ay may sinag ng liwanag mula kay Jesus ang napapasa kanila at pinasisigla ang kanilang puso, at pinaglililwanag ang kanilang mukha.

Itinanong ko ang kahulugan ng pagliliglig na aking nakita. Ipinakita sa akin na iyon ay dahil sa matuwid na patotoo na hinihiling ng payo ng tunay na Tagapagpatotoo sa Laodecia. Magkakaroon iyon ng epekto sa puso ng tumatanggap sa patotoo, at aakayin siya noon upang itaas ang pamantayan at ibuhos ang matuwid na katotohanan. Ang matuwid na patotoong ito ay hindi dadalhin ng iba. Sila ay babangon laban dito, at iyon ang magiging sanhi ng pagliliglig sa bayan ng Diyos.

Nakita ko na ang patotoo ng tunay na Saksi ay hindi pa nasusunod kahit sa kalahati. Ang mahalagang patotoo na kung saan nakasalalaylay ang kahahantungan ng iglesya, ay hindi gaanong pinahahalagahan. Ang patotoong ito ay kinakailangang lumikha ng malalim na pagsisisi, at ang lahat ng tunay natumatanggap dito, ay susunod, at madadalisyay.

Wika ng anghel, Pakinggan ninyo! At pagdaka ay nakarinig ako ng tinig na ang tunog ay parang maraming instrumento ng musika, ang lahat ay sakdal ang tunog, na matamis at magkakatumang. Iyon ay nakahigit sa anumang musika na aking narinig. Tila iyon ay puno ng kahabagan, pagtulong, at nakakataas, na banal na kagalakan. Pinasigla noon ang buong pagkatao. Wika ng anghel, tingnan mo! At ang aking pansin ay napatuon sa grupo na nakita ko na kanina, na malakas na naliglig. Ipinakita sa akin yaong mga nakita kong umiiyak, at dumadalangin na may paghibik ng espiritu. Nakita ko na ang grupo ng mga anghel na nagbabantay sa palibot nila ay nadoble, at sila ay sinuotan ng sandata mula ulohang hanggang paa. Sila ay kumikilos sa ganap na kaayusan, matibay tulad ng isang hukbo ng mga sundalo. Ang kanilang hitsura ay nagpapahayag ng matinding labanan na kanilang tiniis, ang kahibik-hibik na pakikipaglaban na kanilang dinaanan. Gayon pa man ang kanilang mga hitsura, na bakas na pangloob na pakikipagpunyagi, ay nagniningning ngayon na may liwanag ng kaluwalhatian ng langit. Sila ay nagtamo ng tagumpay, at iyon ay nananawagan mula sa kanila ng pinakamalalim na pagpapasalamat, at banal, na banal na kagalakan.

Ang bilang ng grupong ito ay nabawasan. Ang iba ay naliglig, at naiwan sa daan. Ang walang bahala at hindi nakikibahagi hindi sumama doon sa nagpapahalaga sa tagumpay at kaligtasan ng sapat upang silay humibik, nagpunyagi, at nakiusap para dito at hindi nagkaroon nito, at sila ay naiwan sa kadiliman, at ang kanilang bilang ay kaagad binuo noong mga nanghahawak sa katotohanan, at sumama sa hanay. Ganon pa rin ang masasamang mga anghel ay nagpatuloy sa pagsisiksikan sa palibot nila, subalit hindi sila magkaroon ng kapangyarihan higit sa kanila.

Narinig ko yaong naramtan ng sandata na nagsalita ng katotohanan na may dakilang kapangyarihan. Iyon ay nagkaroon ng epekto. Nakita ko yaong dati ay napipigilan; ang ilang mga asawang babae ay napipigilan ng kanilang asawang lalaki, at ilang mga bata ay napigilan ng kanilang mga magulang. Ang matapat na dati ay napigilan o nahadlangan sa pakikinig ng katotohanan, ngayon ay sabik na nanghahawak sa naipahayag na katotohanan. Ang lahat ng takot sa mga kamag-anak ay nawala. Ang katotohanan lamang ang itinaas. Iyon ay mas kaibig-ibig at higit na mahalaga kaysa buhay. Sila ay nagutom at nauhaaw sa katotohanan. Tinanong ko kung ano ang dahilan ng malaking pagbabagong ito. Isang anghel

ang sumagot, iyon ay ang huling ulan; ang pagpapanibagong sigla mula sa presensiya ng Panginoon; ang malakas na sigaw ng ikatlong anghel.

Malaking kapangyarihan ang nasa mga piniling ito. Wika ng anghel, Tumingin ka! Ang aking pansin ay iniharap sa masama, o mga hindi sumampalataya. Silang lahat ay nagkakagulo. Ang kasigasigan at kapangyarihan ng bayan ng Diyos ay nagpabangon at nagpagalit sa kanila. Pagkalito, kaguluhan, ay nasa bawat panig. Nakita ko ang masamang mga pinapanukala laban sa grupong ito, na nagtataglay ng kapangyarihan at liwanag ng Diyos. Ang kadiliman ay kumakapal sa palibot nila, gayon pa man sila'y naroon nakatayo, kinaluluguran ng Diyos, at nagtitiwala sa Kanya. Nakita ko silang nagkaproblema. Tapos ay narinig ko silang taimtim na humuhubik sa Diyos. Mag-umaga at mag-gabi ang kanilang paghibik ay hindi tumitigil. Narinig ko ang mga salitang ito, Ang Iyong kalooban, Oh Diyos, and maganap! Kung iyon ay makaluluwalhati sa iyong pangalan, gumawa ka ng daan upang makatakas ang iyong bayan! Iligtas mo kami mula sa mga nasa kadiliman sa palibot namin! Kanila itinalaga kami sa kamatayan; subalit ang iyong bisig ay nakapaghahatid ng kaligtasan. Ito ang lahat ng mga salita na aking naalala. Tila mayroon silang malalim na pagkabatid sa kanilang pagiging hindi karapat-dapat, at nagpahayag ng buong pagpapasakop sa kalooban ng Diyos, Gayon pa man, ang bawat isa, walang hindi kasali, ay matamang nakikiusap, at nakipagpunyagi tulad ni Jacob para sa kaligtasan.

Pagdaka nang kanilang simulan ang kanilang taimtim na paghibik, ang mga anghel, sa habag ay humayo na sana upang sila ay iligtas. Subalit isang mataas, na nag-uutos na anghel ang pumigil sa kanila. Kanyang sinabi, Ang kalooban ng Diyos ay hindi pa nagaganap. Kinakailangang uminom muna sila mula sa saro. Kinakailangang sila ay mabautismuhan ng bautismo.

Pagdaka ay narinig ko ang tinig ng Diyos, na yumanig sa mga langit at sa lupa. Nagkaroon ng malakas na lindol. Ang mga gusali ay naguho, at bumagsak sa bawat panig. At ako ay nakarinig ng malakas na sigaw ng pagtatagumpay, malakas, may himig ng musika at malinaw. Tumingin ako sa grupong ito, na ilang sandali pa lamang ang nakalipas ay nasa kahirapan at pagkabihag. Ang kanilang pagkabihag ay napalitan. Isang maningning na liwanag ang suminag sa kanila. Anong ganda nang sila ay tumingin. Ang lahat ng kapaguran at bakas ng pag-aalala ay nawala. Kalusugan at kagandahan ang makikita sa bawat mukha. Ang kanilang mga kaaway, ang mga hindi kumikilala sa diyos sa palibot nila, ay nabuwal na parang mga patay. Ang liwanag na ito at kaluwalhatian ay nanatili sa kanila, hanggang sa si Jesus ay nahayag sa mga ulap ng langit, at ang mga tapat, nasubok na grupo ay nabago sa isang sandali, sa isang kisapmata, mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian. At ang mga libingan ay nabuksan at ang mga banal ay nagsilabas, nararamtan ng walang kamatayan, sumisigaw ng pagtatagumpay laban sa kamatayan at sa libingan, at kasama ng mga buhay na mga banal, ay inagaw paitaas upang makipagtagpo sa kanilang Panginoon sa hangin; samantalang ang mayaman, at may himig ng musikang mga sigaw ng kaluwalhatian at pagtatagumpay ay nasa bawat dila ng walang kamatayan, at nagmumula sa bawat nilinis at binanal na labi.

Tingnan ang Mga Awit kapitulo 86; Hosea 6:3; Haggai 2:21-23; Mateo 10:35-39, 20:23;

KABANATA 33

Ang Mga Kasalanan ng Babilonia

Nakita ko ang kalagayan ng iba't ibang mga iglesya mula nang ipahayag ng ikalawang anghel ang kanilang pagkaguhu. Sila ay patuloy pang lumago sa kasamaan; gayon pa man ay taglay nila ang pangalan ng pagiging mga tagasunod ni Cristo. Mahirap silang makilala mula sa sanlibutan. Kinukuha ng kanilang mga ministro ang kanilang mga talata mula sa Salita, subalit ang ipinangangaral ay mahusay na mga bagay. Ang natural na puso ay walang nadadamang pagtutol dito. Ang espiritu at kapangyarihan lamang ng katotohanan, at ang pagliligtas ni Cristo ang kinamumuhian ng pusong laman. Sa tanyag na ministryo ay walang anuman na makakapagpagalit kay Satanas, makakapagpanginig sa makasalanan, o makakapagpakapit sa puso at sa konsensiya ng nakakatakot na mga katotohanan ng isang paghatol na malapit nang dumating. Ang masasamang mga tao sa pangkalahatan ay nasisiyahan sa isang anyo na walang tunay na kabanalan, at kanilang susuportahan at tatangkilikin ang ganong relihiyon. Wika ng anghel, Walang anuman liban sa damit ng katwiran ang makapananagumpay, at mapananatili sa tagumpay laban sa kadiliman. Si Satanas ang naka-angking lubos sa mga iglesya bilang katawan. Ang pananalita at gawa ng mga tao ay lubos ng nanirahan dito kaysa sa katotohanang isinasaysay sa Salita ng Diyos. Wika ng anghel, Ang pakikipagkaibigan at espiritu ng sanlibutan ay kalaban ng Diyos. Kapag ang katotohanan sa kasimplehan at kapangyarihan nito, tulad ng ito ay nasa kay Jesus ay dinala upang pasanin laban sa espiritu ng sanlibutan, kaagad nitong pinupukaw minsan ang espiritu ng pag-uusig. Marami, napakarami, ang nag-aangkin na mga Kristiyano, ang hindi pa nakikilala ang Diyos. Ang likas ng natural na puso ay hindi pa nababago, at ang makasalanang isip ay nananatiling kalaban ng Diyos. Sila ay mga tapat na sariling mga alipin ni Satanas, sakabila ng sila ay nagaangkin ng ibang pangalan.

Nakita ko na mula nang nilisan ni Jesus ang Banal na Dako sa makalangit na Santuwaryo, at makapasok sa loob ng ikalawang tabing, ang mga iglesya ay naiwan na tulad ng mga Judio; at patuloy silang napuno ng bawat uri ng marumi at kamuhi-muhing mga ibon. Nakakita ako ng malaking kasamaan at karumihan sa mga iglesya; gayon pa man ay nag-aangkin silang mga Kristiyano. Ang kanilang pag-aangkin, ang kanilang mga dalangin at mga pangangaral, at karumaldumal sa paningin ng Diyos. Wika ng anghel, Ang Diyos ay hindi aamoy sa kanilang mga pagtitipon. Ang kasakiman, kasinungalingan at panlilinlang ay

kanilang sinasanay na hindi simusumbatan ng konsensiya. At sa ibabaw ng lahat ng masasamang mga ugaling ito ay kanilang isinasaklob ang balabal ng relihiyon. Ipinakita sa akin ang pagmamataas ng mga karaniwang mga iglesya. Ang Diyos ay wala sa kanilang mga iniisip; sa halip ang kanilang pang laman na mga isip ay nakatuon sa kanilang mga sarili. kanilang pinapalamutian ang kanilang hikahos na katawang may kamatayan, at kanilang tinitingnan ang kanilang mga sarili na may kasiyahan at kaluguran. Si Jesus at ang Kanyang mga anghel ay tumitingin sa kanila na may galit. Wika ng anghel, Ang kanilang mga kasalanan ang pagmamataas ay nakarating sa langit. Ang kanilang bahagi ay nakahanda na. Ang katuwiran at hatol ay matagal na sa pagkakatulog, subalit malapit nang gumising. Ang paghihiganti ay akin, at ako ay magsusulit, sabi ng Panginoon. Ang kilabot na mga babala ng ikatlong anghel ay magkakaroon ng katuparan, at sila ay inom ng galit ng Diyos. Isang di mabilang na hukbo ng masasamang mga anghel ang ikinakalat ang kanilang sarili sa buong lupain. Ang mga iglesya at katawan ng mga relihiyon ay pinupuno nila. At sila ay tumitingin sa mga katawan ng relihiyon na may kagalakan; sapagkat ang pinakadakilang mga krimen at kasamaan ay nasasakluban ng balabal ng relihiyon.

Ang buong langit ay tumitingin na may galit, ang mga tao, na nilikha ng Diyos, ay nasa lubos na kahihyan, at inilagay ng kanilang kapwa tao na kapantay ng mga walang isip na mga hayop. At ang nag-aangkin na mga tagasunod ng mahal na Tagapagligtas na ang habag ay palaging nakikilos samantalang Kanyang nasasaksihan ang paghihirap ng tao, ay buong pusong nakikibahagi sa malawakan at malaking kasalananang ito, at nakikipag transaksyon tungkol sa mga alipin at mga kaluluwa ng mga tao. Ang lahat ng iyon ay itinala ng mga anghel. Iyon ay nakasulat sa aklat. Ang luha ng mararangal na mga aliping lalaki at aliping mga babae, ng mga ama, mga ina at mga anak, kapatid na lalaki at kapatid na mga babae, ang lahat ay nakalagay sa langit. Kahirapan, paghihirap ng mga tao, ay dinadala sa iba't ibang mga lugar, at binibili at ipinagbibili. Pipigilin ng Diyos ang Kanyang galit subalit sandali lang. Ang Kanyang galit ay nag-aalab laban sa bansang ito, at lalo na laban sa mga katawan ng mga relihiyon na nagpapahintulot, at sila mismo ay nakikibahagi sa kasuklamsuklam na pangangalakal na ito. Ang gayong kawalan ng katuwiran, ang gayong pang-aapi, ang gayong mga paghihirap, marami sa mga nag-aangking mga tagasunod ng maamo at mapagpakumbabang Jesus ay makakasaksi na may pusong hindi nakikilos. At marami sa kanila ay nakakapaglapat ng nakakagalit na kasiyahan, sa lahat ng mga paghihirap na ito na hindi mailarawan, at gayon pa man ay nagagawa pa ring mangahas na sumamba sa Diyos. Iyon ay isang solemneng pangloloko, at si Satanas ay nagagalak doon, at hinihiya si Jesus at ang Kanyang mga anghel sa pamamagitan ng ganong mga kasamaan, at sinasabi, na may pang-impiyernong pagtatagumpay, ganyan ang mga tagasunod ni Jesus!

Ang mga nag-aangking mga Kristiyanong ito ay nabasa ang tungkol sa paghihirap ng mga martir, at ang luha ay tumulo sa kanilang mga pisngi. Sila ay nagtataka kung paanong ang mga tao ay maaaring magkaroon ng pusong napakatigas upang gumawa ng ganong hindi makataong kasamaan sa kanilang kapwa tao, samantalang kasabay noon ay may tinatangkilik na mga alipin na kapwa mga tao. At hindi lang iyan. Pinuputol nila ang mga tali ng kalikasan, at araw-araw ay malupit na inaapi ang kanilang kapwa tao. Nakakapaglapat sila ng hindi makataong pagpapahirap na may walang hangganang

kalupitan, na maaaring maihambing sa kalupitan ng mga nasa kapapahan at mga hindi kumikilala sa Diyos laban sa mga tagasunod ni Cristo. Wika ng anghel, mas matitiis pa ng mga hindi kumikilala sa Diyos at ang mga nasa kapapahan ang araw na ipatutupad ang paghatol ng Diyos kaysa gayong mga tao. Ang mga iyak at paghihirap ng mga naaapi ay nakarating sa langit, at ang mga anghel ay namangha sa katigasan ng puso, hindi maisaysay na paghihirap na magagawa ng mga tao na kawangis ng Diyos sa kanilang kapwa tao. Wika ng anghel, ang pangalan ng gayong mga tao ay nakasulat sa pamamagitan ng dugo, may mga guhit, at may baha ng paghihirap ay humihibik na mga pagluha ng mga naghihirap. Ang galit ng Diyos ay hindi titigil hanggang hindi Niya napapainom ng Kanyang galit ang lupain ng liwanag, at hanggang hindi Niya nagagantihan ng doble ang Babilonia. Pagkalooban siya tulad ng ipinagkaloob niya sa inyo, doble para sa kanyang doble ayon sa kanyang mga gawa: sa tasa na kanyang pinuno, pupunuan siya ng makalawa.

Nakita ko na ang panginoon ng mga alipin ay mananagot para sa kaluluwa ng kanyang alipin na pinanatili niyang hindi nakakaalam; at ang lahat ng kasalanan ng mga alipin ay sisingilin sa mga panginoon. Hindi ng Diyos madadala sa langit ang alipin na pinanatili sa kawalan ng kaalaman at kababaan, walang nalalaman tungkol sa Diyos, ni tungkol sa Biblia, walang ibang kinatatakutan kundi ang kanyang panginoon, at walang mas mataas na kalagayan kaysa walang isip na mga hayop ng kanyang panginoon. Subalit gagawin para sa kanyang pinakamabuting magagawa ng isang mahabaging Diyos. Hahayaan Niya siyang waring hindi siya naging; samantalang ang panginoon ang magdudusa sa huling pitong salot, at bubuhayin sa ikalawang pagbuhay, at maghihirap sa ikalawa, at pinaka kahindik-hindik na kamatayan. At kung magkagayon ang galit ng diyos ay masisiyahan.

Tingnan ang Amos 5:21; Roma 12:19; Apocalipsis 14:9-10, 18:6.

KABANATA 34

Ang Malakas na Sigaw

Nakita ko ang mga anghel na nagmamadali sa pagparoon at pagparito mula sa langit. Sila'y bumababa sa lupa, at muli sila'y pumapanhik sa langit, naghahanda para sa pagpapaganap ng ilang mahahalagang mga pangyayari. At nakakita ako ng isa pang makapangyarihang anghel na inatasang bumaba sa lupa, at isanib ang kanyang tinig sa ikatlong anghel, at bigyan ng kapangyarihan at puwersa ang kanyang pabalita. Dakilang

kapangyarihan at kaluwalhatian ang ibinahagi sa anghel, at samantalang siya ay bumababa, ang lupa ay naliwanagan ng kanyang kaluwalhatian. Ang liwanag na nauuna at sumusunod sa anghel, ay tumatagos sa lahat ng dako, samantalang siya ay sumisigaw na may kapangyarihan, may malakas na tinig, na sinasabi, Naguho, naguho, at naging tirahan ng mga demonyo, at puntahan ng bawat masamang espiritu, isang hawla ng bawat karumaldumal at nakapopoot na ibon. Ang pabalita tungkol sa pagguho ng Babilonia, tulad ng pagkakabigay ng ikalawang anghel, ay muling ibinigay, kabilang ang mga kabulukan na pumasok sa mga iglesya mula pa noong 1844. Ang gawain ng anghel ay dumating sa tamang panahon, at sumanib sa huling dakilang gawain ng pabalita ng ikatlong anghel, samantalang iyon ay papalakas tungo sa pagiging malakas na sigaw. Ang bayan ng Diyos ay nakahanda sa bawat dako upang makatindig sa oras ng panunukso na malapit na nilang makatagpo. Nakakita ako ng dakilang liwanag na tumigil sa kanila, at silay sumanib sa pabalita, at walang takot na nagpahayag ng pabalita ng ikatlong anghel na may dakilang kapangyarihan.

Ang mga anghel ay sinugo upang tumulong sa makapangyarihang anghel mula sa langit, at nakarinig ako ng mga tinig na tila naririnig sa bawat dako, Magsilabas kayo mula sa kanya, bayan ko, upang hindi maging kabahagi sa kanyang mga kasalanan, at upang hindi ka makatanggap ng kanyang mga salot; sapagkat ang kanyang mga kasalanan ay nakarating sa langit, at inalala ng Diyos ang kanyang mga kasamaan. Ang pabalitang ito ay tila karagdagan sa ikatlong pabalita, at sumanib doon, samantalang ang sigaw sa hating gabi ay sumasanib sa pabalita ng ikalawang anghel noong 1844. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay napasa mga matiyagang naghihintay na mga banal, at walang takot nilang ipinahayag ang huling babala, ipinahahayag ang pagkaguho ng Babilonia, at tinatawagan ang bayan ng Diyos upang lumabas mula sa kanya; upang kanilang matakasan ang nakakatakot na kawakasan niya.

Ang liwanag na suminag sa mga naghihintay ay tumagos sa bawat dako, at yaong mga may anumang liwanag sa mga iglesya, na hindi pa nakarinig at hindi pa tumanggi sa tatlong pabalita, ay tumugon sa panawagan, at iniwan ang mga naguhong mga iglesya. Marami ang nakaabot sa maraming taon ng pananagutan mula nang ang mga pabalitang ito ay ibinigay, at ang liwanag ay suminag sa kanila, at sila ay nagkaroon ng karapatan upang pumili sa buhay o sa kamatayan. Ang iba ay pinili ang buhay, at tumindig kasama noong mga naghihintay sa kanilang Panginoon, at iniingatan ang lahat Niyang mga utos. Gagawin ng ikatlong pabalita ang kanyang gawain; ang lahat ay kinakailangang masubok doon at ang mga mahahalaga ay kinakailangang matawagan upang lumabas mula sa katawan ng mga relihiyon. Isang nakakakilos na kapangyarihan ang gumagalaw sa mga tapat, samantalang ang takot at pamimigil ng mga kamag-anak at mga kaibigan ay hawak ng pagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos, at hindi nila mapangahasan, ni wala silang kapangyarihan, upang hadlangan yaong mga nakakadama sa paggawa ng Banal na Espiritu sa kanila. Ang huling panawagan ay nadala sa mahihirap na mga alipin, at sa mga tapat na kasama nila, may kapakumbabaan sila ay umawit na may maluhong kagalakan sa inaasahan na masayang pagliligtas sa kanila, at hindi sila masuri ng kanilang mga panginoon, dahil sa takot at pagkamangha na nagpapatahimik sa kanila. Makapangyarihang mga himala ay nagagawa,

ang mga may karamdaman ay napagagaling, mga tanda ng kababalaghan ay sumusunod sa mga sumasampalataya. Ang Diyos ay nasa gawain, at bawat banal, walang takot sa anumang maaaring mangyari, sinusunod niya ang konbiksiyon ng sarili niyang konsensiya, at siya ay umaanib sa nag-iingat sa lahat ng mga utos ng Diyos; at may kapangyarihan nilang pinalaganap ang pabalita ng ikatlong anghel. Nakita ko na ang ikatlong pabalita ay magsasara na may lakas at kapangyarihan na malayo at higit sa sigaw sa hating gabi.

Ang mga lingkod ng Diyos, ay pinagkalooban ng kapangyarihang mula sa itaas, ang kanilang mukhang taglay ang kasiglahan, at lumiliwanag na may banal na pagtatalaga, na humahayo sa pagtupad ng kanilang gawain, at ipinapahayag ang mensahe mula sa langit. Ang mga kaluluwang nagkahiwalay sa lahat ng mga sekta ng relihiyong tumugon ng pagtawag, at ang mga itinangi ay nagmadali sa paglabas sa hinatulang iglesia, gaya ni Lot na nagmadaling lumabas sa Sodoma bago ito winasak. Ang mga tao ng Diyos ay nangkop at napagtibay ng kaluwalhatian na ipinagkaloob sa kasaganaan, naghahanda sa kanila sa oras ng tukso. Aking narinig saanmang dako ang tinig ng maraming tao, nagsasabing, Narito ang pagtitiyaga ng mga banal; narito sila na nagsisitupad sa kautusan ng Diyos, at ng pananampalataya ni Jesus.

Tingan ang Genesis kapitulo 19; Apocalipsis 14:12, 18:2-5.

KABANATA 35

Isinara ang Pabalita ng Ikatlong Anghel

Itinuro sa akin ang panahon na ang pabalita ng ikatlong anghel ay nagsasara. Ang kapangyarihan ng Diyos ay napasa Kanyang bayan. Kanilang naganap ang kanilang gawain, at handa na sa nakasusubok na oras sa harap nila. Kanila nang natanggap ang huling ulan o ang pagpapanibagong sigla mula sa presensiya ng Panginoon, at ang buhay na patotoo ay napasiglang muli. Ang huling dakilang babala ay naihayag na sa lahat ng dako, at iyon ay nakakilos at nakapagpagalit sa mga naninirahan sa lupa na hindi tumanggap sa pabalita.

Nakakita ako ng mga anghel na nagmamadali sa pagparoon at pagparito mula sa langit. Isang anghel ang bumalik mula sa lupa na may dalang panulat sa kanyang tagiliran ang nag-ulat kay Jesus na ang kanyang gawain ay natapos na, na ang mga banal ay nabilang na at natatakan. At nakita ko si Jesus, na galing sa paglilingkod sa harap ng kaban na naglalaman ng sampung utos, inihagis sa ibaba ang suuban. Itinaas niya ang kanyang kamay, at may malakas na tinig na sinabi, *Natapos na*. At ibinaba ng lahat ng mga hukbo ng mga anghel sa langit ang kanilang mga korona samantalang isinasagawa ni Jesus ang solemneng deklarasyon. Ang hindi matuwid ay manatiling hindi matuwid; ang marumi ay manatiling marumi. Ang matuwid ay manatiling matuwid; at ang banal ay manatiling banal.

Nakita ko na ang bawat usapin ay napagpasyahan na kung para sa buhay o sa

kamatayan. Napawi na ni Jesus ang mga kasalanan ng Kanyang bayan. Kanya nang natanggap ang Kanyang kaharian, at ang pagtubos ay naisagawa na para sa mga nasasakupan ng Kanyang kaharian. Samantalang si Jesus ay naglilingkod sa Santuwaryo, ang paghatol ay nagpapatuloy para sa mga matuwid na namatay, at pagkatapos ay para sa mga matuwid na nanatiling buhay. Ang mga sakop ng kaharian ay nabuo na. Ang pagkakasal sa kordero ay naganap na. At ang kaharian at ang kadakilaan ng kaharian sa silong ng buong langit, ay binigay kay Jesus, at ang mga tagapagmana ng kaligtasan, at si Jesus ay maghahari bilang HARI ng mga hari, at PANGINOON ng mga panginoon.

Samantalang si Jesus ay lumalabas mula sa Kabanal-banalang Dako, narinig ko ang pagkalansing ng mga kampanilya sa kanyang kasuotan, at samantalang Siya ay umaalis, isang ulap ng kadiliman ang sumaklob sa mga naninirahan sa lupa. Wala nang tagapamagitan sa nagkasalang tao at sa nalapastangang Diyos. Samantalang si Jesus ay nakatayo sa pagitan ng Diyos at ng nagkasalang tao, may nakakapigil pa sa mga tao; subalit nang si Jesus ay lumabas mula sa pagitan ng tao at ng Ama, ang nakakapigil ay naalis, at si Satanas ay nagkaroon ng kontrol sa tao. Imposible na maibuhos ang mga salot samantalang si Jesus ay nanunungkulan pa sa Santuwaryo; subalit sa pagtatapos ng Kanyang gawain doon, sa pagtatapos ng Kanyang pamamagitan ay nagsasara, wala nang makapipigil sa galit ng Diyos, at iyon ay bubugso na may malaking galit sa hindi nakukublihang ulo ng makasalanan, na nagbaliwala sa kaligtasan, at namuhi sa saway. Ang mga banal sa kilabot na panahong iyon, makalipas ang pagsasara ng pamamagitan ni Jesus, ay nabubuhay sa paningin ng isang banal na Diyos, na walang isang tagapamagitan. Ang bawat usapin ay napagpasyahan na, ang bawat hiyas nalagyan na ng bilang. Si Jesus ay nanatiling sumandali sa labas na bahagi ng makalangit na Santuwaryo, at sa mga kasalanan na napagsisihan samantalang siya ay nasa Kabanal-banalang Dako, ibinalik niya sa nagpasimula ng kasalanan, sa Demonyo. Kinakailangang magdusa siya sa mga parusa sa mga kasalananang ito.

At nakita kong hinubad ni Jesus ang Kanyang kasuotang pang pari, at nagdamit Siya ng pinakamakaharing mga balabal—sa Kanyang ulo ay maraming mga korona, isang korona sa loob ng isang korona—at napapalibutan ng mga hukbo ng mga anghel ng langit. Kanyang nilisan ang langit. Ang mga salot ay nangahuhulog sa mga naninirahan sa lupa. Ang iba ay itinakwil ang Diyos, na sinusumpa Siya. Ang iba naman ay nagmadali tungo sa bayan ng Diyos, at nakiusap na sila ngayon ay turuan kung paano makatatakas mula sa mga hatol ng Diyos. Subalit ang mga Banal ay wala nang magawa para sa kanila. Ang huling luha para sa makasalanan ay nailuha na, ang huling nakikipagpunyaging panalangin ay naihandog na, ang huling pasanin ay napasana na. Ang matamis na tinig ng kahabagan ay hindi na mag-aanyaya sa kanila. Ang huling nota ng babala ay naibigay na. Noong ang mga banal, at ang buong langit ay interasado pa para sa kanilang kaligtasan, sila ay walang interes para sa kanilang sarili. Ang buhay at kamatayan ay inilagay sa harap nila. Marami ang nagnais ng buhay; subalit hindi nagkaroon ng anumang pagsisikap upang iyon ay makamtan. Hindi nila pinili ang buhay, at ngayon walang nakatutubos na dugo upang makalinis sa makasalanan. Walang mahabaging Tagapagligtas upang makiusap para sa kanila, at dumaing ng, Iligtas, iligtas ang makasalanan ng kaunti pang panahon. Ang buong

langit ay nakisanib kay Jesus, samantalang kanilang naririnig ang kilabot na mga salita, Natapos na, Natapos na. Naganap na ang panukala na pagliligtas. Subalit kakaunti ang pumili upang tanggapin ang panukala. At samantalang ang matamis na tinig ng kahabagan ay napapawi, isang pagkatakot at lagim ang pumigil sa kanila. Malinaw na malinaw na kanilang narinig, Huling-huli na! Huling-huli na!

Yaong mga hindi nagpahalaga sa mga Salita ng Diyos ay nagmamadali sa pagparoon at pagparito. Sila ay naglalagalag sa mga karagatan, at mula sa hilaga tungo sa silangan, upang hanapin ang salita ng Panginoon. Wika ng anghel, Hindi nila iyon masusumpungan. Mayroong kagutom sa lupain; hindi kagutom ng tinapay, ni pagkauhaw sa tubig, kundi sa pagdinig sa mga salita ng Panginoon. Ano ang hindi nila ibibigay para sa isang salita ng pagsang-ayon mula sa Diyos? Subalit hindi, sila ay kinakailangang patuloy na magutom at mauhaw. Araw-araw nilang binaliwala ang kaligtasan, at pinahalagahan ang mga kasiyahan sa lupa, at mga kayamanan sa lupa, na higit sa anumang makalangit na pang-akit o kayamanan. Kanilang tinanggihan si Jesus, at itinakwil ang mga banal. Ang marumi ay kinakailangang manatiling marumi magpakailan man.

Malaking bahagi ng mga masama ay galit na galit, samantalang sila ay nagdudusa sa mga epekto ng mga salot. Iyon ay isang tanawing kilabot na pagdurusang. Ang mga magulang ay malupit na sinisisi ang kanilang mga anak, at ang mga anak sinisisi ang kanilang mga magulang, mga kapatid na lalaki ay sinisisi ang kanilang mga kapatid na babae, ang mga kapatid na babae ay sinisisi ang kanilang mga kapatid na lalaki. Malalakas na pag-iyak ay maririnig sa bawat panig, Ikaw ang pumigil sa akin sa pagtanggap ng katotohanan, na sana ay nagligtas sa akin sa kilabot na oras na ito. Ang mga tao ay humarap sa kanilang mga ministro na may mapait na galit, at sinisisi sila, na sinasabi sa kanila, Hindi ninyo kami binabalaan. Sinabi ninyo sa amin na ang buong daigdig ay mahihikayat, at sumigaw, Kapayapaan, kapayapaan, upang patahimikin ang bawat pangamba na bumabangon. Hindi ninyo sinabi sa amin ang tungkol sa oras na ito, at yaong mga nagbabala sa amin tungkol dito ay sinabi ninyong mga panatiko, at masasamang mga tao, na sisira sa amin. Subalit nakita ko na ang mga ministro ay hindi nakatakas mula sa galit ng Diyos. Ang kanilang pagdudusa ay sampung ulit ang higit kaysa kanilang bayan.

Tingnan ang Ezekiel 9:2-11; Daniel 7:27; Hosea 6:3; Amos 8:11-13; Apocalipsis Kapitulo 16, 17:14.

KABANATA 36

Ang Panahon ng Kabagabagan ni Jacob

Nakita ko ang mga banal na iniwan ang mga ciudad at mga nayon, at nabubuklod na bala-balangay na magkakasama, at naninirahan sa pinakamatahimik na mga lugar. Ang mga anghel ay nagbibigay ng kanilang pagkain at tubig; subalit ang mga masama ay naghihirap sa kagutuman at pagkauhaw. At nakita ko ang mga namumunong mga lalaki sa lupa na nagsangguniang sama-sama, at si Satanas at ang kanyang mga anghel ay abala sa palibot nila. Nakakita ako ng isang sulat, at mga kopya noon ay ikinalat sa iba't-ibang bahagi ng lupain, ipinag-uutos, na malibang isuko ng mga banal ang kakaiba nilang pananampalataya, isuko ang Sabbath, at mangilin ng unang araw, sila ay may laya, makalipas ang isang panahon, upang sila ay patayin. Subalit sa mga panahong ito ang mga banal ay kalmado at hindi nababahala, nagtitiwala sa Diyos, at nananalig sa Kanyang pangako, na gagawa ng daan upang sila ay makatakas. Sa ibang mga lugar bago maisakatuparan ang laman ng sulat, sinugod ng mga masama ang mga banal upang sila ay patayin; subalit ang mga anghel ng Diyos sa anyo ng mga kawal ang lumaban para sa kanila. Inaasam ni Satanas ang magkaroon ng karapatan upang mapatay ang mga banal ng Kataastaasan; subalit ipinag-utos ni Jesus sa Kanyang mga anghel na sila ay bantayan, sapagkat ang Diyos ay mapaparangalan sa pakikipagtipanan doon sa mga nag-iingat sa Kanyang kautusan sa paningin ng mga hindi kumikilala sa Diyos sa palibot nila; at si Jesus ay mapaparangalan sa pamamagitan ng paglilipat sa mga banal, na mga matagal nang naghihintay sa kanya, na hindi mamamatay.

Pagdaka ay nakita ko ang mga banal na nagdudusa sa malaking paghihirap sa isip. Sila ay tila napapalibutan ng mga masamang naninirahan sa lupa. Ang bawat pagpapahayag ay laban sa kanila. Ang iba ay nagsimulang mangamba na sila ay iniwanan na ng Diyos upang mamatay sa kamay ng mga masama. Subalit kung mabubuksan ang kanilang mga mata, makikita nila ang kanilang mga sarili na napapalibutan ng mga anghel ng Diyos. Sunod ay dumating ang napakaraming galit na mga masasama, kasunod ang masasamang mga anghel, minamadali ang mga masasama upang patayin ang mga banal. Subalit samantalang tatangkain nilang lumapit sa kanila, kinakailangan munang dumaan sila sa balangay na ito ng makapag-yarihan at banal na mga anghel, na imposible naman. Sila ay pinaa-atras ng mga anghel ng Diyos, at ang masasamang mga anghel sa palibot nila ay ibinubuwal sa likod. Iyon ay isang kilabot na oras, nakakatakot na paghihirap para sa mga banal. Sila'y umiiyak araw at gabi sa Diyos para sa kaligtasan. Sa panlabas na hitsura walang posibilidad na sila ay makatakas. Ang mga masama ay nagsimula na sa kalagayan ng pagtatagumpay, at nagsisisigaw, Bakit hindi kayo inililigtas ng inyong Diyos mula sa aming mga kamay? Bakit hindi kayo lumipad, at iligtas ang inyong buhay. Ang mga banal ay hindi nakinig sa kanila. Sila ay nakikipagpunyagi sa Diyos tulad ni Jacob. Sabik ang mga anghel na iligtas sila; subalit sila ay kinakailangang maghintay ng kaunti pang sandali, at makainom sa saro, at mabautismuhan ng bautismo. Ang mga anghel, tapat sa kanilang tungkulin, ay patuloy na nagbabantay. Halos malapit na ang sandali na ipahahayag ng Diyos ang kanyang makapangyarihang lakas, at iligtas sila na maluwalhati. Hindi ipahihintulot ng Diyos na ang Kanyang pangalan ay sirain sa gitna ng mga hindi kumikilala sa Diyos. Sa ikaluluwalhati ng Kanyang pangalan ay ililigtas Niya ang bawat isa na matiyagang naghintay sa Kanya, at ang mga pangalan ay nakasulat sa aklat.

Itinuro sa akin sa nakalipas ang tapat na si Noe. Bumuhos ang ulan, at bumaha. Si Noe at ang kanyang pamilya ay nakapasok sa daong, at sila ay pinagsarhan ng Diyos sa loob. Matapat na binabalaan ni Noe ang mga naninirahan sa matandang daigdig, at samantalang ang bawat isa ay nalulunod, nakita nila ang daong na lubha nilang pinagtawanan, ligtas na ligtas na lumulutang sa mga tubig, iniingatan ang tapat na si Noe at ang kanyang pamilya. Kaya nakita ko na ang bayan ng Diyos, na nagbigay ng babala sa daigdig tungkol sa dumarating Niyang galit, ay maililigtas. Matapat nilang binabalaan ang mga naninirahan sa lupa, at hindi ng Diyos ipahihintulot sa mga masama na patayin yaong mga umasa na silay maililipat, at mga hindi yumuko sa kautusan ng hayop, ni tumanggap ng kanyang tatak. Nakita ko na kung pahihintulutan ang mga masama na mapatay ang mga banal, Si Satanas at ang kanyang masamang hukbo, at lahat ng mga galit sa Diyos ay masisiyahan. At Oh, anong panahon ng pagtatagumpay iyon para sa karilagan ng kanyang pagiging Satanas, upang magkaroon ng kapangyarihan, sa huling labanan na nagtatapos, laban doon sa mga matagal nang naghihintay upang makita ang kanilang iniibig. Yaong mga nagtawa sa kaisipan na ang mga banal ay papanhik, ay makakasaksi sa pangangalaga ng Diyos para sa Kanyang bayan at sa kanilang maluwalhating pagkaligtas.

Samantalang nililisan ng mga banal ang mga ciudad at mga nayon, sila ay hinabol ng mga masasama. Itinaas nila ang kanilang mga espada upang patayin ang mga banal, subalit ang mga iyon ay naputol, at nahulog na walang kapangyarihan na parang mga dayami. Ang mga banal ay ipinagsanggalang ng mga anghel ng Diyos. Sa kanilang paghibik araw at gabi para sa kaligtasan, ang kanilang paghibik ay nakarating sa harap ng Diyos.

Tingnan ang Genesis kapitulo 6 at 7, 32:24-28; Mga Awit kapitulo 91; Mateo 20:23; Apocalipsis 13:11-17

KABANATA 37

Ang Pagliligtas sa mga Banal

Hating gabi ang pinili ng Diyos na pagliligtas sa Kanyang bayan. Samantalang ang mga masama ay nagtatawa sa palibot nila, biglang lumabas ang araw, nagniningning sa Kanyang buong lakas, at ang buwan ay nanatili. Ang tanawin ay minasdan ng mga masama na may pagkamangha. Mga tanda at mga kababalaghan ay mabilis na nagsunod-sunod. Ang lahat ay tila wala sa natural na takbo. Ang mga palatandaan ng kanilang pagkaligtas ay minasdan ng mga banal na may solemneng kagalakan.

Ang mga batis ay tumigil sa pag-agos. Maitim, at makakapal na mga ulap ang lumabas, at nagbanggaan sa isat isa. Subalit mayroong isang malinaw na lugar na kinaroroonan ng kaluwalhatian, na mula doon ay lumabas ang tinig ng Diyos, tulad ng maraming mga tubig, na yumanig sa mga langit at sa lupa. Nagkaroon ng malakas na lindol.

Ang mga libingan ay nayanig at nabuksan, at yaong mga namatay sa pananampalataya sa ilalim ng pabalita ng ikatlong anghel, na nangingilin ng Sabbath, ay lumabas mula sa kanilang maalikabok na higaan, na maluwalhati, upang marinig ang pakikipagtipan ng kapayapaan na isasagawa ng Diyos para doon sa mga nag-ingat sa Kanyang kautusan.

Ang kalawakan ay nabubuksan at nagsasara, at nagkakagulo. Ang mga bundok ay nayayanig tulad ng talahib na hinahangin, at nagluluwal ng malalaking mga bato sa lahat ng panig. Ang dagat ay kumukulo na parang kaserola, at nagluluwal ng mga bato sa lupain. At samantalang binibigkas ng Diyos ang araw at oras ng pagdating ni Jesus, at ibinigay ang Kanyang walang hanggang tipan sa Kanyang bayan, nagsasalita Siya ng isang pangungusap at humihinto, samantalang ang mga salita ay umuugong sa lupa. Ang Israel ng Diyos ay nakatayo na ang kanilang mga mata ay nakatitig paitaas, nakikinig sa mga salita samantalang iyon ay nagmumula sa bibig ni Jehovah, at umuugong sa buong lupa na parang dagundong ng pinakamalakas na mga kulog. Iyon ay lubhang napaka solemne. Sa dulo ng bawat pangungusap ang mga banal ay sumisigaw, Gloria! Hallelujah! Ang kanilang mga mukha ay naliliwanagan ng kaluwalhatian ng Diyos; at sila ay nagniningning na may kaluwalhatian tulad ng mukha ni Moises noong siya ay bumaba mula sa Sinai. Ang mga masama ay hindi makatingin sa kanila dahil sa kaluwalhatian. At nang ang hindi natatapos na mga pagpapala ay binibigkas doon sa mga nagparangal sa Diyos, sa pangingilin sa Kanyang Sabbath na banal, nagkaroon ng malakas na sigaw ng pagtatagumpay laban sa hayop, at laban sa kanyang wangis.

At nagsimula ang jubilee, kung kailan ang lupain ay kinakailangang magpahinga. Nakita ko ang tapat na mga alipin na tumindig sa pagtatagumpay, at ipinagpag ang mga kadena na nakatali sa kanila, samantalang ang kanyang masamang panginoon ay nasa kaguluhan, at hindi nalalaman kung ano ang gagawin; sapagkat hindi maunawaan ng masama ang mga salita ng tinig ng Diyos. Di nagtagal ay nahayag ang dakilang puting ulap. Doon ay nakaupo ang Anak ng tao.

Ang ulap na ito nang una itong mahayag sa malayo, ay mukhang napakaliit. Sinabi ng anghel na iyon ang palatandaan ng Anak ng tao. At samantalang ang ulap ay papalapit sa lupa, masasaksihan natin ang sakdal na kaluwalhatian at karilagan ni Jesus samantalang Siya ay nakasakay upang manlupig. Isang banal na grupo ng mga anghel, taglay ang kanilang maliwanag at kumikislap na mga korona sa kanilang ulo, sinamahan siya sa kanyang daan. Walang wika na makapaglalarawan sa kaluwalhatian ng tanawin. Ang buhay na ulap ng karilagan, at hindi malalamasang kaluwalhatian ay dumating na papalapit nang papalapit, at malinaw na makikita natin ang kaibig-ibig na si Jesus. Hindi Niya suot ang koronang tinik sa halip ay isang korona ng kaluwalhatian na nakapatong sa Kanyang banal na kilay. Sa kanyang dibdib at baywang ay nakasulat, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON. Ang Kanyang mga mata ay parang nagniningas na apoy, ang Kanyang paa ay parang may hitsurang pinong tanso, at ang Kanyang tinig ay parang tunog ng maraming instrumento sa musika. Ang Kanyang mukha ay maliwanag tulad ng araw sa katanghaliang tapat. Ang lupa ay nanginginig sa harap Niya, at ang mga langit ay nalulon na parang palumpon na nakalolon. At ang bundok at mga isla ay naalis mula sa kanilang kinaroroonan. At ang mga hari sa lupa, at ang mga dakilang mga tao, ang

mayayaman, ang mga pinunong mga kapitan, ang makapangyarihang mga tao, ang bawat alipin, bawat laya ay nagtago sa mga yungib at sa malalaking bato sa mga bundok. At sinabi sa mga bundok at mga bato, Mahulog kayo sa amin, at itago ninyo kami mula sa mukha noong nakaupo sa trono, at mula sa galit ng Kordero: Sapagkat ang dakilang araw ng Kanyang galit ay dumating, at sino ang makatatayo?

Yaong mga ilang sandali pa lamang ang nakalipas na sana ay pupuksa sa mga tapat na anak ng Diyos mula sa lupa, ay kinakailangang masaksihan ang kaluwalhatian ng Diyos na tumapat sa kanila. Nakita nila silang naluwalhati. At sa kalagitnaan ng kilabot na mga tanawing iyon ay narining nila ang mga tinig ng mga banal sa kagalakan, na nagsasabi, Narito, ito ang aming Diyos, naghintay kami sa Kanya, at kami ay Kanyang ililigtas. Ang lupa ay nayanig ng malakas samantalang tinatawag ng tinig ng Diyos ang mga nangatatutulong na mga banal. Sila ay tumugon sa panawagan, at bumangong nararamtan ng maluwalhating pagka-walang kamatayan, na sumisigaw, Tagumpay! Tagumpay! Laban sa kamatayan at sa libingan? At ang buhay na mga banal, at ang mga binuhay, ay nagpailanlang ng kanilang mga tinig sa isang mahaba, at nakapaghahatid na sigaw ng pagtatagumpay. Yaong mga sakiting mga katawan na napunta sa libingan ay bumangon na may walang hanggang kalusugan at lakas. Ang mga buhay na mga banal ay nabago sa isang saglit, sa isang kisapmata, at inagaw paitaas kasama ng mga binuhay, at magkasama silang sumalubong sa Panginoon sa himpapawid. Oh anong maluwalhating pagtatagpo. Mga kaibigan na inihiwalay ng kamatayan ay muling nagkasama, hindi na muli maghihiwalay pa.

Sa magkabilang panig ng maulap na karwahe, at sa ilalim nito ay may buhay na mga gulong; at samantalang ang maulap na karwahe ay umaandar paitaas, ang mga gulong ay sumisigaw, Banal, Banal, Banal, Panginoong Diyos na makapangyarihan sa lahat. At ang mga banal sa mga ulap ay sumigaw, Gloria, Allelujah. At ang karwahe ay umandar paitaas tungo sa banal na ciudad. Bago pumasok sa banal na ciudad, ang mga banal ay nakaayos sa sakdal na parisukat, kasama si Jesus sa kalagitnaan. Ang Kanyang ulo at mga balikat ay mas mataas kaysa mga banal, at mataas din ang Kanyang ulo at mga balikat kaysa mga anghel. Ang Kanyang marilag na anyo, at kaibig-ibig na mukha, ay maaaring makita ng lahat na nasa parisukat.

Tingnan ang 2 Hari 2:11; Isaias 25:9; 1 Corinto 15:51-55; 1 Tesalonica 4:13-17; Apocalipsis 1:13-16, 6-14-17, 19:16.

KABANATA 38

Ang Gantimpala ng mga Banal

At nakita ko ang napakalaking bilang ng mga anghel na may dalang maluwalhating mga korona mula sa ciudad; isang korona para sa bawat banal na nakasulat doon ang kanyang pangalan; at samantalang kinukuha ni Jesus ang mga korona, iyon ay ibinibigay sa kanya ng mga anghel, at ang kaibig-ibig na si Jesus, sa pamamagitan ng sarili Niyang kanang kamay, ay inilalagay ang mga koronang iyon sa ulo ng mga banal. Sa ganon ding paraan ay dinala ng mga anghel ang mga alpa, at yaon ay ibinigay din ni Jesus sa mga banal. Ang unang nota ay tinupa ng nag-uutos na mga anghel, at ang bawat tinig ay ipinapailanlang sa pagpapasalamat, at masayang papuri, at ang bawat kamay ay mahusay na tumupa sa mga kuwerdas ng alpa, nagpapailanlang ng magandang himig ng musika na may mayaman at sakdal na mga tunog. At nakita kong inakay ni Jesus ang grupo ng mga tinubos tungo sa pintuan ng ciudad. Hinawakan niya ang pintuan at iyon ay binuksan nakakabit iyon sa kumikislap na mga pangkabit, at ipinag-utos sa mga bansa na nag-ingat sa katotohanan na sila ay pumasok doon. Naroon sa ciudad ang lahat ng kaluluguran ng mga mata. Mayamang kaluwalhatian ay makikita sa bawat dako. At si Jesus ay tumingin sa mga natubos Niyang mga banal ang kanilang mga mukha ay nagniningning na may kaluwalhatian; at samantalang sila ay Kanyang tinititigan, ay Kanyang sinabi, sa pamamagitan ng kanyang tinig na mayaman, at may himig ng musika, Nakita ko ang pinaghirapan ng aking kaluluwa at Ako ay nasiyahan. Ang mayamang kaluwalhatiang ito ay inyo upang inyong ikasiya sa walang hanggan. Ang inyong mga kalungkutan ay natapos na, Hindi na magkakaroon ng kamatayan, ni kalungkutan, ni pag-iyak, ni magkakaroon pa man ng kirot. Nakita Ko ang hukbo ng mga tinubos na yumukod at ibinaba ang kanilang nagniningning na mga korona sa paanan ni Jesus, at samantalang sila ay itinataas ng Kanyang kaibig-ibig na kamay, ay kanilang hinawakan ang kanilang gintong mga alpa, at pinuno ang buong langit ng kanilang musika, at mga awit para sa Kordero.

At nakita kong inakay ni Jesus ang hukbo ng mga tinubos tungo sa puno ng buhay, at sa muli ay narinig namin ang Kanyang kaibig-ibig na tinig, mayaman kaysa anumang musika na narinig ng tao sa lupa, na nagsasabi, Ang mga dahon ng punong kahoy na ito ay para sa pagpapagaling sa mga bansa. Kumain kayong lahat mula diyan. Nasa punong kahoy ng buhay ang pinaka magandang bunga, na malayang makakain ng mga banal. Naroon ang pinaka maluwalhating trono sa ciudad, at mula sa ilalim ng trono ay umaagos ang dalisay na ilog ng tubig ng buhay, malinaw na parang kristal. Sa magkabilang panig ng ilog na ito ng buhay ay ang punong kahoy ng buhay. Sa pampang ng ilog ay may magagandang mga punong kahoy na nagbubunga ng mabuting pagkain. Ang pananalita ay pawang mahina upang tangkaing ilarawan ang langit. Samantalang ang tanawin ay bumabangon sa harap ko ako ay nawala sa pagkamangha; at ako ay natangay ng nangingibabaw na karilagan at ng sakdal na kaluwalhatian, ibinaba ko ang panulat, at nagsabi, Oh anong pagmamahal! Ang pinakamatayog na mga pananalita ay hindi makapaglalarawan sa kaluwalhatian ng langit, ni ng hindi matutumbasang pag-ibig ng Tagapagligtas.

Tingnan ang Isaias 53:11; Apocalipsis 21:4, 22:1-2

Ang Lupa ay Nawasak

At nakita ko ang lupa. Ang mga masasama ay nangamatay, at ang kanilang mga bangkay ay nakaratay sa balat ng lupa. Ang mga naninirahan sa lupa ay nagdusa sa galit ng Diyos sa huling pitong salot. Kanilang kinagat ang kanilang mga dila dahil sa sakit at kanilang sinumpa ang Diyos. Ang mga huwad na mga pastor ang markadong pakay ng galit ni Jehovah. Ang kanilang mga mata ay nangatunaw sa butas na kanilang kinalalagyan, at ang kanilang mga dila sa kanilang mga bibig, samantalang sila'y nakatayo sa kanilang mga paa. Matapos na mailigtas ng tinig ng Diyos ang mga banal, ang galit ng karamihang masama ay naiharap sa isa't isa. Ang lupa ay tila nagbabaha ng dugo, at ang mga patay ay mula sa kabilang dulo hanggang sa kabilang dulo ng lupa.

Ang lupa ay nasa pinakasirang kalagayan. Mga ciudad at mga nayon, naibagsak ng paglindol, ay nakatambak. Ang mga bundok ay naalis mula sa kanilang kinalalagyan, nag-iwan ng malaking mga hukay. Ang dagat ay nakapag luwal ng malalaking mga bato mula sa lupa, at malalaking mga bato ay natapyas mula sa lupa, at naikalat sa buong ibabaw nito. Ang lupa ay mukhang isang gubat ng kasiraan. Malalaking mga punong kahoy ay nangabunot, at naikalat sa buong lupa. Ito ang tahanan ni Satanas kasama ng kanyang mga anghel, sa loob ng isang libong taon. Dito sila ay ikukulong, at maglalagalag paitaas at paibaba sa wasak na balat ng lupa, at makikita ang epekto ng kanyang paghihimagsik laban sa kautusan ng Diyos. Ang epekto ng sumpa na kanyang nilikha, kanyang ikasisiya sa loob ng 1000 taon. Nalilimitahan lamang sa lupa, hindi siya magkakaroon ng karapatan na lumibot sa ibang mga planeta, upang tuksuhin at guluhin yaong mga hindi nahulog. Si Satanas ay magdudusa ng husto sa loob ng panahong ito. Mula nang siya ay mahulog ang masama niyang likas ay patuloy niyang sinanay. Ngayon ay ipinagkait sa kanya ang kanyang kapangyarihan, at iniwan upang magbulay-bulay sa bahagi na kanyang ginampanan mula ng kanyang pagkahulog, at upang makita ang hinaharap at manginig sa takot sa kilabot na hinaharap, kapag kinakailangang magdusa siya dahil sa lahat ng kasamaan na kanyang nagawa, at maparusahan sa lahat ng kasalanan na kanyang ipinagawa.

At nakarinig ako ng sigaw ng pagtatagumpay mula sa mga anghel, at mula sa mga tinubos na mga banal, na ang tunog ay parang sampung libong mga instrumento sa musiko, sapagkat hindi na sila guguluhin at tutuksuhin ng demonyo, at ang mga naninirahan sa ibang mga daigdig ay nailigtas mula sa kanyang presensiya at mula sa kanyang

panunukso.

At nakakita ako ng mga trono, at si Jesus at ang mga natubos na mga banal ay nangaka-upo doon; at ang mga banal ay naghari bilang mga hari at mga saserdote ng Diyos, at ang mga masasamang mga patay ay nahatulan, at ang kanilang mga gawa ay ikinumpara sa aklat ng tuntunin, ang salita ng Diyos, at sila ay hinatulan ayon sa mga gawa na kanilang ginawa sa katawan. Si Jesus, sa pagsanib sa mga banal, ay nagpahayag sa masasama na bahagi ng kanilang pagdudusahan ayon sa kanilang mga gawa; at yon ay nasulat sa aklat ng kamatayan, at nakahanda laban sa kanilang mga pangalan. Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nahatulan din ni Jesus at ng mga banal. Ang parusa kay Satanas ay kinakailangang mas matindi kaysa doon sa mga nalinlang niya. Iyon ay labis ang tindi at hindi maaaring maikumpara sa kanila. Kung sa bagay lahat ng kanyang mga nalinlang ay patay na, si Satanas ay kinakailangang mabuhay at magdusa pa ng mas matagal.

Pagkatapos ng paghatol sa mga patay na masasama, sa pagtatapos ng 1000 taon, ay nilisan ni Jesus ang ciudad, at isang tren ng hukbo ng mga anghel ang sumunod sa Kanya. Ang mga banal ay sumama rin sa Kanya. Si Jesus ay bumaba sa isang dakila at makapangyarihang bundok, na sa Kanyang paglapat doon, iyon ay nahati, at naging isang makapangyarihang kalawakan. At kami ay tumingala at nakita ang dakila at magandang ciudad, na may labindalawang pintuan ang daan, tatlo sa bawat panig, at may isang anghel sa bawat pintuang daan. Kami ay sumigaw, Ang ciudad! Ang dakilang ciudad! Iyon ay bumababa mula sa Diyos mula sa langit! At iyon ay bumababa sa buong karilagan noon, at nakasisilaw na kaluwalhatian, ay tumahan sa makapangyarihang kapatagan na inihanda ni Jesus para doon.

Tingnan ang Zacarias 14:4-12; Apocalipsis 20:2-6, 20:12, 21:10-27.

KABANATA 40

Ang Ikalawang Pagbuhay

Pagkatapos si Jesus at ang lahat ng hanay ng banal na mga anghel, at lahat ng natubos na mga banal, ay iniwan ang ciudad. Ang banal na mga anghel ay pumalibot kay Jesus, at inihatid siya sa Kanyang daan, at ang tren ng mga natubos na mga banal. Pagkatapos sa kilabot at nakakatakot na karilagan ay tinawagan ni Jesus ang mga masasamang mga patay; at sa kanilang pagbangon taglay pa rin ang masasakitin at mahihinang mga katawan ng sila ay nagtungo sa libingan, oh anong hitsura! Ano ngang tanawin! Doon sa unang pagbuhay ang lahat ay bumangon na may pamumukadkad na walang hanggan; subalit sa ikalawa, ang mga bakas ng sumpa ay makikita sa lahat. Ang

mga hari at mararangal na mga tao ng lupa ay bumangon na kasama ng mga walang bait at mababa, mga may pinag-aralan kasama ang mga walang pinag-aralan. Ang lahat ay tumingin sa Anak ng tao; at yaon mismong mga tao na nagtakwil at kumutya kay Jesus, at yaong humampas sa Kanya ng tambo, at yaong naglagay ng koronang tinik sa Kanyang banal na kilay, ay minasdan Siya sa Kanyang marilag na pagkahari. Yaong mga dumura sa Kanya sa panahon ng paglilitis sa kanya, ngayon ay inalis ang kanilang tingin mula sa Kanyang tumatagos na mga tingin, at mula sa kaluwalhatian ng Kanyang mukha. Yaong mga nagpukpok ng mga pako sa Kanyang kamay at paa, ngayon ay nakatingin sa bakas ng pagkapako sa Kanya. Yaong mga nagtusok ng sibat sa kanyang tagiliran, ngayon ay minamasdan ang mga bakas ng kanilang kalupitan sa Kanyang katawan. At alam nila na siya mismo ang Isa na kanilang ipinako sa krus, at pinagtawanan sa Kanyang paghihingalo sa kahirapan. At pagkatapos ay may bumangong isang napakahabang sigaw ng paghihirap, samantalang sila ay nagtatakbuhan upang magkubli mula sa presensiya ng HARI ng mga hari at PANGINOON ng mga panginoon.

Ang lahat ay nagsisikap magtago sa malalaking mga bato, at ikubli ang kanilang sarili mula sa kilabot na kaluwalhatian Niya na kanilang itinakwil. Samantalang ang lahat ay lubhang namangha at nasasaktan sa Kanyang karilagan at lubhang kaluwalhatian, sila ay nagkaisa na itaas ang kanilang tinig, at may kilabot na kalinawan ay nagsabi, Mapalad Siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon.

Pagkatapos si Jesus at ang banal na mga anghel kasama ang lahat ng mga banal, ay muling nagtungo sa ciudad, at ang mapait na pag-iyak at paghagulhol ng mga masasama ang pumuno sa himpapawid. At nakita ko si Satanas na muling sinimulan ang kanyang gawain. Siya ay lumibot sa kanyang mga kampon, at pinalakas ang mga mahihina at nanlalata, at sinabi sa kanila na siya at ang kanyang mga anghel ay makapangyarihan. At itinuro niya ang di mabilang na milyon-milyon na binuhay. Mayroong makapangyarihang mga mandirigma at mga hari na mahusay sa pakikipaglabanan, at nakalipol ng mga kaharian. May makapangyarihang mga higante na matatapang at di kailan man natalo sa labanan. Naroon ang mapagmataas, at ambisyosong si Napoleon na ang pagsalakay ay nagpanginig sa mga kaharian. May mga lalaking napakataas ang hitsura, at may marilag, at matayog na tindig, na namatay sa pakikipagdigma. Sila ay namatay samantalang nananabik na makapanlupig. Sa kanilang pagbangon mula sa kanilang mga libingan, kanilang ipinagpatuloy ang takbo ng kanilang mga pag-iisip kung saan iyon natigil noong sila ay mamatay. Si Satanas ay sumangguni sa kanyang mga anghel, at pagkatapos ay doon sa mga hari at manlulupig at makapangyarihang mga lalaki. Pagkatapos ay tumingin siya sa napakalaking hukbo at sinabi sa kanila na ang grupo sa loob ng ciudad ay kakaunti at mahina, at makakaya nilang sumalakay at kubkubin ang ciudad, at palayasin ang mga naninirahan doon, at angkinin ang mga kayamanan at kaluwalhatian sa kanilang sarili.

Si Satanas ay nagtagumpay sa panlililang sa kanila, at ang lahat ay kaagad nagsimulang ihanda ang kanilang sarili sa pakikipagdigma. Sila ay gumawa ng mga sandatang pandigma; sapagkat maraming mahuhusay na mga lalaki sa malaking hukbong iyon. At pagkatapos sa pangunguna ni Satanas sila ay humayo. Mga hari at mga mandirigma ay sumunod na malapit kay Satanas, at ang karamihan ay sumunod na bala-

balangay. Ang bawat balangay ay mayroong pinuno, at mapapansin ang kaayusan samantalang sila ay nagmamartsa sa wasak na balat ng lupa patungo sa Banal na Ciudad. Isinara ni Jesus ang pinto ng Ciudad, at iyon ay pinalibutan ng malaking hukbong ito at inihanda ang kanilang sarili sa pakikipagdigma. Naghanda sila ng lahat ng uri ng sandatang pandigma, sa pag-aakala na sila ay sasagupa sa isang matinding labanan. Iniayos nila ang kanilang sarili sa palibot ng ciudad. Si Jesus at ang hukbo ng lahat ng mga anghel na may kumikislap na korona sa kanilang ulo, at lahat ng mga banal na may kumikislap na mga korona, ay umakyat sa ibabaw ng pader ng ciudad. Si Jesus ay nagsalita ng may karilagan at nagsabi, Tingnan ninyo mga makasalanan, ang gantimpala ng mga matuwid! Nasaksihan ng malawak na karamihan ang maluwalhating grupo na nasa ibabaw ng pader ng Ciudad. At samantalang kanilang nasasaksihan ang karilagan ng kanilang kumikislap na mga korona, at nakikita ang kanilang mukha na nagliliwanag sa kaluwalhatian, na naghahayag ng wangis ni Jesus, at makita ang di malalampasang kaluwalhatian at karilagan ng HARI ng mga hari, at PANGINOON ng mga panginoon, ang kanilang tapang ay nawala. Ang pagkadama ng kayaman at kaluwalhatian na nawala sa kanila, at dumaloy sa kanila, at nagkaroon sila ng nakababatid na pagkadama na ang bunga ng kasalanan ay kamatayan. Kanilang nakita ang banal, at masayang grupo na kanilang kinamuhian, na nararamtan ng kaluwalhatian, karangalan, at buhay na walang hanggan, samantalang sila ay nasa labas ng Ciudad kasama ang bawat masama at karumaldumal na bagay.

Tingnan ang Mateo 23:29; Apocalipsis 6:15-16, 20:7-9, 22:12-15.

KABANATA 41

Ang Ikalawang Kamatayan

Si Satanas ay mabilis na nagtungo sa kalagitnaan at nagsikap na himukin ang karamihan upang kumilos. Subalit apoy mula sa Diyos galing sa langit ang iniulan sa kanila, at ang dakilang mga lalaki, ang mga marangal, ang mga mahirap at kawawang mga tao ang lahat ay natupok na magkakasama. Nakita ko na ang iba ay mabilis na napuksa, samantalang ang iba naman ay mas matagal. Sila ay naparusahan ayon sa mga gawa na ginawa ng kanilang katawan. Ang iba ay maraming mga araw na natupok, at hanggat mayroong bahagi nila na hindi natutupok, ang lahat ng pagkadama ng paghihirap ay naroon. Wika ng anghel, ang uod ng buhay ay hindi mamamatay; ang kanilang apoy ay hindi mawawala hanggang mayroon pang pinakamaliit na bahagi na dapat matupok.

Subalit si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagdusa ng matagal. Hindi lamang ni Satanas dala ang bigat ng kanyang mga kasalanan; kundi pati ang mga kasalanan ng lahat ng mga natubos na hukbo na nailagay sa kanya; at kanyang pagdudusahan ang pagkawasak ng mga kaluluwa na siya ang dahilan. At nakita ko na si Satanas, at ang hukbo ng lahat ng masama, ay natupok, at ang kahatulan ng Diyos ay nasapatan; ang hukbo ng lahat ng mga anghel, at ng lahat ng mga natubos na mga banal, ay nagsabi ng may malakas na tinig, Amen!

Wika ng anghel, si Satanas ang ugat, ang kanyang mga anak ang mga sanga. Sila ngayon ay natupok ugat at sanga. Ikinamatay nila ang walang hanggang kamatayan. Hindi na sila magkakaroon pa ng pagbuhay, at ang Diyos ay magkakaroon ng malinis na sansinukob. At ako ay tumingin, at nakita ang apoy na tumupok sa masama, sinusunog ang mga basura at nililinis ang lupa. Ako ay muling tumingin at nakita kong nalinis ang lupa. Walang anumang tanda ng sumpa. Ang nawasak, at hindi patag na ibabaw ng lupa ngayon ay nagmukhang patag, at malawak na kapatagan. Ang buong sansinukob ng Diyos ay malinis, at ang malaking tunggalian ay natapos na magpakailanman. Saan mang dako tayo tumingin, saan man tumama ang ating paningin, ay maganda at banal. At ang hukbo ng lahat ng natubos, matanda at bata, dakila at maliit, ay ibinaba ang kanilang kumikislap na mga korona sa paanan ng kanilang Tagapagtubos, at iniyukod ang kanilang sarili sa pagpuri sa Kanya, at sinamba Siya na nabubuhay magpakailan pa man. Ang magandang bagong lupa, taglay ang lahat nitong kaluwalhatian, ang walang hanggang mamanahin ng mga banal. Ang kaharian at kapamahalaan, at kadakilaan ng kaharian sa ilalim ng buong langit, at ibinigay sa mga banal ng Kataas-taasan na magmamana noon magpakailan pa man, maging hanggang magpakailan-kailan pa man.

Tingnan ang Isaias 66:24; Daniel 7:26-27; Apocalipsis 20:9-15, 21:1, 22:3

Ang
Malaking Tunggalian
Sa Pagitan
Ni Cristo at ng Kanyang mga Anghel,
At Kay
Satanas at ng Kanyang mga Anghel

Original Title:
The Great Controversy Between Christ and
His Angels, and Satan and His Angels (1858)

Front cover: See Exodus 31:18
Back cover : See Hebrews 10:16

Author: Ellen G. White

Translator: Joven Marlo A. Emperio
Caloocan City, Philippines

Publisher: Central Visayan Mission Press
Owned and Operated by
CENTRAL PHILIPPINE UNION CONFERENCE
East Visayan Academy Campus,
Bulacau, Talisay City 6045
Cebu, Philippines. Tel. No. 302-272-2056
Email : missionpress@yahoo.com

5,000 copies printed in 2006

Purchasing Information: Bayani Joeme Somoso
servantz2004@yahoo.com.ph

© 2005 Daniel Winters earlysda@hotmail.com
Free to quote or copy
Download free from internet at www.earlysda.com
(^ - ^)

Misprinted copies will be gladly exchanged for free